Umupo siya sa tabi ko at nakanguso, bibe ata ito at hindi anghel, ang hilig hilig ngumuso!

**"Alam mo sa tingin ko tama ka, nakakatakot si Memo. Alam mo ba andami dami niyang tinatanong sakin!"**

**"Tulad ng?"**

**"Kung magkaano ano tayo... Kung bakit ako nandito... Mga ganun ba..."**

**"Anong sinagot mo?"**

**"Yung totoo."**

**"Ha?! Anong ibig mong sabihin dun?! Anong yung totoo tinutukoy mo?!" O\_\_O**

**"Edi yung totoo... Na angel ako tapos may mission a--- ARAY!"** napahawak siya sa may ulo niya na sinapak ko.

**"Waaa! Bad! Bakit mo ako sinapak!" >\_<**

**"Diba sinabihan na kitang pag may nagtanong ng tungkol sayo ay magimbento ka na lang ng ibang bagay!"**

**"Pero di ako marunong magsinungaling..."**

**"Arggh! Ewan ko sayo!"**

**"Eh hindi din siguro siya naniwala sakín kasi pinagtawanan niya lang ako, akala niya nagjojoke lang ako..."**

**"Kumain na nga lang tayo!"** aagawin ko na sana sa kanya yung kutsara kaso ayaw niyang bitawan.

**"Oy akin na,"** pilit kong hinihila sa pagkakahawak niya yung kutsara pero ayaw niyang bitawan at nakikipag tug of war pa, **"Hoy ano ba! Bitaw!"**

**"Hepepep!"** nilagay niya yung isa niyang palad sa may tapat ng mukha ko, **"Before we eat, let's thank God for the meal muna!"**

**"Why should I thank Him, whoever He is? Eh ako ang bumili nyan, I don't need to thank someone sa bagay na binili ko!"**

**"Alam mo, lahat ng bagay sa mundo dapat nating ipagpasalamat sa Kanya kahit ang simpleng paghinga natin ay dapat natin ipagpasalamat. Nandito tayo dahil sa Kanya."**

**"Hindi ako naniniwala sa Kanya, mas naniniwala pa akong galing ang tao sa unggoy."**

**"Halata nga eh, mukha kang unggoy,"** nakasimangot na sabi niya.

**"ANO?!"**

Hindi niya ako pinansin at humarap siya sa may table, tumungo, pinagdaop ang mga palad at pinikit ang mga mata.

**"Lord, maraming salamat po sa pagkain na ito at higit sa lahat, maraming salamat po at kasalo kong kumain si Eros. Amen."**

Minulat niya ang mga mata niya atsaka ko sinabi sa kanya sa inis na tono, **"O tapos ka na? Pwede na bang lumamon?!"**

Tumango siya ng may mga ngiti sa mga labi, tinransfer ko na sa bowl na hawak niya yung lugaw na nasa may plastic tapos hinawakan ko sa may gilid at humarap ako sa kanya, **"Lamon na tayo."**

**"Kainan na!"** tuwang tuwa niyang sabi sabay kuha ng lugaw gamit ang kutsara niya at sinubo pagkatapos, ginawa ko din naman yung ginawa niya habang pinagmamasdan siyang nakapikit at tuwang tuwa.

**"Hmmm! Anchalap chalap! Sarap ng lugaw pag maulan!" <3**

Habang pinagmamasdan ko siya parang... parang may kamukha siya...

Parang nakita ko na siya dati pa... Aahh ewan! Baka imagination ko lang.

\*\*\*

Matapos kaming kumain ay pinatong ko na ulit sa table yung bowl at mga kutsara namin.

**"Aah! Busog! Inaantok na ko Ero ero!" \*yaaawn!\***

Hinimas himas niya ang tyan niya habang humihikab sabay biglang dinantay ang ulo niya sa may balikat ko. Tinaas ko nga yung balikat ko at tinulak siya, **"Wag ka ngang dumantay sakin."**

**"Eee!"** nagpout lang siya at binagsak na lang pahiga ang katawan sa may kama.

**"Ero ero!"** habang nakahiga siya hinigit niya yung t-shirt ko at dahil nabigla ako sa biglaang paghigit niya ay napahiga tuloy ako sa kama sa tabi niya.

**"Oy! Ano ba!"** tatayo na sana ako kaso bigla niyang pinatong yung kamay niya sa may dibdib ko hanggang sa kabilang balikat ko para hindi ako makatayo at dinantay niya pa yung isang paa niya sakin kaya nastuck ako sa kanyang hawak.

**"Teddy beaaar!" :3**

**"hey! Im not your fvcking teddy bear, get off me bago pa kita maibalibag paalis sakin!"**

**"Aww! Look what you did Ero Ero! Nabawasan ng 1% na red color sa necklace dahil sa bad word mo!"**

**"Don't call me ero ero!"**

**"But it's so cute! Sounds like kero keroppi na friend ni Hello Kitty!"**

**"I don't care! Get off me!"**

Pero imbis na umalis, mas lalo pa siyang yumakap sakin, **"You're so warm Ero Ero! Like a teddy bear! Dito ka muna please?"**

**"Ayoko nga! Aalis na ako oy! Ibabalibag talaga kita pag di ka umalis! Isa! Dalawa!"**

**"Ero Ero, stay ka muna please? I'll tell you things para mapabilis matapos yung mission." ^\_\_^**

**"Fine! Tss!"**

**"Yehey! Ero ero, alam mo ba 10% na yung red? 5% sa paghahanap mo ng shelter para sakin tapos another 5% for the food pero dahil nagsabi ka ng badword, nabawasan ng 1%."**

**"Eh paano naging 10% kung nabawasan pala? Diba dapat 9%, marunong ka ba ng math? Tss!"**

**"Eh kasi pinili mo magstay sa tabi ko and that made me smile at alam mo ba, making someone smile is a good deed? Plus 1% kuya teddybear."**

**"O-oy! Kung anu anong nickname binibigay mo sakin! Atsaka wag mo nga akong i-kuya! At hindi sabi ako teddybear!"**

**"Mas matanda ka naman sakín ng dalwang taon eh, 18 ka na eh! 16 lang ako kaya I'll call you kuya teddybear!" :p**

"Tss!" hindi na ako nakipagtaló, I already know how insistent she could be.

**"Kuya teddybear, pumapasok ka pa ba sa school?"**

**"Hinde!"**

**"Bakit? Graduate ka na ba?"**

Natawa ako bigla, "Graduate? Wahaha! Ako? Graduate? Ayos ah! Ni hindi nga makaalis sa highschool!"

**"Highschool ka pa rin? Bakit? 18 ka na diba, dapat college ka na." (o.O)**

**"Repeater, hindi makatapos."**

**"Waa! Bakit?"**

**"Obvious ba edi hindi ako napasok."**

**"Bakit?"**

**"Tinatamad ako."**

**"Bakit?"**

**"Sa tinatamad ako eh! Wag ka ngang matanong!"**

**"Simula bukas papasok ka na."**

**"Ano ka nanay ko? Gara mo makapagutos ah!"**

**"Hindi kita inuutusan, sinasabi ko lang sayo. Ang pagpasok sa school at pagaaral ay isang kabutihan din. Isipin mo na lang yung tuition na pinambabayad sayo ng mga parents mo."**

**"Wala akong parents."**

**"Ha?"**

**"Ampon lang ako sa pamilya nina ate Risa. Sampid, ganun."**

**"Uy wag mo naman tawagin ang sarili mo ng ganyan."**

**"Totoo naman ah? Sampid lang ako--oy! Wag mo nga akong yakapin!"** bigla kasing humigpit ang hawak nya sakín at mas sumiksik sya sa tabi ko, **"oy! Ano ba! May balak ka bang isuffocate ako! Oy!"**

**"I can feel it Kuya teddybear."**

**"Feel what?! Bitawan mo nga ako oy!"**

***"You don't feel loved, you feel so alone kaya ganyan ka. You try to hide your loneliness by acting tough and wild."***

Thud.

Bakit parang may biglang kumiroto sa katawan ko?

Bakit parang nakaramdam ako ng saglit na sakit pagkatapos niyang sabihin yun? AHH SIGURO DAHIL MABIGAT ITONG BABAENG ITO! TSSS!

Maitulak na nga paalis saakin, **"ALIS! ANG BIGAT BIGAT MO!!!"**

**"AHHHH!!! Napaka mo! Bakit mo ako biglang tinulak!"** nakasimangot niyang sabi pagkatulak ko sa kanya.

Tumayo na ako mula sa pagkakahiga ko at aalis na sana, **"Ewan ko sayo! Uuwi na ako! Hindi ka naman matinong kausap! Waste of time! Tss!"**

**"Wait Ero ero!"**

**"Oh ano nanaman? Saka pede ba tawagin mo ako sa pangalan ko! TSSS!!!"** nasa may pinto na ako nun at paalis na talaga kaya nababarino na ako sa kanya sa kakatawag niya saakin.

Nakalagay sa may likod niya yung mga kamay niya at nakangiti siya saakin, **"Tarang pumasok ng school bukas!!!"**

**"EWAN KO SAYO! DIYAN KA NA!"** pagkasabi ko nun ay lumabas na ako at sinarhan ng malakas ang pinto.

At habang naglalakad na ako paalis ng clubhouse, biglang pumasok sa isip ko ang mga bagay bagay na tulad nito, *"Teka... may uniform pa ba ako? Ah taeng school yun, hindi nagpapasok ng hindi naka-uniform!"*

Aw sheet! Bakit ang lakas maka-influence nung angel na yun kahit wala naman siyang ginawa kundi manguhit, ngumiti at inisin lang ako? Ginagamitan ata ako ng magic powers nun eh! Arghh!

property of haveyouseenthisgirl.yolasite.com

\*\*\*

**She died**

**written by HaveYouSeenThisGirl**

Six \\\

Point of View:

**- EROS MAGDAYO -**

**"Eros..."** ♥\_\_♥





**"Eris... gising na ba si... Oh! Gising ka na pala Eros!"**

**"Ate Risa? Ikaw ba nagpapasok sa babaeng ito?!!!"** inis na tinuturo ko yung annoying na angel sa may harapan ko.

**"Yup!"** nakangiting sabi ni ate Risa, **"Sabi niya kasi sabay daw kayong papasok sa school kaya pinapasok ko na siya para gisingin ka. Nabigla nga ako ee nung sinabi niyang gusto mo daw pumasok ng school? Totoo ba yun Eros? Kung totoo yun nakakatuwa naman at finally nakapagdecide ka ng pumasok ulit!"**

Bigla siyang lumapit sakin at inabot sakin yung uniform ko, **"At dahil natuwa ako sa narinig ko, pinlantsa ko ang uniform mo! Eto oh!"**

**"Ate Risa! Bakit mo ginawa yun! Diba sabi sayo bawal kang magpagod!"**

**"Ha? Namlantsa lang naman ako ee, hindi naman nakapagod yun..."**

**"Kahit na! Paano kung may nangyaring masama sayo? Alam mo namang kahit konting galaw mo lang madali ka ng napapagod! May balak ka bang magpakamatay ha?!"** naiinis ako sa ginawa niya kasi namlantsa pa siya ng uniform ko! Parang tanga eh! Alam naman niyang bawal siyang magkikilos pero namlantsa pa rin! Asar!

**"Wag ka ngang OA,"** nakangiti niyang sabi habang pinipilit iabot sakin yung uniform ko, **"Bilisan mo na oh, bumangon ka na diyen at baka malate pa kayo sa school." :**)

Nung hindi ko inabot yung uniform ay pinatong niya lang ito sa may gilid ng kama ko at tumalikod na sakin, dumiretso na siya palabas ng kwarto ko pero bago siya tuluyang lumabas ay muli siyang lumingon sakin at malungkot na ngumiti, **"Alam mo ba Eros, masayang pumasok. Masaya sa school... masayang kasama yung mga kaklase mo... Alam mo ba, naiinggit ako sayo kasi pwede ka pang pumasok samantalang ako kinelangan kong tumigil sa pagaaral dahil sa sakit ko... Eros, *i-enjoy mo yung bagay na hindi ko na pwedeng ma-enjoy kahit kelan.*"**

Pagkasabi niya nun ay umalis na siya. Naiwan akong parang binatukan ng kapaglakas sa ulo dahil sa mga sinabi niya. I know how much Ate Risa loves to go to school kaya nga sobrang nalungkot siya noon nang mapilitan siyang magdrop out dahil sa sakit niya.

At ako...

eto, kayang kayang pumuntang school, walang kahit anong sakit maliban sa katamaran...

pero pakikipagbugbugan sa kalsada, pambubully, pagnanakaw, paninigarilyo at kung anu ano pang mga walangkwentang bagay ang inaatupag...

Diba kasi dapat ako na lang yung nagkaroon ng malalang sakit? Ako na lang kasi dapat yung malapit ng mamatay? Ako yung masamang tao dito hindi si Ate Risa kaya bakit siya pa?

**"Ang labo!"** tumayo na ako sa kinahihigaan ko at hinablot yung uniform ko sa may kama at nagdiretso ng banyo ng kwarto ko pero bago ako tuluyang pumasok sa may banyo ay nilingon ko yung annoying angel, **"Hoy wag mong sabihin saking sasama ka sakin sa school?"**

**"YUPPPPPPPPPPP!!!"** \(\ ^ \_\_\_\_\_ ^ )/ parang batang sagot niya.

**"Bawal."**

**"Waaa! Bakit?" \*pouts\***

**"NO ID, NO ENTRY ang rule dun sa taeng school na yun." =\_ =**

**"Ayy? Pero gusto kong sumama!" \*pooooouuuuuuuuts\***

**"Bawal."** yun lang sinabi ko at pumasok na ako ng banyo, nilock ko ng maigi yung pinto. Kinikilabutan pa rin kasi ako pag naalala ko yung panaginip ko. Brrr!

**"Ero-ero!!! Uwaaaa! Sama ako! Sama ako!"** naririnig kong kumakatok siya sa may pinto at nangungulit. Hindi ko siya pinansin at naghubad na ako upang makaligo na. Sinabit ko yung uniform ko sa may sabitan ng damit sa may banyo.

**"Eroooooos! Sama akoooooooooooooooooooooo!"**

**"ANG INGAY MO MANAHIMIK KA NGA!"** naiinis kong sinigaw sa kanya. =\_ =

**"Sama ako! Sama ako!"**

Pamula ng pumasok ako ng banyo hanggang sa makatapos na akong makaligo at nakapagpalit na ng uniform ko at paglabas ko ng banyo yun at yun pa rin ang sinasabi niya...

**"Sama ako! Sama ako! Sama ako!" ( />O< )/\*\***

**"OO NA! TANGINA ANG INGAY MO! NAKAKAIRITA KA NA!"** napuno na rin siguro ako sa kakulitan niya kaya napa-oo na lang ako.

**"Saglit diyang ka lang!"** iniwan ko muna siya sa may kwarto ko at pinuntahan ko si Ate Risa upang hiram ang lumang uniform niya. Dun din kasi sa school ko ngayon pumasok dati si Ate Risa kaya meron siyang uniform ng school na alam ko namang tinatago niya bilang remembrance. Tinanong niya kung aanhin ko daw, ang sabi ko ay

para kay Eris dahil wala itong uniform kasi transfer student kunwari sa school namin.

**"Ibigay mo na lang ito sa kanyang lahat,"** nabigla ako kasi inabot sakín lahat ni ate Risa yung lahat ng uniform niya nung high school, **"Para hindi na siya bumili ng bago. Kasya naman siguro sa kanya yan, halos magka-katawan lang naman kami dati nung highschool ako."**

Payat na payat na kasi siya ngayon dahil sa sakit niya hindi tulad nung dati na medyo may laman pa siya kahit papaano, ngayon kasi halos buto't balat na lang siya. Feeling ko nga pag hinawakan ko siya ay mababali siya sa sobrang payat niya.

**"Pero ate... hihiramin lang niya..."**

**"Hindi, ibigay mo na sa kanya yan."** pilit niyang inaabot sakín lahat ng uniform niya, **"Ewan ko ba Eros pero ang gaan gaan ng pakiramdam ko sa babaeng iyon... Alam mo ba yung feeling na parang may kaharap kang anghel? Ganun yung nararamdaman ko sa tuwing kaharap ko si Eris... Kaninang umaga nung nagdoorbell siya sa may bahay natin at sinabi niya saking nandito siya kasi sabay daw kayong papasok, sobrang naging masaya talaga ako. Feeling ko ng dahil sa kanya, magbabago ka. Eros, natutuwa ako kasi naka-encounter ka ng taong tulad ni Eris... Sana wag mo siyang papakawalan, mahalín mo siya at wag mo siyang sasaktan..."**

**"H-HAAAAAAAA? SABI NG HINDI KO NGA SIYA GIRLFRIENDDDDDDDDD!!!!!!!"**

**"Eee!"** sabay hinampas ako ng mahina ni Ate Risa sa may balíkat habang natatawa, **"Nahíhiya ka pang aminín eh, sigé na nga! labot mo na ito sa kanya, bilisan mo at baka malate pa kayo!"**

Dafuq. =\_ =

Nagdiretso na lang ako pabalík sa kwarto ko at inabot kay Eris yung mga uniform.

**"Bigay sayo ng ate ko, bilisan mo magbihis ka na!"** tinulak ko na siya papuntang banyo at sinarhan yung pinto.

=\_ =

---

Sa may paaralan ko...

**"AHHH! MAY ASO! MAY ASO KUYA! MAY ASO!!! AAAHHH!"**

**"Hoy manahimik ka nga!"** sabay sinapak ko siya, **"Tangina! Pag tayo narinig dito! Shut up! Hindi ka naman inaano nung aso saka nakatali yan hindi ka makakagat niyan! Ang layo layo sayo!"**

**"Eh nakakatakot! Ang sama ng tingin sakín!" >\_>**

**"Hindi ka mamatay sa tingin! Psh! Tara na nga, wag kang maingay mahuli pa tayo ng guard!"** sa may likod kasi kami ng school dumadaan kasi may uniform nga itong annoying angel na ito, wala namang ID eh no ID no entry

dito! Sa may likod ng school merong malaking gate na pwedeng pasukan namin. May guard house pagkapasok na pagkapasok ng gate sa likod pero madalas walang guard dun, ewan ko kung bakit pero basta ginagamit ko 'tong gate na ito pag sa tuwing gusto kong mag-cutting. Paano ba naman kasi sa front gate laging may guards tapos hindi pa nagpapalabas pagclass hours, asar lang. =\_ =

Pero dito kasi sa may daan sa may likod ng gate, may mga bahay at dun sa isang bahay na malapit na malapit sa may gate ay may isang aso, isang pitbull na nakatali sa isang maliit na kahoy o ewan ko kung ano yun sa may gilid at sadya namang nakakatakot yung itsura ng aso na parang anytime kakagatin ka at lalamunin ka.

Successful naman ang pagsneak in namin sa may likod gate, walang guards.

**"MR. MAGDAYO! YOU'RE LATE!"** pambungad sakín ng nakakaasar kong teacher pagkapasok namin ng classroom.

**"BUTI PA NGA PUMASOK DIBA?!"** inis na sabi ko sabay sipa ko dun sa may pinto sa gilid ko at nagdiretso na sa paglalakad papuntang upuan ko sa may likod, sa kadulu-duluhan ng room.

Habang naglalakad ako nakikita kong pinagtitinginan ako ng mga kaklase ko at nagbubulungan sila, yung iba natatakot pa sakín kasi nga alam nilang nambubugbog ako ng walang pakundangan. Siguro nagbubulungan din sila kasi nagtataka sila kung bakit andito ako, madalang lang kasi ako pumasok ng school, as in sobrang dalang. Pag trip ko lang mambugbog ng kaklase saka lang ako napasok.

**"Alis diyán!"** hinigit ko sa may sleeve ng uniform niya yung isa kong kaklase na katabi ko sa may upuan ko at inalis ko siya sa may upuan niya at tinulak palayo atsaka naman ako humarap kay annoying angel na noo'y parang buntot ko na sumusunod lang sakín, **"UPO NA! TINATAYO TAYO MO PA DYAN?"**

**"Pero teka, upuan niya yan eh..."** tinuturo niya yung lalaking hinila at tinulak ko na noo'y takot na takot sakín.

**"MR. MAGDAYO! WHO IS THAT GIRL? AND WHY DID YOU BRING HER IN OUR CLASS? SHE IS NOT ALLOWED IN HERE!"**

**"Well,"** hinarap ko yung teacher ko na noo'y nakalapit na sakín para i-confront ako, **"From now on, she's part of the class. YOU HAVE ANY PROBLEM WITH THAT?!"**

**"Yes! There's a big problem here Mr. Magdayo! What class is she from?"** akala niya siguro studyante talaga si Eris dito sa school since naka-school uniform din ito ng school namin.

**"This class! Pwede ba magturo ka na lang pampagulo ka eh?!"**

**"WHAT THE?! Argh! Watch your mouth Mr. Magdayo,"** tumalikod na siya, **"I'll let her sit in basta hindi siya manggugulo. Pag kayo nanggulo palalabasin ko kayo."**

**"Sir, paano po ako? W-wala po akong upuan..."** pagtatanong naman nung isang hinila ko kanina.

**"Ayun, dun ka sa isang dulo umupo, vacant naman!"** naiinis na sabi niya.

\*\*\*

**"Ang sama mo Eros..."** nagsisimula na yung klase at nakaupo na ako sa upuan ko habang nakataas yung paa ko sa may upuan sa may harapan ko at syempre hindi naman naangal yung kaklase ko sa unahan ko, takot na lang niyang mabugbog eh.

**"Ha? Ginagawa ko sayo?"** nabigla kasi ako nang magsalita bigla sakin si Eris in a low voice. Nakapatong ang mga braso niya sa may desk habang naka-lean forward siya sakin.

**"Bakit mo inagaw yung upuan nung lalaki? Nakakahiya naman tuloy sa kanya."**

**"Pwede ba wag mo na intindihin yung mga walang sense na bagay na tulad na yan?"** medyo naiinis kong sabi. Unbelievable. siya na nga binigyan ko ng mauupuan, sasabihan pa akong masama? Tsk, kahit ano naman ata gawin ko masama ako.

**"Hmp,"** ayon nanaman siya sa pout niya, **"Bakit hindi ka nagsusulat ng notes?"**

**"Wala akong ballpen."**

Humarap siya sa katabi niya sa may kaliwa at narinig kong sabi niya dun sa katabi niya, **"May extra ballpen ka ba? Pahiram naman oh. Thanks."**

Pagkatapos ng ilang saglit humarap ulit siya sakin at inabot sakin ang isang ballpen, **"Ayan, may ballpen ka na. Magsulat ka na ng notes para may pagaaralan ka pagdating ng exams."**

**"Wala akong notebook."**

**"Ha? Eh anong laman niyang backpack mo?"**

**"Wala, hangin."**

**"Ha? Eh bakit nagbag ka pa kung wala ka naman palang ilalaman?!!" >\_>**

**"Wala lang, trip ko lang. Pake mo ba, leave me alone nga! Pumasok na ako sa school diba, eh bakit parang hindi naman ata nadadagdagan yang red sa may necklace mo?"**

**"Ang sama mo kasi, inagawan mo ng upuan yung kaklase mo tapos sinigawan mo pa teacher mo. Hindi tama yun."**

**"Argh, ewan ko sayo! Matutulog na nga lang ako!"** binaba ko yung paa ko at sumubsob na lang ako sa may desk ko.

\*\*\*

**"Ah pakshet! Kala ko di na matatapos ang araw na ito!"** naginat inat ako ng braso ko habang naglalakad na pauwi, natapos na rin sa wakas ang walang kwentang klase. Natulog lang ako all the time, from morning til afternoon. Kabagot lang eh.

**"Hindi ka naman nakinig sa klase eh! Natulog ka lang! Tignan mo tuloy, kahit 1% na red sa necklace, walang nadagdag! Kainis ka naman ee! Sayang tuloy! Stuck pa rin tayo sa 10%!"** >\_<

**"Shut up!" \*yaaawns\***

**"Hmp! Eto oh!"** nagtaka ako nang may bigla siyang inabot na ilang pirasong intermediate paper sakín.

**"Ano 'to?"**

**"Notes! Pinagkopya kita ng notes sa lahat ng subject niyo habang natutulog ka! Pag-aralan mong mabuti yan! Sabi nung isang teacher niyo, may quiz daw kayo sa Friday."**

**"No thanks, tinatamad ako."**

**"Ano ba nakakatamad sa pag-aaral?!"**

**"Everything."**

**"Naman Ero-ero eh! You won't graduate in that state! Last year mo na ito sa high school, pag-igihan mo na! Ilang beses ka ng nagrepeat don't let it happen again, kuntento ka na lang ba ma-stuck sa kinalalagyan mo? Gusto mo forever ka na lang hindi makaka-graduate?"**

**"What's the point sa pag-graduate? Seesh, you'll just get a diploma and a decent work. That's all."**

**"Anong that's all? You're saying it na parang wala lang kwenta yun sayo! Don't you get it, hindi forever na bata ka na may magbabayad ng electric bills para sayo, ng pagkain mo at ng mismong pansigarilyo mo! 10years from now, you'll be all on your own and how can you survive without a diploma and a decent work?"**

**"Sus, edi magnanakaw. Magbebenta ng drugs. Andaming illegal works dyan para kumita. Why bother for a diploma?"**

**"YOU ARE SUCH A BIG COWARD!"**

**"Hoy? Sinong duwag? Ako? Suntukan ano?"**

**"Ewan ko sayo! Hindi ibig sabihin na kaya mong mambugbog ay matapang ka na! Hindi nasusukat ang katapangan sa physical strength lang! Kung ayaw mong grumaduate, ayaw mong mag-effort mag-aral, isa lang ibig sabihin nun, isa kang malaking duwag! Alam mo kung bakit? Hindi mo man lang kayang subukang makatapos ng bagay na sinimulan mo. Ayaw mo mag-aral? Bakit? Kasi sabi mo tinatamad ka? Hindi yan totoo, ang totoo ayaw mong mag-aral kasi you don't have the guts, you don't believe in yourself na kakayanin mong makapasa, wala pa man iniisip mo na agad na isa kang malaking FAIL. You don't even try kaya you're a big coward, Eros."**

**"Tapos ka ng magsalita ha? Tapos na ang speech mo? May idadagdag ka pa ba?"** asar na sabi ko sa kanya.

**"OO!"**

**"Ano?! Hindi ka pa tapos? Ano pa sasabihin mo? Ampocha, aray---!"** nabigla ako ng tinulak niya with full force yung mga papel sa may dibdib ko kaya napahawak ako dun sa mga papel tapos binitawan niya naman agad at naglakad na palayo.

**"NAGUGUTOM NA AKO!"**

Ano?! Pagkatapos akong sermunan, biglang magwa-walk out para sabihing gutom na daw siya?! Ang labo nung angel na yun! NAKAKAASAR LANG TALAGA SIYA! ANNOYING ANGEL!

**"Hep hep, saan ka pupunta?"**

**"Umm, excuse me, sino po kayo?"** habang tinitiklop ko na yung mga papel at ilalagay na sa may bulsa ko ay narinig kong may kinakausap si Eris sa hindi kalayuan at nabigla ako nang iangat ko ang ulo ko at tumingin sa direksyon nila...

OHSHT.

**"Eros, girlfriend mo? Cute ah."**

Sht talaga. Siya yung isa sa mga binugbog ko nung isang araw at look, nagdala pa siya ng resbak! I think there's 6-7 of them.

**"Hindi ko yan girlfriend. Di ko yan kilala."**

**"Eh? Eros! Kilala mo ako eh!" \*pouts\***

**"SHUT UP STUPID!"** argh, napa-face palm tuloy ako. Sinabi ko lang naman na hindi ko siya kakilala para hindi siya galawin nitong mga kupal na ito sa harapan namin eh. Stupid angel, she just blown away my plan after 1 second.  
=\_\_\_=

**"Haha, cute. Lovers quarrel?"**

**"Pocha! Sabing hindi ko nga girlfriend!"** bakit ba lahat sila inaakalang girlfriend ko yang annoying angel na yan. Kakapikon na ha. =\_ =

**"Well, well, pahiram muna siya Eros ha? Sabihin na nating pambayad mo sa nagawa mo sakín nung isang isang araw."**

**"Okay,"** nagkibit balik lang ako na parang wala lang sakín yung sinabi niya na siyang kinabigla nila.

**"Ha? Anong okay? Akala ko ba girlfriend mo? Bakit okay lang sayo? Walang violent reactions?"**

**"Hindi ko nga sabi girlfriend aba! Kunin niyo kung gusto niyo, wala akong pakelam!"**

**"Kahit na, kung hindi mo nga talaga siya girlfriend, she must be your friend or atleast acquaintance? Pero bakit ganun, wala kang pakelam kung kunin namin siya?"**

**"Why? Should I care?"** bored na tanong ko sa kanila, **"Ewan ko sa inyo. You shouldn't even bother with her, may magic powers yan. Protected yan ng God or something niya kaya kahit bugbugin niyo pa yan, hindi yan masasaktan. Sige, uwi na ako. Bye!"**

Naglacad na ako para umuwi at nung napadaan ako sa may tapat nila ay pinigilan nila ako sa may balik, **"Wait. Pinagloloko mo ba kami ha? Anong magic powers pinagsasabi mo? Naka-drugs ka ba ha?"**

**"Unfortunately hindi. Nga pala, angel siya. Ingat kayo baka hindi kayo makapasok sa heaven."** pangaasar kong sabi at dahil dun nakaramdam ako ng suntok na dumampi sa mukha kaya medyo napaurong ako.

**"GAGO! Kami pa lokohin mo!"**

**"Potaaaangina lang ha! Bakit mo ako sinuntok? Gago ka ah!"** susuntukin ko na sana siya kaso naramdaman kong may humawak sa may bewang ko at pinigilan akong makaganti ng suntok.

**"Wag Eros! Don't fight them! Di ka na dapat nakikipagaway pa! This won't lead you to anywhere saka isa pa, di ba gusto mo magrant ang wish mo? Hindi siya maga-grant kung patuloy kang makikipag-away. Alam mo ba kung ilang percent ang mawawala pag nakipagaway ka? 50% Eros. Ang laki nun. At alam mo bang pag zero percent na lang siya at patuloy ka pa rin nakikipagaway at gumagawa ng mali, *may chances na pwedeng masira yung heart ng necklace* at pag nangyari yun... I can never have my life back again. So please Eros... I'm begging you..."**

I heard her sniff behind my back... is she crying?

**"Hoy ano ba mga pinagsasabi niyo? Necklace? Angel? Nakakaasar na kayo ah! Bugbugin niyo na nga ito!"**

Sht. Bigla niyang inutusan yung mga kasamahan niya na mambugbog pero hawak hawak pa rin ako ni Eris sa may bewang at umiiyak ito sa likod ko... I want to fight...

I fvcking want to fight.

Ayokong mabugbog ng walang laban.

Saka pang-weak lang ang magpabugbog.

Hindi ako weak! Malakas ako! Kaya kong makipaglaban sa mga ito kahit marami sila!

**"Fvck, let me go!"** pilit kong tinatangal ang kapit niya sa may bewang ko pero hinihigpitan niya lang lalo ang hawak.

**"Wag please!"** sabi niya habang umiiyak.

I fvcking want to fight but... argh!

Dmn this ANNOYING ANGEL!

With all force, sapilitang tinanggal ko ang kamay niya sa may bewang ko at hinila ko ito habang sinigaw ko ang salitang, **"TAKBOOOOOOOOOOOOOOOOOOOO!!!!!!!!!!"**

Hila hila ko siya sa may kamay niya habang mabilis akong tumatakbo para makatakas sa mga lalaking gustong mambugbog samin.



**"Bilisan mo! Tangina, ang bagal mo! Do you want to die ha? Ah oo nga pala, ako lang mamatay dito pag nagkataon pero kahit na bilisan mo sa pagtakbo! Ano ba!"**

Takbo kami ng takbo habang hinahabol naman nila kami, luckily may nakita akong eskinita at agad akong pumasok dun para makapagtago kami. Buti na lang hindi nila kami napansin at nakalagpas sila ng may eskinita ng hindi kami nakikita.

Nung feel kong safe na kami ay sinipa ko yung isang pader dun out of frustration.

**"Dmn this. Sa tanang buhay ko ngayon lang ako tumakbo sa buhay ko. Kasalanan mo 'to eh, nagmukha tuloy akong isang loser na duwag! Nagmukha akong isang weak!"**

Pinahid niya yung nabasa niyang pisngi at sabay ngumiti saakin, **"Ngayon, masasabi kong hindi ka isang duwag. Hindi ka rin isang loser lalong lalo ng hindi ka isang weak. Running away is not always a sign of weakness, sometimes it proves you to be a strong person kasi hindi ganun kadalang tumakbo palayo lalo na sa mga bagay na hindi mo kayang iwasang gawin. Katulad na lang kanina, fighting was everything for you pero that time you gave it up and run away with me. Pinakinggan mo yung pagmamakaawa ko. I was really scared na baka makipagaway ka at masira yung necklace pero hindi mo ginawa."**

**"Eros, maraming salamat."** at nabigla na lang ako nang humawak siya sa may balikat ko, tumingkayad at dinampi ang mga labi niya sa may pisngi ko.

**"H-HOY! Manyak! Bakit mo ako hinalikan!"** pinunasan ko ng palad ko yung hinalikan niyang pisngi. Ewan ko parang kinilabutan ako sa ginawa niya and at the same time I felt something weird, parang may nag-light up na something saakin. Ewan! Ang weird! Arghh!

**"Look!"** nakangiti niyang inangat ang necklace, **"Because you gave up something for someone's sake, we are rewarded of 10% red color sa may heart ng necklace! Yehey, 20% na Ero-ero! Aren't you happy?"**

**"Ugh, whatever. I'm hungry."** yun lang nasabi ko at naglakad na palayo. Sinundan naman niya ako at naglakad sa may tabi ko habang nasa may likod niya ang mga kamay niya at masayang kinakausap ako.

**"Me too! Tara libre mo ako!"**

**"Sino may sabing ililibre kita?"**

**"Ako! Hihi!"**

**"Ewan ko sayo! Layuan mo nga ako, napaka-annoying mo."**

**"Ang bad mo talaga." \*pouts\***

**"Ewan ko sayo."**

20%? 80% more? Andami pa. How much of these things that I never do should I still do? Being a nice person is harder than I thought. Mas madali pang maging masamang tao. =\_ =

property of haveyouseenthisgirl.yolasite.com

### **She Died**

written by HaveYouSeenThisGirL

Seven \\\

Point of View:

- ERIS JANE TRINIDAD -

**"Aaah! Busog na busog na me! Hihi! Thank you Eros!"** habang hinihimas ko ang punong puno kong tyan ay hinampas ko ng mahina si Eros sa may balikat niya habang nakangiti. Nilibre niya kasi ako ng merienda sa may Mini Stop, isang hotdog sandwich at coke. \*u\*

**"Tss! Last na 'to! Sa susunod hindi na kita ilibre kahit magngangawa ka pa sa kalsada!"** natawa tuloy ako nung maalala ko yung ginawa ko para ilibre niya ako. Ayaw niya kasi akong ilibre kanina kaya humiga ako sa may sahig habang nakahawak sa may kanang binti niya habang naglalakad siya at ngumawa ako ng ngumawa habang sinasabing ilibre niya ako. Hahaha! At dahil dun pinagtitinginan kami ng mga tao sa may kalsada kaya sa sobrang inis niya ay hinila niya ako sa may Mini Stop at nilibre. Ho ho ho! :D

**"But atleast nadagdagan ng 2% ang red sa necklace, right?"** ^\_\_^

**"Yeah right, nawala din naman agad. Balik ulit sa 20%."** =\_ =

**"Eh paano naman kasi lagi kang nagsasabi ng bad words like toot and toot and toot! You should not say bad words anymore kasi nababawasan ng percent yung red sa necklace."** >\_<

**"Ano magagawa ko, nakasanayan na ng dila ko ang magmura."** =\_ =

**"Hmp! What if paltan mo na lang ng ibang word ang mga bad word?"** :DDD

**"Huh?"**

**"For example, everytime magmumura ka ay pigilan mo yung sarili mo to say that word at imbis na yung bad word ang sabihin mo ay paltan mo siya ng other word like 'cheese', 'chicken', 'coconut', 'horse', 'ice candy'."**

**"Ha? Ibig mong sabihin pag sasabihin kong 'tangina' dapat 'cheese' ang sasabihin ko?"**

Tumango tango ako, **"Yup! Atleast in that way you can still express yourself without saying any bad word!"**

**"No way. Ang corny. Cheese? Chicken? Parang tanga lang."** =\_ =

**"Naman eh!"** umupo ako sa may sahig at humawak sa may binti niya at gagawin ko nanaman ulit

ang '*nagmamakaawa-ako-hindi-kita-tatantantan*' tactic at hindi pa man ako nagsisimula ay successful na agad!

\*grins\*

**"Hoy hoy! Tumayo ka nga dyan!"** sinisipa sipa niya ako, **"Oo na oo! Cheese ng ina mo ka! Tumayo ka nga nakakaasar ka na eh! Tangchicken naman oh! Yan na! Gagawin ko na yung sinabi mo! Tumayo ka lang!"**

At syempre masayang masaya ako at nagclap ng hands, **"Yehey! Pamula ngayon yan na gagamitin mo ha? Para hindi na tayo mabawasan ng percentage sa necklace. Atsaka isa pa, makakabuti rin sayo ang hindi pagmumura, hindi kasi magandang habit yan."** \ (^\_\_^ ) /

**"Pusangina lang. Tara na nga!"** =\_ =

Pagkatapos nun nagsimula na kaming maglakad papuntang clubhouse, tatambay muna daw siya saglit dun, andun daw kasi ngayon yung ilan sa mga kabarkada niya. Ooooooh~! Ngayon ko lang sila makikita pag nagkataon kasi si Memo lang nasa Clubhouse kahapon. I'm so excited! (/\*O\*/)

**"Ngiyaawwwww~ Ngiyaawwwww~ Ngiyaawwwww~ "**

**"Awww! Look Ero-ero! Ang cute cute nung kuting!"** habang naglalakad kami may nakita akong isang pusa sa may isang gilid sa tabi ng basurahan, nasa may loob siya ng box na medyo gutay gutay na. Maliit pa yung pusa, halos parang kuting pa lang, ngiyaw ito ng ngiyaw.

But when I looked at Eros I saw a disgusted expression on his face, **"Anong cute dyan?! Itim na pusa! Malas yan-- - hey hey! Don't touch it! Nakikinig ka ba sakin? Sabi ko malas yan! Hoy! Bitawan mo nga yan!"**

Nilapitan ko kasi yung black cat sa may box at binuhat ko ito, **"Anong malas ka dyan? Nagpapaniwala ka dun? Di naman totoo yun! Kasalanan ba nung pusa kung itim siya! Tsk! Tignan mo nga, ang cute cute niya!"**

**"Hoy ilayo mo sakin yan ano ba!"** nung nabuhat ko na kasi yung pusa ay nilapit ko sa kanya para makita niya kung gaano kacute yung kuting, **"Ilayo mo nga sabi! Ibaba mo na nga iyan! Andumi dumi niyan!"**

**"Paliguan natin!"** :D

**"HAAAAAAAAA?!"**

**"Dalhin natin sa clubhouse! Tignan mo oh, mukhang stray cat siya. Kawawa naman, wala siyang bahay, wala rin siyang family. Tara, ampunin natin siya!"** (\*w\*)

Pagkatapos kong magsalita biglang napansin ko ang parang sobrang inis sa mga mata niya.

**"Ayoko."** matigas na sabi niya.

**"Why? Tignan mo oh, kawawa naman baka nagugutom na siya! Tapos baka nilalamig pa siya! She must be lonely and scared being left here all alone!"** \*pouts\*

**"Ayoko nga sabi! Bitawan mo na iyan! Tara na!"**

**"Pero..."**

**"BAHALA KA! MAIWAN NA KITA DYAN!"** sabay biglang talikod niya sakin sa sobrang inis niya.

Labag man sa loob ko ay nawalan na ako ng choice kundi ibalik sa may box yung kuting, **"Sorry ha? Sungit kasi nung isang yun. Galit ata sa mundo. Haay. Di bale, wag kang matakot, ipagdadasal kita. Di ka pababayaan ni God."**

Pinikit ko saglit ang mga mata ko para magpray saglit, **"Lord, bantayan mo po itong kuting na ito. Sana po may taong mabuting kalooban ang kumupkop sa kanya. Dalhin niyo po sana ang pusa na ito sa tamang tao. Wag niyo po sana siyang pababayaan. Salamat po."**

Pagkatapos nun ay tumayo na ako at hinabol sa paglalakad si Eros na noo'y medyo nakakalayo na sakin.

**"Tignan mo! Nabawasan ng 2%! Ang cold hearted mo kasi! Hindi ka na naawa dun sa kuting, she's all alone!"**

**"Pwede ba manahimik ka na lang?!"** yun lang ang sinabi niya. Mukhang hindi na lang siya inis kundi parang galit siya. What's wrong with him? > \_\_\_>

\*\*\*

Hanggang makarating kami ng club nakasimangot ako kasi nakakainis yung pagiging cold hearted ni Eros dun sa kuting, kawawa kasi yung kuting, mag-isa lang siya dun sa may kalsada. T\_\_\_T

Pero nadistract ako sa page-emote ko nung makapasok na kami sa club, medyo maingay at maraming tao. Mga 5 sila, puro lalaki.

Nung mapansin nila ang pagpasok namin sa club, lahat sila tumingin sa direksyon namin tapos may isang sumipol, isang lalaking nakaupo sa may couch na may hawak na remote at piattos, **"Wow! Chicks! Eros, haba ng hair mo ah? May chicks kang dala! Weeweeet!"**

**"Gag---"**

**"Hep hep!"** alam ko ng magmumura nanaman siya kaya pinigilan ko siya at pinaalala sa kanya yung napagusapan namin sa pamamagitan ng tingin, nakuha niya naman agad ang ibig kong sabihin kaya hindi niya na itinuloy.

**"Manahimik ka nga Seven. Chicks ka dyan, mukha ba yang sisiw ha?!" =\_ =**

**"Pilosopho dude."** Seven siguro name nung guy na sumipol kasi yun ang tinawag sa kanya ni Eros.

**"Heh. Manahimik ka na nga lang kung ayaw mo magulpi dyan."**

**"Wehhh. I'm scaareeeed~"** pang-aasar nung Seven at nag-"tsk!" na lang si Eros at nagdiretso sa may kusina ng clubhouse.

**"Wala talagang manners, hindi ka man lang pinakilala at iniwan ka mag-isa. What a guy,"** nabigla na lang ako kasi parang mushroom na sumulpot sa tabi ko si Memo. Hindi ko siya napansin. >\_<

**"Hello Eris."** he smiled at me. His smile doesn't look sincere, as an angel I can feel it.

"Ah... hello..."

"**Pakilala kita sa tropa?**" tumango ako bilang tugon at niyakag naman niya ako palapit dun sa mga lalaki.

"**Guys, ito nga pala si Eris. Girlfriend siya ni Eros...**"

"**Woaaaahhhhhh. Girlfriend mo Eros?**"

"**Weh di nga?**"

"**Joke?**"

"**WAHAHAHA. CAN'T BELIEVE IT.**"

Ang ingay, puro asaran. Andaming violent reactions. :o

Pero ang may pinaka-violent reaction ay si Eros dahil habang nasa kusina siya sumigaw siya, "**Mga potangina niyo! Di ko girlfriend yan! Kakilala ko lang yan! Lubayan niyo nga ako!!!**"

Nagmura nanaman siya. Minus 1% = 19% -\_-

"**Oooohhhhh.**"

"**Ahhh...**"

"**Ummm....**"

"**Ahem, yun nga... kakilala DAW siya ni Eros. Sa pansamantala dito muna sa clubhouse naninirahan si Eris, naglayas daw kasi ito sa bahay niya. Wag na lang daw natin itanong kung bakit dahil confidential daw.**"

Oh, so yun pala ginawang palusot ni Eros para patuluyin ako ni Memo dito sa clubhouse.

"**Hi Eris,**" biglang may lumapit saakin na guy na naka-uniform pa, he looks like the most decent guy in the clubhouse. He has a pretty face and looks nice, "**I'm Trey, don't worry kahit mukhang mga abnormal itong mga ito hindi naman sila nangangaggat kaya wala kang dapat ipagalala sa pag-stay mo dito.**"

"**Hoy anong nangangaggat ka dyan Trey! What do you think of us? Dogs? Si Seven lang aso dito, may rabies pa!**" mula sa may billiard board sa may bandang gilid ng living room ay may nagsalitang guy na may hawak na billiard stick. He looks so handsome, parang pang-model ang dating pero parang masungit din ang itsura.

"**Hoy hoy Cross!**" tumayo yung si Seven at tinawag niyang Cross yung nagsalita kanina na mukhang model, "**Napakagwapo kong aso!**"

"**Ulo!**"

**"My lady,"** sa sobrang absorbed ko sa nakakatuwang kulitan nila ay hindi ko napansin na may lumapit na pala sakín na isang lalaki, may hawak din itong billiard stick at gamit yung free hand niya ay kinuha niya yung right hand ko at kiniss niya, **"You are the prettiest girl I've ever seen."**

**"Baduy mo Saturn! Wala ng mas gagasgas sa line mo!"** hinagisan ni Seven ng couch pillow sa may likod ng ulo yung lumapit sakín na ang pangalan ata ay Saturn, **"Nako Eris, wag kang magpapaniwala kahit kelan sa mga pinagsasabi niyan, sinasabi niya ang same lines sa lahat ng babae kaya wag kang lalaglag sa mga kabaduyan niyang ungas na yan."**

**"Wala naman siraan ng diskarte 'tol!"**

Nakakatuwa, parang ang saya naman ng barkadang ito. Hindi sila yung tipong sweet sa isa't isa, yun bang pag titignan mo sa kilos nila ay parang nagaaway at nagaasaran sila palagi pero yun talaga yung way nila to show their affection for each other. Awww, how cute. :>

\*\*\*

Naging close din naman agad ako sa kanila after some hours, I even shared dinner with them... Well, si Seven at Trey lang talaga mga naging kaclose ko ng husto... Si Seven kasi makulit na friendly tapos si Trey mabait... Si Saturn naman masyadong playboy, nakakailang kausap. Si Cross naman, ang taray parang babaeng nagmemenopause. :OO

Si Memo minsan nakakausap ko pero minsan nasa isang gilid naglalaro ng chess... mag-isa? Weird nun, ngayon lang ako nakakita ng taong nagche-chess mag-isa. Matry nga minsan. XDDD

Si Eros... naglalaro ng billiard, kalaro sina Cross at Saturn.

Kaya eto naman ako nasa may couch katabi si Seven, katabi ko rin kanina si Trey pero umalis na ito at nagpaalam samin. Sabi niya kasi dadaan pa daw siya sa bahay ng girlfriend niya, Sena daw yung name.

\*tok tok tok\*

Nakarinig kami ng katok mula sa may pinto ng clubhouse, binuksan naman ito ni Memo.

**"Oh Eya, napadalaw ka?"**

May isang babae na pumasok, **"Asan yung halimaw na yun?"**

Halimaw? May halimaw ba dito? Waaa! Katakot naman. :O

Nagpalinga linga yung babae at nagstop lang sya sa pagscan ng place nang mahanap niya yung halimaw na sinasabi niya, **"HULI KA BALBON!"**

Pagkasabi niya nun dire-diretso siyang pumunta kay Cross at piningot ito sa may tenga, panay naman ang aray ni Cross.

**"Abnormal ka talaga anoh? Hindi ka man lang nagtetest o natawag sakin! Kanina pa kita hinahanap! Akala ko na-abduct ka na ng mga aliens! Bigla bigla ka na lang kasi nagdi-disappear! Hindi ka man lang nagpasabi! Nagalala ako sayong sira ulo ka! Umuwi na tayong bahay!"**

Kinaladkad nung babae sa tenga si Cross hanggang palabas ng Clubhouse.

**"Di ako makapaniwalang under ng girlfriend niya ang masungit na yun. Bwahahahaha!"** kumento ni Seven pagkaalis nung dalawa.

**"Girlfriend?"**

**"Yup, yung babae kanina ay si Eya. Schoolmate ni menopause este Cross, personal maid niya din."**

**"Waaa! Personal maid?"**

**"Yup, mahirap lang kasi yun si Eya. Pero alam mo nakakatawa sa storya niyang dalwa? Ayaw na ayaw ni Cross noon kay Eya, as in pinandirihan niya yun but in the end... the more they hate, the more they love... nagkatuluyan sila. Anggulo nga ng storya nila, hindi ko nagets kung paano sila nagkatuluyan eh mortal enemies yang dalwa." XDDDD**

**"OY NICE ONE!"** nabigla naman ako sa kanya kasi biglang nagswitch siya ng topic pagkaswitch niya ng channel, nasa may Mtv na yung pinapanuod namin tapos may banda na tumutugtog, **"Kilala ko yan!"**

**"Sino?"**

**"Yung singer."**

**"Kilala naman ata ng marami yan, singer eh? Sikat, syempre kilala siya."**

**"Hindi yun ibig kong sabihin! Kilala ko siya AS IN KILALA KO TALAGA. Kilala ko sa real life, he's my friend."**

**"WEH?"**

**"Oo! Siya si Sync Mnemosyne, kabarkada din namin yan bago pa man siya sumikat. Hindi na nga lang siya masyadong nakakabisita dito sa clubhouse dahil hectic ang sched niya sa pagiging singer."**

**"Woooooow! Ang cool! My friend kayong singer!" \*O\***

Nakakatuwang katabi si Seven kasi andami kong nalalaman sa kanya. Napakadaldal niya at ang sarap kausap. Sa kanya pa lang parang kilalang kilala ko na ang mga barkadahan nila kasi kinuwento niya na halos lahat sakin lalong lalo na yung kay Eros.

"Si Eros ba? Nakow wala ng pag-asa yung gago na yun--- ay sorry bawal nga palang magmura," pinagsabihan ko rin kasi siya na wag magmura, palamura din kasi siya ee >\_<

"Yung basagulero na yun malaki problema nun sa buhay pati sa utak, may sinto ata yan. Hindi naman yan ganyan dati, medyo matino pa yan kahit konti, hindi pa ganyan karebelde yan dati. Dati napasok pa yan ng school kaya nga nakaabot ng 4thyr sa highschool pero pagtungtong niya ng 4th year, mga bandang 3rd quarter ng school year ay biglang nagbago ng sobra sobra yan si Eros. Dati rebelde na talaga siya, tamad pumasok, sira ulo, rebelde pero mas naging rebelde pa siya ng sobra sobra pagdating ng 3rd quarter. Yun bang hindi na talaga siya pumasok, nahilig din siya sa pakikipagaway at pati na rin sa pagtake ng illegal substances tulad ng marijuana at kung anu ano pang drugs. Ilang beses na nga rin siyang nagrepeat dahil sa pagbabago niyang yun."

"Hindi ko talaga nagets kung anong puno't dulo ng biglaan niyang pagbabago ng sobra," humawak siya sa may baba niya na wari'y nagiisip, "Pero sa tingin ko may connect yun sa family problems niya. Naging rebelde lang naman yan simula ng malaman niyang ampon lang siya..."

"AMPON?!" O\_O

"Yeah, nung pagtungtong ni Eros sa highschool nalaman niyang ampon lang pala siya. Ewan ko yung pinakastorya pero yun yung sinabi niya lang samin. Sobrang nadisappoint ata siya na hindi siya tunay na anak ng mga inakalang "tunay niyang magulang" kaya nagkaganun yang sira ulo na yan. Pero ewan ko talaga... pero shh ka lang ha? Wag kang maingay na kinuwento ko sayo baka makita mo na lang lumulutang ang katawan ko sa may ilog pasig pag nalaman niyang nagkukwento ako tungkol sa kanya." XDDD

Nakaramdam naman ako bigla ng lungkot... ampon si Eros. Kaya pala siya ganun, sabi ko na eh, lahat ng bagay na ginagawa niya tulad ng pagrerebelde ay may isang napakalalim na dahilan at ang dahilan na yun ay... isa siyang malungkot na tao at tinatakpan niya ang kalungkutan na iyon sa pamamagitan ng pambubugbog ng tao, pagrerebelde at **pagaktong matapang**.

*"Dalhin natin sa clubhouse! Tignan mo oh, mukhang stray cat siya. Kawawa naman, wala siyang bahay, wala rin siyang family. Tara, ampunin natin siya!"*

Biglang nagflashback sa isip ko yung kanina. Nabanggit ko yung salitang "ampunin", hindi kaya yun yung dahilan kung bakit bigla siyang sobrang nabadtrip sakin?

*Did he see himself as that stray black cat? Poor Eros. :(*



\*\*\*

Change of Point of View:

**- EROS MAGDAYO -**

**"Ohfuc--- chicken!"** kamunting na akong magmura. Dadakdakan nanaman ako nung annoying angel na yun pag narinig ako. Nakakainis lang eh, nakakairita yung boses niya, sarap tanggalin ng vocal chords niya. =\_\_\_=

**"Umuulan. Tae naman."** =\_ =

**"Memo, peram muna ako ng payong."** sabay kuha ko ng payong dun sa may lagayan ng payong sa gilid ng pinto at lumabas na, narinig ko pang nagpaalam sakín yung annoying angel.

**"BABYE EROS! INGAT KA! GOODNIGHT!" \*kaway kaway\* "\(^\_\_\_\_\_^)"**

**"Tss."** yun lang sinabi ko at umalis na ako.

Nakakainis talaga ang ulan. Naglalakad lang kasi ako pauwi samin kasi hindi naman kalayuan ang bahay. Pero nakakainis lang kasi talaga maglakad pag naulan. =\_ =

Brrr. Ang lamig lang ha. Bakit ba kasi ulan ng ulan nitong nakaraang linggo. Bwiset!

**"Ngiyaw ngiyaw~"**

**"AY PUSANG TAE KA!"** kamuntik na akong atakihin sa puso nang biglang may ngumiyaw sa may gilid ng kalsada. Ang tahi-tahimik kasi tapos ako lang yung tao dun tapos biglang may ngingiyaw di ka ba naman magitla nun. =\_ =

**"Ngiyaw ngiyaw~~"**

**"Tsss."** yun lang sinabi ko at naglakad na ako pero ilang saglit pa lang ng paglalakad ko bigla akong nakarinig nanaman ng ngiyaw.

**"Ngiyaw ngiyaw~~"**

Nabigla ako nang paglingon ko ay nasa likod ko yung pusa.

**"Wag mo nga akong sundan! Shooo! Alis!"** tinalikuran ko ulit ito upang maglakad pero nakakailang hakbang pa lang ako narinig ko nanaman itong ngumiyaw at paglingon ko ay nasa likod ko ito. Sinusundan ako nung kuting. =\_ =

**"HOY! GAGAWIN KITANG SIOPAO PAG SINUNDAN MO PA AKO!" =\_\_=**

"Ngiyaaaawwww...." napansin kong basang basa na yung kuting at parang nangangatal ito.

**"Ngiyaaaawwww!!!"**

"Ngiyaaaawwwwwww!!!!" palakas ng palakas ang pagngiyaw nito na para bang umiiyak... pakshet, ano ba itong pinagsasabi ko. Pusa? liyak? Dafuq?

**"Ngiyaaaaawwww."**

**"Tangina mo kang pusa ka, wag ka ngang umiyak! Eh ano kung iniwan ka sa kalsada? Sa isang box? EH ANO KUNG MAG-ISA KA LANG? Tangina mo!"** naisuklay ko ang kamay ko sa buhok ko at naramdaman ko na may pumatak na ulan sa may pisngi ko...

pero naalala ko, *paano papatak ang ulan sa pisngi ko kung may payong ako?*

property of haveyouseenthisgirl.yolasite.com

## **SHE DIED**

written by HaveYouSeenThisGirL

Eight \\  
Point of View:

**- ERIS JANE TRINIDAD -**

**"Hmm, gising na kaya si Eros?"** nilagay ko sa may baba ko ang hintuturo ko habang naglalakad papunta sa bahay ni Eros. Nakasuot na ako ng uniform na binigay ng ate niya, papasok na ulit kami ni Eros sa school! Yehey! Nakakamiss pumuntang school, when I was still alive going to school was one of my favourites! Kasi sa school kahit gaano man kahirap ang mga lesson at quizzes ay nage-enjoy naman ako sa company ng mga classmates ko na naging mga kaibigan ko na. Sa school hindi lang mga bagay sa libro ang mga natutunan ko, natutunan ko rin yung mga bagay tungkol sa buhay. Haay, nakaka-miss, isa ito sa mga dahilan kung bakit gusto ko pa ulit mabuhay. Sana



Pero nung pagkalapit ko sa kama niya at kukunin ko na sana yung kumot napansin ko sa may bandang dulo, sa may malapit sa pader ay may nakahigang maliit na bagay na itim...

"Ha? Ano yun?" out of curiosity ay nilipitan ko pa ito ng maigi at sobrang nabigla ako nang iniangat nito ang ulo nito at sinabing...

"MEOW~~"

"Uwaaaaa~~♥" \*~(♥m♥)~\*

Sa sobrang tuwa ko at sa sobrang cute nung kuting ay kinuha ko ito mula sa kama at kinarga, **"Kaya pala biglang nadagdagan ng 20% sa necklace kagabi! Uwaaa! Nakakatuwa! Hindi ko aakalaing babalikan at kukupkupin ka ni Eros! Sobrang nakakatuwa!" <3**

Hindi ako makapagpigil ng kasiyahan sa nakita at napagtanto ko kaya pagkalabas na pagkalabas ni Eros ng banyo ay niyakap ko agad siya!

**"HOOOOOY! LUMAYO KA NGA! KALILIGO KO LANG DUDUMIHAN MO NANAMAN AGAD AKO SA GERMS MO!"** sabay tulak sakin. \*pouts\*

**"Eros! Eros! Ang bait bait mo! Sobra! Salamat at kinupkop mo ang kuting!"** sabay kuha ko ulit nung kuting at hinarap sa kanya.

Napansin kong nabigla siya at parang nataranta tapos sabay napaltan ang expression ng mukha niya, mukhang naiinis siya at bigla niyang tinuro gamit ng hintuturo niya yung kuting na buhat buhat ko, **"A-ANONG GINAGAWA NIYAN DITO?! A-ANONG KINUPKOP? DI KO KINUKUPKOP YAN! NAKO BAKA SINUNDAN AKO NIYAN! MAY SANIB ATA YANG PUSA AT NAKAPASOK SA BAHAY AT KWARTO KO!"**

Pinilit kong pigilan ang tawa ko kasi obvious naman na umaarte lang si Eros na naiinis siya, alam ko naman kasi pag natural ang reaksyon niya o hindi at sa ngayon alam kong "*palabas*" lang yung ginagawa niya.

**"Kunwari ka pa ee!"** sabay abot ko sa kanya nung pusa at pinalo ko ng mahina ang kanang braso niya, **"Aminin mo na! May puso ka naman ee na kayang lumambot kahit paminsan minsan!"**

**"H-hoy! A-anong pinagsasabi mo ha?! Saka o-oy! Bakit mo binigay sakin itong pusa! Kita mo ng kaliligo ko lang tapos iaabot mo sakin, oy kunin mo nga ito ang dumi dumi nito! Madudumihan lang ulit tuloy ako!"**

"Eeee! Deny ka pa dyan ee! Ang linis linis na kaya niya! Pinaliguan mo siya nuh? Saka mukhang hindi na siya gutom, pinakain mo rin nuh? Ayeeeee! Ang sweet sweet mo talaga Ero ero!" <3 <3 <3

"H-HOY! Sweet mo mukha mo! Sinabi ng hindi ko nga alam kung paano nakarating itong pusang ito dito! Saka quit calling me Ero ero!!!"

"Hmp! Don't be shy na kasi! Ang labo mo Eros, pag gumagawa ka ng masasamang bagay hindi ka nahihya pero pag gumagawa ka ng mabuting bagay, kinahihya mo? Baliktad ata! Kahit kelan wag na wag mong ikahihya ang mga bagay na ginawa mo na alam mong mabuti..."

"Tandaan mo, mas mahirap gumawa ng mabubuting bagay kesa sa masasamang bagay kaya yung paghihirap na yun... ipagmalaki mo yun kasi alam mo sa sarili mong nagawa mo ang tama."

"E-ewan ko sayo! Di ko alam mga pinagsasabi mo!" sabay patong ng kuting sa may kama. Haaay, alam ko naman na kinupkop niya talaga yung pusa, nahihya lang siyang aminin. Di ko magets kung anong nakakahiya dun pero that's Eros, siguro hindi lang talaga siya sanay sa biglang pagbabagong nagaganap sa kanya kaya hindi niya pa agad maipagmalaki. Pero I can't wait na dumating yung araw kung saan maipagmamalaki niya ang sarili niya dahil nakakagawa siya ng mabubuting bagay. :">

"But look Eros, nadadagdagan tayo ng 20% dahil sa kabutihang ginawa mo! 49% na Eros! 51% to go! Kalahati na lang Eros! Malapit na tayo! Aren't you happy?" \*\*\\(^ \_\_\_\_\_ ^)//\*\*

"Tsss!" yun lang yung sinabi niya tapos tumalikod na siya pero for a second there, *I thought I saw him smile.*

\*\*\*

"Love!"

"Ha?"

"Let's name her LOVE!" habang naglalakad na kami papuntang classroom ay kinukulit ko pa rin siya tungkol dun sa pusa.

"Ha?!"

"Pangalanan natin yung kuting na LOVE! Diba ang cute?"

"Ang bading." = \_\_ = "Saka bakit mo ba iniintinding pangalanan yun, pusa lang naman yun."

"Kahit pusa yun may buhay din yun! Ikaw kaya matutuwa ka kung wala kang pangalan?"

"Tsss, ewan ko sayo."

"So deal ha? Love na ang name niya!"

"Ang baduy."

"Eh anong gusto mo ipangalan?"

"Annoying."

"Ha? Bakit annoying? That's not a good name." \*pouts\*

"Annoying because you are ANNOYING!"

"Ohwell, Love na lang name niya! Teehee!" ^\_\_^

"Arghhh! YOU ARE VERY VERY ANNOYING!"

Nakarating na rin kami sa may classroom at pagkapasok na pagkapasok namin biglang tumahimik yung klase, maingay siya kanina, naririnig ko nga kanina yung mga tawanan at sigawan nila habang nasa may hallway pa lang kami pero biglang tumahimik talaga nung pumasok kami. Halos lahat sila nakatungo at tumigil sa mga ginagawa nila habang dumadaan kami ni Eros, para bang iniwasan nila kami... o si Eros? Para bang ayaw o takot sila sa kanya.

This is one of those thing na kelangan maayos. Masaya sana kung hindi ganito ang trato nila kay Eros. Alam kong kasalanan din ito ni Eros kung bakit ganto ang tingin sa kanya ng mga kaklase niya pero gusto ko sana sa pagbabago ni Eros ay magbago rin ang tingin ng mga kaklase niya. Gusto ko maging malapit din sila kay Eros, makipagtawanan at makisalimuha sila sa kanya. At gusto ko rin sana na balang araw magkaroon ng kaibigang matuturing si Eros sa klaseng ito.

*Diba po Lord, hindi malabong mangyari yun? Kayo na po nagsabi sakin na everyone deserves a second chance kaya maniniwala po ako sa inyo.*

\*\*\*

Wala naman masyadong nangyari sa morning class, as usual natutulog si Eros pero pinipilit ko siyang gumising at makinig sa teacher na siyang labis niyang kinaiinis. Haay, hindi sapat yung pumasok lang siya sa school, kelangan niya ring matuto.

Pero dumating yung lunch time at biglang pinatawag si Eros sa may faculty, sumama ako syempre dahil gusto kong malaman kung bakit. Nung una nga ayaw akong papasukin nung teacher pero sa huli ay pumayag na rin itong papasukin ako dahil sa kakulitan ko.

**"Mr. Magdayo, I'm sorry to say this pero you won't make it to the graduation AGAIN."**

**"Kelangan i-emphasize yung 'AGAIN' ha?!"** asar na sabi nito. Pero ako nabigla ako, noooo! Hindi siya makakagraduate? That means magre-repeat nanaman siya for the 3rd or 4th time? Nooo! >\_\_<

**"Wait mr. teacher! Bakit po hindi siya makakagraduate? Ano po ang dahilan?"** tanong ko.

**"Lack of attendance. Poor grades."** kubit balik at nito na wari mo'y hindi man lang nalulungkot sa balitang ito. Bakit ganun, teacher siya pero parang wala siyang malasakit sa sariling studyante? Hindi porket may bad attitude si Eros kelangan ganun na ang reaksyon niya sa balitang ito! That's unfair! Dapat sa lahat ng studyante niya fair ang tingin niya kahit ano pa man ang katauhan o ugali ng mga ito.

**"Yun lang sasabihin mo? Sige alis na ako. Kabagot dito."** tatalikod na sana si Eros pero pinigilan ko siya.

**"Wait!"** habang hawak ko sa may damit niya si Eros ay hinarap ko ulit yung teacher, **"Wala na po ba chance na makagraduate siya?"**

**"Wala na, masyadong scarce ang attendance niya. Saka ang baba ng grades niya."**

**"Pero mr. teacher! Hindi po ba pwedeng bigyan niyo siya ng chance? I mean sisiguraduhin ko pa sa inyo na pipilitin niyang tumaas ang mga grades niya sa mga nalalabing quizzes, exams, recitations at kung anu ano pa!"**

**"Okay sana yun kaso kulang talaga ang attendance niya. He won't make it sa graduation."**

**"Pero... paano po kung nagawa niyang pataasin mga grades niya tapos pag naipasa niya po lahat ay paggraduate-in niyo po siya? But after that babawiin niya na lang po ang attendance niya by attending a summer class? Please po!"** I tried bargaining and I hoped for it to work pero...

**"I'm sorry... I don't think that'll work."**

**"Pero mr teacher... please po... please.... pa--- ow!"**

Nabigla ako nang may humawak sa may braso ko at bigla akong hinigit, **"ANO KA BA! PARA KANG TANGA! ITIGIL MO NGA YAN! HINDI MO KELANGAN MAGMAKAAWA PARA SAKIN!"**

**"Pero Eros---"**

**"KUNG HINDI GA-GRADUATE EDI HINDI! PROBLEMA BA YUN!"**

**"Oo Eros, problema yun! Paulit ulit ka na lang, ayaw mo bang makatapos?"**

**"ALAM MO KUNG ANONG PROBLEMA? IKAW! NAPAKAPAKELAMERA MO! EH ANO KUNG HINDI AKO MATAPOS? TSSS!!!"**

**"Eros wait!"** bigla kasi niyang binuksan ang pinto at nagwalk out.

**"Mr. teacher, please consider it. Please po..."** yun lang sinabi ko sabay tumakbo na ako palabas para habulin si Eros.

**"Eros! Eros! Hintay!"** halos hinahapo na ako kakahabol sa kanya, ang bilis niya kasing maglakad tapos ang haba haba pa ng mga legs niya hindi tulad ng akin na maiksi lang kaya hirap na hirap akong habulin siya kahit natakbo na ako.

Umakyat siya papuntang rooftop kaya nasundan ko siya hanggang dun.

**"Buntot ka ba ha? SUNOD KA NG SUNOD! Bwiset!"** sabi niya nung umupo siya sa may sahig at sumandal sa isang pader dun sa may rooftop.

Umupo ako sa may tabi niya at kinuha ko sa kamay niya yung sigarilyong sisindihan niya na sana, nainis siya sa ginawa kong yun at sinigawan ulit ako, **"ANO BA! IBALIK MO NGA SAKIN YAN!"**

Nasa palad ko yung sigarilyo at madiin na sinara ko ang palad ko upang masira ang sigarilyo at seryosong hinarap ko siya, **"Smoking kills."**

**"I know, hindi ako tanga, nakasulat sa lagayan."**

**"Eh bakit mo pa rin ginagawa?"**

**"Pakelam mo ba?"**

**"Alam mo rin bang, smoking kills those around you?"**

**"Patay ka na diba? So I can smoke. Badtrip sinira mo yung sigarilyo,"** kumuha siya ng panibago sa pack ng sigarilyo niya pero agad ko din naman inagaw iyon pati na yung pack.

**"Oo nga patay na ako pero ikaw buhay ka pa pero pinapatay mo na ang sarili mo. Tingin mo tama yang ginagawa mo? Tingin mo makatarungan yan para saming mga hindi nagkaroon ng chance na mabuhay ng mahaba? Isipin mo na lang yung ate Risa mo na gusto pang mabuhay pero limited na lang ang mga oras niya... tapos ikaw, ang haba haba pa ng buhay mo pero pinapaikli mo na agad?"**

Hindi siya sumagot. Nakagat ko ang labi ko at nagbuntong hininga ako pagkatapos.

**"Please Eros... magmakaawa ka..."**

**"Ha? Magmakaawa?"**

**"Magmakaawa ka sa teacher mo na bigyan ka ng chance... beg for him..."**

**"HA? ANO AKO TANGA?"**

**"Ibaba mo ang pride mo sa pagkakataong ito, kelangan mo ito Eros kaya ipagmakaawa mo. Para ito sa kapakanan mo, kelangan mo grumaduate. Kung ikaw mismo ang magmamakaawa baka isipin niyang determinado ka talaga makapasa at makagraduate kaya baka bigyan ka niya ng 2nd chance."**

**"Hindi ko kelangan magmakaawa kahit kanino!"**

**"Ano bang mawawala sayo kung gagawin mo yun?"**

Tumigil siya saglit na waring hindi mahanap ang sagot sa tanong ko pero maya-maya lang ay sinagot niya lang ako ng isang, **"Ewan ko sayo!"**

**"Sagutin mo ako Eros, ano bang mawawala sayo kung magmamakaawa ka kahit ngayon lang?"**

Hindi siya tumitingin sakin, nakayuko lang siya. Hindi umiimik.

**"UY EROS! SAGUTIN MO AKO! ANO BA!"** niyuyugyog ko na siya sa may balikat niya habang pinipilit kong wag tumulo ang mga luha ko, **"Eros alam mo ba pangarap kong makagraduate? Pero namatay ako a month before graduation! I never made it..."**

**"I never made it... but you... you can still make it!"** sigaw ko sa kanya.



**"Wag kang ganyan Eros, wag mong ipagdamot sa sarili mo yung bagay na hindi ko nagawa!"**

**"Please Eros... nagmamakaawa ako sayo... gusto kitang makitang grumaduate... please Eros... please... please..."** patuloy ko siyang niyuyugyog sa balikat niya habang nakatungo na ako at dire direktso ng tumutulo ang mga luha ko.

**\*toink\***

Napatigil ako sa pagyugyog sa balikat niya at napabitaw ako nang maramdaman kong bigla niyang nilagay ang buong palad niya sa may mukha ko at mabilis na binaba ito na para bang pinahid ang mga luha ko.

**"Ang panget mo umiyak."**

Sabay bigla siyang tumayo at pinagpagpag ang pantalon, **"Dyan ka lang, wag mo akong susundan. Babalik din ako."**

Nagsimula na siyang maglakad papuntang pinto pero bigla rin ulit siyang tumigil at sinabi niya sakin ng hindi lumilingon, **"Diba may magic yang God mo? Pakisabi nga sa kanya i-magic yung teacher na yun na pakinggan ako."**

Hindi ko agad nagets yung sinabi niya pero pagkasara niya ng pinto ng rooftop at naiwan na lang ako dun saka ko narealise ang gusto niyang ipahiwatig.

Gusto niyang ipagdasal ko siya na sana pakinggan siya ni mr. teacher sa pagmamakaawang gagawin niya, gusto niyang ipagdasal ko siya na nawa'y mabigyan siya ng isa pa uling pagkakataon.

Napangiti ako at napatingin sa itaas.

*'Lord, maraming salamat po kasi pinakinggan ni Eros ang mga sinabi ko.'*

Hindi ko alam kung lumambot ang puso ni Eros nang marinig niya ang storya ko na namatay ako bago pa man ako makagraduate kaya bigla siyang tumayo upang kausapin ang teacher niya pero kung anuman ang dahilan, **masaya ako.**

Unti unti na talaga siyang nagbabago.

Hindi naman kasi talaga siya masamang tao.

Wala namang tao sa mundo na ubod ng sama, lahat tayo may puso.

Nadagdagan ng 5%, 54% na. *Konting konti na lang.*

property of haveyouseenthisgirl.yolasite.com

\*\*\*

**She Died** - CHAPTER NINE \\  
written by HaveYouSeenThisGirl

Point of View:

- **ERIS JANE TRINIDAD** -

"O!" nabigla ako nang biglang may nagabot sakin ng burger mula sa aking gilid.

"**Erossssss!!!**" natuwa ako nang makita siyang muli, halos kalhating oras ko din kasi siyang hinintay dito sa rooftop.

"O!" nilapit niya pa lalo yung inaabot niyang burger kanina, tumayo naman ako mula sa pagkakaupo ko sa sahig at inabot yung burger.

"**Ha? Para saan ito?**" pagtataka ko.

"**Kainin mo kung nagugutom ka, kung ayaw mo edi itapon mo,**" sabi niya sabay upo sa may sahig, sinandal niya ang likod sa may pader at pinatong niya ang mga siko sa bawat tuhod habang binubuksan niya yung balot ng burger niya.

Tumabi naman ako sa kanya, "**Itapon? Waaa! Masama iyon! Maraming nagugutom!**"

"**Eh ano naman kung maraming nagugutom? Mabubusog ba sila pag kinain mo yan? Tss.**"

"**Umm... Hindi, hindi sila mabubusog pero atleast hindi natin inaaksaya yung mga bagay na naipagkait sa kanila. Tayo may chance na kumain, sila wala, kaya hindi natin dapat inaaksaya yung meron tayo.**"

"**Sigurado ako kung hindi ka namatay baka nagmadre ka, ang hilig mo sa sermon. Manahimik ka nga lang at kumain! Napaka-annoying mo,**" sabay kagat niya sa burger niya.

Binuksan ko na rin yung balot ng burger ko at ngumiti ako, "**Salamat Eros sa pagkain.**" ^ \_\_\_ ^

... *silence.*

"**Ah Eros! Kamusta pala? Did he gave you a second chance?**"

Tumango lang siya ng walang karea-reaksyon. Nanlaki naman ang mga mata ko, napahawak ako sa bibig ko at bigla akong napayakap sa kanya.

**"AHHHH!!! ANG SAYA SAYA EROS!" :DDDDDD (//\*\*^\*)//~~\*YEAH!**

**"H-hoy! Ano ka ba! Kamuntik ko ng mabitawan ang burger ko! Kumalas ka nga sa yakap! Ang manyak mo oy!"** tinulak niya ako.

**"Eros! I'm so happy for you! I---"** naputol ako sa pagsasalita kasi bigla niyang pinasok sa bibig ko yung burger ko.

**"Di pa sigurado yun, sabi niya depende daw kung hindi ako makakakuha ng below 95 sa lahat ng quizzes at exams na dadating."**

**"Oh? Anong problema dun?"**

**"Obvious ba?! Tingin mo he agreed with your conditions just because I begged? Kaya lang siya pumayag dahil 100% sure siyang hindi ko kakayanin na hindi makakuha ng grade below 95! Makakuha nga lang ng 75 pahirapan na, 95 pa kaya? Tss! He just agreed to give me a second chance because he is 100% sure that I can't make it because he believes that I am and will always be a good for nothing repeater."**

***"Then prove him wrong."***

**"Hah! Why prove him wrong when he's right. Tama naman lahat ng sinasabi nila, wala naman talaga akong kwentang tao, di ako magaling sa kahit ano, wala akong pag-asa sa kahit saang bagay."**

**"So... masaya ka naman dun?"**

**"Alin?"**

**"Na good for nothing ang tingin ng mga tao sayo?"**

**"Ok lang."**

***\*WAPAK!\****

**"Aray! Oy bakit mo ako sinapak?"** napahawak siya sa may ulo niya, **"Walastek! Angel na nanapak? Sigurado ka bang angel ka? Baka alien ka o mangkukulam ka lang talaga?" =\_\_=**

**"Hmp! Ang tanong ko ay kung masaya ka tapos ang isasagot mo 'ok lang', parang ang layo naman nun sa tanong ko."**

**"Eh ano ba dapat isagot?"** naiinis niya pa rin tanong habang kumakagat sa burger niya.

**"Pag tinanong ka kung masaya ka ba o hindi, masaya o malungkot ang dapat mong isagot."**

**"Eh paano kung wala sa dalawa?"**

**"Impossible yun!"**

**"Sa wala nga sa dalawa eh! Ang kulit mo ha!"**

"Ibig mo bang sabihin neutral lang ang nararamdaman mo?"

"Parang ganun na nga, walang pakelam... parang ganun."

"Edi nalulungkot ka nga!"

"Ha?"

"Kung neutral ang nararamdaman mo, hindi ka masaya! At kung hindi ka masaya, malungkot ka!"

"Ang kulit mo, ewan ko sayo." - \_\_\_ -

**NOW PLAYING: Copper Down by The Boy Who Trapped The Sun**

*(you can listen to it by going to youtube and typing the title)*

**"Alam mo Eros, hindi mo dapat dinedeny ang nararamdaman mo. Hindi naman kita pagtatawanan, hindi rin kita huhusgahan kaya wala ka naman dapat ikahiya. You can always be honest with me." :)**

"Tss." yung lang sinabi niya, naghintay pa ako ng saglit kung may idadagdag pa siya sa famous line niyang "tss" pero nung napagtanto kong wala na ay tumingin na lang ako sa may langit at nagpatuloy na lang sa pagkain.

May katahimikan na namagitan tuloy samin. Medyo mahangin sa rooftop, nililipad nga ang ilang piraso ng mga buhok ko na nakalugay. Medyo maulap ang kalangitan, nakatago ang araw pero maliwanag pa rin naman kahit papaano. Maririnig mula sa rooftop ang ingay ng mga studyante sa may ground floor. Nakakarela... Nakakaantok...

Halos tapos na akong kumain nun nang bigla siyang nagsalita muli...

*~♪♪' This ship's gone and run its course*

*Through a tired lack of force*

*And all that matters branded on your arm*

*So you don't forget how we first met '~♪♪*

**"Hindi ko alam kung malungkot ako pero aaminin ko na hindi ako masaya sa tuwing tinitignan ako ng mga tao na may mga panghuhusga sa kanilang mga mata. Nakakairita, nakakaasar, nakakapikon, ansarap nilang upakan kala mo kasi kung sino sila kung makatingin." sinabi niya iyon ng hindi tumitingin saakin.**

**"Ang tao kahit anong gawin mo, huhusgahan ka nila. Natural na yan sa ating mga tao. Bakit ikaw ba kahit kelan sa buhay mo hindi ka nanghusga ng kapwa mo?"**

**"Nakapanghusga na din..."**

**"O diba? Ako din naman eh. Hindi kasi mapipigilan, kahit ayaw natin manghusga minsan nagiging automatic na lang siya. Pero alam mo kung hindi mo nagugustuhan ang husga nila sayo, pwede mo naman patunayan ang sarili mo sa kanila. Kung good for nothing ang tingin nila sayo, pwes ipakita mo sa kanila na you can be good for something!"**

**"Asa. Once na good for nothing na ang tingin nila sayo, good for nothing ka na habambuhay sa paningin nila. Nakatatak na yun sa isipan nila, mahirap ng baguhin ang tingin sayo ng tao."**

**"Paano mo nasabi yan? Nasubukan mo na bang magbago?"**

*♪~Suddenly I have this feeling  
Tasting copper in my mouth  
I look to watch the clouds for my last breath ~♪*

Hindi siya umimik saglit tapos tumungo siya, **"H...hindi."**

**"Bakit hindi mo subukan kung ganon?"** nakangiting sabi ko habang sumilip ako sa mukha niyang nakatungo.

**"Di ko kaya."**

**"Hindi mo pa nga nasusubukan ee!"**

**"Sa hindi ko nga kaya! Hindi naman ganun kadali baguhin yung nakagawian!"**

**"Kaya nga nandito ako diba? Tutulungan kita." :)**

Nakatungo pa rin siya pero tumingin siya sakín sa pamamagitan ng pag-angat lamang ng mga mata niya habang ako'y patuloy pa rin na nakasilip sa nakatungo niyang mukha.

*♪~ When you grow into you skin  
I'll be the hope joining the wall  
And all the scraps of world joined at the hand  
Are there to hold you in our secret plan ~♪*

Ganun lang kami ng halos ilang seconds, nakatingin lang kami sa mata ng isa't isa na para bang naghahanap kaming parehas ng kasagutan sa mga tanong namin sa mata ng bawat isa.

Yung mga mata niya, itim na itim ang mga ito... pag tinitigan mo ng matagal parang palalim ng palalim ang mga ito... na para bang andaming mga salita na gustong sabihin ng mga mata niya...mga salitang hindi kayang sabihin ng bibig niya.

His eyes reflect his true self --- the guy who is lonely, helpless, desperate, in need of attention and especially... in need of help.

**"Pag nagbago ba ako, magiging masaya ba ako?"**

*♪~Suddenly I have this feeling  
Tasting copper in my mouth  
I look to watch the clouds for comfort  
Fill in the blanks ~♪*

That's it, pagkarinig na pagkarinig ko sa mga sinabi niya ay nanlaki ang mga mata ko, lumapad ang mga ngiti ko. Oh Lord God, hindi ako makapaniwala sa mga narinig ko na lumabas mula sa mismong bibig ni Eros.

**"Hindi ko alam ang isasagot sayo Eros pero kung susubukan mo baka mahanap mo ang kasagutan sa tanong mong iyan." :"))**

**"Wala naman mawawala kung susubukan ko diba?"** for the first time nginitian niya ako ng ganto. Yung mga ngiti ba na parang nagsasabing 'andyan ka naman eh!'

Nginitian ko rin siya, **"Walang mawawala."** :)

*♪~Suddenly I hate this feeling*

*Tasting copper in my mouth*

*I look to watch the clouds for comfort*

*I hope I don't let anyone die*

*Fill in the blanks~♪*

**"Salamat Eris,"** may sinabi siya pero biglang nagbell at dahil dun hindi ko narinig yung sinabi niya.

**"Ha?" :O**

Pinatong niya ang kamay niya sa ibabaw ng ulo ko at ginulo ang buhok ko habang tumatayo siya, **"Wala, hindi ko na uulitin yung nasabi ko na."**

**"Waaaa! Ang daya! Ano yun!"** tumayo na rin ako at sinundan siya na papasok na ng building.

**"Hindi ko na nga sabi uulitin."**

**"Anla! Ano nga iyon?"**

**"Bingi ka sabi ko."**

**"Eeeeeeeee! Ano kasi iyon uy!"**

**"Wala nga sabi aba! Stop bugging me! Shoo!"**

**"Ero-ero naman ee! Ano kasi yun!"**

**"Annoying angel."**

Nagpout na lang ako at binehlatan ko sya. Ayaw niya kasi sabihin yung sinabi niya na hindi ko narinig. Haay, ano kaya yun?

Pero habang bumabalik na kami sa classroom ay napangiti ako mag-isa.

Naniniwala akong kakayanin ni Eros na patunayan sa lahat ng humuhusga sa kanya na he's a guy who's good for something, something good.

"HOY ANONG NGININGITI MO DYAN?" nahuli ako ni Eros na ngumingiti pagkalingon niya saakin.

"Secret." :D

"Para kang baliw." =\_ =

"Thank you!" :D

"Tss. How Annoying!"

-- property of haveyouseenthisgirl.yolasite.com ---

\*\*\*

\*\*\*

**"She Died" written by HaveYouSeenThisGirL**

Chapter Ten

Point of View:

- Author's Point of View -

(From now onwards, author's point of view na po palagi meaning sa 3rd person po ang narration :D

Alam ko nakakapanibago pero masanay na po kayo kasi from now on, I will write sa 3rd person. :D)

**"OH---KAY!!! Let's start!" (ノ ☆\_\_☆)/——FIGHT!!!**

**"Huh? Anong let's start? Start ang alin? Saka para saan pa yang bandana na sinuot mo dyan sa noo mo para kang baluga,"** nasa may park kasi sila nakaupo sa may bench at nagpapahangin saglit, ayaw pa kasi umuwi ni Eris, wala daw kasi siyang magawa sa club. Pero hindi maintindihan ni Eros kung anong kabaliwan nanaman ang gustong gawin ni Eris, nagtali kasi ito ng parang bandana sa may noo nito at naka-fighting (AJA!) ang kamay nito with determined eyes.

**"Itong bandana sa noo ko?"** sabay turo sa may noo, **"Cute diba? Bagay saakin?"**

**"Di ka talaga nakikinig, kasasabi ko lang para kang baluga. Ewan ko sayo, teka nga ano ba yung sinasabi mong start start na yan?!"**

**"Start na tayo gumawa ng listahan!" (\*· ω· \*)**

**"Listahan?"**

**"Yup, list." :D**

Binatukan niya si Eris, **"Alam ko kung ano yun sa English! Tss! Ano nga kasi yan?!"**

Bago pa mairita ng tuluyan si Eros at layasan si Eris ay ini-explain na agad ni Eris ang gusto niyang gawin, kinuha niya yung backpack ni Eros at miraculously ay may nakuha siyang ballpen at isang kapirasong papel na kahit medyo gusot gusot na ay pinagtyagaan na lang niya tatal yun lang ang laman ng bag ni Eros.

"Ganto kasi yun, gusto ko gumawa ng list ng mga bagay na pwede mong gawin para magbago. Para bang... steps o kaya guidelines? Magsisimula tayo sa maliliit na mabuting gawain hanggang sa palaki ng palaki."

"Bakit sa maliliit kung pwede naman agad sa malaki? O diba mas mabilis din pati mapupuno yang necklace?"

"Pfuiii~" nagbuntong hininga siya, "Kung gusto mo talagang magbago, dapat magsimula ka sa maliit na bagay o gawain. Pag minadali ang isang bagay, wala kang mararating o kung meron man, halos hindi tulad ng inaasahan mo."

"Oo na, oo na, napakadaldal mo kahit kelan."

"Okie! Simulan na natin ang Evil Dummy's guide to Kindness!"

"SAY WHAT? ANONG EVIL DUMMY KA DYAN? EVIL PWEDE PA, PERO HINDI AKO DUMMY!"

"Ows? Patunayan mo sakín, ipasa mo yung exams mo pero sa pansamantala I'll call this list as the Evil Dummy's guide," sabay sulat niya sa may taas ng papel ang mga salitang iyon at pagkatapos ay nagsulat siya ng number 1, "May 6 na main guides akong isusulat na pag nagawa mo, for sure mapupuno agad ang red sa necklace. Yung anim na yun ang mga bagay na pinaka dapat gawin mo."

"Ahh.. Eh ano yang anim na yan?"

"Number 1: Ask forgiveness to those you've done wrong."

"Aabutin tayo ng isang taon kung ganyan din lang naman, marami akong nagawan ng masama, hindi ko na nga mabilang."

"Okay lang yun, basta yung mga pinakanagawan mo ng masama, kelangan magsorry ka."

"Fine, number 2?"

"Number 2: Make Friends, learn to smile and laugh with others."

"I already have friends, sina Seven."

"I know but what about your classmates? Maganda siguro kung makikipagfriends ka din sa kanila."

"That's impossible, they hate me."

"Then make them like you, you are so annoying andami mong reklamo."

"ANO? AKO PA NAGING ANNOYING? LOOK WHO'S TALKING!" = \_\_\_\_\_ =!!!

Nagbehlat lang sa kanya si Eris at pinagpatuloy ang pagsusulat sa papel, "Number 3: Study hard and be a responsible person."

"Number 4: Remove all hate in your heart. Learn to forgive yourself."

"Number 5: Respect yourself and others."

Pagkatapos nun tumigil na sa pagsusulat si Eris at inabot kay Eros yung papel, "Here!"

Inabot ni Eros ang papel ng may pagtataka sa mukha, "Eh ang number 6? Diba sabi 6 yung guides?"



"Oo." ^\_^

"Oh? Eh bakit lima lang ito? Marunong ka bang magbilang ha?"

"Ummm... yup!"

"Oh asan nga yung number 6?" = \_\_\_\_ = impatient na tanong ni Eros.

"Ang number 6 ay..." nakangiti ng malawak na malawak si Eris.

"Ay?"

"... ay ilibre si Angel Eris ng ice creaaaaaaam!!!" (OvO)\*\*

Feeling ni Eros malalaglag siya sa sinabi ni Eris, nag-expect pa man din kasi siya na matino ang sasabihin ni Eris pero yun pala nagpapalibre lang ito.

**"YOU ARE SO ANNOYING!"**

"Dali na Eros... please, please, please?" pinagdaop ni Eris ang mga palad niya sa may bandang dibdib niya habang naka-puppy eyes with matching pouting lips.

**"TSS! Abusado ka masyado, ang hilig mo magpalibre. Pinapakain ka ba sa tinatawag mong heaven na yan?"**

**Parang sampung taon kang hindi nakakain eh, maya't mayang gutom!"** nilagay ni Eros ang listahan sa may bulsa niya at tumayo na, napagdesisyonan niyang ilibre na lang si Eris. Wala naman kasi siyang magagawa kasi kung hindi niya ilibre siguradong magnga-ngangawa nanaman iyon.

May nakita silang nagtitinda ng dirty ice cream sa hindi kalayuan at bumili si Eros ng dalwa, isa para sa kanya, isa para kay Eris. Pagkatapos nun nagsimula na silang maglakad pauwi.

**"Tungkol nga pala dun sa nabanggit mo... namatay ka a month before your graduation?"** naitanong ni Eros out of curiosity.

"Yup," sabay dila sa ice cream, **"Sayang nga ee, unexpected."**

**"Eh paano ka ba namatay?"**

"Ummm... Narape ako tapos nabugbog." ^\_^

Napatigil si Eros tapos sinapok si Eris, **"Aray bakit mo ako sinapok!" T\_\_T**

**"Eh bakit nakangiti ka pa? Parang ang saya mong ikwento yung pagkamatay mo? Parang ang saya mong narape ka!"**

**"Hindi ako masaya aa! Anong gusto mo, umiyak ako?"**

**"H-ha? Hindi! Wag kang umiyak, I hate those things! Pero atleast man lang hindi ka ngumiti diba? Ang grabe ng nangyari sayo."** hindi in-expect ni Eros yung cause of death ni Eris, akala niya simpleng nasagasaan lang ito ng kotse o kaya namatay dahil sa sakit. Pero he never thought na rape victim pala ito. Bigla bigla nakaramdam siya ng little sympathy towards Eris.

**"Okay lang yung Eros!" ^\_\_^**

**"Anong okay ka lang dun! Walang okay dun sa nangyari sayo!"**

**"Alam ko. Ummm Eros, let's not talk about it na lang... Weee! Ang sarap ng ice cream! Thank you nga pala sa ice cream Eros!"** tinalikuran na siya ni Eris at nauna ng maglakad pero bago ito tumalikod sa kanya napansin niya ang sobrang malungkot na expression sa mukha ni Eris. Sa saglit na iyon, doon niya lang napagtanto na pilit lang ang mga ngiti ni Eris... sino nga ba naman ang makakangiti kung ganun ang nangyari sayo?

Bigla bigla parang nakaramdam siya ng paghanga kay Eris, nagawa niyang ngumiti kahit sa isang masakit na pangyayari.

Lumapit siya kay Eris at tinapik ito sa balikat, lumingon naman si Eris sa kanya. Pagkalingon ng babae ay niyakap niya ito.

Hindi niya alam kung bakit niya ginawa ito, basta parang may nagudyok sa kanyang yakapin si Eris. Siguro dahil sa may kapatid din siyang babae tulad ng Ate Risa niya at si Chill ay naisip niyang kung nangyari sa mga kapatid niya ang isang bagay na nangyari tulad kay Eris ay hindi niya magagawang ngumiti.

Naramdaman na lang niya ang pagyakap din ng mahigpit sa kanya ni Eris, **"Eros, salamat."**

Hindi siya umimik, nanatili lang silang ganun. Hindi maintindihan ni Eros ang nangyayari sa sarili niya, hindi naman iyon ang unang beses na nakayakap siya ng babae, marami na siyang naging mga babae kahit loko lokohan at trip lang, pero nawe-weirduhan siya sa kasalukuyang nararamdaman niya habang yakap yakap ang anghel.

Ramdaman niya ang tibok ng puso ni Eris. Rinig niya rin ang sariling tibok ng puso. Ganun ba sila kalapit? At bakit parang may lamig na nararamdaman siya sa bandang dibdib niya? Sobrang kakaiba ng nararamdaman niya... Ang lamig...

**"Eros... umm... Eros... yung ice cream ko natapon sa damit mo..." (O//\O)**

Dun lang natauhan si Eros sa sinabi ni Eris kaya naman bigla siyang kumalas sa yakap at tinulak si Eris.

**"FUUUUC---CHICKEN!"** hawak hawak ni Eros ang parteng nabasa sa damit.

**"Ikaw kasi bigla mo akong niyakap eh may hawak akong ice cream, ayan tuloy!" :P**

**"ARGHHH!"**

**"Pero ayeeeee, ang sweet mo Eros! Kinikilig ako, sana ganyan ka na lang palagi! Baka mainlove pa ako! Hohoho!"**

**"H-HOY! ANONG PINAGSASABI MO! MANAHIMIK KA NGA!"**

"Di nga seryoso, kinilig ako nung niyakap mo ako! Ayeeeeee! May crush ka siguro sakín nuh kaya mo ako niyakap?"

"ABA'T MALISYOSANG ANNOYING ANGEL NA ITO! ARGH!" = \_\_\_\_\_=!!!

"H-HOY! Bitawan mo kamay ko," habang pinupunasan niya pa ang nabasang t-shirt ay bigla siyang hinawakan in Eris sa may bandang wrist niya.

"Tara na sa club, dun ka na magpalit ng damit tapos magstart na tayo, i-tu-tutor pa kita. May quiz pa kayo tomorrow."

"Bitawan mo muna kamay ko oy manyak!"

"Asus, ako manyak? Niyakap mo nga ako ee. Mas manyak ka. Behlat! Saka ayaw mo nun, we look like a couple?"

"Couple mo mukha mo! Bitawan mo nga ako!"

"Shy ka pa ee! Tara na!"

~(^ \_\_\_\_\_ ^)~♥~(= \_\_\_\_\_ =)~

Wala ng nagawa si Eros kundi magpahila kay Eris habang hawak hawak nito ang kamay niya. Napakannoying na angel talaga kahit kelan. Pero there's a part of him na napapangiti, alam niyang may dumating na kakaibang babae sa buhay niya.

Annoying angel Eris, ang anghel na magbabago ng buhay niya.

property of haveyouseenthisgirl.yolasite.com

\*\*\*

"She Died" written by HaveYouSeenThisGirl

Chapter Eleven \\\

"Sinampay ko muna dun sa banyo yung damit ko, binasa ko kasi yung parteng natapunan ng ice cream," biglang lumabas si Eros mula sa banyo ng kwarto ni Eris.

"KYAAAA! Porn!" nakaupo nun si Eris sa may kama at nung makita niyang lumabas si Eros ng topless mula sa banyo ay kinuha niya ang pinakamalapit na unan sa kanya at tinakpan ang mukha, "Uwaaa! Porn! Porn!"

"H-HOY! A-anong porn ka dyan! Pinagsasabi mo!"

"W-wala kang damit! Aaah! My eyes, my virgin eyes!" /(>||<)\

Lumapit si Eros sa kanya pagkatapos makapaglagay ng t-shirt at kinuha yung unan na nakatakip sa mukha ni Eris at hinampas ito sa ulo ng babae, **"Sira ulo! Parang wala lang akong t-shirt! Porn mo mukha mo, hindi naman ako babae, wala akong dapat itago sa itaas na parte ko. Tss."**

**"Aray, lagi mo na lang ako hinahampas sa ulo." /(T\_T)\**

**"Abnoy ka kasi! Tsss, tabi nga diyan,"** tinulak niya si Eris at umupo sa tabi nito, sa harap nila ay isang maliit na table na may nakakalat na mga papel, **"Ano itong mga ito?"**

**"Notes! Sinulat ko yan habang natutulog ka sa klase kanina! Haay naku Eros dapat kasi nakikinig ka na sa teachers mo from now on!"**

**"Ang boring." =\_=**

**"Eh nasa isip mo lang kasi na boring pero pilitin mong makinig, tignan mo sa susunod magiging interesado ka na din!"**

**"Whatever. Anong gagawin ko dito sa notes na ito?"** inabot niya yung isang papel sa may table at tinignan yung mga nakasulat dun.

**"Re-reviewhin natin siya, may quiz kayo sa Earth Science tomorrow!"**

**"Aaahhhh nakakatamad!"** sabay hagnosis ng papel at tinumba ang sarili pahiga sa kama.

**"Hindi pa nga nagsisimula tinatamad ka na!"**

**"AHHH! LUMAYO KA NGA!"** nabigla si Eros kasi habang nakahiga siya nasa may harap niya yung mukha ni Eris kaya tinulak niya ito.

Bumalik ulit si Eris sa harapan ni Eros and this time nilagay niya ang dalwang kamay niya sa pagitan ng ulo ni Eros at nilock niya ito sa posisyon, **"Sige ka, ki-kiss kita pag hindi ka nag-aral." :DDD**

**"Taeng chicken ka! Lumayo ka sakin oy!"** pinipilit ni Eros na makaalis kay Eris pero natatawang umupo si Eris sa may tyan ni Eros para mas lalong hindi ito makatakas. Jino-joke niya lang naman si Eros, wala naman siyang balak halikan ito, nakikipagbiruan lang siya dito at nagbabaka sakaling magconcentrate na ito sa pagaaral dahil alam niyang mas pipiliin ni Eros magaral kesa mahalikan ng isang tulad niyang annoying angel.

**"Hoy! Bumaba ka nga! Ang bigat mong baboy ka! Hoooooy!"**

**"Blehhhh. Ki-kiss na kita froggy, ayaw mo kasi atang mag-aral ee."**

**"YAAAAAAAAAAAAAAAAAAAAAAAAAAKKKK!"** sabay tulak ng malakas kay Eris...

**"WAAAA! Malalaglag ako!"** dahil sa malakas na pagtulak ni Eros kay Eris na noo'y nakaupo sa may tyan niya ay na-out of balance ang babae, **"Uwaaa Erosssss!!!"**

Akala ni Eros malalaglag na talaga siya sa kama kasi nadanggil ng kamay niya yung table sa likudan niya at bumagsak ito, susunod na sana siya sa pagbagsak ng table sa may sahig nang bigla siyang nahagip ni Eros sa may braso at hinila pabalik ng kama.

O\_\_O ---> O///O ---> /> \_\_\_\_\_<\

Dahil sa hinila siya ni Eros pabalik ng kama ay napapunta siya sa may dibdib ng lalaki at ang lapit ng mga mukha nila sa isa't isa. Parehas silang nanlalaki ang mga mata sa kasalukuyang nagaganap, parehas na hindi mamalayan kung anong sasabihin o anong gagawin.

At parehas din silang namumula.

**"What was the noise about? Parang may narinig akong natumb---" O\_O**

Biglang nagbukas ang pinto at bumulaga si Memo sa kanilang dalwa at dahil sa sobrang pagkabigla ni Eros ay tinulak niya ng malakas si Eris palayo sa kanya. Nalaglag tuloy si Eris ng tuluyan sa sahig.

**"Aaaaaaaaaraaaaay! You're so mean bakit mo ako tinulak!" >\_\_<** sabay himas ng pwet na nasaktan mula sa pagkakahulog.

**"Oh sorry, sorry to disturb your very hot scene guys. I think it's time for me to leave. Haha!"**

**"Hoy Memo! It's not what you think!"**

**"Yeah, yeah, naglalaro lang kayo ng jack en poy... yeah really, not what I think,"** sarcastic na pangaasar ni Memo sa kaibigan.

**"Just don't forget to use condom guys, I don't want any babies in the club."**

**"Hoy Memo---!!!"** pero sinarhan na ni Memo ang pinto at umalis na. Inis na inis naman si Eros sa pangaasar nito.

**"Ummm Eros, bakit sabi niya wag daw nating kalimutan gumamit ng condom? Hindi naman tayo nagse-sex ah?"** inosenteng tanong ni Eris.

**"ISA KA PA!!!"** sabay haggis ni Eros ng unan kay Eris.

( / · ` D´ · )/---[UNAN]o( >d<)o~yikes!

\*\*\*

Kahit papaano naman ay nakapagreview sila sa kabila ng mga nangyayaring kulitan sa kanilang dalwa, kulitan means = sisigawan at sasapukin ni Eros si Eris dahil napaka-annoying nito.

Halos 11pm na sila natapos sa pagrereview at ganung oras na din siya nakauwi, feeling ni Eros parang nilugaw ang utak niya sa daming natutunan. Yun yung first time na sadyang nagaral siya ng todo todo, pero laking pasasalamat niya na lang na kahit gaano katigas ang ulo niya ay pinagtatyagaan siya ng isang annoying angel.

Kaya naman kinabukasan sa quiz nila...

**"Chicken na chicken lang itong mga ito,"** napapangiti si Eros nung makita niya yung mga tanong sa quiz nila sa Earth Science, halos lahat ng tanong dun alam niya, halos lahat ay napag-aralan nila ni Eris. Dali dali niyang sinagutan lahat ng tanong, hindi niya akalaing mae-excite siya sa pagsagot ng isang quiz.

Natapos na ang quiz, nasubmit na nilang lahat sa teacher nila. Ang sabi sa next meeting daw malalaman ang results. Last period before lunch ang Earth Science nila kaya pagkatapos ng quiz ay nagdiretso na sina Eros at Eris sa canteen upang bumili ng makakain, agad agad din naman silang nagtungo sa rooftop para kumain dun. Di kasi hilig ni Eros kumain sa canteen, masyadong maraming tao.

Bumili lang naman sila ng tig-isang palabok at dalwang bottle of water. Pagkapasok nila ng rooftop ay parehas silang nabigla nang may makita silang isang lalaki na nakaupo sa may railings ng rooftop.

Nilapag ni Eris ang pagkain at inumin niya sa may sahig at dali daling lumapit sa may lalaking nakaupo sa may railings, **"WAAAAAAAAAAAAAAG KANG MAGPAPAKAMATAAAAAAAAAAAAAAY!!!!"**

Nabigla naman yung lalaki sa pagsigaw niya kaya bigla siyang naout of balance, kamuntik na siyang mahulog pero buti nahigit siya ni Eris sa may laylayan ng uniform nito at buong lakas na hinigit pabalik sa sahig ng rooftop.

**"PWEW!"** sobrang kinabahan si Eris, akala niya talaga matutuloy na ang pagpapakamatay nung lalaki, **"Kamuntik na! Ayos ka lang ba? Uyy, bakit balak mong tumalon kanina? May malalim ka bang problema? Andito ako, tutulungan kita, wag mo na ulit iisiping magpapakamatay please? Hindi nun mareresolba ang problema mo."**

**"H-ha? Ako? Magpapakamatay? H-ha?"** naguguluhan yung lalaking hinigit niya, **"Hindi ako magpapakamatay ano! Ikaw ata papatay sakin! Kamuntik na akong mahulog nang dahil sayo, nakakabigla ka, bigla bigla ka na lang sumisigaw!"**

**"Ehhhhhhh? Hindi ka nagpapakamatay kanina? Eh bakit nakaupo ka sa may railings? Mapanganib yun! Akala ko tuloy magpapakamatay ko, kinabahan ako!" >\_\_<**

**"May sinisilip lang ako sa baba!"**

**"Ha? Anong sinisilip mo?"**

**"Baka sino?"** sabay biglang sumingit si Eros sa usapan na noo'y nakasandal ang likod sa may railings ng rooftop at nakapatong ang braso doon habang sumisilip sa may baba, **"Isa siguro dito sa mga babae sa baba ano?"**

**"Eh?"** lumapit si Eris at sumilip din sa baba, napansin niyang may grupo ng mga babae na malapit sa isang puno, mga walo atang babae iyon. Yung iba nasa ilalim ng puno at kumakain ng lunch habang naguusap usap, yung iba naman na mukhang kasama rin nila ay naglalaro ng badminton.

**"W-wala na kayo dun! Makaalis na nga!"** tumayo na yung lalaki at aalis na sana pero pinigilan siya ni Eris.

**"Uy diba ikaw yung nasa klase din namin?"** lumingon siya kay Eros, **"Ero-ero, kaklase mo siya diba?"**

**"Ha? Kaklase ko ba yan? Ewan ko, di ko tanda."**

**"Walanjo ka naman Eros ee, mas natatandaan ko pa kesa sayo!"**

**"Oo, nasa same class niyo ako."** sabi naman nung lalaki.

**"Sabi ko na nga ba ee! See Eros? Tama ako, ikaw talaga Eros hindi mo man lang matandaan itsura ng mga classmates mo! Ikaw yung nasa may 3rd row sa first column! Yung sa may tabi ng bintana! Ano nga pala ulit ang name mo?"**

**"Yohanne Garcia."**

Ngumiti ng malawak si Eris at tinapik si Yohanne, **"Turo mo samin yung sinisilip mo tapos tutulungan ka namin mapalapit sa kanya. Mukhang secret admirer ka ee."**

**"Wag kang mag-alala Yohanne, kami ni Eros ang bahala sa lovelife mo!"** ^\_\_\_\_\_^V

**"O-oy! Bakit kasama ako? Ikaw lang! Ikaw nagvo-volunteer dyan, wala akong kinalaman. Wag mo akong idamay sa kalokohan mo!"**

Di pinansin ni Eris ang reklamo ni Eros at inakbayan si Yohanne habang naglalakad papuntang railings, **"So Yohanne, sino dyan? Cupid Eris and Eros is here for you!"** ( ● ^ III ^ ● )

**"Hoy sinabi ngang hindi ako kasali! Tsss!"**

Sino nga ba ang sinisilip ni Yohanne?

Bukod kay Eris, si Yohanne na ba ang panibagong tao na dadagdag sa buhay ni Eros?

property of haveyouseenthisgirl.yolasite.com

**She Died by HaveYouSeenThisgirl**

CHAPTER TWELVE \

**"Hindi ka ba masaya Eros?"**

**"Anong ikasasaya ko? Maging isang cupid? May pacupid cupid ka pa dyang nalalaman, mga pauso mo! Isinama mo pa ako sa kalokohan mo!"** naglalakad na silang dalawa pauwi.

**"Ayaw mo nun, there's a chance na magkaroon ka ng new friend? At higit sa lahat, math genius pa siya! Tamang tama, hindi ako magaling sa math kaya hindi kita matuturuan pero kung andyan si Yohanne, maaari ka nyang turuan para makapasa sa exam! Pumayag naman siya ee basta ba mapalapit natin si Gazelle Ocampo sa kanya, yung crush niya!"**

**"Tss! Ewan ko sayo, basta hindi ako gaganap ng cupid diyan! Bahala ka!"**

**"Eee naman Eros!"** humawak si Eris sa may braso ni Eros at niyugyog ito habang naglalakad sila, nakapout siya, **"Dali na, madali lang naman ang role mo. Lalapitan mo lang si Gazelle tapos makikipagkilala ka at pasimpleng kakalap ka ng info tungkol sa kanya na maaari nating gamitin upang mapalapit si Yohanne sa kanya."**

**"Ayoko nga, sabi ng I will not take part diyan sa kalokohan mo."**

Nag-pout si Eris, bumitaw sa hawak niya kay Eros at tumigil sa paglalakad. Napansin ito ni Eros at lumingon siya kay Eris.

**"Ayaw mo naman mag-effort magbago Eros. Tanda mo sa Evil dummy's guide to kindness na ginawa natin kahapon?"** nagcross arms si Eris habang nakapout pa rin, **"Number 2: Make friends, learn to smile and laugh with others."**

Naglacad palapit si Eris kay Eros at dinuro niya ang hintuturo niya sa dibdib ni Eros, **"Ito na yung opportunity mo para makipagkaibigan sa isang kaklase mo pero tinatapon mo lang yung opportunity na yun! Kung gusto mo talagang magbago, mag-effort ka!!!"**

Ito nanaman si Eris sa pangsesermon sa kanya. Marerealise na sana ni Eros na tama ang sinabi ni Eris kaso kamuntik niya ng masapak ito sa huling sinabi nito sa kanya.

**"AT Ilibre mo ako ng ice cream!" (\*w\*)**

**"Ewan ko sayo, dyan ka na nga."** sabay tinalikuran si Eris.

Patuloy siyang kinukulit ni Eris pero ini-ignore niya na lang ito hanggang sa nakarating na siya sa sarili niyang bahay. Naunang nadaanan nila yung clubhouse kaya nakauwi na rin si Eris.

Pagkarating ni Eros sa bahay ay nagdiretso agad siya sa kwarto niya at nagkulong dun. Humiga siya habang nasa may noo niya ang braso niya at pumikit siya para mag-isip.

Hindi niya kilala si Yohanne kahit magkklase sila. Wala siyang kilala sa mga kaklase niya, hanggang mukha lang, yung mga pangalan nila hindi niya alam. Never siyang naging interested makipagkilala o makipagusap sa kanila, tatal mukhang ayaw rin naman nila sa kanya. Iniiwasan at kinatatakutan siya ng mga kaklase niya.



Tapos ito siya ngayon, ginawang cupid nung annoying angel na yun! Ang sabi nito magsisilbi daw siyang tulay between that Yohanne and Gazelle Ocampo na siyang crush daw ni Yohanne.

Paano naman niya gagawin yun?

Atsaka magiging kaibigan niya nga ba talaga si Yohanne sa huli?

At bakit parang pakiramdam niya ay umaasa siyang maging magkaibigan nga sana sila? Simula ng dumating si Eris sa buhay niya at paulit ulit na sinesermonan siya nito parang hindi niya na maintindihan ang sarili niya, madalas napapagtanto na lang niya na nagrereflect na siya sa mga sarili niyang ginagawa. At madalas din parang mas nararamdaman na niya ang puso niya na noo'y kinalimutan na niyang nag-e-exist. Parang gusto na niyang mapalapit sa mga tao, parang ayaw niya ng mapag-isa...

Gusto niya ng kaibigan.

Gusto niyang tanggapin siya ng tao.

**"Aaaaah!"** nagulo na lang niya ang buhok niya, **"Ang sarap mong sapakin Eris dahil sayo nagugulo tuloy ang utak ko."**

\*\*\*

**"Go na! Dali!"**

**"Aray oy! Wag mo nga akong itulak!"** lunch break kasi at nandito sila sa may likod ng isang pader, tinutulak ni Eris si Eros papunta sa may ilalim ng puno kung san andun si Gazelle Ocampo, kasama ang mga kaibigan at kaklase nito habang naglu-lunch.

**"Tsss,"** ginaya ni Eris ang pag-"tss" ni Eros sa tuwing naiinis ito at pumeywang siya, **"Sabi mo gagawin mo!"**

**"Oo nga! Gagawin ko pero wag mo akong itulak! Tsaka hindi ko talaga magets, bakit kelangan ako pa ang lumapit sa kanya? Bakit hindi na lang ikaw?"** sabay lumapit si Eros kay Yohanne at tinuro ito, **"Ikaw naman may crush dun ah? Bakit hindi ikaw ang lumapit at makipagkilala sa kanya?"**

**"H-ha? A-ayoko nga!"** nabubulol ito habang nakayuko, **"N-nakakahiya..."**

**"Tss! Kalalaking tao nito oh!"**

**"Ano ba Eros!"** nagiging impatient na si Eris, **"Kalalaki mo ring tao andami mong reklamo, gawin mo na lang yung promise mo sakin! Dali, go na bridge!"**

Nainis nanaman si Eros, kung anu ano kasing nicknames ang binibigay sa kanya ni Eris. Ngayon naman ay "bridge" dahil siya daw yung tulay a.k.a Cupid nina Yohanne at Gazelle.

**"Oo na, eto na. Para matapos na itong kalokohan na ito!"** inis na naglakad na si Eros papunta kay Gazelle.

**"Don't forget to smile Eros!"** pahabol ni Eris.

**"Tss."** yun lang sinabi niya at nilapitan na sina Gazelle.

**"Umm..."** nagsitinginan yung mga babae sa kanya na noo'y kumakain ng lunch sa ilalim ng puno, apat na babae ang nandun. Mga nanlaki ang mga mata nila at naririnig niyang bumubulong yung isa.

**"Diba ayan yung bad guy from Class 4C? Yung salbahe at nambubugbog? Omg, anong kelangan niya satin? Nakakatakot."**

Nagpigil ng inis si Eros sa narinig at pinilit na lang ngumiti. Pilit na pilit yung ngiti niya na he kinda look weird.

**"Hello miss,"** gusto niya ng matapos ito kaya naman hinarap niya na agad si Gazelle at kinausap ito.

**"Ah! H-hello!"** nagitla si Gazelle nang siya ang nilapitan at kinausap ng bali-balitag badboy ng campus nila.

**"Ikaw si Gazelle Ocampo diba?"** umupo si Eros sa may tabi ng short haired na chinita na si Gazelle.

**"O-opo! A-ako nga po! I-inosente po ako promise, mabait po ako! Wala po akong ginawang masama!"** >\_\_< nagpa-panic si Gazelle, ang bilis ng tibok ng puso niya, kinakabahan siya kasi hindi niya alam kung bakit siya kinakausap ng isang badboy, wala naman siyang natatandaang ginawang masamang sa lalaki para lapitan siya nito. Natatakot siya kasi baka bugbugin siya or may gawing masama sa kanya si Eros.

**"Ha?"**

**"Kung naapakan ko man po yung sapatos mo or natapunan kita ng juice o kung anuman ang nagawa kong masama sayo na hindi mo nagustuhan, s-sorry po! Spare my life please!"** nagtakip ng mukha si Gazelle sa sobrang pagpa-panic niya.

Nabigla naman si Eros sa mga pinagsasabi ni Gazelle. Natulala lang siya saglit sa pagkabigla at nung ma-analyze niya na ang mga sinabi nito ay imbis na mainis ay natawa siya ng malakas. Di niya kasi makayanan ang expression sa mukha ng babae, sobrang laughtrip!

**"HAHAHAHAHAHAHAHAHAHAHAHA!"** napahawak si Eros sa tyan niya habang tawa ng tawa.

Dahan dahan tinanggal ni Gazelle ang mga kamay niya mula sa mukha niya at nagtata kang lumingon sa tumatawang Eros. Hindi niya magets kung may sinabi ba siyang nakakatawa.

**"Uhh... Baliw ka ba?"** napahawak naman agad si Gazelle sa bibig niya, automatic kasing lumabas yun sa bibig niya, hindi niya sinasadyang sabihin pero huli na kaya naman kinabahan nanaman siyang muli kasi baka magalit ang badboy sa harapan niya sa sinabi niya, **"S-sorry di ko sinasadyang sabihin yun!"** >\_\_<

**"Ano ka ba, magrelax ka nga! Di kita lalamunin ng buhay!"** hirap sa pagsasalita si Eros dahil natatawa pa rin siya, he finds this girl in front of him very entertaining.

**"You mean kakatayin mo muna ako? Cha-chop chop-in ng buhay saka lalamunin? Uwaaaaa!"** >\_\_<

Lalong lumakas ang tawa ni Eros, **"Hahahaha! Hindi! Relax nga sabi, wala akong gagawing masama sayo. Andito lang ako para makipagkilala."** XDDD

**"Oh."** yung lang nasabi ni Gazelle. Makipagkilala sa kanya? Naguluhan si Gazelle dun, bakit makikipagkilala sa kanya ang isang badboy?

**"Ako pala si Eros at ikaw si Gazelle diba? Yayain sana kitang sumama samin ng mga kaibigan ko,"** lumingon siya sa kinaroroonan nina Eris at Yohanne at tinuro ang mga ito kay Gazelle, **"Kung free ka this afternoon pagkatapos ng klase, magkita sana tayo sa may gate ng school."**

**"Ha? Anong gagawin?"**

**"Wala lang, kakain lang sana tayo, magmemeryenda sa may mini stop o 7eleven so we can get to know each other,"** actually ito yung inutos sa kanya ni Eris na sabihin kay Gazelle. Ang plano kasi ni Eris ay yayain si Gazelle na sumama sa kanila mamayang hapon sa may 7eleven para magkakilala sina Gazelle at Yohanne.

**"Oh... Ganun ba? Promise hindi niyo ako kikiidnapin at ipagbebenta ang mga laman loob ko sa mga bad people?"** inosente pero nagpa-panic na tanong ni Gazelle.

**"HAHAHAHAHA! Hindi masasamang tao ang mga kaibigan ko,"** tinutukoy niya sina Eris at Yohanne, **"Ako may pagkabad ako pero I'm trying to be a good guy. Trust me, gusto ko lang talaga makipagkilala. Kaya sana sumama ka samin mamaya."**

**"Uhh..."** nagisip muna saglit si Gazelle pero di rin nagtagal ay napapayag na rin siya, **"Sige... promise ha, di mo ako kikiidnapin."**

**"HAHAHA. Promise."**

Sa kabilang banda, nagtataka sina Eris at Yohanne kung bakit tawa ng tawa si Eros. Hindi kasi sila kalapitan kina Eros at Gazelle kaya hindi nila naririnig ang usapan nila.

Pero kung anuman ang napaguusapan na nila ay mukhang nag-e-enjoy si Eros dahil tawa ito ng tawa.

Natutuwa si Eris na makitang tumatawa si Eros pero there's a part of her na hindi mapakali... parang ang saya saya kasi ni Eros na kausap si Gazelle na hindi pa niya masyadong kakilala. Hindi niya maintindihan kung ano yung nararamdaman niya pero basta hindi siya mapakali sa nararamdamang ito.

Di rin naman nagtagal ay bumalik na si Eros sa kanila na may mga ngiti sa labi at nakathumbs up, **"Mission accomplished. Pumayag na siya."**

**"Eros... nakangiti ka."** kumento ni Eris.

Dun lang napagtanto ni Eros na nakangiti nga siya at sobrang nag-enjoy siya na kausap si Gazelle pero dahil siguro sa naconscious siya ay tinanggal na niya ang mga ngiti sa labi, **"Tss. Hindi ah. Basta mamaya daw hapon, after class, makikipagkita siya satin sa may gate."**

**"Talaga?"** excited na tanong ni Yohanne.

Pumalakpak si Eris at tinapik si Yohanne, **"Ayan Yohanne! Makakausap mo na rin finally si Gazelle! Dito na rin magtatapos ang pasulyap sulyap mo sa kanya sa malayo, makakasama mo na sya mamayang hapon at may tsansang makausap mo pa siya kaya pagbutihan mo! Kelangan pagkatapos ng mamayang hapon ay may progress na sa inyo ni Gazelle kahit konti!"** ^\_\_^

Naglacad na sila pabalik ng classroom pero napansin ni Eris na bago sila tuluyang pumasok sa building ay lumingon saglit si Eros, sa direksyon ni Gazelle. Nakita niya ang mga ngiti sa labi nito.

May naramdaman si Eris sa may bandang dibdib niya, nakaramdam siya ng saglit na kalungkutan. Hindi niya mapagtanto kung bakit.

property of haveyouseenthisgirl.yolasite.com

\*\*\*

**She Died by HaveYouSeenThisGirL**

Chapter Thirteen \\\

**"Hello!"** kumaway si Eris kay Gazelle nung marating na nila ang gate ng school nila pagkatapos ng klase.

**"H-hello!"** kinakabahan si Gazelle kasi hindi naman niya kilala ang tatlong nilalang sa harapan niya. Tapos si Eros pa na badboy ng campus ang nag-invite sa kanyang sumama. Natatakot naman siyang tanggihan ito baka kasi mamaya mabugbog siya. Marami siyang naririnig na masasamang storya tungkol kay Eros kaya sobrang kinakabahan siya. >\_<

**"Ako si Eris,"** inabot ni Eris ang kamay niya kay Gazelle, **"Nice to meet you Gazelle!"** ^\_\_^

**"Wow, Eris? Parang magkapangalan kayo ni E-Eros..."** nabubulol siya sa pagpo-pronounce ng name ni Eros kasi kinakabahan talaga siya, ayaw niyang gumawa ng isang bagay na magpapa-displease sa bad boy na nasa harapan niya.

**"Napansin mo? Ang cute nuh?"**

**"Tss. Anong cute dun, nakakairita nga."** saad naman ni Eros.

Binehlatan lang ni Eris si Eros at hinila naman niya si Yohanne sa may braso nito papunta sa harapan ni Gazelle,

**"Ah, Gazelle! Ito nga pala si Yohanne, math genius ng klase namin. He wants to be your friend then girlfriend!"**

**"Ha? G-girlfriend?"** O \_\_\_\_\_ O

Nanlaki ang mga mata ni Gazelle pati na rin ni Yohanne.

Mula sa likod ay tinakpan ng kanang kamay ni Eros ang bibig ni Eris, **"Ah, she meant girlfriend as in babaeng kaibigan."**

Tumango tango si Eris habang nakatakip pa rin ang bibig. Nadala lang kasi siya ng excitement niya kaya nadulas tuloy siya sa pagsasabi nun.

**"Oh..."** yun lang nasabi ni Gazelle and she smiled shyly at them.

**"Tara na sa 7eleven."** sambit ni Eros.

**"Tama tama!"** tinanggal na ni Eris ang kamay ni Eros sa bibig niya, **"Tara na! Nagugutom na meeee! Libre mo ako Eros! Gusto ko ng burger saka slurpee!"**

**"Aba may taga libre ka? Tsss!"**

Dumiretso na sila sa may 7eleven at bumili ng meryenda at umupo sa may isang gilid ng store at nagusap usap dun. Pinakamadaldal sa kanila ay si Eris, kung anu ano ang tinatanong na halos naiirita na nga si Eros sa kadaldalan nito.

**"Gazelle, Gazelle, may crush ka ba?"** pangungulit ni Eris. Nakuha ng tanong na ito ang atensyon ni Yohanne.

**"Ha? Crush? Umm... Yeah, meron."**

**"SINO?"** napalingon naman silang tatlo sa biglang paghampas ni Yohanne sa may table, napaupo naman agad siya na medyo namumula, **"I... I mean, sino crush mo?"**

**"Umm,"** nakarecover naman agad si Gazelle sa pagkabigla, **"Marami akong crush... yung mga cute guys sa campus tapos mga paborito kong artista at singers. Physical crushes lang."**

**"Ahh..."** nakahinga naman ng maluwag si Yohanne nang marinig iyon, buti na lang physical crush lang, nothing serious.

**"Ikaw Yohanne, sino ang crush mo?"** nakangiti at inosenteng tanong ni Gazelle.

Namula naman si Yohanne at hindi makasagot.

**"Ako, ako!"** tinaas ni Eris ang kamay niya, **"Alam ko! Alam ko!"**

Mula sa ilalim ng table ay inapakan ni Eros ang paa ni Eris at napa-aray ito.

**"Aray bakit mo inapakan ang paa ko Ero-ero!"** >\_\_<

**"Ah, paa pala yun? Akala ko ipis eh. Saka hindi ikaw ang tinatanong, wag kang epal."**

Nagpout lang si Eris, **"Eh gusto ko din sumagot ee."** >\_\_\_<

**"Tss. Halika nga!"** tumayo si Eros at hinila si Eris sa may braso nito para tumayo.

**"H-ha? Bakit? Teka, teka, yung slurpee ko! Teka wait, ano ba uy!"** hinila na ni Eros palabas ng 7eleven si Eris.

**"Babalik kami, saglit lang."** saad ni Eros at lumabas na sila ni Eris.

**"Aray, bakit mo ba ako hinila bigla bigla."** >\_< sabi ni Eris pagkabitaw ni Eros sa may braso niya nung marating na nila ang labas ng 7eleven.

**"Tss! Obvious ba? Nakakainis ka na eh. Ang ingay mo, ang daldal mo. Nakakalimutan mo na ba, para kayna Yohanne at Gazelle ang meet up na ito? Paano sila magkakakilala ng husto kung bawat usapan sabat ka ng sabat. Saka wag mo ngang ilaglag ng ganun si Yohanne!"**

**"Ha? Ilaglag?"**

**"Oo, ilaglag! Yung binubuking mo agad kay Gazelle na may pagtingin sa kanya si Yohanne!"**

**"Bakit, hindi ko ba pwedeng sabihin na may crush si Yohanne sa kanya?"** nagtatakang tanong ni Eris.

**"Ang eng eng mo! Oo, hindi mo pwedeng sabihin agad agad! Magfe-freak out si Gazelle kay Yohanne at baka layuan at iwasan niya ito, mission failed na agad tayong mga cupid nila!"**

Napangiti ng malawak si Eris at tinusok tusok ang tagiliran ni Eros gamit ang hintuturo niya, **"Ayeeeeee! Ayeeeeee!"**

**"Oy aray, ano ba! Bakit mo ba ako tinutusok! Itigil mo nga iyan! Oy ano ba!"**

**"Ayeeeeeeee! You said and admitted it! Cupid ka na rin nila! Isa ka ng Cupid! At mukhang sineseryoso mo ang pagiging cupid mo aa! Ayeeeeeeeeee!"**

( ~"w")~~>(=\_=#)

**"Ewan ko sayo,"** biglang tumalikod si Eros kay Eris at napahawak sa may batok niya na parang nahihiya, **"Masama bang magtry tumulong sa kapwa."**

Hindi inaasahan ni Eris yung mga salitang lumabas sa bibig ni Eros at bigla siyang napangiti, **"Eros, alam mo ba simula kahapon andami ng nadagdag sa necklace? 70% na yung necklace."**

Nanlaki mga mata ni Eros at napalingon agad kay Eris, **"70%?! Seryoso?!" O\_\_O**

Tumango tango si Eris, **"Yeap!" ^\_\_^**

**"Fvck I cant believe it!"**

Sumimangot bigla si Eris, **"Minus 1%, nagmura ka kasi." =\_\_=**

**"Ohfuc--chicken! I forgot!" =\_\_=**

**"Ohwell, atleast mabilis ang improvements mo Eros! I'm so happy!" ^\_\_^**

Biglang umakbay si Eros kay Eris, medyo napayuko si Eris sa bigat ni Eros at nainis siya ng ginulo ni Eros ang buhok niya.

**"Eeeee! Eros, yung buhok ko!!! Nagugulo!"**

**"Okay lang yan, magulo man o maayos, panget ka pa din!"** hindi man nakikita ni Eris ang mukha ni Eros pero rinig niya sa boses nito na nakangiti ito kaya naman napangiti rin siya.

**"Tara na nga annoying angel, uwi na tayo!"**

**"Ha? Uwi na? Eh paano sila?"** inangat na niya ang sarili niya mula sa pagkakayuko pero hindi pa rin tinatangal ni Eros ang pagkakaakbay nito sa kanya.

**"Marunong ka ba talagang maging cupid o ano? liwan natin sila para magkakilala sila. Istorbo lang tayo pag andun tayo. Tara, uwi na tayo!"**

**"Wait, yung burger ko at slurpee ko andun pa!" >\_\_<**

**"Mukha ka talagang pagkain!" =\_\_\_\_\_ =**

**"Oh sige na nga, tara na."** pagpa-pout ni Eris.

Naglakad na sila pauwi habang nakaakbay pa rin si Eros sa kanya.

\*\*\*

Sa kabilang banda naman habang naiwan sina Yohanne at Gazelle sa loob ng 7eleven.

Walang umiimik sa kanila, it was awkward for the two of them. Parehas silang nahihiya sa isa't isa. Si Eris lang kasi halos ang umiimik ng umiimik sa kanilang apat at siya lang yung dahilan kaya nawawala yung awkwardness pero dahil nga sa wala ito ngayon ay sobrang tahimik ng atmosphere.

"Ang tagal naman nila ano?" nahihiyang sabi ni Gazelle.

"O-oo nga eh..." nabubulol si Yohanne.

"Do you have problem with speaking? Nauatal ka kasi palagi eh..." napansin ni Gazelle.

"H-ha? H-hindi, a-ano... ninerbyos lang kasi ako..."

"Ah... Ako din ee, ninenerbyos ako, hindi kasi ako sanay na lumalabas kasama yung mga taong hindi ko kilala... Pero medyo nabawasan na yung nerbyos ko kasi kahit papaano kilala ko na kayo at mukhang mababait naman talaga kayo pati na rin si Eros..." nakangiting saad ni Gazelle, "Akala ko bad guy siya, yun kasi bali-balita pero sa tingin ko chismis lang siguro yun... Siguro dahil sa itsura at pananamit niya kaya nasasabihan siya ng mga tao ng masasamang bagay tulad ng nangbubugbog daw siya pero kanina lang mukhang hindi totoo yung mga bali balitang yun... Mukha nga siyang mabait eh..."

"Ah si Eros? Tunay yung mga balita, bad boy nga siya at nambubugbog... Actually takot ang buong klase namin sa kanya kahit ako na rin, wala kasi siyang patawad sa mga binubugbog niya pero... weird eh, parang nagbabago na siya..."

"Nagbabago?"

"Oo... dati hindi siya napasok ng school pero ngayon lagi na siyang napasok... tapos parang bumait na yung pakikitungo niya... basta ang hirap i-explain pero pakiramdam ko nagbabago na siya for the good... simula nung nag-appear yung si Eris..."

"Nag-appear?"

"Hindi naman kasi taga school natin si Eris... lagi lang siyang kasama ni Eros."

"Oh, laging kasama? Sila ba?"

Umiling lang si Yohanne, "I have no idea."

"Ganun ba... Hmmm..."

Dun na ulit nagtapos ang usapan nila at tumahimik na muli. Awkward nanaman.

After some minutes...

"Ang tagal nila..." sobrang naiilang na si Gazelle sa katahimikan na namamagitan sa kanila ni Yohanne.

"Oo nga eh..."

*\*bzzt! bzzt!\**

Naramdaman ni Yohanne na nagvibrate yung phone niya at chineck ito.

**1 msg received**



From Eros. Nag-exchange na kasi sila ng numbers kanina. Di nga siya makapaniwala na magkaka-exchange sila ng numbers ng isang basagulerong kaklase niya na noo'y hindi niya pinagtutuusan ng pansin at kahit kelan hindi niya binalak makasalimuha.

**From: Eros Magdayo**

*Eros 'to. Umalis na kami. Solo mo na siya, make a move.  
Wag kang bading, pakalalake ka.*

Kinabahan naman siya, iniwan talaga sila nina Eris at Eros? Hindi siya makapaniwala, mag-isa na lang siyang kasama si Gazelle, ang babaeng noon ay hanggang tingin lang siya pero ito ngayon nasa harap na niya at nakakausap. Anong gagawin niya? Nagpapanic tuloy siya.

Sabi ni Eros wag daw siyang bading pero nababading na talaga siya sa kaba. Hindi niya alam kung anong gagawin para mapalapit kay Gazelle ng hindi siya magmumukhang creepy, weird or ewan sa harap ng babaeng gusto niya.

**"A-ah, G-gazelle... Umalis na daw sila..."**

**"Ha? Sino? Sina Eros at Eris?"**

**"Oo daw ee..."**

**"Bakit daw?"**

Nagpanic ulit si Yohanne... Ano sasabihin niya? Na umalis sila para masolo silang dalwa? Obviously he can't say that. Ang tali talino niya sa Math pero hindi niya magamit ang utak niya ngayon para magisip ng simpleng palusot. Pagkaharap na niya yung babaeng gusto niya, nakakalimutan niya ng may utak siya, puso na lang ang naaalala niyang gamitin.

**"A-ano... e-ewan... W-walang sinabi eh... Basta ang sabi, aalis na daw sila..."**

**"Aww, ganun ba? Baka siguro may importanteng gagawin."**

**"Ah, oo. B-baka nga."** napakamot na lang si Yohanne. Hindi niya magawang kumalma.

**"Kwentuhan mo naman ako ng tungkol kay Eros..."**

**"Ha?"** nabigla siya sa tanong na iyon.

Nagblush si Gazelle at mahinang sinabi kay Yohanne, **"Ewan ko ba pero nung una natatakot ako sa kanya dahil sa bali balitang bad guy siya pero nung mas nakilala ko pa siya kanina feeling ko mabait naman talaga siyang tao tapos... napagtanto ko habang pinagmamasdan ko siya ay... ang cute cute niya pala."**

Hindi makapagsalita si Yohanne, parang nahirapan siyang i-process sa utak niya yung sinasabi ni Gazelle.

**"Secret lang natin ito ha, Yohanne?"** pinatong ni Gazelle ang braso niya sa may table at lumapit sa may tenga ni Yohanne at bumulong.

**"Sa tingin ko kasi crush ko na si Eros, he's so cute kasi."**

property of haveyouseenthisgirl.yolasite.com

**She Died** written by HaveYouSeenThisGirl

Chapter 14\

**"So ano, kamusta!"** \*pak!\*

**"AAHH! Aray!"** nabigla si Yohanne nang biglang may mabigat na kamay na malakas na humampas sa likod niya habang nakaupo sya sa upuan niya, **"Ano ba, kung makapangamusta ka parang papatayin mo ako! Ansakit ng hampas mo!"**

Ewan ba ni Yohanne kung saan niya nakuha ang confidence na sigawan ang isang siga ng campus, simula ng tulungan siya nito at ni Eris ay pakiramdam nya ay nagkamali siya pati na rin ang buong klase sa panghuhusga kay Eros. Hindi ito sobrang sama kahit minsan ay may pagkabayolente.

**"Yohanneeee, kamusta kayo kahapon? Anong nangyari? Anong nangyari? Alam mo ba sinadya namin iwan kayo para magkakilala kayo ng maigi! Si Eros ang may plano nun, ang galing nyang cupid ano?"** excited na bati ni Eris.

**"Bakit andami dami mong energy, agang aga ang machine gun na ng bibig mo. How annoying." = \_\_\_ =**

Binehlatan lang ni Eris si Eros. Samantalang si Yohanne ay hindi makapaniwalang si Eros ang nagplano na iwan sila ni Gazelle magisa, di nya akalaing ginagampanan talaga nito ang role nito bilang Cupid tulad ng sabi ni Eris.

**"Bakit kausap ni Yohanne yung siga?"**

**"Oo nga, mukhang close sila?"**

**"Baka magkaibigan sila?"**

**"Ha?! Malabo! Si Yohanne makikipagkaibigan sa sigang yan? Ang laki kaya ng difference nila, isang matalino at isang walang kwenta."**

**"Ah, tama. Baka naman binabackmail ng siga na yan si Yohanne? Baka si Yohanne ang new target ni Eros? Alam mo naman, akala ng Eros na yan kung sino syang diyos sa school."**

**"Tsk, dapat pinapatalsik na yan. Ano ba silbi nyan dito? Salot lang yan?"**

Kung dati, sasangayon si Yohanne sa mga sinasabi ng mga kaklase niya na naririnig nyang nagbubulungan. Pero ngayon napapailing sya, di naman kasi siya binablackmail ni binubully ni Eros tulad ng iniisip nila, ang katunayan pa ay tinutulungan siya nito.

**\*SBAAAAAAM!!!\***

Nabigla ang lahat nang sipain ni Eros ng malakas ang isang silya.

**"Kung magbubulungan kayo, wag yung parang lumunok kayo ng microphone!"** lumapit si Eros dun sa mga nagbubulungan at kinuwelyuhan yung isa, susuntukin niya na sana ito pero naramdaman na lang niyang may humampas na libro sa may ulo niya.

Lumingon sya na sobrang galit sa pumukpok sa kanya ng libro at nakita niya si Eris na nakatingin sa kanya ng seryoso.

**"Kalma ka lang! Wag kang papaapekto sa mga sinasabi nila lalo na't HINDI TOTOO!"**

Nanggalaiti si Eros, humihigpit ang pagkakatiklop ng mga kamao niya sa may gilid nya, gusto nyang manuntok, manakit ng kahit sino o ano. Naasar siya.

**\*SBAAAAAAM!!!\***

Sinipa sipa niya ang mga silya na malapit sa kanya, **"Pot\*ng ina! Pot\*ng ina lang! Pot\*ng ina!!!"**

Paulit ulit siyang nagmumura habang palabas ng classroom. Hindi na siya sinundan pa ni Eris, sa tingin kasi ni Eris na it's better to give him some time alone para kumalma. Alam niya naman kasing sobrang nakakairita ang presence niya para kay Eros kaya hahayaan na lang muna ito na mapagisa.

**"Alam niyo hindi si Eros ang masama dito,"** hinarap ni Eris yung dalwang lalaking nagbubulungan kanina, **"Kayo ang masama talaga kasi ganun ganun na lang kayo manghusga ng kapwa niyo."**

Yun lang ang sinabi ni Eris at bumalik na sa upuan niya sa likod.

\*\*\*

Sa kabilang banda naman, nagpunta si Eros sa may rooftop at doon naglabas ng inis sa katawan. Pinagsisipa at pinagsusuntok niya yung pader sa sobrang asar niya sa mga tao. Paulit ulit siyang nagmumura habang sinusuntok niya yung pader, binuhos niya lahat ng inis niya sa pader hanggang sa namalayan na lang niyang dumudugo na ang kanang kamao niya.

**"Argh!"** sumigaw siya out of frustration at tumalikod at sumandal sa pader habang pabagsak na umupo sa sahig habang hawak hawak ang duguang kamao.

Pinikit niya ang mga mata niya at nagisip ng mga bagay bagay tulad ng...

**"Kung hindi lang dahil kay Ate Risa, hindi ko gagawin ang mga bagay na ito. I was better when I was bad, atleast nung masama ako wala akong pakelam sa iniisip ng mga tao sakin pero ngayong nagsusumikap akong magbago, bakit pakiramdam ko parang naaapektuhan ako sa mga panghuhusga nila? Tangina lang yan oh."**

Hindi na namalayan pa ni Eros na sa pagpikit niya ng mga mata niya at pagisip niya ng mga bagay bagay ay nakaidlip na pala siya. Napamulat na lang siya ng mga mata nang marinig niya ang school bell. Recess na, nakaligtaan niya na ang klase.

Bigla niyang naalala na hindi nga pala siya pwedeng umabsent or else babawiin ng gagong teacher niya ang chance niyang grumaduate kaya naman tumayo na siya at nagdiretso na papuntang classroom niya habang duguan pa rin ang kamao niya.

Habang naglalakad siya sa may hallway ay pinagtitinginan siya ng mga studyante dahil sa sugatan niyang kamao. Naririnig niyang magbulungan ang mga ito nang mga bagay tungkol sa kanya, sinasabi ng ilan na nakipagaway nanaman daw siya at wala daw siya alam gawin kundi mambugbog at manakit ng tao, napakasama daw niyang tao.

Napaisip na lang siya, **"Hindi ba nila alam na pwedeng suntukin ang pader? Tss!"**

**"Waaaaa! Eros! What happened to you?"** nabigla na lang siya nang may biglang lumapit sa kanyang babae, si Gazelle.

**"Uy Gazelle, ano ka ba bakit ka bigla biglang lumalapit, nako tara na baka saktan tayo niyan,"** natatakot na bulong ng kaibigan ni Gazelle sa kanya habang hinihigit siya sa may uniporme niya palayo kay Eros.

**"Ano ka ba Kaye, hindi tayo sasaktan ni Eros. Mabait na tao siya,"** nakangiting sabi ni Gazelle, simula kahapon napaltan na ang paniniwala ni Gazelle na badboy si Eros, sa saglit na panahon na nakasama niya ito kahapon sa 7eleven alam niyang hindi nakakatakot na tao si Eros.

**"Eeee, tara na Gazelle. Kinakabahan ako, tignan mo yung kamay niya duguan, for sure nakipagsuntukan yan. Tara na Gazelle, baka bugbugin niya tayo." >\_\_<**

**"Naku Kaye, mauna ka na nga sa canteen, sundan mo na sina Hannah sa table, susunod na lang ako sayo."** sa takot ng kaibigan niya kay Eros ay sinunod niya ang sinabi ni Gazelle at nagpunta na ng canteen.

Hinarap naman ni Gazelle si Eros pagkatapos at inabot niya ang right wrist nito para ma-examine ang sugat sa kamao ng lalaki, **"Eros, what happened? Bakit sugatan ang kamay mo? Tara sa clinic!"**

**"H-ha? Wala ito, hindi na kelangan pa pumunta sa clinic."**

**"Anong wala iyan? Hala ka! Mamaya may pumutok na ugat or may nabaling buto dyan sa kamay mo, kelangan ipatingin mo yan sa nurse! Tara na sa clinic!"** hinila siya ni Gazelle.

**"Ha? Hindi na, wag na."**

**"Eeee! Dali na!"** pilit siyang hinila ni Gazelle papuntang clinic kaya wala na siyang nagawa kundi magpahila sa babae.

Sa classroom naman nina Eros, napagdesisyonan naman nina Eris at Yohanne na hanapin na si Eros pero pagkalabas na pagkalabas nila ng classroom, nakita agad ng mga mata ni Yohanne si Eros sa may hallway at hindi lang yun...

Nakita niya rin na magkausap sila ni Gazelle habang hawak hawak ni Gazelle ang pulso ni Eros at hinihila ito papunta sa kung saan.

**"Yohanne, baka nasa rooftop si Eros, tara n---"** napatigil si Eris nang masundan niya kung saan nakatingin si Yohanne na noo'y natulala na.

**"S-si Eros ba yun at si Gazelle?"** hindi mapakaling tanong ni Eris kasi nakatalikod na yung dalwa bago pa niya makita ng tuluyan.

Tumango si Yohanne, **"Alam mo Eris, sabi sakín kahapon ni Gazelle na crush niya daw si Eros."**

**"Haaaaaaa?"** O \_\_\_\_\_ O

Ngumiti lang si Yohanne, **"Don't worry, diba pag crush ibig sabihin physically attracted lang siya? At pag crush madali din lumilipas? Crush lang naman daw eh."**

**"Sige Eris,"** tinapik niya ang balikat nito, **"Magre-recess na muna ako kasama ng iba nating kaklase."**

At umalis na si Yohanne, naiwan na lang dun si Eris na medyo naguluhan.

\*\*\*

*Sa may clinic...*

**"Ayan, ayos na. Nabendahan na natin ang kamay mo, sa susunod wag mo ng susuntukin ang pader, kawawa naman yung pader."**

Natawa si Gazelle sa sinabi ng nurse sa clinic at napangiti naman si Eros.

"Atleast hindi tao ang sinuntok ni Eros, diba?" nakangiting sabi ni Gazelle.

"Tama, o sige maiwan ko na muna kayo dito, may kukunin lang ako sa may faculty. Sasabihin ko na rin sa teacher mo Eros na may sugat ka sa kamay, don't worry sasabihin kong hindi ka nakipagaway."

Pagkatapos nun umalis na yung nurse sa clinic at naiwan silang dalawa dun ni Gazelle.

"Bakit mo ba kasi sinuntok yung pader?"

"Wala lang, trip ko lang."

"Ows, imposible naman yun. Baliw ka kung basta basta ka lang nanununtok ng pader."

"Oo, baliw nga ako."

"Eeee! Di nga, seryoso, bakit mo nga sinuntok?"

"Ang kulit mo para kang si Eris." =\_\_=

"Waaa, speaking of Eris! Bakit bigla kayong nawala kahapon." >\_\_<

"Ah, may naalala lang kami ni Eris na dapat puntahan," palusot ni Eros.

"Hmm... so bakit mo nga sinuntok yung pader?" napa-face palm na lang si Eros sa kakulitan ni Gazelle.

"Wala nga lang sabi, naasar lang ako."

"Bakit ka naasar?"

"Kasi may mga taong kung anu anong sinasabi."

"Tulad ng?"

"Tulad mo, ang kulit kulit mo. Stop asking, nakakairita. Konti na lang pwede ka ng Eris the second!"

"Osige na nga hindi na ako magtatanong pero..."

"Pero?"

"Please be good," tumayo na si Gazelle at pinatong ang kamay sa ulo ni Eros at ginulo ang buhok nito habang nakangiti, "Sabi kasi ng mga kaibigan ko, lumayo daw ako sayo kasi masama kang tao pero... I know you're not a bad guy, kung bad guy ka edi hindi ako makakalapit sayo ng ganto ngayon, diba?"

"Kahit saglit pa lang kitang nakikilala pakiramdam ko you're not bad, I know because I believe in you."

"Sige bye Eros, punta na akong canteen!" tumalikod na si Gazelle at umalis na.

Parang sirang plakang nagpaulit ulit ang mga sinabi ni Gazelle na, "*I believe in you.*"

Ewan ba ni Eros pero ang sarap sa pakiramdam na marinig ang mga salitang iyon.

*"I believe in you."*

Napahawak siya sa may ulo niya at napailing na lang siya habang hindi mapigilan ang ngiti, **"She believes in me. Wow."**

\*\*\*

Pagkatapos ng recess ay bumalik na si Eros sa classroom. Pagkapasok na pagkapasok niya ay pinagtitinginan siya ng mga kaklase niya as usual pero nagkibit balik na lang siya at nakapamulsang nagdiretso sa upuan niya sa likod.

**"Waaa! Eros, anong nangyari sa kamay mo?"** biglang kinuha ni Eris ang kamay ni Eros, **"Nakipagaway ka ba?"**

**O\_\_O**

**"Oo, inaway ko yung pader."**

**"Waaaa. Pader? Kawawa naman yung pader! Bakit mo sinuntok!" >\_\_<**

**"So anong gusto mo, tao suntukin ko?" =\_\_=**

**"Ah eh... oo nga tama ka... Pero naku Eros, ayos ka lang ba? Masakit ba?"**

**"Hindi, ayos lang ako."** hinila na ni Eros ang kamay niya mula sa hawak ni Eris.

**"Magdayo!"** nabigla sina Eris at Eros nang biglang pumasok na yung teacher nila sa classroom nila at tinawag agad agad si Eros.

**"Halika dito!"** napaka-stern ng tingin ng teacher nila kay Eros. Nagtataka tuloy sina Eris at Eros kung anong meron.

Tumayo naman si Eros at pumunta sa may teacher nila.

Biglang inangat ng teacher niya ang isang papel sa harapan niya.

**"WHAT IS THIS EROS MAGDAYO?!!!"**

Lumayo ng konti si Eros para makita kung anong meron dun sa papel at nanlaki ang mga mata niya at inagaw ang papel sa kamay ng teacher niya.

**"WOAHHHH! 98 AKO SA QUIZ?! Woah! Eris, look at this!"** excited na lumingon siya kay Eris at tinawag ito, lumapit naman si Eris at tinignan yung quiz paper ni Eros at nanlaki din ang mga mata nito.

Hindi sila makapaniwala!

**"Eros! OHMYGULAY! 98 ka sa quiz? Grabe! Grabe! I can't believe it! Akalain mo yun kahit saglit lang tayo nagreview nakuha mo agad! Kyaaaa! Ang galing galing mo Eros!"** panay ang hampas ni Eris sa balik na lang ni Eros dahil sa tuwa.

**"Ehem,"** naputol ang excitement nila nang inagaw ng teacher nila ang papel at seryosong tinignan si Eros, **"Kanino ka nangopya, Magdayo?"**

Parang sinuntok si Eros dun sa tanong ng teacher niya.

Nagaral siya para sa quiz na iyon at sinagutan niya iyon honestly pero ito siya ngayon, nakakuha nga ng 98 bilang score for the first time in his life... tapos bigla bigla siyang pagduduhan?

Tinapatan niya ang intensity ng tingin ng teacher niya sa kanya, **"Sir, gago man ako at isang patapon, gusto ko PO sabihin sa'yo na kaya ko din mag-aral at hindi ako nangopya. I deserve that score and you don't deserve to be a teacher."**

property of haveyouseenthisgirl.yolasite.com

\*\*\*\*

**She Died written by HaveYouSeenThisGirL (Denny)**

Chapter 15

**"Oh Eros, nakabalik ka na pala ang aga mo n---"**

**"WALANG MANGIISTORBO, MAG-AARAL AKO!"** sigaw ni Eros na pumutol sa pagbati sa kanya ng ate Risa niya, nagdiretso siya sa kwarto niya at sinarhan ng malakas ang pinto na siyang kinagulat ng mga tao sa kanila.

Dahil sinabihan siya ng teacher niya na nangongopya daw ay hinamon niya ito, sabi niya bukas kukuha siya ng another quiz ng mag-isa sa harap ng teacher para mapatunayan dito na hindi siya nangongopya at kaya nya talagang makakuha ng 98. Pero ang balak niya, he wants to get a perfect score kaya mag-aaral ulit siya ng husto para maka-perfect, he wants to prove to his teacher what he's capable of.

**"Meow~"**

**"Don't disturb me, mingming."** sabay taboy nito sa pusa na naglalambing sa may binti niya pagkapasok niya ng kwarto.

Hinagis niya yung bag niya sa may kama niya at nagpalit ng pambahay, naghilamos muna siya sa may banyo at pagkatapos nun ay kinuha na niya yung notes na ginawa ni Eris para sa kanya. Huminga siya ng malalim at nagsimula ng mag-aral.



Mag-na-nine o'clock na din nung biglang may kumatok sa may pinto niya at pumasok ang ate Risa niya na may dalang tray ng pagkain.

**"Wow, akala ko joke lang! Wait!"** pinatong ni Risa ang tray sa may bedside table at umupo sa tabi ng kapatid na nakahiga at may hawak na papel, **"Ikaw ba yan Eros? O kakambal ka niya? Nauntog ba ulo? May sumuntok ba sayo ng kapaglakas at naalog ang isipan mo kaya ka nag-aaral? Eros---"**

**"Ate,"** binaba ni Eros yung papel na hawak at tumayo mula sa pagkakahiga at sabay pitik sa noo ng ate niya, **"Ako ito. Wala akong kakambal at higit sa lahat hindi nauntog ang ulo ko."**

**"Joke lang naman Eros! Hehe! Hindi lang kasi ako makapaniwalang nag-aaral ka, anong nangyari? May inspiration ba? Ayeeee! Si Eris yan ano? Ayeeee!"** tinutusok tusok ng ate Risa niya ang gilid niya na panay naman ang ilag niya.

Hinawakan na niya ang kamay ng ate Risa niya para pigilan ito, **"Ate naman eh! Hindi yun inspiration ko! Tss! Wala akong inspiration!"**

**"Weh, malabo yan. Ang isang taong nagpupursigeng gawin ang isang bagay lalo na't hindi naman niya gawain ito ay siguradong may inspirasyon."**

**"Hmm... Ewan. Nacha-challenge lang siguro ako ate."**

**"Na-cha-challenge? Saan?"**

**"Alam mo ba nakakuha ako ng 98 ako sa quiz kanina sa Earth Science?"**

Biglang tumawa si Risa at pinalo palo ng mahina sa balikat si Eros, **"Ahahaha! Ikaw talaga, kamuntik na akong maniwala! Sobrang seryoso kasi ng itsura mo! Ahahaha!"**

**"Ate... pati ba naman ikaw?"**

Napatigil sa pagtawa si Risa, **"Hahahah--- Ha?"**

**"Seryoso ako, naka-98 ako. Pati ba naman ikaw, hindi maniniwala sakin. Ganun ba kahirap paniwalaan yun, dahil ba gago ako? Sira ulo at walang kwenta, either joke or nangopya na lang ako para makakuha ng 98? Tss."**

**"Wait, wait! Eros, seryoso talaga? OMG! I'm so sorry... I didn't mean to laugh... omg, I'm sorry... Don't be offended..."**

**"Yeah, yeah,"** humiga ulit si Eros, tumalikod siya sa ate niya dahil sa inis, **"Okay lang, hindi naman kasi kapani-paniwala. Yung teacher ko nga eh ang sabi pa nangopya ako. Tss."**

**"Oww, talaga Eros? Uy, sorry talaga ah. Hindi ko talaga sinasadya tumawa, actually I'm happy to hear that. Great news! Congrats Eros!"**

**"Yeah whatever,"** hindi niya pa hinaharap ang ate niya.

**"Galit ka ba Eros?"**

"Nakakainis eh porket gago ako, gago na lang ako habambuhay sa paningin niyo. Gusto kong magbago pero paano ako magbabago kung ayaw niyo akong bigyan ng chance magbago! Potek na yan oh!"

"Kaya ba desidido kang mag-aral ngayon? Dahil ba sa sinabihan kang nangopya ng teacher mo? Tama ang ginagawa mo Eros, prove him na hindi ka nangopya. Alam mo Eros, mahirap talagang baguhin ang impression sayo ng mga tao. Hindi agad agad sila maniniwala sa pagbabagong nagaganap sayo lalo na pag biglaan. Have patience Eros, syempre masa-shock muna kami bago mag-process sa utak namin na gusto mo na talagang magbago. Kung gusto mo talagang magbago, wag kang mapapagod sa mga husga nila sayo. Magpursige ka."

"Eros, alam mo may nabasa akong quote dati... parang ganto siya:

*The best feeling in this world is to do the things they say you can never do.*

One day, mare-realise mo na tama ang quote na iyan." :)

Lumingon na si Eros sa ate niya, "Ate, bakit ganun... ang sakit pala na mabalewala yung bagay na pinaghirapan mo? Yun bang husgahan ka sa bagay na hindi mo ginawa..."

"Kahit gago ka, sa loob niyan," tinuro turo ng ate niya ang kaliwang dibdib niya, "May puso na nasasaktan, natutuwa, nalulungkot, nagagalit at umiibig. Kahit ano pa ang ugali mo Eros, kahit ikaw pa ang pinakamasama o pinakamabuting tao sa mundo, tao ka pa din, hindi ka isang robot para walang maramdaman."

"Haaay kapatid ko, ang cute cute mo talagaaaaaaa!" sabay kurot sa may dalwang pisngi ni Eros.

"ha--haraysh! Bitawash mo hakoshhh! Arayshhhh!" ( , ^^)--c<< >n<)

"Ahaha! Haay my little brother is not so little anymore," sabay tayo ni Risa, "Pinagdalan kita ng hapunan ha, osige aalis na ako. Kumain ka ha."

Aalis na sana si Risa pero bigla siyang tinawag ng kapatid, "Ate..."

"Hmm?"

"Wag mo akong iiwan ha?"

Hindi inaasahan ni Risa ang tanong na iyon, alam niya na sobrang attached sa kanya ang adopted brother at hindi nito matanggap na anytime soon ay mamatay na siya dahil sa palala ng palala niyang sakit.

Pinilit ngumiti ni Risa at nagbiro, "Oo naman, hindi kita kayang iwan na hindi pa nakakahanap ng matinong girlfriend." :p

"Ate naman eh." =\_\_=

"Hehe. Osige na, aalis na ako para hindi na kita maabala. Goodluck and goodnight Eros."

"Goodnight ate," pagkatapos nun ay lumabas na si Risa.

Tumayo na si Eros at kinuha yung tray ng pagkain sa may bedside table niya at pinatong ito sa may kama niya para makakain na.

**"Meooooow~"**

**"Nagugutom ka na din ba, Love?"** bigla kasing lumapit sa kanya yung pusa at naglambing sa may binti niya. Naalala niya na "Love" ang pangalan nito, pinangalanan ni Eris.

**"Ang korni talaga ng pangalan mo,"** natatawang sabi ni Eros sabay kurot sa may ulam na isda niya at inabot dun sa bibig ng pusa, kinain naman ito ng pusa, **"Kakain muna ako ha? Don't worry titirhan kita."**

Hinawakan niya sa ulo yung pusa at nilaro laro ito saglit. Ewan niya ba, lagi niya na lang nakikita ang sarili niya sa itim na pusang iyon. Nagagalit at nalulungkot siya tuwing naaalala niya ang pagabandona sa kanya ng tunay niyang mga magulang.

\*\*\*

*Kinabukasan...*

**"Ahhhhh!"** naghikab ng malakas si Eros pagkalabas niya ng gate ng bahay nila.

**"Mukhang inaantok ka pa Ero-ero?"** tanong ni Eris na katulad ng nakagawian ay pumunta sa bahay niya para sumabay sa kanya sa pagpasok.

**"Oo eh, nag-aral ako kagabi para maipakita dun sa kumag na teacher na yun na hindi ako nangongopya,"** pagsasara ni Eros ng gate ng hindi man lang tumitingin kaya lingid sa kaalaman nila ay sumunod pala ang pusang si Love sa kanila kaya pati ito ay nakalabas ng gate.

**"Yay! That's the spirit Ero-ero!" \^ \_\_\_ ^/**

Nagpatuloy na sila sa paglalakad papuntang school habang hindi nila namamalayan ay tahimik na sumusunod na pala sa kanila ang kuting.

Napagtanto na lang nila ang presensya ng kuting sa likod nila nung malapit na sila sa school.

**"Meow~"** nung marinig ni Eros yung ngiyaw ng pusa ay napaligon siya at nanlaki ang mga mata niya ng makita si Love.

**"HOY PUSA ANONG GINAGAWA MO DITO?!"**

**"Waaa. Eros, kumakausap ka ng pusa?" O\_O XD**

Sabay binatukan si Eris, **"Heh! Teka nga, teka nga, bakit andito yang kuting na iyan?" O\_\_O**

**"Aba ewan ko... sinundan tayo?"**

**"Eh paano nakalabas?"**

**"Ewan ko? Haay nako,"** lumuhod si Eris para kunin yung kuting, **"Andito na lang rin naman tayo halos sa school ay dalhin na lang natin siya."**

**"H-ha? Baliw ka talaga ano? Anong dadalhin natin sa school iyan? Ibalik na natin yan sa bahay!"**

"Hindi pwede, anong oras na kaya! Sige ka ma-late ka, 1st subject pa man din natin ang Earth Science. May quiz ka pa dun."

"Tss! Anak ng... Eh saan naman natin ilalagay yan? Hindi naman pwedeng ipakalat kalat yan sa classroom."

"Edi sa backpack mo!" ^ \_\_\_\_\_ ^

"Tss. Bakit sa backpack ko?"

"Eh wala akong backpack eh! Hohoho! Dali na, hindi naman mabigat si Love eh!"

"Tsssssss! Sige na nga," kinuha niya na si Love at nilagay sa loob ng backpack niya, hindi niya sinara totally yung zipper ng bag para makahinga kahit papaano yung kuting.

Luckily nung nasa classroom na sila ay hindi nagiingay si Love, sobrang behave nito.

Kumuha na rin si Eros ng retake sa Earth Science, pinaupo siya sa unahan para matutukan ng teacher kung nanggagaya ito o hindi. Tuwang tuwa naman si Eros habang nagsasagot siya ng retake, sobrang confident niya kasi na mape-perfect niya iyon dahil nagpuyat siya kagabi para lang paulit ulit na mabasa at matandaan ang coverage.

"Ito na sir, tapos na." tumayo si Eros at inabot sa teacher yung quiz paper, **"Correct mo na ngayon."**

Nakatingin ang buong klase sa kanilang dalwa ng teacher niya sa unahan. Tinignan muna ng seryoso ng teacher si Eros at saka kinuha yung papel at sinimulan ng i-correct ang quiz.

Habang nagche-check ang teacher ay palaki ng palaki ang mga mata nito, nilinis niya pa nga ang salamin niya dahil hindi siya makapaniwala sa papel na chine-check niya. Binalikan niya pa nga yung name na nakalagay sa papel at hindi talaga siya makapaniwalang "Eros Magdayo" ang nakalagay dun.

Sa 40 questions niya kasi, walang kahit isang mali. Kahit isa, wala. As in WALA.

"Ano na? Tapos na ba? Anong nakuha ko?"

Napalunok yung teacher at hindi mapakaling tumingin kay Eros, **"P-perfect score."**

Tinaas niya yung kamay with closed fist sa may waist level ang elbow habang sumigaw ng, "OHYEAHHHH!!!"

"Waaa! Ang galing galing Ero-ero!" \*clap clap\* panay naman ang palakpak ni Eros.

Yung mga kaklase naman niya ay hindi makapaniwala sa nangyari, si Yohanne palihim na nakangiti lang dun dahil alam naman niyang posible yung nangyari.

"Ako, nangopya?"

"Oo, nangopya ako. Kita mo yung babaeng yun," bigla niyang tinuro si Eris sa teacher niya, **"Dyan ako nangopya, kinopya ko ang kasipagan niya sa pag-aaral. Kinokopya ko ang mga kabutihan niya. Gago man ako pero sa buhay hindi ito parang exam MO na "no erasures", I can erase my mistakes, kaya ko silang**

**baguhin. I'll show you."**

**"BRAVO BRAVO! BEST SPEECH OF THE YEAR!!! TEARS OF JOY!"** tumayo si Eris at pumalakpak. (^/\*\*\^)

Naitakip na lang ni Eros ang isang palad sa mukha at napailing, **"Pero yung kabaliwan niya hindi ko kokopyahin kahit kelan."**

\*\*\*

**"Yehey! Tapos na ang klase!"** naguunat ng brasong saad ni Eris pagkababa nila ng building ng classroom nila, **"It's time for operation: YOHANNE ♥ GAZELLE. Hohoho!"**

**"Mai-invite ba natin si Gazelle? Baka busy siya..."** tanong ni Yohanne, napagusapan kasi nila na i-invite si Gazelle sa bahay ni Yohanne, maggu-group study sana kasi malapit na din naman ang exams ng year nila. In that way daw baka sakaling maging close sina Yohanne at Gazelle.

**"Oo naman nuh! Hanapin muna natin si Gazelle!"** nakangiting sabi ni Eris.

**"Meow, meow~"**

**"Nag-iingay na ulit si Love, I think pwede mo na siyang ilabas Ero-ero sa backpack."** alam rin ni Yohanne na may dalang kuting si Eros, kinuwento nila kay Yohanne yung ginawang pagsunod ni Love sa kanila kaninang umaga.

**"Ay tae! Oyyyy!!!"** nabigla si Eros nang pagkabukas niya ng backpack ay biglang tumalon si Love, **"Oy saglit!"**

Nagtatakbo si Love palayo.

**"Habulin natin siya dali!"** sigaw ni Eris kaya hinabol nila yung kuting pero hindi nagtagal ay nawala sa paningin nila yung kuting.

**"Asan na? Saan nagpunta si Love? Hala! Eros, Yohanne, maghiwa-hiwalay kaya tayo para makita agad natin siya?"**

**"Tss. Hayaan na lang natin. Babalik rin siguro yun sa bahay."**

**"Ano ba Eros! Paano kung may kumuha dun? Tapos gawing siopao? Konsensya mo yan sige ka! Kawawa naman si Love pag nagkataon! Kaya mabuti pang maghiwa-hiwalay tayo para mahanap agad natin siya! Dito ka sa bandang ito Yohanne,"** turo sa kaliwa, **"Dito ko sa kanan Eros tapos ako padiretso ako. Magkita kita na lang tayo sa gate okay?"**

**"Tsss, OA talaga oh. Osige na,"** nagdiretso na si Eros sa bandang kaliwa ng school at sinimulan hanapin si Love.

**"Asan ba yung kuting na yun? Tama ba namang tumakas? Problema nung kuting na yun? Ay nako! Bwuset."**  
napapakamot na lang ng ulo si Eros habang naglalakad lakad at patingin tingin sa paligid.

**"Meoww~"**

Nagpanting ang mga tenga ni Eros nang makarinig ng ngiyaw ng isang pusa, nanggagaling sa may likod ng building ng gym ng school nila. Lumapit siya dun at nakita niya sa may malapit sa backdoor ng gym, sa may tapat ng hugasan si Love... na nilalaro ni Gazelle.

**"Ang cute cute mo naman, saan ka galing?"** habang nakaupo ito ay buhat buhat niya si Love. Naka-P.E. uniform si Gazelle at may backpack na nakasabit sa isang balikat, **"Anong pangalan mo mingming?"**

Sinubukan lumapit ni Eros pero hindi pa man ito nakakalapit ng tuluyan ay napalingson si Gazelle at nakita siya, **"Oh Eros! Anong ginagawa mo dito?"**

**"Love."**

**"Ha?"** nagtaka si Gazelle sa sinabi niya kaya tinuro niya yung kuting na hawak ni Gazelle.

**"Love ang pangalan niya, kuting ko."**

**"Waaaa! Iyo ito? Seryoso?" O\_\_O**

**"Oo..."**

**"Ang cute cute naman ng kuting mo! Tekka bakit dinala mo sa school?"**

**"Hindi ko dinala, sumunod saakin." =\_\_=**

**"Ayeee! Love na love ka ng kuting mo, sinusundan ka! Hih! So Love ang name niya? How cute!" <3**

Tumayo na si Gazelle at inabot kay Eros yung kuting, **"Pauwi ka na ba? Sabay na tayo!"**

**"Ha?"** nabigla si Eros.

**"Wala kasi akong kasabay. Yung mga kaibigan ko mga nauna ng umalis, ayaw akong pasabayin sa kanila. Sabi kasi nila bibili sila ng regalo saakin kaya ayaw nilang sumabay ako para surprise daw."**

**"Eh? Birthday mo ba?"**

**"Umm, oo malapit na. The day after tomorrow." ^\_\_^**

**"Hmm... I see..."** napaisip si Eros at biglang may pumasok sa isip niya na isang magandang plano kaya naman...

**"Okay, sabay na tayong umuwi."**

\*\*\*

**"Talaga?"**

**"Yup! I love sweets! Lalo na yung mga chocolates! Sobrang addicted ako dun!"**

Nagpunta na si Yohanne sa may school gate kasi hindi niya talaga mahanap si Love pero nung papunta na siya dun ay may narinig siyang boses na kilalang kilala niya at nabigla na lang siya nang paglingon niya ay nakita niya si Gazelle na kasama si Eros. Palabas na sila ng gate. Nagtago si Yohanne sa likod ng isang pader habang pinagmamasdan at sinusubukan pakinggan ang pinaguusapan nung dalwa.

Napakuyom siya ng mga palad ng pagmasdan niyo kung gaano ngumiti at tumawa si Gazelle habang kasama si Eros. Parang ang saya saya nilang dalwa na magkasama.

Naiinggit siya at pakiramdam niya tinatraydor siya. Akala niya ba tutulungan siya ni Eros eh bakit ito ang nakikita niya ngayon? Wala na siyang maintindihan.

**"Yohanne! Ahhh!"** lumapit si Eris sa kanya at pinatong ang isang kamay sa balikat niya habang ang isa ay sa tuhod nito, nakayuko ito at medyo hinahapo pa, **"Pwew! Kapagod, nakita mo ba si Love? Hindi ko kasi nakita eh. Si Eros? Wala pa din?"**

**"Nakita ko si Love,"** walang buhay na sabi ni Yohanne.

**"Talaga?"** tuwang tuwang inangat ni Eris ang ulo niya pero medyo nagtaka siya sa facial expression ni Yohanne.

**"Kasama ni Eros."**

**"Eh? Asan si Eros?"** nagpalinga linga si Eris sa paligid niya pero hindi naman niya makita si Eros.

**"Kasama ni Gazelle."**

**"Ehhhhhhhhhhhh? Asan? Asan?"** O\_\_O

**"Lumabas na ng gate."**

**"Ehhhhhhhhhhhh? Bakit? Bakit hindi nila tayo inantay? Diba group study nga?"** O\_\_\_\_\_O

**"Malay ko, bakit ako tinatanong mo!"** nabigla na lang si Eris sa biglang pagbabago ng tono ng boses ni Yohanne, parang galit ito, **"Sabi niyo tutulungan niyo ako eh bakit parang nilalayo niyo lang ata siya sakin?"**

**"Ha?"** walang maintindihan si Eris sa pinagsasabi ni Yohanne.

**"May balak bang agawin ni Eros si Gazelle sa akin? Sabihin niya na lang sana hindi yung may pa-cupid cupid pa siyang nalalaman!"**

**"H-hindi Yohanne! Ano ba sinasabi mo?"** >\_\_<

**"Anong hindi?!!! Sige nga, explain mo sakin yung dahilan kung bakit ko sila madalas makita na magkasama? Yung bakit parang close na close na agad sila at kami ni Gazelle kahit konting progress wala pa ring nangyayari? Pinagloloako niyo lang ata ako eh!"**

**"..."** hindi makaimik si Eris, kahit siya nalilito.

**"Wag niyo na nga lang akong tulungan! Pinapaasa niyo lang ako! Naniwala pa man din ako sa inyo... lalong lalo na sa kanya! Salamat na lang, pasabi rin kay Eros, goodluck sa kanya! I was crazy to think that we were friends, but I forgot how can I be friends with such a good for nothing guy? Sa isang tao na walang pag-asang magbago kahit kelan, sa isang selfish na tulad niya! Akala ko kaibigan ko siya, nagkamali pala ako!"**

Nagdiretso na palabas si Yohanne.

**"Yohanne! Wait! Yohanne!!!"** sinubukan tawagin ni Eris si Yohanne pero dire-diretso lang ito at lumayo na ng tuluyan.

Naiwan na lang si Eris sa kinatatayuan niya at napasabi na lang ng,

***"Oh no... Eros, ano nanaman ba ginawa mo..."***

property of haveyouseenthisgirl.yolasite.com

**She Died written by HaveYouSeenThisGirl**

**Chapter 16**

**"Eros!!! Hoy Eros Magdayo!!!"**

**"Uy Eros, nasa labas si Eris. Tinatawag ka... papasukin ko ha? She looks and sounds irritated. Did you do something wrong ba?"** nakahiga na nun si Eros sa kama niya when his Ate Risa knocked on his door.

**"Rinig ko naman ang sigaw niya ate, wag mo na papasukin. Ako na lang lalabas,"** tumayo na si Eros at nakakamot ulong nagsusuot ng tsinelas at pababa ng bahay, **"Ano naman kelangan nung annoying angel na yun."**

**"Oh ineng, hinahanap mo ba si Eros? Bakit hindi ka na lang pumasok ng bahay?"**

**"Wag na Mr. Magdayo,"** naabutan kasi ni Eros na kinakausap ng "lalaking umampon" sa kanya si Eris, kagagaling lang nito sa trabaho.

**"Ah ganun ba Eros? Bakit naman? Papasukin mo na siya, may dala akong roasted chickens,"** sabay taas nito ng plastic bag na hawak, **"Ayain na natin siyang makisalo satin sa hapunan."**



**“Wag na, lalabas kami.”** biglang hinila ni Eros ang kamay ni Eris at dali daling umalis.

**“Eros saglit! Anong oras ka babalik? Saan ka kakain?”** pahabol sigaw ng lalaking umampon sa kanya pero hindi niyo ito pinansin, patuloy lang siya sa paglalakad at paghila kay Eris.

**“Uy makikain ako sa inyo! Saglit! Uy balik tayong bahay niyo!”** sabi ni Eris habang hinihila siya ni Eros sa hindi niya malaman kung saan.

**“Patay gutom ka talaga ano?”** tumigil si Eros at naiinis na hinarap niya si Eris.

**“Yup! Patay ako at gutom ako equals patay gutom! Yehey!”** (^/claps\^)

**“Argh! Bakit ka ba nagpunta sa bahay ko? May pasigaw sigaw ka pa, may doorbell naman!”**

**“Tatay mo yung kanina?”**

**“Wag mong sagutin ng tanong ang tanong ko.” =\_\_=**

**“Bakit Mr. Magdayo ang tawag mo? Masyadong formal naman, diba dapat ‘dad’o ‘tatay’ ang tawag mo?”**

**“Hindi ko siya tatay, inampon lang nila ako. Nasagot ko na tanong mo, yung tanong ko naman ang sagutin mo.” =\_\_=**

**“Ah... Ano nga ulit yung tanong mo?”**

**“Argghhh!!!”** tinaas ni Eros yung kamay niya at akmang sasapakin si Eris pero pinigilan niya lang ang sarili at napahilamos na lang ang palad niya sa mukha niya, **“Ano ba kelangan mo? Bakit ka pumunta sa bahay?”**

Umupo si Eris sa may semento ng sidewalk at sumunod naman sa kanya si Eros, **“Lagot ka.”**

**“Ha? Anong lagot ako? Pinagsasabi mo?”**

**“Galit ata sayo si Yohanne.”**

**“Ha? Anong ginawa ko dun?”**

**“Inaagaw mo daw si Gazelle sa kanya.”**

**“Haaaaaaa?”**

**“Lagi mo kasing kasama si Gazelle tapos kanina iniwan mo kami at nakita ka niyang palabas ng school gate kasama si Gazelle. Ikaw ha! Ano ba pumapasok diyan sa isip mo? Hmmm.”** she gave him a suspicious look.

**“Woah, woah. Yung kanina ba? Wala yun! Part of my plan lang yun!”**

**“Ehhhhhhhhhhhhhhhhhhhh? Plan? Anong plan? Leche plan?”**

May napulot na maliit na bato sa may sahig si Eros at kunwaring ibabato kay Eris, **“Batuhin kita diyan eh! Plan para magkalapit sila! Nasabi kasi sakín kanina ni Gazelle na malapit na birthday niya, the day after tomorrow! Kaya naman sumabay ako sa kanya kanina para makausap siya, tinanong ko kung ano ang mga hilig niya para malaman ko kung anong klaseng regalo ang gusto niya! At nakakuha pa nga ako ng invitation para sating tatlo sa birthday party niya sa bahay nila!”**

**“Ay talaga? Eh bakit hindi mo man lang sinabi muna samin, yan tuloy nagisip ng masama si Yohanne.”**

**“Eh biglaan lang rin kasi pumasok sa isip ko yung plan na yun nung nagkausap kami kanina ni Gazelle eh. Ano ba naman yan si Yohanne, kung anu-anong iniisip porket magkasama lang kami ni Gazelle. Tsk. Tama ba naman paghinalaan ako,”** napapakamot ng ulong sabi ni Eros.

**“Eh kasi Eros... may crush kasi sayo si Gazelle.”**

**“Ano?!”** O\_O

Napaatras si Eros sa sinabi ni Eris.

**“May crush sabi sayo si Gazelle, sinabi niya mismo kay Yohanne kaya ganun na lang magjump siya sa conclusions tuwing nakikita niya kayong magkasama.”**

**“Tsk. Normal lang naman magka-crush sakin si Gazelle.”**

**“Eh?”**

**“Pogi naman ako, lahat ng babae magka-crush sakin. Wala ng bago dun.”**

**“Ay ang yabang nito!”** sabay tulak kay Eros sa balikat nito.

**“Bakit? Totoo naman ah! Napakagwapo ko, sobrang gwapo ko,”** ang kamay niya nasa ilalim ng baba niya with pogi pose.

Panay naman ang tulak ni Eris at medyo natatawa na rin, **“Ang yaaaaabaaaang.”**

**“Pero uy Ero-ero, kausapin mo si Yohanne bukas... galit ata siya sayo dahil dun... akala niya kasi talaga inaagaw mo si Gazelle sa kanya...”**

**“Hindi ah...”**

**“Oo, hindi nga pero hindi niya alam iyon hangga’t hindi mo nililina sa kanya... Sayang naman Eros, wag mong hayaan na masayang yung pagkakataon...”**

**“Pagkakataon?”**

**“Sabi ni Yohanne, he thought you were his friend... Tinuturing ka niyang kaibigan Eros, may kaibigan ka na sa classroom niyo kaya naman sana wag mo sayangin yung friendship na yun... Kausapin mo siya bukas ha? Please?”**

**“Bahala na.”**

**“Anong bahala na?”** >\_\_<

**“Basta bahala na, umuwi ka na nga.”** tumayo na si Eros at tumalikod na kay Eris.

**“Uy, basta ha? Kausapin mo siya bukas...”**

**“Bahala na,”** sabi ni Eros habang nakapamulsang naglalakad pauwi, **“Umuwi ka na.”**

**“Uy, promise mo...”** pahabol ni Eris.

Hindi lumilingon si Eros at tinaas niya lang kamay niya para magwave, **“Oo, umuwi ka na.”**

\*\*\*

Tulad ng sabi ni Eros sa kanya ay bumalik na siya sa club. Medyo pagod na siya, sumakit ulo niya sa mga naganap sa araw na ito. Hiling niya na sana ay maayos yung gusot between Eros and Yohanne.

Kumuha siya ng maiinom sa ref at pagkainom ay sinandal ang ulo sa may pader, **“Haaay what a day.”**

**“Nakabalik ka na pala.”**

**“Ay multong bakla!”** nabigla kasi si Eris nang may sumulpot bigla sa may gilid niya, si Memo.

**“Hahaha! Hindi ako multong bakla,”** naglakad ito sa ref para kumuha din ng maiinom.

**“Ah... Sorry, nabigla kasi ako...”**

**“Saan ka galing? Kayna Eros ba?”**

**“Eh?”** nabigla siya kasi hindi naman niya madalas nakakausap si Memo at hindi sila close pero ngayon biglang kinakausap siya ni Memo, **“Ah oo...”**

**“Ikaw ata kauna-unahang babaeng nakita kong kasama ni Eros? I mean marami rin naman mga babae siyang nakasama pero halos puro mga pang-entertainment niya lang pag nasa kalye sa gabi. Pero alam mo hindi ko na atang nakikitang tumatambay siya sa kalye sa gabi, in fact it seems like lagi na siyang maagang umuwi... And higit pa dun, mukhang hindi na rin ata siya nakikipagaway o nanakit? Mukhang parang naging tamed siya simula nung dumating ka... Ano ka ba niya? Sino ka ba?”**

**“Eh? Ako si Eris... kaibigan niya.”**

**“Eris? Eris Jane Trinidad, right?”**

**“Ha? Oo.”**

**“Sino ba si Eris Jane Trinidad?”**

**“Anong ibig mong sabihin?”**

**“I’ll tell you a secret...”** lumapit si Memo sa kanya, sobrang lapit na halos napaatras na siya at napasandal sa pader, yung distansya na lang nila ay yung basong hawak ni Eris sa harapan niya, **“I play a game, a game called human chess game.”**

**“H-human chess game?”** feeling ni Eris kinakabahan siya, hindi niya malaman gagawin, she feels trapped.

**“Yes, it’s like a normal chess though my pieces are humans. I manipulate my pieces and I enjoy it very much. And you’re one of my pieces Eris... thing is, I can’t find anything about you that I can manipulate. You’re more mysterious than I’ve thought, I did some research about you but found none. No one seems to know you, that’s very weird... I told you my secret, so why don’t you tell me yours? Who are you really Eris Jane Trinidad?”**

Tinulak ng mahina ni Eris si Memo para makalayo ng konti dito, **“Why should I tell you who I am? Edi pinaglaruan mo lang ako? Kami ni Eros? Kami nina Gazelle at Yohanne?”**

Sobrang nabigla si Memo sa sinabi ni Eris, **“Wait paano mo nalaman na kasama sina---”**

Pinutol na agad ni Eris si Memo, **“Na kasama sina Gazelle at Yohanne sa mga paglalaruan at ima-manipulate mo? Simple lang, napanaginapan kita... alam ko ang gusto mong gawin.”**

Actually yung panaginip ni Eris ay isang vision lamang na binigay sa kanya ng Diyos para maging careful si Eris kay Memo. Nakita niya sa panaginip niya lahat ng gustong gawin ni Memo sa kanilang buhay kaya simula nun sobrang lumalayo siya kay Memo at nagiingat siya na mahuli nito na isa siyang anghel.

**“Paano mo nalaman?”**

**“Unlike you, I don’t share my secrets sa mga taong hindi ko ganung kakilala.”** pinatong na ni Eris ang baso sa may lababo at didiretso na sana siya sa taas para matulog na pero tumigil siya at lumingon kay Memo.

**“Diba naglalaro ka ng human chess game? As far as I know, a chess game is played by 2 people... Sinong kalaro mo?”**

**“Memo Clarkson, be careful. You don’t know but maybe ‘life’ is already your opponent in this human chess game and always remember, life is unfair. It might make a move that will bring all your pieces down and you as well.”**

**“Ewan ko kung anong dahilan mo sa paglalaro ng isang bagay na tulad nun pero bago ka pa magsisi ng tuluyan, itigil mo na ito. Ito ay isang balala Memo, wag mong paglaruan ang buhay ng iba o baka dumating ang panahon na ikaw naman ang mapaglaruan.”**

Tumalikod na ng tuluyan si Eris at umakyat ng papuntang kwarto.

\*\*\*

Kinabukasan sa school nila ay hindi pinapansin ni Yohanne si Eros na sadyang kinaiinis ni Eros kaya naman nung pagka-lunch na pagka-lunch ay hinigit niya ito sa may sleeves nito at kinaladkad papuntang rooftop.

**“Oy bitawan mo ako sabi eh!”** kahit panay ang sigaw at angal niya ay binitawan lang siya ni Eros nung nasa may rooftop na sila.

Kamuntik ng ma-out of balance sa biglang bitaw at tulak ni Eros sa kanya.

**“Hoy ano ba!”**

**“Hoy ano ka ba rin! Potek para kang bata, walang pansinan? Tss!”**

**“Ano ba kelangan mo bakit hinila mo ako!”** inis na sabi ni Yohanne habang inaayos yung sleeve ng shirt niya na nagusot kakahila ni Eros.

**“Sabihin mo nga sakín, anong tingin mo sakín? Masamang tao?”**

Napatigil si Yohanne hindi niya inaasahan yun, yumuko siya at nagsalita.

**“Oo, masama ka. Walang alam kundi mambugbog ng kapwa. Walang kwenta, walang silbi. Patapon. Walang puso. Walang awa sa kapwa. Sarili lang iniisip. Mayabang. Siga. Akala kung sino. Nakakaasar. Bobo. Gago.”**

**“Sabi ko na eh.”** tatalikod na sana si Eros dahil narinig niya ang mga alam niya ng maririnig niya.

**“Teka hindi pa ako tapos, bastos ka.”**

Napatigil dun si Eros.

**“Oo, masama ka. Yun ang tingin ko sayo dati tulad ng tingin ng ibang tao sayo. Yun ang inakala ko pero simula nung nakilala talaga kita at nakausap kasama ni Eris, nagbago yung tingin ko sayo. Hindi ka naman pala katulad ng iniisip namin, hindi ka naman pala ganun kasama. At alam ko yun 98 mo sa quiz sa Earth Science, pinaghirapan mo talaga yun. Marunong kang magsikap. Sobrang nagbago talaga ang tingin ko sayo, I started believing in you... I treated you as a friend... pero... bakit inaagaw mo pa sakín si Gazelle? Gaguhan ba? Suntuin mo na lang kaya ako kesa agawin mo siya...”**

Humarap bigla si Eros at tumakbo palapit kay Yohanne at sinuntok ito sa mukha, napatumba si Yohanne dun at napahawak sa may gilid ng labi na pumutok at dumudugo.

**“Ahhhh! Nakakamiss din pala manuntok, ilang araw na din akong hindi nakakapanuntok!”** sabi nito habang nagi-stretch ng kamay.

**“A-anong---?!”**

Tinignan ni Eros si Yohanne ng seryoso at inabot ang kamay niya dito, **“Tayo.”**

**“H-ha?”** tinitigan lang ni Yohanne ang kamay ni Eros na nakaabot sa kanya. Nagtataka at naguguluhan siya, matapos siyang suntukin nito ay tutulungan siya nitong tumayo? Eh?

**“Sinuntok kita para medyo maalog yang utak mo, alam mo wala akong balak agawin sayo si Gazelle. Sabi sakin ni Eris may crush daw siya sakin pero natural lang yun, sino ba hindi magka-crush sa gwapong tulad ko?”** nagsisimula nanaman itong magyabang, **“Pero wag ka magalala, cute at mabait man siya wala akong interest sa kanya, she only reminds me of my ate Risa.”**

**“Eh kung ganun bakit nakita ko kayong magkasama kahapon?”**

**“Ah yun ba... nagtatanong lang ako sa kanya ng mga bagay na pwedeng maging useful para sayo. Tinanong ko din siya kung anong tingin niya sayo.”**

**“Ha? Tingin niya sakin?”**

Nag-flashback sa isipan ni Eros yung usapan nila ni Gazelle kahapon...

*“Anong tingin mo kay Yohanne?”*

*“Eh? Kay Yohanne?” nilagay ni Gazelle ang kamay niya sa may baba niya at nagisip, “Hmm... Si Yohanne ba... cute naman siya, cool ang genius looking aura niya... Siguro mas better kung mag-i-smile siya, pansin ko kasi hindi siya masyadong palangiti, serious looking kasi palagi sayang naman mukhang cute talaga siya. Pero mukhang mabait rin siya. All in all nakakatuwa siyang tao.”*

*“Paano kung magkagusto siya sayo? Papayag ka bang magpaligaw?”*

*“Eh? Malabo yun ano! Ano ka ba! Bakit ka nagtatanong niyan.”*

*“Eh paano nga? Kunwari lang, anong gagawin mo?”*

*"Hmm... sige, kung kunwari... sa tingin ko okay lang sakín, I will give him time to prove me his love and to make me fall inlove with him. At syempre sa process ng panliligaw, gusto ko makilala namin ng sobra ang bawat isa. Haay naku Eros, ano ba yang tanung na yan! Sobrang random! Ahaha!"*

**"Talaga, yun ang sabi niya?"** tanong ni Yohanne matapos ikwento ni Eros ang usapan nila ni Gazelle.

**"Oo! At alam mo bang birthday niya bukas?"**

**"Oo... alam ko..."**

**"Oh alam mo naman pala eh, bumili ka na ba ng regalo?"**

**"Bakit ako bibili... hindi naman kami close, hindi naman pati ako invited sa birthday niya..."**

**"Tsk! Kaya nga kasama ko siya kahapon diba? Nakakuha ako ng invitation!"**

**"EH?!"**

**"Eros! Yohanne!"** nakaabot din si Eris kasi kanina niya pa hinahanap ang dalwang ito, nung nakita niya kasing hinila ni Eros si Yohanne wala siyang ideya kung anong balak gawin ni Eros kaya sinundan niya ang mga ito at ito siya ngayon nasa harap niya ang dalwa, nagtataka nga siya kung bakit nakaupo sa sahig si Yohanne at may dugo sa gilid ng labi nito. Papagitna sana siya pero bigla niyang narinig si Eros na magsalita kay Yohanne kaya tumigil siya at nakinig sa usapan nila.

**"Bukas pupunta tayo sa bahay nila after class, may handaan sa kanila hanggang gabi yun kaya kung ako sayo magpakalalake ka na! Tama na ang pagkabading mo, magtapat ka na kasi! Ang pagong pagong mo, sige ka mamaya maagawan ka na talaga! Hindi ka niya hihintayin kung wala kang pasabi, tandaan mo yan!"**

**"P-pero hindi pa kami close... di ako ready..."**

**"Eh ano naman? Magtapat ka na! Liligawan mo naman diba? You have all the time para kilalanin ang isa't isa habang nililigawan mo siya!"**

**"Paano kung i... ireject niya ako? Paano kung iwasan niya na ako? Ngayon pa man din na nakakausap ko na siya ayaw kong iwasan niya ako..."**

Kinuha ni Eros ang braso ni Yohanne at sapilitang itinayo ito, **"Yohanne, ako ilang beses na akong nareject at iniwasan ng mga tao sa buhay ko. Sa buhay normal lang na mareject tayo at iwasan ng mga tao sa mga bagay na gagawin at ginawa natin pero hindi yun sapat na dahilan para matakot ka. Kung mareject ka man, eh ano naman? Atleast sinubukan mo, yun yung mahalaga dun. Basta kung hindi ka susuko at mageffort ka ng husto, yung rejection balang araw magiging acceptance."**

**“Eros...”** nabigla si Yohanne sa mga sinabi ni Eros, parang nagising siya sa mga sinabi nito sa kanya, **“Salamat sa suntok... feeling ko natauhan ako.”**

**“Talaga? Gusto mo suntukin ulit kita?”**

**“H-ha? Hindi na ah! Tama na! Masakit din aba!”**

**“Tsk, sayang ang sarap kasi manuntok.” - \_\_\_ -**

**“O-oooyyyy! Anong ginagawa mo! Oy!”** nabigla kasi si Eros nang bigla siyang niyakap ni Yohanne, **“Bading ka ba talaga? Oy wag mo nga akong yakapin! Kadiri to oh! Oy! Si Gazelle ba talaga o ako ang gusto mo? OY SABI NG BITAW EH!!!”**

**“Salamat Eros. Bukas talaga magtatapat na ako.”**

**“Oo na oo na! Bitawan mo lang ako!”** lumingon si Eros at nakita si Eris na tumatawa sa kanila, **“Oy annoying! Tulungan mo nga ako dito, alisin mo nga itong bading na ito sakin! Oy wag ka ngang tumawa dyan! OYYYYYYYYYYYYYYYYYYY!!!”**

**\*\*\***

Bilang pasasalamat ni Yohanne ay tinutor niya si Eros ng Math kasi may nalalapit silang quiz dun eh hindi naman maalam masyado si Eris sa Math para turuan dun si Eros kaya naman tumambay muna sila sa club para magturuan ng Math.

Mga bandang alas 9 na ata sila natapos at umuwi na rin naman si Yohanne, sinabi niya for the last time kina Eros na he will do his best bukas sa pagtatapat niya. Bago nga sila dumiretsong club ay namili muna sila ng ipanreregalo ni Yohanne para kay Gazelle bukas at nagpagupit pa ito at bumili ng bagong damit, sadyang pinaghahandaan niya ng maigi.

**“Haaay sumakit ulo ko dun sa taeng math na yun, sino ba nagimbento nun ng masapak ng mga 1000x.”** saad ni Eros pagkahiga sa may small lawn ng club. Hinatid kasi nila si Yohanne sa may gate para magbabaye dito at dahil tinatamad ng bumalik si Eros sa loob ay nahiga na lang siya sa may damuhan dahil maya maya rin naman ay uuwi na siya sa kanila.

**“Patay na po yung nagimbento nun,”** nakihiga rin si Eris sa tabi niya.



**“Diba namatay ka na? Nakita mo ba siya sa heaven? O siguro nasa hell na yun... pahirap sa buhay eh. Teka ano pala itsura ng heaven? May gold gates ba? May San Pedro ba na may hawak na manok?”**

**“Di ako pwede magkwento sayo Eros ng tungkol sa heaven at sa mga bagay na nakita ko pagkatapos kong mamatay...”**

**“Eh? Bakit? Andugas naman nun.”**

**“Eh kasi masisira yung balanse ng buhay. Hintayin mo muna na matapos ang buhay mo dito bago mo malaman ang kung anuman ang meron sa kabilang buhay.”**

**“Eh bakit ikaw? Diba namatay ka na tapos nabuhay ka ulit, parang hindi rin ata tama yun.”**

**“Kung mabubuhay man ulit ako, mabubura lahat ng alaala ko nung matapos akong mamatay.”**

**“Ahh.”**

**“Uy Eros alam mo nakakatuwa ka... Alam mo bang 80% na yung heart?”**

**“Ehhhhhhhhhhhhhhhh?” O\_\_O**

**“Sa lahat ng ginawa mo para kay Yohanne, madaming nadagdag. Unti unti ka na talagang nagbabago. Natutuwa ako para sayo. Kanina narinig ko yung mga sinabi mo kay Yohanne, hindi ko akalaing manggagaling sa bibig mo ang mga salitang tulad nun. Para bang may pinaghugutan ka... nagmukha kang expert sa field of love. Hindi ko talaga akalain! Grabe!”**

**“Hindi mo inakala? Tsk! Tingin mo sakin hindi nagkalovelife? Tsss.”**

**“Wait, what?! Nagkalovelife ka na?” O\_\_\_\_\_O**

Tumingin lang si Eros sa mga bituin na pumupuno sa kalangitan, **“Nagka-girlfriend ako... dati.”**

**“Woah.... really?” O.o**

**“Oo sabi, uuwi na nga ako!”** tumayo bigla si Eros at paalis na sana siya pero pinigilan siya ni Eris at humarang sa harapan niya para hindi siya makaalis.

**“Teka, hindi na ba kayo?”**

**“Hindi na siguro, alis nga diyan sa daanan ko, uuwi na ako.**

**“Teka, last question, minahal mo ba siya?”**

**“Oo. Alis na nga diyan uuwi na sabi ako,”** sabay tulak ng mahina kay Eris para makaalis ito sa dadaanan niya.

Binuksan niya na yung gate at umalis na. Naglalakad na siya pauwi at habang naglalakad siya ay nakapamulsang pinagmamasdan pa rin niya ang mga bituin sa kalangitan.

***“Oo, minahal ko siya... At minamahal ko pa rin siya. She was my light... the light that faded away because of me.”***

property of haveyouseenthisgirl.yolasite.com

### **She Died**

written by HaveYouSeenThisGirL

Chapter Seventeen \\

**"Kinakabahan ako."** hindi mapakaling sabi ni Yohanne habang panay ang paggalaw ng mga daliri niya sa may table.

**"Relax ka nga lang dyan mukhang natataeng ewan ka na eh,"** naiinis na sabi ni Eros sa hindi mapakaling Yohanne.

Nasa may garden ng bahay na sila nina Gazelle at nakaupo sa isang table, simple lang naman yung birthday party ni Gazelle, may kainan, kantahan at konting gimik. Mga 7pm na kasi nagstart yung party. Ang mga nandun ay mga kaklase, kaibigan at ilang kamaganak ni Gazelle.

Hindi kasi mapakali si Yohanne, hindi niya malaman kung papaano ba siya magtatapat kay Gazelle. Ngayon na kasi niya balak magtapat sa mismong birthday nito pero sobrang kinakabahan siya.

**"Argghh! Hindi ko kaya, uuwi na ako!"** napatayo na lang si Yohanne at aalis na sana.

**"Oy gago ka ba? Bumalik ka nga sa upuan mo!"** sabay higit ni Eros kay Yohanne sa damit para bumalik sa kinauupuan nito.

**"Yohanne, wag kang umalis. Just wait for the right time, magagawa mo din makapagtapat sa kanya,"** saad naman ni Eris na nasa same table nila.

**"Right time? Kelan? Tignan niyo nga oh lagi na lang napapaligiran si Gazelle ng mga kaibigan niya o kaya ng mga kaklase o kamag-anak, paano ako makakalapit sa kanya at magkaka-chance na makausap siya ng kami lang? Hindi ko na magagawang magtapat sa kanya, sabi ko na habambuhay na lang akong mangangarap sa kanya ng patago."** pinukpok ni Yohanne ang ulo sa may table at nagstay sa ganung position. He feels so desperate.

Nagaalala naman si Eris para kay Yohanne kaya tinanong niya si Eros na katabi niya, **"Uy Ero-ero, anong gagawin nating mga cupids nila? Look oh, kawawa naman si Yohanne. Gawa ka naman ng way para makausap niya si Gazelle para makapagtapat siya. Uy Ero-ero."**

Hindi siya pinapansin ni Eros at kumakain lang ito kaya kinulit niya ito sa pamamagitan ng paghigit sa sleeves ng uniform nito, **"Uy Ero-ero, dali na... Ero-ero naman ee, puro pagkain inuuna mo dyan. Ero-ero!!!"**

**"Oh sinong next na kakanta?"** may biglang nag-announce nun sa may karaoke sa may unahan, katatapos lang nito kumanta.

Sa sobrang inis ni Eros sa kakulitan ni Eris ay sumagot siya dun sa nag-announce sa unahan at tinuro si Yohanne na nakapatong pa rin ang ulo sa lamesa, **"ETO! KAKANTA DAW!"**

Napa-angat naman ng ulo si Yohanne ng hindi oras, **"ANO? HA? AKO? HINDI AH!"**

Tinulak ni Eros patayo si Yohanne at patuloy na itinulak papuntang unahan para kumanta, **"GO! Uupakan kita pag di ka pumunta sa unahan."**

**"Pero Eros... nakakahiya. Ano ba... Ayoko..."**

Lumapit sa kanya si Eros at bumulong, **"Hindi mo siya magawang malapitan para makausap? Oh ayan, naka-microphone ka na, ewan ko na lang kung hindi ka pa niya mapansin at marinig."**

**"Ha? Anong ibig mong sabihin?"**

Tinapik lang siya ng malakas ni Eros sa likod at tinulak muli, **"Go!"**

Napapunta na si Yohanne sa unahan kakatulak ni Eros at inabot nung last na kumanta sa kanya yung mic at sinabi sa kanya, **"Hi! Pili ka na ng song na gusto mo."**

Pumili si Yohanne at pinili ang kantang "Ngiti" by Ronnie Liang.

♪ *"Minamasdan kita*

*Nang hindi mo alam*

*Pinapangarap kong ikaw ay akin*

*Mapupulang labi*

*At matinkad mong ngiti*

*Umaabot hanggang sa langit..." ~♪*

Medyo uncomfortable pa si Yohanne nung simula siyang kumanta, hindi kasi siya masyadong kumakanta sa harap ng maraming tao lalo na't hindi naman niya halos kilala ang mga ito. Si Eros at Eris lang kilala niya. Pati si Gazelle.

Ah si Gazelle...

Asan kaya siya? Nasabi ni Yohanne sa sarili niya at nilibot ng paningin niya ang paligid para hanapin ang babaeng matagal niya ng pinagmamasdan ng palihim.

Napatigil ang paglalakbay ng mga mata niya sa paligid nang makita niya ang mukhang araw araw ay pinagmamasdan niya, nakita niya si Gazelle na nakatayo malapit sa may isang table at may kausap na isang babae. Napangiti siya. Parang nawala ang kaba at pagiging uncomfortable niya sa pagtayo sa unahan.... paano kasi si Gazelle na lang ang nakikita niya sa mataong lugar nung mga oras na iyon.

♪ *"Huwag ka lang titingin sa akin  
At baka matunaw ang puso kong sabik" ~♪*

Pero nabigla na lang siya nang ito ay biglang lumingon sa unahan, sa kanya... nagtama ang mga mata nila. At sobrang nabigla siya nang ngitian siya nito at kawayan.

Pakiramdam niya sasabog ang puso niya, tugma ang kanta sa nararamdaman niya dahil sa tinagal tagal ng lihim na pagtingin niya kay Gazelle, ang mga ngiti nito ang paborito niyang pagmasdan.

♪ *"Sa iyong ngiti ako'y nahuhumaling  
At sa tuwing ikaw ay gagalaw  
Ang mundo ko'y tumitigil  
Para lang sayo  
Ang awit ng aking puso  
Sana'y mapansin mo rin  
Ang lihim kong pagtingin  
[ Lyrics from: [http://www.lyricsmode.com/lyrics/r/ronnie\\_liang/ngiti.html](http://www.lyricsmode.com/lyrics/r/ronnie_liang/ngiti.html) ]  
Minamahal kita ng di mo alam  
Huwag ka sanang magagalit  
Tinamaan yata talaga ang aking puso  
Na dati akala ko'y manhid" ~♪*

Kinakanta ni Yohanne ng buong puso ang kantang iyon habang nakatingin pa rin siya kay Gazelle. Nakatingin pa rin sa kanya si Gazelle at nakikinig sa pagkanta niya. Gusto ni Yohanne na sa pagkanta niyang iyon ay maiparating niya kay Gazelle ang tunay niyang nararamdaman.

Natapos ang pagkanta ni Yohanne at bumalik na siya sa upuan niya.

**"Wow Yohanne ang galing mo kumanta!"** pagpalakpak ni Eris sa tuwa.

**"Kung hindi ngayon, kelan pa?"**

**"Eh?"** naguluhan sina Eros at Eris sa biglang sinabi ni Yohanne, parang kausap nito ang sarili.

**"Magtatapat na ako, hindi ko na kaya. Magtatapat na ako ngayon."** biglang tumakbo si Yohanne, iniwan sina Eros at Eris sa table at nilapitan si Gazelle at hinawakan ito sa may braso.

**"Oh Yohanne? Uy ang galing mo pa lang kumanta!"**

**"Gazelle, can we talk?"**

**"Aren't we talking na ba?"**

**"In private Gazelle... please."** seryosong sabi ni Yohanne.

♪ *"Hindi pa rin makalapit  
Inuunahan ng kaba sa aking dibdib" ~♪*

**"Eh? Ah, siges..."** pagpayag ni Gazelle at nagdiretso sila sa may loob ng bahay, sa may kusina kasi doon lang walang tao. Nasa may garden ng bahay ang lahat.

**"Ano yun Yohanne? Bakit kelangan in private pa tayo magusap? Hindi ba pwedeng marinig ng iba?"** nagtatakang tanong ni Gazelle once makarating sila sa may kusina.

**"Gazelle..."** ang lakas ng tibok ng puso ni Yohanne, pakiramdam niya babaluktot na anytime ang dila niya, ayaw niyang matorpe sa mga oras na ito pero sobra sobrang kaba na ang nararamdaman niya.

**"Yeah? Ano yun Yohanne?"**

♪ *"Sa iyong ngiti ako'y nahuhumaling  
At sa tuwing ikaw ay lalapit  
Ang mundo ko'y tumitigil  
Ang pangalan mo sinisigaw ng puso  
Sana'y madama mo rin  
Ang lihim kong pagtingin" ~♪*

Huminga muna siya ng malalim bago nagsalita, **"Hindi mo siguro natatandaan o napapansin pero simula elementary pa lang tayo schoolmate na tayo..."**

**"Eh? Talaga? Wow! Hindi ko alam yun Yohanne..."**

**"Oo... magkaiba nga lang tayo palagi ng section... Pero kahit magkaiba tayo ng section lagi pa rin kitang pinagmamasdan... tuwang tuwa ako sa tuwing nakakasalubong kita sa may hallway kahit hindi mo ako napapansin kahit hindi mo alam na nakakasalubong mo ako... kahit hindi mo alam na nage-exist pala ako... tuwang tuwa pa rin ako. Kasi tuwing makikita kita, nakakalimutan ko na ata ang lahat."**

**"T-teka Yohanne..."**

**"Di ko aakalaing dadating yung araw na magagawa rin kitang makausap... yung malalaman mong may isang Yohanne Garcia pala na nage-exist dito sa mundo..."**

**"Yohanne... a-ano ba... Y-yohanne..."**

**"Kahit kelan hindi ko nagustuhan ang pangalan ko, ang panget kasi, gusto ko ng ibang pangalan yung medyo astig pakinggan pero... pero pag binabanggit mo ang pangalan ko, pakiramdam ko napakaswerte kong tao at napangalanan akong Yohanne, isang pangalan na nabigkas minsan ng mga bibig mo."**

**"Eh? UY ANO BA! Ano ba yang mga sinasabi mo? Di kita magets..."** hindi mapakaling sabi ni Gazelle, ang seryoso kasi ng mga tingin sa kanya ni Yohanne.

**"Gazelle... mahal kita."**

Hindi nakaimik si Gazelle ng halos ilang segundo dahil sa pagkabigla sa mga sinabi ni Yohanne. Pero nung mahimasmasan siya ay pabirong pinalo palo niya si Yohanne sa may balikat nito.

**"AHAHAHA! Uy birthday na birthday ko pinagtitripan mo ako sa ganyang joke ha! Ikaw talaga Yohanne!"**

Pinigilan ni Yohanne ang kamay ni Gazelle na pabirong pumapalo sa balikat niya, **"Eh paano kung sabihin kong hindi kita pinagtitripan? Na hindi yun isang joke? Paano kung sabihin kong seryoso ako?"**

**"Y-yohanne..."** hindi malaman ni Gazelle ang sasabihin niya...

**"Gazelle... mahal kita, mahal talaga kita. Mahal na mahal kita."**

**"Ah eh..."** lost for words si Gazelle, biglaan kasi.

**"Pwede ba akong manligaw?"**

**"Uy Gazelle! Andyan ka lang pala! Kanina ka pa namin hinahanap!"** nabigla parehas sina Gazelle at Yohanne nang dumating ang ilan sa mga kaibigang babae ni Gazelle.

**"Dumating na si Larry! Yung poging poging manliligaw mo! Ayeeee! Dali ano ka ba! Hinahanap ka ng boylet mo!!!"** biglang hinila ng isa sa kanila si Gazelle sa braso at dinala palayo kay Yohanne.

**"T-teka!"** hindi siya narinig ng mga kaibigan niya at patuloy siyang hinila pabalik sa garden at habang hinihila siya ay napalingon na lang siya kay Yohanne na mukhang nabigla.

Bad timing ang mga kaibigan niya. Nagtapat sa kanya si Yohanne at sakto naman dumating si Larry. Si Larry, si Larry yung isa sa mga varsity players ng basketball team ng school nila na halos 3months ng nanliligaw sa kanya. Malaki ang pagka-crush niya kay Larry kasi sobrang gwapo nito. Medyo naawa tuloy siya nung tignan niya ang medyo nabigla at medyo disappointed na itsura ni Yohanne, hindi man lang niya nabigyan ito ng sagot dahil sa paghila sa kanya ng mga kaibigan niya.

**"Oh ano kamusta?"** pagkabalik na pagkabalik ni Yohanne sa table nina Eros at Eris ay binati agad siya ng mga ito.

**"Uuwi na ako,"** nanamlay na sabi nito.

**"Eh? Bakit? Anong nangyari?"** nagaalalang tanong ni Eris.

**"Uuwi na ako,"** ulit lamang nito.

**"Tara,"** tumayo na si Eros.

**"Eh teka? Uuwi na tayo? Tara muna magpaalam kay Gazelle,"** naguguluhang sabi ni Eris.

Hinigit lang ni Eros si Eris sa may damit nito, **"Tara na sabi."**

**"Eeeee. Saglit, magpaalam muna tayo kay Gazelle."**

**"Tara na nga!"** umalis na sila ng hindi nagpapaalam kay Gazelle. Naintindihan agad ni Eros kung anong nangyari kaya gusto ng umuwi agad ni Yohanne at kaya naman mas pinili niyang wag ng magpaalam kay Gazelle kahit gaano man ang pagpipilit ni Eris.

**"Yohanne, anong nangyari?"** tanong agad ni Eris pagkalabas nila at habang naglalakad na sila sa may kalsada.

**"Ang tanga ko, ang tanga tanga ko,"** lumapit si Yohanne sa may isang poste at pinukpok ng pinukpok ang ulo dun, **"Masyado akong na-excite nakalimutan ko nga pa lang may Larry na siya."**

**"Sinong Larry?"** tanong ni Eris.

**"Yung varsity player, yung nanliligaw sa kanya. Yung lalaking sa tingin ko ay gusto din ni Gazelle."**

**"Eh? Bakit mo naman nasabi?"** pagtataka ni Eris.

**"Araw araw kong pinagmamasdan si Gazelle at minsan nakikita ko siyang kasama si Larry, nung una akala ko boyfriend niya pero na-overheard ko na nanliligaw pala sa kanya. At sa tingin ko may gusto din si Gazelle dun kasi sa tuwing magkasama sila lagi ko siyang nakikitang masaya, para bang naenjoy niya ang company ni Larry."**

**"Nasabi mo na ba nararamdaman mo sa kanya?"**

**"Eh?"** nabigla si Yohanne sa tanong ni Eros na parang binalewala lang yung kasasabi niya lamang tungkol sa manliligaw ni Gazelle.

**"Nasabi mo na ba? Nagtapat ka na ba? Tinanong mo na kung pwede kang manligaw?"**

**"Ah... eh... oo."**

"Oh anong sabi?"

"Wala eh... bigla siyang hinila ng mga kaibigan niya gawa ng dumating daw yung si Larry..."

"Hindi ka naman pala nareject eh! Anong ikinade-depress mo dyan?"

"Hindi mo ba narinig sinabi ko? Naniligaw na sa kanya si Larry!"

"Eh ano naman? Bakit, boyfriend na ba niya? Hindi pa diba? Edi ligawan mo din si Gazelle! Bukas na bukas hingin mo yung sagot niya, pag sinabi niyang 'oo' wag ka ng babading bading diyan, mag-effort ka ng manligaw dahil may kaagaw ka pala. Tss! Ang dali mong sumuko! Ewan ko sayo! Uuwi na nga ako! Bahala ka dyan!" tumalikod na si Eros kay Yohanne at nagsimula ng maglakad pauwi.

"Eros wait, uy Yohanne babye ha? See you tomorrow! Eros uy wait sabi!" sumunod naman si Eris kay Eros pagkatapos nito magpaalam kay Yohanne.

"Bakit ka ba sunod ng sunod sakín para kang buntot!" =\_ =

"Iisa lang kaya daan natin pauwi! Bleh!" >\_<

"Tss."

"Sana payagan ni Gazelle na manligaw si Yohanne kahit nililigawan na siya ni Larry."

"Papayag yun."

"Eh? Bakit parang sure na sure ka sa sagot mo?"

"Tinanong ko na nga kasi sya nung isang araw diba, nung kasama ko siya nung pauwi at nagalit pa nga sakín si Yohanne."

"Ahh... oo nga pala. Pero naikwento niya rin ba siya ang tungkol kay Larry?"

"Medyo. Sabi niya nanliligaw daw ito sa kanya pero hindi daw siya masyadong naniniwala kay Larry."

"Eh? Anong ibig mong sabihin?"

"Ewan ko, ang sabi niya parang trip trip lang daw panliligaw sa kanya ni Larry. Minsan daw kasi pakiramdam niya puro labas sa ilong yung mga sinasabi ni Larry sa kanya, kahit kelan daw hindi niya naramdaman ang sincerity sa mga salita ni Larry."

"Hala, talaga? Eh kung ganun bakít nagpapaligaw pa rin siya dun?"

"Kahit papaano naman daw nageenjoy siya sa company nito at may nararamdaman siya kahit papaano dito, masaya daw kasama saka hindi pa naman talaga siya sure, tinetesting niya muna daw yun kung pinagtitripan ba talaga siya o kung seryoso."

"Ahh... Naku! Sana pag pinayagan ni Gazelle na manligaw si Yohanne ay ma-conquer talaga ni Yohanne ang puso ni Gazelle kasi atleast si Yohanne, sigurado tayong sincere ang feelings niya for Gazelle!"

"Ewan," biglang humikab si Eros, "Nakakaantok."

Nagkaroon ng saglit na katahimikan sa kanilang dalwa habang naglalakad sila sa may kalsada.

"Eros..."

"Oh?"

"Umm..." nakayuko si Eris habang naglalakad, "Ang complicated talaga ng love ano?"

"Aba malay ko. Bakít sakín mo tinatanong." =\_ =



"Eh kasi diba sabi mo nainlove ka na? It means naranasan mo din yung mga complications between you and that girl na naging girlfriend mo."

"Ahh. Ewan." tinatamad na sabi ni Eros.

"Anong ewan?! Hala! Napaka mo! Magkwento ka naman tungkol sa kanya!"

"Ayoko nga, bakit naman ako magkekwen to sayo."

"Eh kasi hindi talaga ako makapaniwala na nainlove ka Eros... akala ko puro hatred dati ang laman ng puso mo..."

"Minsan lang ako nainlove, wala na yun kaya wala akong ikekwen to sayo."

"Andamot mo. Haay Eros, minahal mo ba talaga yung girl na yun?"

"Ang kulit mo, wag ka na ngang matanong." = \_ =

"Ano nga kasi... minahal mo ba siya?"

"Sinagot ko na yan kagabi ah!"

"Nakalimutan ko na!"

"Ewan ko sayo!"

"Ano nga kasi! Minahal mo ba talaga siya?"

"Tss! Oo nga sabi, minahal ko siya at mahal ko pa rin siya! Ano, okay na? Manahimik ka nga lang ang kulit kulit mo. Sapakin kita dyan ee." = \_ =

Nabigla si Eris sa sinabi ni Eros kaya napatigil siya sa paglalakad. Napansin ito ni Eros kaya napalingon siya.

"Oh? Tinatayo tayo mo dyan? Bakit ka tumigil? Tara na nga oy!"

"Eros..."

"O-OY! Umiiyak ka ba? Oy! Bakit ka umiiyak? Problema mo?!" nabigla si Eros nang makita na lamang niya na may mga luha ng pumapatak sa mga mata ni Eris.

"Eros..." pilit pinupunasan ni Eris ang mga luha niya gamit ang braso niya.

"O-OY BALIW NA ANGEL! Bakit ka naiyak? OY?" lumapit si Eros sa kanya at tinanggal yung braso ni Eris mula sa mga mata nito, "ANONG NANGYARI SAYO? SINO SUMUNDOT NG MATA MO BAKIT KA NAIYAK DIYAN? Oy inosente ako ha, wala akong ginagawa sayo, hindi kita pinaiyak."

Natawa ng saglit si Eris kahit tumutulo pa rin ang mga luha niya, "Eros..alam mo ba..."

Medyo paputol putol pa magsalita si Eris dahil sa paghikbi niya.

"Alam mo ba..."

"Ano?!"

*"Falling inlove with someone is actually a miracle?"*

"E-eh?" hindi magets ni Eros kung anong gustong iparating ni Eris.

Tumingin ng direktso si Eris sa mga mata ni Eros, **"Thank you Eros, thank you."**

**"Ha? Thank you saan?"**

**"Thank you for the miracle... thank you for falling inlove with me."**

property of haveyouseenthisgirl.yolasite.com

### **She Died**

written by HaveYouSeenThisGirL

### **Chapter Eighteen \**

*"Thank you... thank you for falling inlove with me."*

Hindi inaasahan ni Eros ang mga sinabi ni Eris, sa sobrang pagkabigla niya ay hindi niya nagawang umimik ng ilang sandali.

"Thank you for falling inlove with me," paulit ulit din nagpe-play sa utak niya ang mga salitang iyon.

Pero nung makarecover siya sa bigla ay....

**\*TUGSH!\***

**"Aaaaaaaaaaaaaaaaaaaaaaaaaaaaaaay Erossssssssssss!!!" //( > \_\_ < ) \**

Biglang sinapak ni Eros si Eris, **"Baliw ka talaga! Kamuntik na akong maniwala sayo! Lakas mo din mantrip, may paiyak iyak ka pa dyan! Halika na nga, umuwi na tayo tama na ang kalokohan, upakan kita dyan ee!"**

**"Pero Eros hindi ako nagjo-joke!"** > \_\_ < sumunod si Eris sa paglalakad ni Eros.

**"Feeling ka, ikaw ang ex-girlfriend ko? Kinikilabutan ako! Wala akong natatandaang nagka-girlfriend ng isang annoying na babae!"**

**"Bakit, may natatandaan ka ba tungkol sa kanya ha?"**

**"Oo naman!"**

**"Talaga? Ano?"**

"H-ha? Ano... ah... teka..." nabigla si Eros at naguguluhan kasi ngayong iniisip niya kung ano nga ba ang natatandaan niya sa ex-girlfriend niya ay wala siyang maalala... ni pangalan, ni mukha nito. Pero may nagpe-play sa isipan niya ng mga scenes ng nakaraan nila ng girlfriend niya, pero blurred ang mukha nito sa kanyang alaala. Hindi niya malaman kung bakit. Pakiramdam niya parang inuntog ang ulo niya at nagka-amnesia siya, hindi niya talaga maalala. Hindi niya magawang makita sa alaala niya ang mukha nito.

**"Oh ano? Diba wala kang maalala? Ako nga kasi yun! Namatay ako! Tapos nabuhay ulit ako pero para hindi masira ang balanse ng mundong ito, walang magagawang makaalala kung anong itsura ko kahit ng pangalan ko. Sa panahon ng mission kong ito, parang nag-exist na hindi ako sa mundong ito."**

**"Ha? Naka-drugs ka ba? Mas mukhang adik ka pa sakín sa mga pinagsasasabi mo! Tara na ngang umuwi at tama na yang mga kalokohan na yan."**

**"Eros naman ee..." (u,u)** napa-pout na lang si Eris kasi ayaw siyang paniwalaan ni Eros kahit anong pilit niya kaya sa bandang huli sumuko na din siya at tahimik na lang naglakad pauwi.

Nung makarating na si Eros sa bahay niya ay agad agad siyang sinalubong ng mga umampon sa kanya.

**"Eros!"** nagaalala ang mga mukha ng mga ito, **"Si Ate Risa mo..."**

Wala sana siyang pakelam sa sasabihin ng mga ito kung hindi niya lamang narinig ang pangalan ng ate Risa niya.

**"Anong nangyari kay Ate Risa?"** agad na sumugod si Eros papasok ng bahay papunta sa Ate niya.

**"Pakiusapan mo siyang magpadala na sa ospital, nagsusuka na naman siya ng dugo."**

Hindi na kumatok pa si Eros basta niya na lang binuksan ng malakas ang pinto na kinagulat ng ate Risa niya na noo'y nakahiga sa kama nito at sobrang namumutla.

Nanlambot ang puso ni Eros sa nakitang itsura ng ate niya, unti unti ng kinakain ng lung cancer ang Ate Risa niya.

Minsan sinisisi niya ang sarili niya, pakiramdam niya kasi may kasalanan din siya sa ate niya kung bakit nagka-lung cancer ito. Naninigarilyo kasi siya tuwing kasama o kausap niya ito kaya hindi niya maiwasang maisip na baka naka-cause din siya ng damage sa lungs ng ate niya.

**"Kuya Eros, si Ate may sugat sa bibig! Dumudugo siya!"** tumakbo agad sa kanyang binti ang 6 year old sister niya na si Chill. Akala ni Chill ay may sugat sa bibig ang ate niya, masyado pa kasi siyang bata para maintindihan ang nangyayari talaga.

**"Ate..."** humiwalay saglit si Eros sa kapit ni Chill sa kanya at nilapitan ang ate Risa niya sa kama nito, **"Nagsuka ka nanaman daw ng dugo?"**

**"Okay lang ako..."** mahinang sabi nito.

**"Anong okay ka lang? May okay ba na sumusuka ng dugo ha? Dapat dalhin ka na sa ospital! Bakit kasi lumabas ka pa dun at mas pinili mo magstay dito sa bahay!"**

**"Eros... alam mo naman na ayaw ko sa ospital eh... Yung mga docto--"**

**"Yung mga doctors ay mga tao lang din. Wala silang karapatan para bigyan ka ng deadline sa buhay mo, hindi nila alam kung kelan ka mamatay. Wala kang tiwala sa kanila."** si Eros na ang tumapos sa gustong sabihin ng ate niya kasi paulit ulit na itong sinasabi sa kanya ng ate niya dati pa. Na-confine na dati ang ate niya sa ospital para gamutin ito sa cancer nito pero nagpumilit ito kamakailan lamang na lumabas ng ospital kasi nga ayaw ng ate niya sa mga doktor at ospital. At ayon din dito, parang isang kulungan lang ang ospital at kung mamamatay lang din naman daw ito mas gusto daw nitong maging malaya at magawa lahat ng gusto bago mamatay kesa hintayin na lang na maputulan ito ng hininga sa loob ng isang hospital room.

**"Haay Ate Risa, kung yan ang desisyon mo."** tumayo na si Eros at lumabas ng kwarto pero sinundan siya ng mga adoptive parents niya.

**"Eros anak... bakit hindi mo pinilit ang ate mo? Dito satin sa bahay, ikaw lang ang mas pinakikinggan niya. Ganun kayo ka-close kaya sa tingin ko kung papakiusapan mo siya baka saka---"**

**"KUNG AYAW NUNG TAO, EDI AYAW NIYA!"** biglang sumigaw si Eros dahil naiirita siya, ayaw na ayaw niyang nakikipagusap sa mga umampon sa kanya.

**"Pero Eros.. lumalala na ang sakit ng ate mo..."**

**"Mamatay na yung tao, kung ayaw niyang magpa-ospital irespeto na lang natin ang desisyon niya!"** yun lang sinabi ni Eros at umalis na ng tuluyan.

Nagdiretso lamang siya sa kwarto niya at naligo para matulog na.

Pero nung nakahiga na siya ay pinipilit niyang makatulog na pero hindi niya magawa.

*"Oh ano? Diba wala kang maalala? Ako nga kasi yun! Namatay ako! Tapos nabuhay ulit ako pero para hindi masira ang balanse ng mundong ito, walang magagawang makaalala kung anong itsura ko kahit ng pangalan ko. Sa panahon ng mission kong ito, parang nag-exist na hindi ako sa mundong ito."*

Nagfa-flash back sa isipan niya ang mga sinabi kanina ni Eris. Nababagabag siya kasi hindi niya malaman kung nagsasabi ba talaga ng totoo si Eris o pinagti-tripan lang siya nito.

**"Ughhh!!! Bakit wala akong maalala!"** pilit kasing iniisip ni Eros ang itsura ng naging girlfriend niya at pati pangalan nito. Nung tinanong kasi siya ni Eris kanina kung may naalala siya tungkol sa naging girlfriend niya saka niya lang narealise na wala nga talaga siyang maalala.

**"Impossible 'to! Bakit ganun? Pero bakit naalala kong may naging girlfriend ako? Bakit naalala ko yung mga nangyari samin dati? Pero... blurred ang mukha niya sa alaala ko... bakit ganun... anong nangyayari..."**

**"AHHH!"** nagulo na lamang niya ang buhok niya at napatayo mula sa pagkakahiga, **"Hindi ako makatulog bwisit!"**

Kinuha niya yung t-shirt niya na nakasabit sa dulo ng kama niya at sinuot yun, sinilip niya yung orasan... 12.27.

**"Psh. Kaasar. Pasado hatinggabi na!"** lumabas siya ng kwarto niya at naglakad na siya papunta sa backyard ng bahay nila pero nabigla siya nang makita niyang may nakaupo sa may duyan sa may backyard nila.

**"Ate Risa?"** lumingon ang ate niya sa kanya nang tawagin niya ito.

**"Eros? Anong ginagawa mo dito? Bakit gising ka pa?"**

**"Yun din ang tanong ko sayo, ate."**

Ngumiti ang ate niya at niyaya siyang umupo sa tabi nito, **"Halika, upo ka dito."**

Umupo naman agad siya sa tabi nito, **"Kamusta na pakiramdam mo ate?"**

**"Hmm... medyo nahihirapan akong huminga kaya andito ako sa labas."**

**"Hindi ba makakasama sayo ang magstay dito sa labas?"**

**"Ewan. Pero wag ka ng mag-alala sakín Eros, okay lang ako."**

**"Okay? Ate, ano ba talaga meaning ng okay sayo? Tignan mo nga itsura mo, ang payat payat mo na! Okay ba yan? May okay bang nagsusuka ng dugo at hirap huminga?"**

Dinantay ng ate niya ang ulo nito sa kanyang balikat na siyang kinagitla niya, niyakap din ng ate niya ang braso niya,

**"Eros, okay lang talaga ako. I'm physically ill but I'm emotionally fine."**

Wala ng nasabi pa si Eros kaya nagkaroon ng katahimikan sa pagitan nila. Ganun lang sila, magkatabi sa duyan at pinapanuod ang mabituang langit.

**"Sana may malaglag na butuin,"** biglang sabi ng ate niya.

**"Para makahiling ka? Naniniwala ka dun?"**

"Umm... oo. Wala naman masamang maniwala diba? Malay mo." :)

"Ate Risa... naniniwala ka ba sa mga angels?"

"Hmm... medyo. Siguro. Minsan... oo. Ata."

"Ano ba talaga? Andami mong sagot." = \_\_ =

"Hehe! Ang turo satin dati nung mga bata pa tayo mayroon daw God, merong langit, may hell, may guardian angels... dati hindi ako masyadong naniniwala... pero naniniwala ako sa miracles. Kaya siguro ngayon kahit papaano naniniwala ako sa langit, sa Diyos at pati na rin sa mga angels. Bakit mo naitanong?"

"Totoo ang mga anghel ate..."

"Eh?"

"Ate Risa maniniwala ka ba pag sinabi kong may nakilala akong anghel?"

"Ahaha! Pinagti-tripan mo nanaman ako ha!"

"Ate, seryoso ako!"

"Ayeee, nagpa-pout siya!" :DDD

"Ate..." = \_\_ =

"Ahaha! Joke lang. O sige, sabihin nating seryoso ka nga. Sino yung anghel at bakit o paano mo siya nakilala?" nagpipigil ng tawa ang ate niya.

"Hindi ko sasabihin sayo kung sino pero nakilala ko siya isang araw nung may binugbog ako... bigla siyang sumulpot na parang mushroom."

"Sure kang angel? Baka mushroom lang siya!" XDD

"Ate naman eh! Seryoso nga sabi ako." = \_\_ =

"Sorry, o sige continue." XD

"Sabi sakín nitong angel na ito may mission daw siya."

"Hala mala-james bond si angel! Mission impossible! Ahihihi!"

"Ate..." = \_\_ =

"Ay oo nga pala, seryoso! Ahaha! Sige, continue makikinig na talaga ako ng seryoso." XD

"Sabi niya yung mission niya daw ay yung patinuín ako."

"Hala, mission impossible nga!" XD

"Ate naman eh!"

"Di na, joke lang. Di na talaga ako mangungulit promise. Continue mo na." XD

"Edi ayun... may heart necklace siya na everytime makakagawa ako ng mabuti ay magkakaroon ng red shade sa necklace depende sa level ng good deed ko at pag napuno ko yung necklace na iyon, mission accomplished na siya. At pag nagmission accomplished na siya magkakaroon ulit siya ng 2nd life dito sa mundo at ako naman ay mabibigyan ng 1 kahilingan na tutuparin niya."

"Teká... teka, ang gulo. Angel ba yan o genie?"

"Ate naman! Ayoko na nga! Hindi mo naman ako sineseryoso!" tumayo na si Eros sa inis pero bigla siyang hinila ng ate Risa niya sa braso niya.

"Uy joke lang Eros! Wag kang umalis, samahan mo muna ako dito. Promise, seryoso na talaga. Hindi lang kasi ako makapaniwala sa kwento mo. Parang jino-joke time mo lang rin kasi ako."

Umupo ulit si Eros, "Haay. Ate, hindi ka naniniwala?"

"Ehh... hindi eh... nagda-drugs ka nanaman noh? Naku sabi ko na sayo na tigilan mo na yan, masama yan sa katawan mo! Saka stop smoking those dangerous stuff! Ang bata bata mo pa binabasura mo na agad ang katawan mo!"

"Ate hindi na ako nagte-take ng mga ganung bagay. I stopped, okay? Di ba nga sabi ko sayo may angel nga akong na-meet at may mission kami? Ayaw mo naman kasing maniwala ee..."

"Hindi kasi kapani-paniwala ee." >\_\_< "Pero hmm... Sige, let's say naniniwala ako, interested ka talagang gawin yung mission?"

"Oo ate."

"Talaga? You mean kaya ba maaga na umuwi? At hindi na kita nakikitang sugatan o bugbog sarado? Kaya ba lately hindi na rin kita nakikitang naninigarilyo? Saka kaya ba nung isang araw nagaaral ka?"

O\_\_\_\_\_O

"Yun nga."

"Woahhhhhhh. Akala ko gawa ni Eris yun..."

"Eh bakit mo naman naisip yun?"

"Eh kasi every morning pinupuntahan ka niya dito to make sure siguro na pumasok ka... kasi simula ng pumunta siya dito sa bahay, unti unti kong napapansin na nagbabago ka. Siguro crush mo siya ano kaya nagbabago ka ng ganyan? Inspiration! Ayeeeeeeeeeee!"

"Ate ang kulit mo sabi ngang kaya ako nagbabago dahil may nakilala akong angel!"

"Edi si Eris yung angel!" :D

"Hindi!!!" nabigla si Eros kasi ang bilis makapick up ng ate niya.

"Eh sino?"

"Secret! Basta hindi si Eris!" =\_\_=

"Okeeehhhh payyyyn. Pero puno na ba yung necklace?"

"Hindi pa ee, malapit na."

"Oh. Ganun ba. Hmm... Eh kung totoo nga yang angel-james-bond-mission-impossible-genie-bla-bla na iyan--  
\_"

"Ate!" =\_\_=

"Joke lang! Hehe. O sige, kung totoo nga yan, bakit ginagawa mo? May gusto ka bang hilingin?"

"Oo.."

"Talaga? Ano yun?"

*"Hiling ko na sana gumaling ka na."* humarap si Eros sa ate niya at hinalikan ito sa may noo, **"Goodnight ate."**

Tumayo na siya at pumasok na sa loob ng bahay.

\*\*\*

**"Yikessss! Ang laki ng eyebags mo Eros! Waaaa!"**

**"Shut up annoying angel,"** sinubsob na lang ni Eros ang ulo niya sa may desk. Kasalanan ni Eris kaya ang laki ng eyebags niya ngayon kasi halos buong gabi siyang hindi nakatulog kakaisip.

**"Hmp! Parehas kayo ni Yohanne na ang lalaki ng eyebags! May contest ba ng palakihan ng eyebags ngayon?"**

**"Hindi ako nakatulog kagabi ee, kakaisip kay Gazelle."** T\_\_T sabi naman ni Yohanne na nasa tabi nila at nakikipagkwentuhan, lunch time kasi.

**"Yohanne!"** may biglang tumawag kay Yohanne na kaklase nila na nasa may tabi ng pintuan ng classroom nila.

**"Oh?"**

**"May naghahanap sayo!"** pagkasabi nun ng kaklase nila ay tumayo si Yohanne para puntahan yung naghahanap daw sa kanya.

**"Gazelle!"** nabigla si Yohanne nang si Gazelle ang makita niya sa may pintuan.

**"Yohanne, pwede ba tayong mag-usap saglit?"**

Um-oo naman agad si Yohanne at sumunod kay Gazelle sa paglalakad. Niyaya kasi siya nito na pumunta sa may benches sa may soccer field ng school nila. Habang naglalakad nga sila parehas silang tahimik, walang imikan kaya naman sobrang kabado si Yohanne. He has no idea kung anong mangyayari o kung anong sasabihin ni Gazelle sa kanya.

**"Pinagisipan kong mabuti yung sinabi mo kagabi..."** umupo sila sa bench, magkatabi.

Walang masyadong tao sa may soccer field at sa may bench kaya naman kahit papaano may privacy silang dalawa.

**"Ahh..."** yun lang yung magawang sabihin ni Yohanne kasi nabibingi na siya sa lakas ng tibok ng puso niya dahil sa sobrang kaba.

**"Umm... Yohanne... alam mo cute ka..."**

Napangiti si Yohanne at napakamot ng ulo sabay sabi sa nahihiyang boses, **"Hindi naman..."**

**"Mabait ka..."**

**"Hindi naman..."** nakangiti pa rin si Yohanne.

**"Matalino ka..."**

**"Hindi naman masyado."** nakangiti pa rin.



**"Kaya marami pang ibang babae dyan, sigurado ako magugustuhan ka rin nila."**

**"Hindi nam--- eh?"** biglang nawala yung ngiti ni Yohanne sa sinabi ni Gazelle.

**"Yohanne,"** tinignan ni Gazelle si Yohanne sa mga mata at hinawakan ito sa may balikat nito, **"I'm really sorry, I would've really given you a chance na manligaw kaso biglaan yung nangyari kagabi eh..."**

**"Biglaan? Yung confession ko ba? Pero okay lang naman eh, bibigyan pa kita ng time para magdesisyon, hindi ko intensyon na biglain ka... take your ti--"**

**"Hindi Yohanne, hindi yun ang ibig kong sabihin na nangyari ng biglaan."**

**"Ha?"**

**"Biglaan kasi... sinagot ko si Larry, yung nanliligaw rin sakín. Alam mo kasi kinantahan niya ako kagabi tapos andami niyang surprises sakín kagabi tapos ayon.. sobrang na-flattered ako sa mga naging efforts niya kagabi... alam mo yun, yung sudden moment na narealise mo kung gaano mo kamahal yung tao? Ayun... sorry Yohanne."**

**"Yung sudden moment na narealise mo kung gaano mo kamahal ang isang tao? Alam ko yun. Nangyari na rin sakín yang tinatawag mong 'biglaan'... Nung mainlove ako sayo..."**

**"Yohanne... sorry talaga." :(**

**"Ano ka ba! Haha! Okay lang yun!"** pinatong ni Yohanne ang kamay niya sa may ulo ni Gazelle at ginulo ito habang pinipilit ngumiti, **"Okay lang!"**

**"Hindi naman eh." :(**

**"Oo, okay lang! Tignan mo nga nakangiti ako? Okay lang talaga! Don't worry! I'm happy for you, sa inyo ni Larry!"**

**"Yohanne naman eh, hindi ka kaya okay."**

**"Okay lang talaga ako! Haha!"**

**"Yohanne... pinipilit mo lang ngumiti eh. Alam ko rin yung feeling na mareject kasi nareject din ako dati kaya sobrang nahihirapan ako ngayon dahil nireject kita. Gusto ko pa nga sanang ipagpabukas na lang o sa susunod ko na lang sasabihin sayo para mapagisipan ko pa ng husto pero ayaw kitang mag-hintay, ayaw kong umasa ka sa wala. Mahal ko kasi talaga si Larry..."**

Nawala na yung mga pilit na ngiti sa mukha ni Yohanne at yumuko na lang siya at hindi nagsalita.

**"Yohanne... sorry talaga. Kung gusto mo I'll do anything para lang maipakita sayo how sorry I feel right now... I don't want to hurt your feelings,"** biglang lumuhod si Gazelle na siyang kinabigla ni Yohanne.

**"U-uy Gazelle, bakit ka naluhod, wag kang lumuhod..."**

**"Yohanne, sorry talaga.... sorry."**

**"Uy tumayo ka na dyan,"** pinipilit ni Yohanne na itayo si Gazelle mula sa pagkakaluhod nito.

**"Hindi ako tatayo dito. Sabihin mo muna sakín kung anong dapat gawin ko para mapatawad mo ako..."**

**"Uy Gazelle ano ka ba, okay lang yun hindi naman ako galit sayo. Hindi ka dapat magsorry, wala kang dapat gawin. Tumayo ka na oh..."**

**"Ayaw ko... sabihin mo muna sakín kung anong dapat gawin ko... Hindi ka man galit sakín pero alam ko nasaktan kita... At ayoko sa lahat makasakit ng nararamdaman ng tao... Please ask me something, a favor... kahit ano para mapasaya kita para hindi na ako maguilty."**

**"Uy ano ka ba tignan mo oh may tumitingin na satin baka sabihin nila pinaluluhod kita dyan,"** pinipilit niya pa rin itayo si Gazelle.

**"Yohanne..."** :(

Nagbuntong hininga si Yohanne nang narealize niya na wala talagang balak tumayo si Gazelle, napakamot tuloy siya ng batok niya.

**"O sige..."**

**"Talaga?"**

**"Oo, pero tumayo ka muna dyan."**

Agad agad tumayo si Gazelle pero as soon as tumayo siya ay sabay lumuhod naman si Yohanne.

**"U-uy Yohanne!"** nabigla si Gazelle sa ginawa ni Yohanne kasi pagkaluhod ni Yohanne ay nilabas niya ang panyo niya mula sa bulsa at pinunasan ang mga nadumihang tuhod ni Gazelle dahil sa pagkakaluhod.

**"Paluhod luhod ka pa dyan eh nakapalda ka, magagasgasan ang tuhod mo nyan."**

**"Uy Yohanne hindi mo na kelangan gawin yan,"**

Tumayo na si Yohanne pagkatapos niyang punasan ang tuhod ni Gazelle, **"Sige, may favor akong hihingin sayo."**

**"Talaga? Ano yun?"**

**"Tatlong favor nga lang."**

**"Eh? Tatlo?"**

**"Oo. Una, gusto ko pag sinaktan ka o pinaiyak ka nung Larry na yun kelangan sabihin mo agad sakín para mapasalvage ko kaagad."**

"Eh?!!! Ang brutal!" O\_\_O

"Haha! Joke lang yung ipapasalvage ko siya pero yung part na kelangan sabihin mo sakín ay hindi joke, pag pinaiyak ka niya promise susuntukin ko siya."

"Ah... O sige... salamat Yohanne. Yung pangalawa?"

"Yung pangalawa? Can I have a hug?"

"Ha? Oo naman!" medyo awkward na lumapit si Gazelle kay Yohanne at niyakap ito. Saglit lang sana kaso biglang hinigpitan ni Yohanne ang hug niya sa kanya.

"At yung pangatlo," bulong ni Yohanne kay Gazelle habang yakap niya ito.

"Yung pangatlo?"

"Pwede ka bang maging kaibigan?"

"Ha? Ano ka ba! Matagal na tayong friends! Simula nung magkakilala tayo nina Eros at Eris, friends ko na kayo! Kaya nga ininvite ko kayo sa birthday ko eh!"

"Ah... O sige, papalitan ko na yung pangatlo..." hindi pa rin bumibitaw si Yohanne sa hug niya.

"Anong ipapalit mo?"

"Take care of yourself always," bumitaw na si Yohanne at tinap niya ang ulo ni Gazelle, "Yan yung pangatlo."

"Sige Gazelle, babalik na ako sa classroom." nginitian niya muna si Gazelle bago tumalikod at tumakbo palayo kay Gazelle.

\*\*\*

"YOHEEEEE!" pagkapasok na pagkapasok ni Yohanne sa classroom ay sinalubong agad siya ni Eris with a new nickname.

"Dumali ka nanaman dyan sa pagiimbento mo ng nickname!" sabay sapak ni Eros kay Eris.

"Aray hindi mo dapat sinasapak ang girlfriend mo, sige ka mababawasan yung percentage sa necklace!"

\*pouts\*

"Girlfriend ka dyan! Tumigil ka nga!" kanina pa kasi kinukulit ni Eris si Eros na siya daw yung girlfriend nito pero ayaw nitong maniwala sa kanya.

Pero habang nagtatalo sila bigla lang silang dinaanan ni Yohanne ng walang kaimik imik.

"Yohee!" tawag ni Eris kay Yohanne nang lagpasan sila nito, "Wait, what's with your face? Para kang namatayan?"

"Oo, namatayan ako."

"Haaaaa?!!" sabay na reaksyon nina Eris at Eros.

**"Namatayan ako ng puso."**

"Eh?" hindi nagets ni Eros sinabi ni Yohanne, **"Eh bakit buhay ka pa?"**

**"Ang slow mo Eros!"** tulak na mahina ni Eris sa likod ni Eros, **"Ibig niya sigurong sabihin dun ay brokenhearted siya--- WAIT! Brokenhearted ka Yohanne? What happened?" O\_\_O**

Hindi sumagot si Yohanne at dumiretso lang siya sa may upuan niya at inubob ang ulo sa desk niya. Sinundan naman siya nina Eris at Eros, kinukulit pa rin.

**"Yohee? Uy? Hello? Anong nangyari? Uy!"** inaalog alog naman ni Eris si Yohanne sa may balikat nito para kausapin sila.

Inangat din naman agad ni Yohanne ang ulo niya at nakatingin lang siya sa may harapan, sa may blackboard at nagsalita na parang kausap lang ang sarili, **"Bading ba ako kung iiyak ako?"**

Sabay inubob ulit ang ulo sa desk.

**"Haaaa? Hala Eros! Anong gagawin natin?"** nagwo-worry na si Eris para kay Yohanne.

Nagisip saglit si Eros tapos biglang tumingin siya kay Eris tapos nagtanong, **"Masama bang uminom?"**

**"Ng tubig? Walang masama dun! Ano ba namang klaseng tanong yan Ero-ero?"**

Lumingon lingon si Eros sa paligid niya at nang may makita siyang libro sa kabilang desk ay kinuha niya iyon at ipupukpok sana kay Eris kaso nakailag si Eris, **"AHHHH!!! Ero-ero! Why mo pukpok me? U SO BAD!" >\_<**

**"Common sense, wala kang common sense! Ibig kong sabihin sa uminom ay uminom ng beer, yung ganun!"**  
**=\_\_=**

**"Ahhh... Yun ba, linawin mo kasi!"**

**"Sorry ha hindi ko alam na wala ka kasing common sense." =\_ =**

**"Hmp! Pero wala naman masamang uminom basta paminsan minsan lang atsaka kung may occasion."**

**"Ah. Ok, gets ko na."** tumingin naman si Eros kay Yohanne na naka-ub-ob pa rin sa desk, pinatong niya kamay niya sa balikat nito, **"Pre, anong gagawin mo pagkatapos ng klase?"**

Sumagot si Yohanne ng hindi inaangat ang ulo, **"Wala. Uuwi ng bahay, magsu-suicide."**

Binatukan agad ni Eros si Yohanne, **"Ulo! Imbis na magsuicide ka, sumama ka na lang samin mamaya. Tarang mag-inuman."**

**"Inuman?"** napaangat si Yohanne nang marinig yun.

**"Waaa, inuman?"** napatang din si Eris sa sinabi ni Eros.

**"Oo, umiinom ba kayo?"**

**"AKO JUICE!"** sabay taas ng kamay ni Eris, **"APPLE JUICE!" (OvO)/**

Napa-face palm na lang si Eros, **"Basta mamaya pagkatapos ng klase, tarang maginuman sa clubhouse nina Memo."**

**"Pero Eros... hindi ako umiinom."** sabi ni Yohanne.

Sumingit si Eris, **"Hala Yohanne, hindi ka nainom, buti hindi ka nade-dehydrate?" \*O\***

Nilagay ni Eros ang palm niya sa mukha ni Eris at tinulak ito palayo para makausap ng ayos si Yohanne, **"Hindi mawawala yang sakit na nararamdaman mo kung hindi mo ilalabas. Ano ba inaalala mo? Papagalitan ka ng parents mo? Osy, tarang magpaalam!"**

**"H-hindi yun! Okay lang sa kanila basta wag lang akong sosobra at uuwi ako ng buhay."**

**"Yun naman pala eh! Ano pang inaayaw ayaw mo? Tara!"**

**"O sige na nga."**

\*\*\*

**"Maaaaaaaaaaaaahaaaaaaaaaaaaaal ko siyaaaaaaaa, saaagaaaaad sa buto pagmamahal ko sa kanya! Maahaaaaaal kita Gazelleeeeeeeee!" \*hiks\***

**"hahahahaha! Panget ka daaaw kasi kaya ayaw sayo! wahahaha!" \*hiks\***

**"Ansama mo Eros wahahaha! Feeling mo pogi ka! wahahaha!" \*hiks\***

**"Tingin niyo ayos pa 'tong tatlong 'to?"** pinatitinginan nina Seven, Cross, Saturn, Trey sina Eris, Eros at Yohanne na noo'y lasing na lasing na at panay ang tawa, iyak, sigawan na parang mga baliw.

**"Haha, sila yung nagyayang maginom, sila naman agad ang nalasing."** natatawang sabi ni Memo pagkainom mula sa bote ng beer niya.

Niyaya rin kasi ni Eros ang buong barkada na maginum sa clubhouse kaya eto kumpleto sila ngayong magkakabarkada pwera kay Sync, may concert ito.

**"May nasaktan ata akong babae dahil sa pagiging straight forward ko masyado... siguro nasobrahan ako sa mga sinabi ko. Masyado siguro akong naging harsh..."** pagkekvento naman ni Seven pagkatapos magkvento ni Yohanne ng love problem nito, namomroblema siya sa isang babae na lihim na minamahal niya, si Annika.

**"Harshhhh? Wow heenglish internal \*hiks\* noseeee bleeeeeding!!!"** lasing na sabi ni Eris, kasi dahil masyado siyang curious uminom ng beer ay nakitry siya ayan tuloy nalasing at parang baliw ang effect sa kanya.

**"Haha! Paakyat na kaya natin yan, kababaeng tao kasama nating mga lalaki. Lasing ka na oh, mamahinga ka na kaya."** sabi naman ni Trey na medyo worried kay Eris.

**"Hindi pa akong laseeeeeng, weeee! Seven, okay lang hiyaaaan \*hiks\* minsan kelangan mong saaktaan ang hisang tao paraa magising siya sa katotohanan \*hiks\* parang sampal lang yan,"**

**"Aray bakit mo ako sinampal,"** reklamo ni Seven kay Eris nang sampalin siya nito.

**"Heksample! Hahahahaha! Hiks. Dibaaaa pag tulala ang isang tao \*hiks\* tapos sinampal mo bigla siyang matatauhan?"**

**"Oo... Kaso galit naman siya sakin."**

**"Nasobrahan ka ng sampaaaaaaaal! Hahahaha! Napalakas! Ikaw kaya sampalin ng malakas hindi ka kaya magalit! Hahahaha!" \*hiks\***

**"Ako nga Eris, sampalin mo nga ako."** sabi naman ni Cross bigla.

**"Nye? Bakit kita sasampalin? Baleew ka ba!" \*hiks\***

**"Nainlove kasi ako sa panget, nabubulag ata ako. Kelangan ko ata niyang sinasabi mong sampal baka sakaling matauhan ako."**

**"Hindi nanaman panget si Eya ah!"** singit ni Trey.

Sumang-ayon naman si Saturn, **"Oo nga, kung ayaw mo edi akin na lang! BWAHAHAHA."**

**"Uupakan kita dyan Saturn eh, dami dami mo ng babae aagawin mo pa yung akin."**

**"Eh mukha kasing ayaw mo eh! Nagpapasampal ka pa dyan! Wahaha."**

**"Haaay nakuuu,"** pagewang gewang na sabi ni Eris at tinuro ng daliri ang mukha ni Cross nang sobrang lapit, napaatras tuloy ng ulo si Cross, **"Hindi ka nabulag, hind mo kelangan ng sampal. hindi mo kelangan matauhan kasi matagal ka ng natauhan! True love yan."**

Sabay sabay na nag-act na parang nasusuka yung mga lalaking kasama ni Eris.

**"Ang aarte niyo, bakit kayo nasusuka sa word na "true love" anong masama dun." = \_\_ =**

**"Ang bading Eris."** natatawang sabi ni Saturn.

**"True love, pinagtatawanan niyo yan,"** isa isa niyang tinuro ang mga lalaki sa harapan niya, **"Pero hindi niyo alam na yang true love na yan, iyan ang bubuo ng buhay niyo."**

"Haha, true love," napapailing na natatawa si Memo, "What a word."

Biglang tumayo si Memo, "11pm na. Uuwi na ako. Magsiuwian na rin kayo."

"Maaga pa Memo!" reklamo ni Cross.

"Lasing na yang tatlo oh," tinutukoy ni Memo sina Eris, Eros at Yohanne, "Umuwi na tayo."

\*\*\*

Umuwi na rin naman agad sila, si Seven hinatid na lang si Yohanne pauwi kasi lasing na lasing na ito. Tinagay lahat ng pwedeng mainom para lang malunod ang nararamdaman niya para kay Gazelle.

"Naparami din inom mo pre ah, klaseng bigong bigo ka talaga sa Gazelle na yun?" natatawang tanong ni Seven habang akbay akbay si Yohanne pahatid ng bahay nito.

"Oo, mahal ko siya. Mahal na mahal ko!" medyo magulo pagkakasabi ni Yohanne kasi nga lasing na siya, "Pero minsan talaga kelangan nating tanggapin na hindi para satin yung taong mahal natin... hanggang kaibigan lang kami."

"Pero base sa kwento mo kanina, ang tatag mo din eh nuh? Talagang pinili mo pa rin magstay na magkaibigan kayo kahit nireject ka nya?"

"Oo naman," napasinok si Yohanne sa kalasingan, "It's better than nothing diba? Atleast kung hindi ko man sya maging girlfriend ay maging kaibigan niya ako kasi pag kaibigan niya ako may chance pa rin akong mapasaya siya. Andun ako palagi sa tabi niya. Yun lang naman gusto ko eh, yung mapasaya siya hindi na mahalaga kung kami o hindi."

"Wow, masokista ka din eh noh?"

Tumawa si Yohanne, "Hindi ako nagpapakamasokista, ganto talaga magmahal, kasiyahan mo kung anong kasiyahan ng taong mahal mo. Kung nagmahal ka na, alam mo dapat yun."

"May tanong ako Yohanne,"

"Hanohhh yun," \*hiks\*

"Paano kung ang kasiyahan ng taong mahal mo ay yung alam mong magiging dahilan din ng ikasakit niya balang araw? Magiging masaya ka pa rin ba sa kasiyahan niyang iyon?"

"Kung ikasakit niya lang din pala sa bandang huli ang kasiyahan niyang yun, mas pipiliin kong ako na lang ang manakit sa kanya kesa saktan siya ng sarili niyang kasiyahan. Alam mo kasi Seven, wala ng mas sasakit pa sa katotohanang kaya kang saktan ng todo ng taong nagpapasaya rin sayo."

"Ang gulo ng pag-ibig noh?"

"Haha! Pag-ibig... isang salita lamang yan pero ang laking impluwensya sa buhay mo."

\*\*\*

Sa kabilang banda naman hinahatid naman ni Eris si Eros papuntang bahay nito, nagpresinta na siyang maghahatid kay Eros kahit sa kabila nang pangungulit nina Memo na sila na daw maghahatid dito kasi lasing na din naman si Eris.

**"Hangbigaaaaat mo Eroooooooooos. Nagda-dieeeeeeeeet ka baaaaaaa!"** hirap na hirap si Eris sa pagaakay niya dito sa may balikat niya.

**"BWAAAAAHHH."** hiningahan ni Eros si Eris sa may tapat ng mukha nito.

**"AAHHHHHHH BAHOOOOOOO HININGAAAA MO!"**

**"Heyngeeeel ka taposh nanlalait kaaaaaaa!"**

**"Hindi ako nanlalait, nagsasabi ako ng katotohanan! Hambahooooo!"**

**"KYAAAAAAAAA!"** napasigaw si Eris kasi hindi na niya kinaya yung bigat ni Eros at natumba sila parehas sa may sahig ng kalsada. Buti na lang wala na masyadong nadaang sasakyan kaya pwede silang magpagawang gawang sa gitna ng kalsada ng hindi nasasagasaan.

**"HARAAAAAAAY! LAMPAAAA NETOOOO!"** reklamo ni Eros nang malaglag sila sa semento.

**"Hambigat mo kaya! Mag-diet ka!" = \_\_ =**

**"Macho ako hoy! \*hiks\* Pakitaan kita ng abs ko eh!" \*hiks\***

**"Ayyy waaaag!"**

**"Bading ka ba? Takot ka sa abs!"**

**"Baaawaaaaa! Masama sa mataaaa!"**

**"Ewan ko sayo!"** biglang humikab ng malakas si Eros, **"Inaantok na ako."**

Nabigla si Eris kasi biglang pinatong ni Eros ang ulo niya sa balikat ni Eris, **"Hala uy Eros bumangon ka, ang bigat mo! Saka uy nasa gitna tayo ng kalsada!"**

**"Wag kang malikot natutulog ako,"** sabi ni Eros habang hindi pa rin inaalis ang ulo niya sa balikat ni Eris.

**"Erooooooooooooo!"** panay ang yugyog ni Eris kay Eros para umalis ulo nito sa balikat nya pero wala pa rin.

**"Ang sarap sa balikat mo..."**

**"Ha?"** nabigla si Eris sa sinabi ni Eros.

**"Namimiss ko 'tong balikat na ito..."**

**"Eh?"** nabibigla talaga si Eris kaya napatingin siya kay Eros at mas lalo siyang nabigla nang makitang umiiyak ito,

**"E-eros? Anong sinasabi mo? Saka bakit ka umiiyak?"**

**"Sabi mo ikaw siya... pero wala akong maalala... blurred ang mukha niya sa aking alaala... pati pangalan niya hindi ko matandaan... bakit ganun..."**



"Diba nga sabi ko sayo burado ang existence ko ngayon kasi nga nasa mission ako ngayon, kung maaalala niyo akong mga nakilala at nakasalimuha ko dati edi magtataka kayo at magugulantang na nandito ako kung gayong patay na dapat ako?"

"Siguro nga ikaw nga iyon, siguro nga totoo yung sinasabi mo. Pero bakit?"

"Bakit ang alin?"

"Bakit ka bumalik? Bakit kasama ako sa mission mo? Bakit AKO ang mission mo?"

"Ha?"

Inangat na ni Eros ang ulo niya at tinignan sa mata si Eris, naghihinakit siya, "**Bakit mo ako binalikan?**"

Hinawakan ni Eros ang magkabilang balikat ni Eris, "**Yung babaeng minahal ko ang laki ng kasalanan ko sa kanya! She was raped! At---- at---**"

Hindi matuloy tuloy ni Eros ang sasabihin niya kaya si Eris na ang tumapos.

"She was raped and because of *you* she died."

\*\*\*

### **She Died**

written by HaveYouSeenThisGirL

### **Chapter Nineteen \**

Author's note:

Okay here's how this chapter works:

Pag may ganto --> "\*\*\*\*" ibig sabihin niyang "nangyayari sa past" aka flashbacks, pag nag-end na yung flashback may ganto ulit --> "\*\*\*\*" . Gets? Naglagay ako niyan kasi I know sa mobile readers hindi ata naka-"italicised" ang words so nilagyan ko na lang ng ganyan para hindi confusing. :)

*"She was raped and because of you she died."*

Dahan dahan bumitaw si Eros sa may balikat ni Eris, isa-isang nagpe-play back sa isipan niya lahat nang nangyari...

"I killed you..." nanlalaki ang mga mata ni Eros at dahan dahan siyang tumatayo at lumalayo kay Eris.

"Hindi Eros, hindi ikaw ang pumatay sakin..." tumayo na rin si Eris at sinusubukan nyang lapitan si Eros pero bawat hakbang niya palapit dito ay pahakbang naman ito patalikod.

"Pero kung hindi dahil sakin hindi ka mamamatay... kung hindi mo ako sinundan... kung hindi kita pinabayaan..."

"Eros... may sasabihin ako sayo..." pilit pa ring lumalapit si Eris kay Eros pero nung maaabot at mahawakan niya na sa kamay si Eros ay biglang dumulas ang kamay ni Eros sa kamay niya hanggang sa naghiwalay ang mga kamay nila at tumakbo palayo si Eros sa kanya. Pilit niyang tinatawag si Eros pero hindi man lang ito lumingon.

\*\*\* *"Class president, wag na nating isali si Eros sa play, pampagulo lang siya, ni ayaw ngang makipagcooperate satin. Nandun siya sa may ilalim ng puno ng mangga sa may malapit sa gym at natutulog sa oras ng practice natin! Bakit sya pa ang lead guy sa play natin?"*

*"Konting pasensya lang guys, makikipagcooperate rin siya satin. Magtiwala lang tayo sa kanya."*

*"Eris! Ubos na pasensya namin para sa kanya! Nilagay natin siya sa lead role para mapataas ang grade niya at maka-graduate siya sa kabila ng failing grades niya pero kung mukhang wala naman siyang pakelam pabayaang na din lang natin siyang mag-repeat!"*

*"Pero..."*

\*\*\*

Takbo ng takbo si Eros, naiinis siya kasi patuloy na nagpe-play sa isipan niya ang nakaraan... Kamakailan lang halos wala siyang matandaan pero parang sa isang mahiwagang pangyayari tuloy tuloy ang agos ng mga pangyayari sa kanyang isipan. Sa pagkakataong ito sobrang linaw ng lahat, para bang may nagbukas na pinto ng "nakaraan" para sa kanya at nakapasok siya dun at napapanuod ang bawat pangyayari.

\*\*\* *"Eros..."* natutulog siya nun sa may ilalim ng puno ng manga nararamdaman niyang may pumipindot ng pisngi niya kaya napapabaling ang ulo niya at pinapaalis niya na parang langaw ang kamay na umiistorbo sa pagtulog niya, *"Eros... yuhuuuu... gising."*

*"Ano ba, natutulog ang tao wag kang istorbo..."* nakapikit pa rin nitong sabi.

*"Haaaaay,"* narinig niyang nagbuntong hininga ang nangiistorbo sa kanya, "1, 2, 3."

*Nagtataka siya kung bakit nagbibilang ito pero pagdating ng "3" ay napamulat na lang siya bigla bigla dahil bigla siyang sinagawan ng sobrang lakas sa tenga, "Gisingggggggggggggggg!!!"*

*"Aray! Oy! Ano ka ba ha!"* inis na sabi niya habang nakatakip sa tengang nasigawan.

*Nakangiti lang sa kanya yung class president nila, "Tara na Eros. Hinihintay ka namin." :)*

\*\*\*

"AAAAAAAHHHHH!!!" ginulo ni Eros ang buhok niya habang tumatakbo pa rin, inis na inis siya. Gusto niyang tanggalin sa isipan niya ang mga alaalang nagfa-flashback sa kanyang isip lalong lalo na yung mga ngiti ni Eris... Para kasi sa kanya yung mga ngiting yun ang nagpatibok ng husto ng puso niya, noon kasi si Eris lang ang nagtyaga sa kanyang ugali at ito lamang ang nagagawang ngitian siya bukod sa ate Risa niya.

"AHHH!!!" katatakbo ni Eros nakarating siya sa may lumang tambayan niya, sa isang abandoned na lumang building, pagkapunta niya dun nagsimula siyang manira ng mga gamit, lahat ng madampot niya hinahampas niya sa kung saan.

"OY EROS!!!" andun din pala yung mga dati niyang kasamahan na sa pagdating ni Eros ay nabigla silang lahat sa pagwawala nito, "OY ANONG GINAGAWA MO EROS? BAKIT KA NAGWAWALA DYAN?"

"AHHHHHHH!!! AHHHH!!!" parang walang naririnig si Eros at patuloy lang siya sa paghahampas ng mga gamit.

"HOY! NABABALIW KA NA BA? TUMIGIL KA DYAN!" nilapitan na siya ng ilan doon pero pagkalapit ng isa sa kanya ay sinuntok niya iyon sa inis.

"AHHH!!!"

"TAENANG----!!! BAKIT MO AKO SINUNTOK?!" reklamo nung isa na napaluhod.

Pero tatayo pa lang sana ito nang bigla siyang dambahan ni Eros at hinigit sa kwelyo at patuloy na pinagsusuntok sa mukha ng walang humpay habang sumisigaw at naglalabas ng inis, "AHHH!!! AHHH!!!"

"Hoy Eros! Hoy! Tama na yan! Hoy ano ba problema mo!" pilit siyang inaawat ng mga lalaki dun.

"AHHH! BITAWAN NIYO AKO!" pilit kumakalas si Eros sa mga umaawat sa kanya to the point na sinuntok niya ang isa dun at hindi pa siya nakuntento dun lahat ng lumalapit sa kanya ay sinusuntok niya.

"NAKAKAASAR KA NA HA! GUSTO ATA NG GULO NG BATANG ITO EH!" sigaw ng isa sa mga lalaki, "BUGBUGIN NA NGA NATIN ITO!"

Pagkasabi nun sinimulan na rin siyang pagsusuntukin ng mga lalaki dun, nakikipagbugbugan siya sa mga iyon. Lima rin ang kalaban niya pero hindi siya nagpapaawat dahil gusto niyang maaalis sa isipan niya lahat ng mga gumugulong alaala sa kanyang isipan.

\*\*\* *"Ayoko ngang mag-practice!"* sabay talikod ni Eros kay Eris.

"Pero Eros... hinihintay ka namin. Kung wala ka, hindi kami makakapagpatuloy sa pagpa-practice."

"Edi maghanap kayo ng ibang gaganap sa lead role. Tinatamad ako!"

"Pero Eros... kelangan ikaw ang gumanap sa lead role, this is a chance for you para makapasa ka, para maka-graduate ka kasama namin!"

"Ano ba ang kulit mo!" sabay tinulak niya si Eris.

Araw araw halos ganto ang eksena sa kanilang dalwa, kahit saan siya magpunta hinahabol habol siya ni Eris na parang buntot na niya. Kahit ilang beses niyang itaboy ito ay paulit ulit lamang siyang babalik balikan ni Eris para kullitin na magpractice kasama nila. Sobrang persistent ni Eris.

Isang araw pagkatapos ng klase nila ay bumalik siya ng classroom para kunin yung saklob niya na naiwan niya pero bubuksan pa lang sana niya yung pinto ng classroom nila nang marinig niyang nabanggit mula sa loob ang pangalan niya.

"WALA NAMANG KWENTA YANG SI EROS! Ni hindi nakikipagcooperate, ayaw magpractice, wala naman ata siyang pakelam kung bumagsak siya at hindi maka-graduate eh! Wala ng pag-asa yung isang iyon! Pabayaang na lang natin siya class president! Wag na lang natin siyang isali sa play natin para sa final exam!" narinig niya pa ang pagsangayon ng ilan sa nagsalita.

Totoong maaari siyang hindi maka-graduate dahil andami niya ng absent, medyo tamad kasi siyang pumasok pero hindi pa naman siya ganoong karebelde noon yun nga lang talaga wala siyang ganang mag-aral, the only chance na makabawi siya sa lahat ng absent niya ay pumasok palagi sa natitirang school days at ang makakuha ng mataas na grade sa play na gagawin nila para sa final exam nila kaya nga sa kanya binigay ng class president nila na si Eris ang lead role. Pero sadyang wala siyang ganang sumali sa play o makisalimuha sa mga classmate niyang ayaw rin naman sa kanya.

"Oo nga, pabayaang na lang natin siyang magrepeat! Wala naman akong pakelam kung maka-graduate siya o hindi!"

Hindi na lang sana siya papasok sa classroom at aalis na sana kaso napatigil siya nang marinig nyang magsalita si Eris.

"Pero guys! Wag naman kayong ganyan kay Eros! Bigyan niyo pa siya ng konting chance, konting time pa... I know makiki-cooperate din siya. Ayaw kong grumaduate tayong lahat tapos siya maiwan, gusto ko lahat tayo sabay sabay ga-graduate. We're a class, a family... and he's a part of this family. Kaya guys naman oh..."

Hindi malaman ni Eros kung bakit pakiramdam niya ay naantig siya sa sinabi ni Eris.

"Tss! Eris, ewan ko ba kung mabait ka lang talaga or baliw ka na! Hindi ba ilang beses ka na niyang sinigawan, tinulak at hindi pinansin sa tuwing pinipilit mo siyang magpractice? Bakit hanggang ngayon umaasa ka pa rin dun sa walang kwentang yun na magbago? Naniniwala ka talagang may pag-asa pa yun? Tss!"

"Oo naman, I believe in him." :)

Hindi na tinapos pa ni Eros ang pakikingig at naglakad na siya palayo ng classroom.

The next day ganun ulit ang scene sa kanilang dalwa. Recess time nila yun at naka-ubob lang si Eros sa desk niya sa may dulo ng classroom nang biglang may naramdaman siyang kumulbit sa kanya sa braso niya.

"Eros..."

"Ano ba..." naiinis niyang sabi na hindi man lang inaangat ang ulo niya, alam niyang si Eris nanaman yun at may balak mangulit na sumali siya sa practice.

"Eros... uy... mamayang pagkatapos ng klase, may practice tayo ng play hanggang 6pm okay? Attend ka ha, hihintayin ka namin."

"Tss. Namin daw," naalala niya yung mga masasamang bagay na sinabi sa kanya ng classmates niya kahapon nung nasa may pinto siya, "Hindi nila ako hinihintay, actually ayaw naman nilang sumali ako sa practice kaya bakit kelangan ko pang um-attend. Kung gusto niyong paltan ako sa lead role edi paltan niyo."

"Eros... hindi ganun yun, hinihintay ka talaga namin."

"Wag mo nga akong gaguhin, narinig ko kayo kahapon. Ayaw niyo sakin, end of story. Umalis ka nga nga natutulog ako." sabi niya na hindi pa rin inaangat ang ulo.

"Haaay," narinig niyang nagbuntong hininga ito, "O sige, sabihin na natin ayaw nga nila sayo pero ako Eros... I want you to take part sa play. Hinihintay kita."

Napatigil saglit si Eros at napaangat ng ulo, "Bakit mo ako hinihintay? Ilang beses na ba kitang tinulak, sinigawan at hindi pinansin? Hindi mo ba ma-gets ang gusto kong iparating sayo? Wala ka namang mapapala, hindi ako sasali dyan sa practice niyo."

Nakaupo si Eris sa may upuan sa harapan niya at nakaharap ito sa kanya, "Maghihintay pa rin ako mamayang pagkatapos ng klase. Attend ka ha? Malulungkot ako pag hindi."

"Tss! Langaw ka ba? Kahit ipagtabuyan ka na, lapit ka pa rin ng lapit!"

Ngumiti lang si Eris sa kanya, "Kung tingin mo isa akong langaw, edi langaw ako para sayo. Basta tandaan mo, maghihintay talaga ako sayo." :)

Tumayo na si Eris at nakangiting nagpaalam sa kanya. Naiwan na lang siya dun na parang namesmerized siya sa mga ngiting iniwan sa kanya ni Eris.

"Baliw na babae." napailing si Eros at hindi niya namalayan na sa pagubob niya muli sa desk niya ay napangiti na lang din siya, "Pero sweet."

Minsan yung isang simpleng kabutihan sa kapwa ay napakalaking bagay. Hindi mo alam na sa bawat ngiti mo ay may naliligtas kang tao. At ganun ang nangyari kay Eros, dahil kay Eris tuluyan siyang nagbago.

"TAMA NA ERIS! Hindi na yun aattend ng practice! See? Pagkabel na pagka-bell pa lamang, umalis na agad! Hindi na babalik yun! Wag ka ngang parang baliw na umaasang makiki-cooperate satin yun! Pabayaan mo na lang yun! Mabuti pa magpalit na lang tayo ng lead, ilang linggo na lang before the presentation pero konti pa lang din ang napapa-practice natin! C'mon class president!" reklamo na ng mga kaklase nila habang naghiintay sila para kay Eros nung pagkatapos ng klase.

"Pero..." nadismaya talaga ng husto si Eris, araw araw umaasa siyang susulpot si Eros at makakasama na nila itong magpractice pero kahit sa araw na yun hindi man lang ito um-attend.

"SINONG MAY SABING HINDI AKO A-ATTEND? Nagbanyo lang ako saglit! Tss!"

"EROS!!!" nabigla ang lahat at napalingon sa may pinto ng classroom nang biglang dumating si Eros, higit sa lahat natuwa ng sobra si Eris nang makita siya kaya agad agad itong lumapit sa kanya at nabigla na lamang siya nang yakapin siya nito, "I knew it, alam ko dadating ka din."

Hindi mapakali si Eros sa yakap ni Eris kasi pinapanuod sila ng buong klase, halos namumulang ewan si Eros kaya inalis niya si Eris, "A-ano ba! M-manyak nito! Tara na ngang magpractice!" (-///-)

*Ngumiti si Eris at hinawakan ang kamay niya at hinila siya palapit sa buong klase, "Tara Eros." :)*

\*\*\*

"AHHHH!!!" bugbog sarado na halos si Eros, punong puno na nga ng dugo ang damit niya pero kahit ilang beses na siyang natutumba panay pa rin ang tayo niya at walang humpay pa rin siyang nakikipagsuntukan.

Naaalala niya kung paanong nagsimulang magbago ang pananaw niya sa buhay simula nang nagparticipate siya sa practice na iyon... at naaalala niya kung paano natutong tumibok para sa isang babae sa kauna unahang pagkakataon ang puso niya.

\*\*\* *"Pwew! Nakakapagod din magpractice diba Eros?"* nagiinat ng kamay na sabi ni Eris habang nililigpit na nila yung mga gamit nila, sila na lang yung natitira sa classroom kasi 7pm na sila natapos ng practice at nagprisinta si Eris na magligpit ng mga kalat nila at ganun ni rin si Eros, nagpaiwan na rin siya para matulungan si Eris.

"Oo nga eh, pero enjoy." kahit medyo masungit pa rin si Eros nun ay kahit papaano ay mga mga pagbabagong naganap sa kanya pagtagal, nakakahalubilo na niya ng matino ang mga kaklase niya, nagagawa na niya ang mga lines niya sa play nila at higit sa lahat napalapit na siya ng husto kay Eris.

Pakiramdam niya isa siyang metal at si Eris naman ay isang magnet, hindi niya mapigilang hindi ma-attract dito. He wants to see her smile every hour, he wants to hear her voice everyday, he wants to be by her side everytime.

"Haay nako! Pag uwi ko, kakain agad ako! Ang sarap kumain pag gantong gutom! Hehe! Diba Eros?" nagtaka si Eris kasi naghihintay siya ng reply kay Eros pero nakatingin lang ito sa kanya kaya winave niya yung mga kamay niya sa harapan ni Eros, "Yuhuuuu Eros, bakit ka natutulala dyan? Yuhu---"

Nabigla siya kasi pagbaba niya ng kamay niya biglang lumapit si Eros sa kanya at dinampi ang labi nito sa labi niya. Nanlaki ang mga mata niya sa nangyari at kahit nung dahang dahang nilayo ni Eros ang mukha nito sa kanya ay nanlalaki pa rin ang mga mata niya at parang nabato na siya sa kanyang pwesto.

(Now Playing: Tonight by FM Static)

*"I remember the times we spent together on those drives*

*We had a million questions all about our lives*

*And when we got to New York, everything felt right*

*I wish you were here with me tonight"*

"A-ah eh... S-sorry... ang ganda mo kasi, hindi ko napigilan ang sarili ko..."

Napahawak si Eris sa may labi niya tapos napatingin kay Eros, tinry niyang ibuka ang bibig niya para magsalita pero sinara niya ulit. Hindi niya magawang magsalita sa pagkabigla.

"Ah eh sorry talaga! Sorry! Galit ka ba?" natataranta tuloy si Eros sa ginawa niya.

"T-that was my first kiss..." naibulalas na lamang ni Eris na hindi pa rin makarecover sa bigla.

"Ahh!" nagulo ni Eros ang buhok niya at napayuko, "Sorry Eris... nagandahan kasi talaga ako sayo... hindi ko napigilan ang sarili ko na halikan ka... Kung gusto mo suntukin mo ako kung naiinis ka sakin, sorry talaga."

"H-ha? Hindi! Hindi kita susuntukin! Pero Eros... sabi sakín ng tatay ko... dapat ang hahalikan mo lang daw ay yung taong mahal mo at wala ng iba... kasi ang halik daw ay isang importanteng bagay, isa itong simbolo ng pagmamahal... hindi mo dapat hinahalikan ang isang tao dahil nagandahan ka lang..."

"Ayan ka nanaman, nanenermon ka nanaman," napapakamot na sabi ni Eros tapos nagbuntong hininga siya, "Mahal naman kita eh."

Pagkasabi niya nun lumapit uli siya kay Eris at dinamping muli ang mga labi niya sa labi nito, "Nagagandahan ako sayo kaya kita hinalkan. At nagagandahan ako sayo kasi mahal kita."

Natulala na lang talaga si Eris.

"Hindi ako marunong, pero I'll try my best... pwede bang manligaw?"

"Ehhhh? Ano ka ba! Nauna mo pa akong halikan kesa manligaw!" >\_\_<

Namumulang natawa ng mahina si Eros, "Hehe... Sorry."

*"Wag kang mag-sorry, actually masaya ako... Oo naman, pwede kang manligaw."*

\*\*\*

"TSSS! Basurang tao lakas ng loob pumunta dito para lang manggulo! Iwan na nga natin yan! Baka mapatay pa natin yan!" sinipa pa siya sa huling pagkakataon nung mga lalaking inaway niya bago siya iwan tuluyan ng mga yun.

Nakahiga na lamang siya sa may malamig na semento at punong puno ng sugat at dugo, hindi na siya makatayo dahil sobrang nanghihina na siya. Umiiyak siya, yung mga magagandang alaala hindi niya aakalain na magiging dahilan ng pagbagsak ng mga luha niya.

*"I remember the days we spent together were not enough"*

*And it used to feel like dreamin' except we always woke up  
Never thought not having you here now, would hurt so much" ~♪♪*

Habang nakahiga siya sa malamig na semento, narerealise niya kung anong inaksaya niya, kung ano yung pinakawalan niya at kung anong pinatay niya --- ang kasiyahan niya, ang buhay niya.

"Eris... sorry..." mahina at umiiyak na sabi niya habang nakahiga at nadedesperado.

\*\*\* *"Wow! Kayo na pala!"* hindi makapaniwala ang buong klase na naging mag-boyfriend at girlfriend sina Eris at Eros. Saglit lang nanligaw si Eros, mga limang araw lang pero sabi ni Eris sapat na daw yun, alam naman niyang sincere si Eros atsaka isa pa hindi naman mababatayan ang nararamdaman ng tao sa tagal ng panliligaw nito. Atsaka isa pa, inamin na rin naman niya sa sarili niya na noon pa'y may pagtingin din siya kay Eros.

"Oo kami na, bakit may angal?!"

"Eros naman! Ang angas mo nanaman," pabirong siniko ni Eris si Eros na noo'y nakaakbay sa kanya.

"Hehe, joke lang. Good boy na po ako, prinsesa." 0:)

"Eeewwww prinsesa! Corny niyo guys ha!" pangaasar ng isa nilang kaklase.

"Uupakan kita! Grrr!" pabiro namang sabi ni Eros, good boy na talaga siya nun dahil gusto niya talagang magbago.

He loved every moment with Eris, she was his happiness. Kahit kelan hindi pumasok sa isipan niya na maaaring isang araw matapos yung mga kasiyahan nararamdaman niya, akala niya habambuhay na siyang masaya pero minsan talaga pag sobrang saya ka na saka dadating yung mga bagay na hihila sayo pababa at wawasak ng kasiyahan mo.

"Gusto ka nga palang ma-meet ng parents ko, Eros. Nakwento kasi kita sa kanila. Pwede ka ba this Saturday?" :)

"Talaga? Oo naman, hala ano dapat kong isuot? Tuxedo ba? Magne-necktie ba ako?"

"Haha! Ang OA mo, yung normal clothes lang nuh! You don't need to prepare much, magdi-dinner lang naman tayo sa bahay namin!"

"Pero kahit na dapat mukha akong tao pag nameet ko parents mo!"

"Haha! Bakit hindi ka ba mukhang tao? Haha! Ikaw talaga! Pero don't worry mabait naman ang parents ko. Lalo na yung mommy ko, sobrang bait niya sakín kasi kahit hindi ko siya tunay na mommy, pinaparamdam niya pa rin sakín na parang tunay na anak niya ako."

"Eh? Hindi mo tunay na mommy?"

"Ah hindi ko pa pala nakekwento sayo, namatay yung real mom ko nung pinanganak ako pero di rin naman nagtagal my dad met my new mom." :)

*"Ahh..."*

\*\*\*



"Ano bang klaseng buhay ito! Bakit kasi siya pa! Bakit kasi walang kwenta ang nagpanganak sakin!" dire-diretso lang ang iyak ni Eros habang nakahiga, bawat alaala ay tumutusok sa puso niya. At nung marating ng alaala niya ang "gabing" iyon, lumakas ang iyak niya, yung gabing iyon kasi yung gabing namatay si Eris ng dahil sa kanya.

\*\*\* *"Pasok hijo,"* dumating na yung gabing ipapakilala siya ni Eris sa parents nito. Pinapasok siya sa may sala ng bahay at pinaupo dun, "Wait lang ha, tatawagin ko lang ang misis ko. Nasa kusina kasi eh."

"Sige po,"

"Ayan makikilala mo si Mommy Mylene," excited na sabi ni Eris pagkaupo nila sa sofa.

"Mylene?"

"Yup, yun ang name niya. Bakit?"

"Ahh wala," pero ang totoo may naaalala siya sa pangalan na iyon.

"Eris, anak. Asan yung iyong boyfriend? Gusto ko siyang makilala." :)

"Ikaw..." napatayo bigla si Eros nang makita niya ang tinutukoy ni Eris na Mommy "Mylene".

"Ikaw ba ang boyfriend ni Eris? Nice to meet you hijo," lumapit sa kanya ang mommy ni Eris at inabot ang kamay nito pero imbis na tanggapin niya iyon ay tinulak niya lang ito na kinabigla nina Eris.

"E-eros? Anong problema?" nagtatakang tanong ni Eris.

Hindi pinansin ni Eros si Eris at galit na galit na tinignan ang babaeng tinuturing na nanay ni Eris, ang babaeng umabandona sa kanya nung sanggol pa lamang siya, ang tunay niyang ina.

Alam niya kung anong itsura nito dahil meron siyang picture nito at ang sabi rin sa kanya ng mga um-adopt sa kanya ay Mylene ang pangalan ng nanay niya.

"IKAW! Paano mo nagawa yun?! Wala kang kwenta!"

"H-ha? H-hijo anong sinasabi mo?" nabibigla si Mylene sa mga sinasabi niya.

"Hindi mo ako naaalala? Hah! Syempre, paano mo ako maaalala kung pagkapanganak mo pa lang sakin tinapon mo na agad ako?" kinuha ni Eros yung wallet niya sa bulsa ng pantalon niya at inilabas yung picture ng nanay niya at hinagis sa babaeng nasa harapan niya, "AYAN! INIWAN MO YAN DUN SA MAY BOX NA PINAGLAGYAN MO SAKIN! Anong tingin mo sakin, isang kuting para ilagay sa isang box at iwan sa kalsada? Anong klase kang ina? Pagkatapos mo akong iwan, pumunta ka sa ibang pamilya at imbis na sarili mong anak ang alagaan mo anak ng iba ang pinalaki mo? Paano mo nagawa yun?!"

"B-bryan anak... ikaw ba yan?" hindi makapaniwala si Mylene.

"HINDI BRYAN ANG PANGALAN KO! EROS ANG PANGALAN KO! At wag mo akong tawaging anak! Tinapon mo akong parang basura! Bakit pa kita nakitang muli, kinamumuhian kita! Nakakadiri kang tao! Wala kang kwenta! Mamatay ka na!" tumakbo na siya palabas bago pa siya may magawang hindi kanais nais dahil sa galit niya.

"Eros, wait!" pinigilan siya ni Eris pero tinulak niya lang ito at tumakbo na ng tuluyan.

Galit na galit siya. Noon pa man masama na ang loob niya sa mga magulang niya dahil iniwan lang siya sa isang box sa kalsada nung sanggol pa lamang siya pero kahit ganun umaasa pa rin siya na sana balang araw makita niya ang mga magulang niya kaya nga tinago niya pa rin ang picture ng nanay niya. Pero matapos niyang malaman na may ibang pamilya na pala ito at ibang bata ang inalagaan at pinalaki nito ay nabuhay ang isang matinding galit sa puso niya, galit na halos nakalimutan na ang pagmamahal niya para kay Eris.

"EROS!!!" naabutan din ni Eris si Eros sa may isang abandonang lugar, nakikipagbugbugan ito sa kung sino sinong mga lalaking andun, parang may gang fight or something.

"Anong ginagawa mo dito!!!" sigaw ni Eros kay Eris nang makita niya ito, "Umalis ka na dito! Hindi 'to lugar para sayo!"

"Eros! Galit ka ba? Anong problema? Anong nangyari kanina between you and my mom? Eros! Bakit ka pumunta dito? Ano bang nangyayari? Diba promise mo hindi ka na makikipagaway? Eros!!!"

Tinulak ni Eros si Eris, "SABI KO SAYO UMALIS KA NA!"

"Pero Eros..."

"BAHALA KA! PAG MAY NANGYARI SAYONG DI MAGANDA DITO BAHALA KA SA BUHAY MO! WALA AKONG PAKELAM SAYO!"

Iniwan niya na si Eris at patuloy na nakipagbugbugan sa kung sino.

"Oh anong ginagawa ng babae dito?" naririnig ni Eros yun pero hindi niya pinapansin.

"Teka bitawan niyo ako,"

"Tara, alis na tayo dito. Dalhin natin 'to mga pre!"

"H-ha? Bitawan niya ako! Ano ba! Bitawan niyo ako!" naririnig ni Eros ang boses ni Eris pero hindi niya ito pinapansin, patuloy lang siya sa pakikipagaway.

"Eros tulong!!!" lumingon siya at sa huling pagkakataon nagtama ang mga mata nila at pagkatapos nun nawala na ng tuluyan si Eris sa paningin niya.

Hindi niya ito sinundan, hindi niya ito tinulungan. Nang dahil sa galit niya, pinabayaan niya ang kaisa-isahang babaeng minahal niya. Pinabayaan niyang mawala ng tuluyan ang "kasiyahan" niya. Kung hindi niya siguro pinairal ang galit niya, hindi siya makakarating sa lugar na iyon, hindi siya susundan ni Eris at hindi sana nangyari kay Eris yun.

Kung sana bago maghiwalay ang mga tingin nila ay hinabol niya ito at niligtas, edi sana hindi siya gigising kinabukasan sa isang balitang...

**"Kung hindi mo sana siya dinala sa lugar na tulad nun hindi sana siya narape at namatay! Kasalanan mo ito Eros Magdayo! Pinatay mo siya!"**

\*\*\*

*"Tonight I've fallen and I can't get up  
I need your loving hands to come and pick me up  
And every night I miss you  
I can just look up and know the stars are  
Holdin' you, holdin' you, holdin' you tonight" ~♪♪*

"Eris, I'm sorry..." yun ang huling mga salitang nabigkas niya bago siya tuluyang mawalan ng malay.

\*\*\*

### **She Died**

written by HaveYouSeenThisGirL

### **Chapter Twenty \\\**

### **Now Playing: Your Guardian Angel by Red Jumpsuit Apparatus**

*♪ "When I see your smile  
Tears run down my face I can't replace  
And now that I'm stronger I've figured out" ♪*

"Hmm..." medyo nagigising na si Eros, medyo masakit ang katawan niya at pakiramdam niya dinaganan siya ng sampung elepante.

**"Eros! Sa wakas nagising ka na din!"** habang pinagmamasdan ni Eros ang paligid niya ay narinig niya ang boses ni Eris mula sa gilid ng higaan niya.

**"A-anong ginagawa ko sa hospital?"** unang tanong na lumabas mula sa mga bibig niya dahil wala pa siyang masyadong maalala kung paano siya nakarating sa hospital. Masyado pa siyang confused para makapagisip ng ayos.

**"Nakipagaway ka nanaman kasi..."** malungkot na sagot ni Eris.

"Ahh..." bigla bumalik lahat sa utak ni Eros ang mga nangyari.

"**Nakakainis ka Eros...**" napalingon ng hindi oras si Eros kay Eris kasi naramdaman na lang niyang umubob ito sa may gilid ng kama niya at narinig na lang niya ang paghikbi nito, "**Pinagalala mo ako ng sobra! Andami dami mong sugat, punong puno ka ng dugo, wala ka pang malay nung makita kita! Bakit ka ba ganyan, lagi mo na lang dinadaan sa pakikipagbugbugan! Napakabayolente mo! Asar ka!**" :(

♪ *"How this world turns cold  
And breaks through my soul  
And I know, I'll find deep inside  
me I can be the one"* ♪

"**S-sorry...**"

Inangat ni Eris ang umiiyak na mukha, "**Sorry ka dyan! Tignan mo 2% na lang natitira sa necklace! Nasayang lahat ng efforts natin! Paano na lang yung mission natin?**" :(

"Ah oo nga pala yung mission... Eris... diba sabi mo sa period ng mission mo na ito walang makakaalala sayo pero bakit kagabi naalala ko ang lahat... sobrang linaw ng mga pangyayari sa isipan ko... Naalala muli kita..."

"Hiniling ko kasi kay God na sana kahit ikaw man lang maalala mo ako..."

"Bakit?"

"Kasi sobrang natuwa ako nung gabing sinabi mong 'minahal' mo ako noon... Akala ko kasi hindi mo ako minahal..."

Pinilit tumayo ni Eros mula sa pagkakahiga niya kaya inalalayan naman siya agad ni Eris, "**Wait Eros, bawal ka pang tumayo!**"

"Akala mo hindi kita minahal? Dahil ba nung gabing yun? Dahil ba hinayaan lang kita?"

Yumuko si Eris at napakagat ng labi, naiiyak nanaman ulit siya. Pero nabigla na lamang siya nang biglang naramdaman niyang lumapat ang labi ni Eros sa may labi niya, saglit lang yun pero parang pinatigil nito ang oras.

"**Sorry Eris... nadala lang ako sa galit ko noon pero wag mong iisipin na hindi kita minahal...**" pinatong ni Eros ang ulo niya sa may balikat ni Eris, "**Mahal na mahal kita... Sorry, sorry talaga. Kasalanan ko kung bakit namatay ka... Sorry Eris... Gagawin ko lahat para lang makabawi sa kasalananang nagawa ko sayo, ano ba dapat kong gawin? Yung mission? Sige, gagawin ko lahat para mapuno yung necklace! Kung yun lang yung paraan para bumalik ka ulit, para mabuhay ka...**"

♪ *"I will never let you fall  
I'll stand up with you forever  
I'll be there for you through it all  
Even if saving you sends me to Heaven"* ♪

Inalis ni Eris si Eros sa may balikat niya at iniharap ito sa kanya, hinawakan niya ito sa magkabilang pisngi at ngumiti, **"Eros, hiniling ko kay God ang mission na ito hindi para sakin kundi para sayo... Okay lang kung hindi na ako mabuhay pang muli pero ang gusto ko Eros ay yung mawala na yung galit sa puso mo... Hanggang ngayon kasi hindi ko pa rin naiintindihan kung bakit ka nagkakaganyan, kung bakit nagrebelde ka at higit sa lahat, bakit nagalit ka kay Mommy Mylene? Hindi ko nagets yung nangyari nung gabing iyon..."**

**"Yung babaeng yun..."** napahawak ng mahigpit sa may kumot si Eros with gritted teeth upon remembering the woman who abandoned him.

**"Ayan ka nanaman, nagagalit ka nanaman,"** hinawakan ni Eris ang kamay ni Eros at tinanggal ang mahigpit na hawak nito sa may kumot, **"Nakwento sakin ni Seven dati ang tungkol sa pagiging adopted mo. Yung stepmom ko ba... siya yung real mom mo?"**

Huminga ng malalim si Eros para mapigilan ang galit na namumuo nanaman sa puso niya, **"Paano ka ba hindi magagalit sa taong binasura ka lang?"**

**"Eros, nalulungkot ako sa pangyayari sa buhay mo pero mas nalulungkot akong makitang nabubuhay ka sa galit at sama ng loob. Pamula pa noon dala dala mo na sa saloobin mo yang sama ng loob na yan diba? Kaya ka laging nagrebelde kasi sa pagrerebelde doon mo lang nalalabas ang sama ng loob mo. Pero Eros hindi ba sa tingin mo masyado ng napapatagal yang galit at sama ng loob sa puso mo? Sige ka, inaamag na yan dyan sa puso mo."**

Naisuklay ng mga daliri ni Eros ang buhok niya out of frustration, **"Ano ba magagawa ko, tuwing naalala ko ang pagabandona niya sakin nagagalit na lang ako bigla. Bakit hindi niya ako pinalaki, bakit iniwan niya lang ako sa isang box sa kalsada na parang kuting..."**

**"Parang si Love?"** naalala ni Eris ang itim na kuting na napulot nila ni Eros sa may kalsada.

**"Oo... parang si Love..."**

**"Eros, sa tingin mo bakit iniwan si Love sa may box sa may kalsada?"**

**"...kasi walang may pakelam sa kanya. Walang nagmamahal sa kanya."**

**"Pwedeng ganun nga pero naisip mo ba na pwedeng iniwan siya dun kasi hindi siya kayang palakihin ng may-ari sa kanya?"**

**"Ha?"**

**"Halimbawa yung may-ari ni Love, mahirap lang sila at dahil nanganak ng madaming kuting yung nanay ni Love napilitan yung may-ari na iwan si Love sa box sa may kalsada kasi hindi nila kayang kupkupin at palakihin ito dahil naghihirap sila."**

**"Hindi ba nila naisip na pwedeng mamatay si Love sa lamig sa kalsada o kaya sa gutom?"**

**"Naisip nila yun pero naisip din nila na kung kupkupin nila si Love, ganun din mangyayari kay Love kasi hindi nga nila kayang pakainin din ito dahil naghihirap nga sila at marami na rin silang kuting. Pero iniwan siguro nila si Love sa may box sa kalsada dahil nagbabakasakali silang sa ganung paraan may makakapulot kay Love at may kukupkop dito at aalagaan ito ng husay."**

**"Eh naisip ba nila na paano kung walang kumupkop?!"**

Eris smiled softly, "Eros, kelangan mong maintindihan na hindi ganun kadali ang buhay, na may mga pagsubok na darating sa buhay mo na minsan kelangan harapin mo mag-isa. Kung saka-sakaling walang kumupkop kay Love, kakailanganing kaharapin ni Love ang mga pagsubok na makakaharap niya mag-isa." "Kuting pa lang siya masyado pa siyang maliit, sa tingin mo kaya niyang mabuhay mag-isa kung hindi ko siya kinupkop? Hindi nya pa kayang mabuhay mag-isa!"

"Hmmm... Eros, patatagan lang." :)

"Patatagan. Tss. Ako iniwan niya ako sanggol pa lang ako, sa tingin mo tatatag ako mag-isa? Kung hindi ako kinupkop, sa tingin mo kaya kong mabuhay mag-isa? Sanggol pa lang ako nang itapon niya, ni hindi pa ako nakakalakad ni nakakapagsalita!"

Hinawakan ulit ni Eris sa magkabilang pisngi si Eros at nilapit ang mukha niya sa mukha nito hanggang sa ipinatong na niya ang noo niya sa noo ni Eros, "**Hindi ka naman pinabayaan ni God diba?**"

"Bakit ba lagi mo na lang binabanggit yang God na yan!"

"Kasi Eros," pumikit si Eris habang nakangiti, "liwan ka na ng lahat pero si God hindi."

"Ewan ko, hindi ako naniniwala sa kanya."

"Sana Eros balang araw makilala mo na rin si God, masarap sa pakiramdam pag nakilala mo na siya." :)

"Ewan ko..." habang magkapatong pa rin ang mga noo nila ay hinawakan ni Eros ang nakasabit na kwintas sa leeg ni Eris at pinagmasdan ito, "**Buti hindi nasira... grabe pala pag nakipag-away ako, ang laki pala talaga ng nababawas...**"

"Oo nga eh, sobrang natakot ako akala ko mission failed tayo."

"Maaasar lalo ako sa sarili ko pag nangyari yun kasi for the 2nd time, dahil sa sarili kong kagagawan mawawala ka nanaman. Pero Eris... hindi ka ba galit sakin?"

"Ha? Magagalit saan?"

"Dun sa ginawa ko sayo nung gabing yun... may nangyari hindi kanais nais sayo dahil pinabayaan kita..."

"Ano ka ba, wag mo ng isipin yun. Hindi mo naman yun kasalanan saka isa pa, hindi ako galit sayo kaya nga ako bumalik diba? Eros, diba nga sabi ko sayo yung mission hiniling ko yun kay God pero hindi talaga yun para sakin, para sayo yun... Gusto kong bumalik dito sa mundo kasi ayaw kitang iwan kung papaano kita huling nakita... Nung huling beses na nagtapat ang ating mga mata noon, punong puno ka ng galit. Ayaw kong mamuhay na lamang ang galit dyan sa puso mo kaya hiniling ko itong mission na ito, gusto ko magbago ka para sa ikabubuti mo dahil alam kong pag nagawa mong magbago, magagawa mong mahanap ang tunay na kasiyahan. Para sayo ang mission, hindi para sakin. Okay lang kahit hindi na ako mabuhay muli basta mahanap mo lang ang kasiyahan sa isang pusong walang nakatanim na galit."

♪ *"It's okay, it's okay, it's okay*

*Seasons are changing and waves are crashing*

*And stars are falling all for us*

*Days grow longer and nights grow shorter*

*I can show you, I'll be the one" ♪*

**"Ganun ba matatagpuan ang tunay na kasiyahan? Kung ganun nga, sa tingin ko may kulang pa rin... gusto ko mabuhay ka din kasi ikaw ang kasiyahan ko... Promise Eris, gagawin natin yang mission na yan. Magbabago na talaga ako para mabuhay kang muli, para bumalik ka. Para bumalik na tayo sa dati, para maging masaya tayo."**

Ngumiti si Eris, pero ngiting malungkot at hindi siya nakatingin sa mga mata ni Eros at nilayo na niya ang mukha niya kay Eros, **"Gagawin mo na talaga yung mission?"**

*♪ "I will never let you fall  
I'll stand up with you forever  
I'll be there for you through it all  
Even if saving you sends me to Heaven  
'Cause you're my, you're my, my  
My true love, my whole heart  
Please don't throw that away" ♪*

**"Oo, kung pwedeng mag-start na tayo ngayon, tara ng mag-start! Ano ba ang dapat kong gawin? Magdonate ng dugo? Ng pera? Tumulong? Ano dapat kong gawin prinsesa? Gagawin ko."**

**"Natatandaan mo ba yung ginawa nating Evil Dummy's guide to Kindness?"**

**"Ha? Ano yun?"**

**"Ahaha, malilimutin ka talaga. Sige ipapaalala ko sayo..."**

**"Number 1: Ask forgiveness to those you've done wrong.**

**Number 2: Make friends, learn to smile and laugh with others. Nagawa mo na yung number 2."**

**"Ha? Talaga?"**

**"Yup, naging kaibigan mo sina Yohanne at Gazelle. Pero siguro Eros mas maganda sana kung magagawa mo rin maging kaclose ang buong klase mo, tatalaga-ga-graduate nanaman kayo." :)**

**"Malabo yun... ayaw nila sakin.**

**"Nakalimutan mo na ba? Diba dati ayaw din sayo ng buong klase natin? Pero in the end nagustuhan ka din nila, kelangan lang ng effort at konting patience Eros."**

**"Sige susubukan ko..."**

**"Gawin mo, wag mong subukan. Tapos number 3: Study hard and be a responsible person. You're improving with this part, konting push na lang."**

"Then number 4: Remove all hate in your heart. Learn to forgive yourself. Alam kong galit ka pa rin sa sarili mo dahil sa nangyari sa kinabuhay mo noon pero kelangan mong mapatawad ang sarili mo Eros, wala ka naman kasalanan. Atsaka isa pa Eros, you must remove "all hate" dyan," sabay turo sa kaliwang dibdib ni Eros, "Including the hate you have for your biological parents, kay mommy Mylene at sa real dad mo kung sino man siya."

"Ha? Pero..." nagaalangan si Eros.

"Eros, number 5: Respect yourself and others. Yan yung mga guidelines para magawa natin ang mission. Kung magagawa mong lahat yan, mapupuno agad natin yung necklace in no time."

"Lima lang sila pero parang ang dami dami kong dapat gawin..."

"Hindi mo naman kelangan gawin ng sabay sabay, one step at a time Eros. Bukas pwede ka na daw lumabas ng hospital, sa tingin mo ready ka na kayang gawin ang number 4?"

"H-ha?"

"I know where she is tomorrow... you have to talk to her..."

"Hindi ko kaya..."

"Diba may mga katanungan ka na tulad ng '*bakit ka niya iniwan*'? '*Bakit hindi ka niya pinalaki at ibang bata ang pinalaki niya*'? Sa tingin mo paano mo makukuha ang mga kasagutan sa tanong mo kung hindi mo siya kakausapin? Eros, hindi mo magawang bitawan ang galit sa puso mo kasi marami pa rin mga katanungan ang bumabagabag sa iyo. Kausapin mo siya at sana pag nakausap mo siya, mapatawad mo na siya. Alam kong hindi tama yung ginawa niya na iwan ka niya pero lahat ng tao nagkakamali Eros, sigurado nagsisisi rin siya sa ginawa niya. The only way to remove the anger filling your heart is to learn to forgive those who have hurt you so bad."

Pinikit ni Eros ang mga mata at nagisip ng matagal at nang makapagdesisyon na siya ay huminga siya ng malalim at minulat muli ang mga mata, nakatingin kay Eris na parang isang batang kinakabahan na natatakot, "**Samahan mo ako...**"

♪ "*Cause I'm here for you  
Please don't walk away  
And please tell me, you'll stay, stay  
Use me as you will  
Pull my strings just for a thrill  
And I know, I'll be okay  
Though my skies are turning gray*" ♪

Ngumiti si Eris, "**Oo naman, sasamahan kita. Wag kang magalala.**" :)

\*\*\*



Nung gabi na pinauwi na ni Eros si Eris sa may clubhouse pero nung pagkabalik ni Eris sa may clubhouse sumalubong agad sa kanya si Memo na nagche-chess mag-isa sa may table ng kusina.

**"Welcome back,"** sabi nito ng hindi man lang siya nililingon habang iniikot nito ang chess board dahil parehas na black & white pieces ang kino-control niya.

**"Ah, salamat."** saad ni Eris, aakyat na sana kaso biglang nagsalita ulit si Memo.

**"Mission huh?"**

**"What?"**

**"I didn't really understand yung pinaguusapan niyo kanina ni Eros pero haay, how can I manipulate a story that includes an angel? How complicated this game is."**

**"How did you---"**

**"I went to the hospital to pay Eros a visit but when I was about to enter the room, I heard you guys talking so I stayed outside to listen or to eavesdrop, whatever you prefer."**

**"Memo, I don't really care kung anong narinig mo at kung anong balak mo. I will always block your moves, I'm not a chess piece, I can be a chess player so don't even dare touch our lives, especially Eros."**

Biglang ginulo ni Memo yung chess pieces sa may chess board at sinimulang itago na yung mga pieces sa loob ng chess board, nagsawa na siyang maglaro, **"No problem, I'll end this game and call it quits. It's too complicated, an angel involved. Hah. I've got more games to play anyway."**

Tumayo na si Memo pagkatapos imisin yung chess pieces, **"Goodnight Eris."**

**"Stop it before you regret everything."** biglang sabi ni Eris, **"Goodnight Memo."**

Hindi na niya hinintay makapagsalita si Memo at umakyat na siya ng tuluyan at pumunta sa kwarto niya sa clubhouse. Hinagis na niya ang sarili sa may kama pagkapasok na pagkapasok niya.

**"Haaay, what a day!"** hinawakan niya yung necklace niya at pinagmasdan ito, **"Lord God, salamat po sa araw na ito, salamat at nakumbinsi ko na rin po si Eros na kausapin si mommy Mylene bukas at sana nga po bukas maging successful, sana mapatawad na nga po ni Eros si mommy Mylene."**

*"Ganun ba matatagpuan ang tunay na kasiyahan? Kung ganun nga, sa tingin ko may kulang pa rin... gusto ko mabuhay ka din kasi ikaw ang kasiyahan ko... Promise Eris, gagawin natin yang mission na yan. Magbabago na talaga ako para mabuhay kang muli, para bumalik ka. Para bumalik na tayo sa dati, para maging masaya tayo."*

Naalala ni Eris yung mga sinabi kanina ni Eros at napapikit siya at napahawak ng mahigpit sa may necklace,

**"Nakalimutan na ata niya yung sinabi ko sa kanya..."**

"...na pagkatapos ng mission at successful ito, mabubuhay nga akong muli pero wala ng *makakaalala* sa existence ko bilang Eris... hindi na niya ako maaalala at hindi ko na rin siya maaalala dahil pagkatapos ng mission, sa second life ko... *hindi na ako si Eris, hindi ako nagexist sa buhay ni Eros.*"

♪ "I will never let you fall  
I'll stand up with you forever  
I'll be there for you through it all  
Even if saving you sends me to Heaven" ♪

property of haveyouseenthisgirl.yolasite.com

\*\*\*

### **She Died**

written by HaveYouSeenThisGirL

### **Chapter Twenty One \**

**"Go!"**

**"H-ha?"**

**"Go sabi!"** panay ang tulak ni Eris kay Eros pero ayaw pa rin kumibo ni Eros dahil kinakabahan ito ng sobra.

**"Hindi ko kaya Eris, ayoko na. Back out na ako, tara na uwi na lang tayo!"** tumalikod na si Eros para maglakad na pabalik pero pinigilan lang siya ni Eris sa magkabila niyang balikat at iniharap ulit ito sa direksyon ng bahay ni Eris.

Nasa may tapat sila ng bahay ni Eris nung buhay pa ito, dahil nakalabas na sa ospital si Eros at ayon sa usapan nila ay gagawin na nila yung number 4 sa Evil Dummy's guide to Kindness na "forgive yourself and forgive others" ay binisita nila ngayon ang dating bahay ni Eris kung saan matatagpuan ang tunay na ina ni Eros na si Mylene.

**"May usapan tayo Eros!"** nag-pout si Eris.

Napaupo na lamang si Eros, yung upo na hindi nakasayad yung pwetan sa may sahig at nakatingkayad ang paa habang nakayuko at ginugulo ang buhok sa kaba, **"Ahh! Hindi ko talaga kaya! Iniisip ko pa lamang na kelangan ko siyang harapin at kausapin hindi ko na malaman kung anong ire-react ko, kung magagalit ba ako, ngingiti ba o poker face!"** /(=\_=)\

Pinatong ni Eris ang kamay niya sa balikat ni Eros, **"Relax ka lang! Moment of truth na ito Eros, wag mo ng palampasin! It's time na tanggapin mo na ang nangyari sa nakaraan at patawarin mo na siya, time to let go of that anger in your heart!"**

**"Akala mo ganun lang kadali yun palibhasa hindi mo naranasan ilagay sa box at iwan sa kalsada!" = \_\_ =**

**"Para ka namang bata ee! Sige na, tumayo ka na diyan,"** hinigit ni Eris si Eros sa may braso nito para itayo, **"Pag mission accomplished ka promise ililibre kita ng lollipop!"**

He glared at her, **"Tingin mo sakin? Pupuntang dentista at takot magpabungi tapos pag nagpabungi ako may compensation na lollipop? Tss! Saka isa pa wala ka namang pambiling lollipop, wala kang pera." = \_\_ =**

Ngumiti ng malawak si Eris, **"Edi ako na lang ilibre mo! Yehey!" \(\*u\*)/**

**"Tsss! Wala ka pa rin talagang pinagbago." = \_\_ =**

**"Enough talking, ring the doorbell na!"** pagkasabi nun ni Eris siya na rin mismo sana ang pipindot ng doorbell pero biglang hinawakan ni Eros ang forearm niya para pigilan siya.

**"Promise me na kasama ka sa loob,"** tinitigan ni Eros si Eris ng mataman sa mga mata, halatang kabadong kabado talaga siya.

**"Promise!"**

Ibinaba na ni Eros ang forearm ni Eris at siya na ang pumindot ng doorbell, ilang saglit lang may nagsalita na sa may receiver.

**"Sino po sila?"**

**"Eros Magdayo."** pagkasabi nun ni Eros wala na ulit nagsalita mula sa receiver pero malipas rin ang ilang segundo ay nagbukas automatically yung gate at sinundan ito ng boses mula sa receiver.

**"Tuloy."**

Pumasok na sila at pagkarating nila sa may pinto ng bahay ay pinagbuxan sila ni Mylene. Nung una nagtinginan lang sila, walang nagiimikan.

**"Sana naalala mo pa ako, ako si Eros Magdayo."** he said in a monotone.

**"Oo Eros, naalala pa kita at hindi kita makakalimutan ana---"** she was about to say "anak" pero naghessitate siya, alam niyang magagalit nanaman ito sa kanya kung babanggitin niya ang salitang yun. 3yrs ago she tried talking to Eros pero tuwing lalapit siya lagi na lang siyang sinisigawan at tinutulak ni Eros, never syang nagkaroon ng chance na makausap ito at humingi ng sorry kaya in the end sumuko na siya sa paghabol dito para makausap ito kasi sobrang obvious na walang balak si Eros kahit kelan na makipagusap sa kanya kaya naman ngayon sobrang nabigla siya na makita si Eros sa harapan niya, nagtataka siya na dati ayaw siyang kausapin nito at heto ngayon si Eros at pinuntahan siya mismo sa bahay niya. Sobrang nakakapagtaka, parang nagkaroon lamang ng isang malaking himala, hindi niya akalaing dadating ang araw na ito na lalapitan siya ng anak niya na inabandona niya at sobrang

laki ng galit sa kanya.

**"P-pasok kayo,"** pinapasok niya si Eros at pati na rin ang babaeng kasama nito. Pinagmasdan niya rin yung babaeng kasama ni Eros, pakiramdam niya parang nakita niya na ito, pamilyar ang mukha ng babaeng kasama ni Eros pero hindi niya maalala o maisip kung saan niya ito nakita.

**"Excuse me, pwede po ba ako makigamit ng banyo?"** nung nasa loob na sila ng bahay ay pinag-serve muna ni Mylene ang dalwa ng maiinom at nung magsisimula na sana silang magusap ni Eros ay nagpasintabi si Eris upang magbanyo.

**"Sige hija, diretso ka lang tapos sa dulo kumaman ka at makikita mo na yung banyo."** tumayo na si Eris at nagdiretso na papuntang banyo. Ang totoo niyan hindi naman niya talaga kelangan gumamit ng banyo pero gusto lamang niyang mapag-isa muna si Eros at ang tunay na ina nito.

Nung kumaliwa na siya papuntang banyo ay nakita niya malapit sa banyo ang "dating kwarto niya" nung buhay pa siya, bigla bigla ay nakaramdam siya ng great nostalgia at napangiti siya habang nilalapitan niya ang pinto at hinawakan ang doorknob nito. Nung inikot niya yung doorknob at nagbukas ang pinto ay mas lumapad ang ngiti niya, naisip niyang tutal kelangan din naman nina Eros at ng tunay na ina nito na mag-usap ng sila lang ay dito muna siya sa dating kwarto niya. Na-miss niya kasi ito.

**"Tulad pa rin ng dati, walang nagbago..."** mas lalo siyang natuwa nang makitang walang masyadong nagbago sa kwarto niya, kung paano niya ito huling nakita ay ganun pa rin ito pwera na lang sa ilang gabok ng panahon.

Tinignan niya isa isa ang mga naiwan niyang gamit, niyakap niya ang mga luma niyang teddy bear, pinagmasdan ang lumang closet niya na naglalaman pa rin ng mga luma niyang damit at nakita niya rin yung luma niyang treasure box. Isang simple at maliit na box lang ito na naglalaman ng mga bagay na mahahalaga sa kanya tulad ng "candy wrapper", "panyo", "hair clip" at mga bagay na may mga sentimental value. At sa kadulu-duluhan ng treasure box na ito ay isang kapisang papel na gusot gusot at halatang pinilas lamang sa isang notebook.

**"Yung love letter na sinulat niya,"** hindi talaga mapigilan ni Eris ang mga ngiti sa labi niya habang kinukuha mula sa treasure box ang kapisang papel at dahan dahang binubuklat ito.

\*\*\*

Halos kalhating oras na rin ang paghihintay ni Eris sa loob ng kwarto niya, pakiwari niya ay nakalimutan na nina Eros at Mommy Mylene ang pagkawala ng presensya niya sa may living room, siguro masyadong masinsinan na paguusap na ang nagaganap. Paikot ikot lang siya sa kwarto niya at nagkakalkal ng mga gamit na namiss na niya, siguro magi-isang oras na iyon nang marinig nyang may pumasok sa kwarto.

**"Ah, andito ka lang pala napunta. Hinahanap ka na ni Eros."**

Napalingson si Eris nang marinig ang boses ni mommy Mylene, **"A-ah, sorry po kung pumasok ako dito sa kwarto na ito ng walang paalam... ginusto ko po muna kasi kayong mapag-isa ni Eros..."**

Nginitian siya ni Mylene at nilapitan, **"Wag kang mag-alala, okay lang yun. Alam mo ba itong kwarto na ito ay kwarto ng step daughter ko na halos tinuring ko ng tunay na anak ko... siya yung naging girlfriend ni Eros but she died because of me..."**

Pinatong ni Eris ang kamay niya sa balikat ni Mylene, **"Eros said the same thing, he thought it was his fault that she died pero wag niyo dapat sisihin ang mga sarili niyo, wala kayong kasalanan sa pagkamatay niya."**

**"It was my fault, I've raised someone's child instead of my own child."**

**"Stop blaming yourself, I know that girl is now at peace. She would never blame you or Eros for her death."**

**"Sa tingin mo?"**

Ngumiti si Eris, **"Can you not feel her presence? She's in this room right now, watching you and smiling at you."**

**"Hala! Can you see her spirit right now? May 3rd eye ka ba?"**

Naggigil si Eris ng tawa niya, if only her stepmom Mylene knows.

**"Wala po akong 3rd eye but I'm sure she would be really happy if everyone can move on from her tragic end. She wouldn't want to see the people she loves still suffering for this long."** pinunasan ni Eris yung tumulong luha sa pisngi ng stepmom niya.

**"You really remind me of her..."** napangiti na rin ito sa wakas, **"Girlfriend ka ba ni Eros?"**

**"Opo, girlfriend niya nga po ako." :)**

**"Ikaw ba ang dahilan kung bakit nandito siya ngayon at nagdesisyong kausapin ako?"**

**"Tinulak ko po siya ng konti pero sariling desisyon niya po iyon."**

**"Nararamdaman kong isa kang mabuting tao, ano nga pala ang pangalan mo?"**

**"Eris."**

Nabigla si Mylene, pakiwari niya ay narinig na niya ang pangalan na iyon at parang kilala niya pero hindi niya maalala kung saan niya ba iyon narinig o kung kilala niya ba talaga, **"Ah Eris, ako pala si Mylene. Sa tingin ko maswerte sayo ang anak kong si Eros... Ako ng nakikiusap sayo, wag mo siyang pababayaan. He might look tough pero he's actually a fragile boy, I already made a big crack on his life kaya I'm begging you... don't break him, don't break his heart. Wag mo siyang iiwan, please stay by his side forever."**

"Forever?" nasambit ni Eris sa isipan niya na medyo nagpalungkot sa kanya, "I can't even stay by his side for a month."

**"Don't worry po, I'll take care of him. Sige po aalis na po ako baka naiinip na po si Eros. Alagaan niyo rin po ang sarili niyo,"** yun na ang huling sinabi ni Eris bago tuluyang lumabas ng bahay.

Nakita ni Eris si Eros na nasa labas na ng gate at nakasandal ang likod pati na rin ang nakataas na isang paa sa may pader habang nakapamulsa at nakatungo, **"Kamusta Ero ero?"**

Inangat ni Eros ang ulo na medyo nabigla sa boses ni Eris, **"Ah andyan ka na pala, saan ka nanggaling?"**

**"Sa kwarto ko." :)**

**"Ahh..."** matamlay na sabi ni Eros at umalis na sa pagkakasandal upang makapagsimula ng maglakad.

Naglakad sa tabi niya si Eris na nagaalala para sa kanya, **"Bakit matamlay ka? Anong nangyari? Anong napagusapan niyo?"**

**"Sabi niya pinagsisisihan niya daw na inabandona niya ako, masyado daw kasi siyang bata nung ipagbuntis niya ako. 17 lang daw siya nun at naging bunga daw ako ng kapusukan niya, yung tunay na ama ko naman na dating boyfriend niya ay may asawa na pala at simula ng malaman na buntis siya ay pinagtakwilan siya at lumipat na ito ng ibang bayan kasama ng tunay na pamilya nito. Sobrang nasaktan daw siya sa pangyayaring yun, she knew that he was 10yrs older than her pero ang hindi niya alam ay may asawa at pamilya na pala ito. In short, niloko lang siya, pinaasa at ginamit."**

Napansin ni Eris na his fists start to tighten sa magkabilang gilid nito, sign na nakakaramdam nanaman ito ng matinding galit, this time hindi sa mom nito kundi sa real dad nito kaya naman hinawakan ni Eris yung left fist ni Eros para pakalmahin ito, **"Stay calm, Eros."**

Sinubukang buklatin ni Eris ang nakasarang palad ni Eros at matapos niyang magawa iyon ay nilagay niya ang mga daliri niya sa pagitan ng bawat daliri ni Eros, **"Pagpatuloy mo lang ang pagkekvento, wag kang magalala... hawak ko ang kamay mo, pag nagalit ka at naisipan mo nanaman gumawa ng mga bagay na makakapamahak sayo, pipigilan kita."**

Tumango si Eros at hinigpitan ang hawak sa kamay ni Eris at nagpatuloy silang muli sa paglalakad, **"Dahil nga bata pa lamang siya nang ipagbuntis niya ako, nagalit ang mga magulang niya sa kanya. Gusto nila ipa-abort na lamang ako dahil hindi naman niya pa ako kayang palakihin dahil hamak na studyante sa kolehiyo pa lamang siya. Pero hindi siya sumangayon sa mga ito, ayaw niya akong patayin kaya nagmakaawa siya sa mga magulang niya na kahit maipanganak man lang muna niya ako at pinagbigyan naman siya ng mga magulang niya pero mga ilang araw pagkapanganak sakín ay pinilit siya ng mga magulang niya na itapon na daw ako. Wala na siyang nagawa kundi iwan ako sa isang gilid ng kalsada sa isang box kahit sobrang labag sa kalooban niya."**

**"Pero hindi daw siya mapakali sa ginawa niya, sobrang nagaalala daw siya sakín kaya naman nung gabi ding yun imbis na dumiretso na sa bahay niya ay napagdesisyunan niyang balikan ako, pero pagbalik niya ay nakita niya sa hindi kalayuan na may dalwang tao na mukhang mag-asawa ang napadaan sa gawing iyon at nakapansin sakín sa may box sa gilid ng kalsada. Pinili niyang magtago sa likod ng isang pader na hindi kalayuan upang pagmasdan ang nangyayari at upang mapakinggan ang usapan ng dalwang magasawa, narinig niyang magdesisyon yung magasawa na kupkupin ako dahil naawa silang makita ako sa isang box."**

**"Gusto daw sana niyang pigilan ang mga ito na kunin ang anak niya, na kunin ako pero pinili niyang manatili sa kinatatayuan niya sa likod ng pader dahil naisip niyang mas makabubuti daw na hayaan na lang niya ako sa mga kumupkop sakín dahil sa tingin niya mas nasa tamang edad naman yung mga kumupkop sakín para maalagaan ako ng ayos at mapalaki ng malusog hindi tulad niya na labing pitong taon pa lamang."**

**"Kaya naman nagdesisyon siyang tumalikod na at humakbang palayo sakín, she didn't want to hurt me, she just wanted to give me a better life."**

**"And all this time I hated her for her sacrifices..."**

Tumigil si Eris sa paglalakad para yakapin si Eros kasi nakita niyang umiiyak na ito, **"Sshh, tahan na. Okay lang yan, shhh. Tahan na."**

Naramdaman niyang niyakap din siya pabalik ni Eros, isang mahigpit na yakap, isang yakap na humihingi ng alalay mula sa kanya, **"Gusto kong magalit sa tunay kong ama, gusto kong magalit sa ginawa niya, gusto kong magalit sa panakit niya sa tunay kong ina, gusto kong magalit kasi dahil sa kanya nagalit ako sa isang taong wala naman pala talagang kasalanan. Gusto kong magalit sa tunay kong ama kasi dahil sa kanya naging ganto ako ngayon pero...."**

**"Ayoko ng magalit, nakakapagod masyado. Gusto kong magmahal, gusto kong makatapos ng pag-aaral, gusto kong makahanap ng magandang trabaho, gusto kong pakasalan ka, gusto kong bumuo ng pamilya, gusto ko magkaanak... at pag nagkaanak ako, aalagaan ko siya, palalakingin ko siya, hinding hindi ko siya iiwan at pababayaan, pupunuin ko siya ng pagmamahal..."**

**"Eris,"** bumitaw si Eros sa pagkakayakap kay Eris at hinarap ito, **"Hindi ko pinagsisihan na kinausap ko ang tunay kong ina kasi sa araw na ito may narealise ako."**

**"Ano yun?"**

**"Narealise ko na all this time nabuhay ako sa galit at sa galit na iyon, wala akong narating na maganda. Ngayon, gusto ko naman mabuhay sa pagmamahal, baka sakaling may marating akong makahulugan."**

Ngumiti si Eris, sobrang natutuwa siya sa mga naririnig niya na lumalabas mula sa bibig ni Eros. It's like everyday a miracle is happening. Her Eros is no longer a boy, nagma-mature na ito. He is growing up into a loving man.

**"32%."**

**"Ha?"**

**"32% na yung necklace, sa wakas natutuhan mo din magpatawad. Napatawad mo na ang sarili mo at ang iyong tunay na ina."**

**"Eris, pagkatapos ng mission na ito... anong unang gusto mong gawin?"**

Napailing si Eris, **"Ewan ko pa, maaga pa para isipin yan."**

Dahil pagkatapos ng mission wala na siyang pagkakataon para isipin kung anong gusto niyang gawin kasi mawawala na siya sa buhay ni Eros.

**"Hmmm, hindi ka nga pala nakilala ni Myle--- mommy Mylene,"** medyo naiilang pa rin si Eros na bigkasin ang mga salitang "mommy",

**"Eh kasi nga diba wala naman talaga dapat makakaalala sakín sa panahon ng mission ko kaya ganun."**

**"Miss ka na din daw niya..."**

**"Miss ko na rin siya pero ganyan talaga, hindi habambuhay nasa tabi natin yung mga taong mahal natin."**

Humigpit ang hawak ni Eros sa kamay ni Eris, **"Pero gusto ko nasa tabi kita habambuhay, wag mo akong iiwan."**

Tinaas ni Eris ang mga kamay nilang magkahawak at pinagmasdan ito, **"It feels great to see the spaces between your fingers filled with the fingers of the one you love, diba?"**

Pinagmasdan din ni Eros ang mga kamay nila at napangiti, **"Yeah, you feel complete."**

Malungkot na inalis ni Eris ang mga kamay niya mula sa kamay ni Eros at lubhang pinagtaka naman ito ni Eros pero bago pa man makita ni Eros ang malungkot na mukha ni Eris ay napaltan na agad ito ng mga ngiti, **"Look what I've got!"**

**"Ha? Ano yan?"** nagtataka siya sa nilabas na papel ni Eris mula sa bulsa nito.

**"Edi papel! Ahahaha!"**

**"Alam kong papel yan." = \_\_\_ =**

**"Hehe! Tanda mo yung kauna-unahang loveletter na sinulat mo sakín?"**

**"O\_\_\_\_\_O"**

**"Ito yun! AHAHAHAHA! Tara basahin ulit natin!"**

**"Waaaaaaaaaag!!!"** balak sanang agawin at hablutin ni Eros yung loveletter kaso nakailag agad si Eris at tumakbo palayo kay Eros.

**"Para sa aking prinsesang mahal Eris,"** nabuklat na ni Eris ang loveletter at binabasa na ito habang tumatakbo dahil hinahabol siya ni Eros, **"Ito ang kauna-unahang beses na susulat ako para sa isang babae..."**

**"Hoooooyyyy! Wag sabi! Wag mong basahin!!!"** pilit hinahabol ni Eros si Eris kasi sobrang nahihya siya nang maalala niya kung ano ang mga sinulat niya sa loveletter na iyon. Hindi naman kasi talaga siya yung tipong may pagka-"romantiko" at yun talaga yung kauna-unahang beses na nagsulat siya ng tulad nun. Sobrang namumula na siya sa hiya habang hinahabol niya si Eris kasi she's reading it aloud eh may mga dumadaan pa man ding mga tao sa may kalsada na mga nakakarinig ng binabasa niya.

**"Bleh bleh! Habulin mo ako!"**



**"Waaaaa!!! Eris waaaaag!!! Lilibre kitang ice cream promise! Wag mo ng basahin!" >\_\_<**

**"Blehhehehe! Babasahin ko pa rin para marinig ng buong mundo!"**

**"Waaaaaaaaaaaaaaaaaaaaaaaaaaaaa!!!" (>///<) para ng kamatis sa pula ang mukha ni Eros.**

Natatawa na lang tuloy si Eris habang nililingon niya ang namumulang mukha ni Eros na humahabol sa kanya. Konti na lang, mawawala na siya sa buhay ni Eros. Mami-miss niya ito ng sobra...

*"Para sa aking prinsesang mahal Eris,*

*Ito ang kauna-unahang beses na susulat ako para sa isang babae... Ang tunay niyan, ito ang kauna-unahang susulat ako ng isang matinong sulat. Alam mo namang hindi ako mahilig magsulat, ni hindi nga ako nagdadala ng notebook o kaya ballpen sa bag ko tuwing napasok ako sa school kaya kahit ako nabibigla sa sarili ko kung papaano ako nagkaroon ng papel at ballpen para makapagsulat ng isang loveletter. Pero siguro nga tunay yung sabi nila na pag nagmamahal ka ng isang tao, nagagawa mo yung mga bagay na kahit kelan hindi mo aasahang magagawa mo.*

*Napakahiwaga ng pag-ibig, parang tinransform niya ako sa isang alien. Ibig kong sabihin ay andaming mga pagbabagong naganap sa akin simula ng makilala kita, hindi naman ako ganto dati, pakiramdam ko nga minsan hindi ko na kilala kung sino ako. Sobrang andaming nagbago sa akin at sobrang gusto ko pang magbago para sayo.*

*Simula ng makilala kita, natutuhan kong ngumiti at mabuhay ng masaya. Kahit malungkot ako o sobrang badtrip ng araw ko, makita lang kita parang nabura na lahat ng kalungkutan o pagkabadtrip ko. May magic powers ka ba? Ang lakas ng hatak mo sa akin eh. Minsan pakiramdam ko baliw na ata ako kasi bigla bigla na lang akong mapapangiti pag naaalala kita. Haay. At gabi gabi ginagambala mo ang isipan ko, hindi na nga ako makatulog ng dahil sayo! Kahit sa panaginip ko andun ka pa din. Pero okay lang, okay lang na maging isang malaking eyebag na lang ako dahil enjoy naman akong makita ka palagi sa isip ko bago matulog at pati sa panaginip ko.*

*Haaay ano ba yang mga sinusulat ko, ang korni ko na ba? Hala ewan! Hindi talaga ako marunong nito. T\_\_T*

*Pasensya ka na kung ang baduy ng loveletter ko ha? Pero promise mahal kita.*

*Ikaw yung bestfriend ko.*

*Ikaw yung girlfriend ko.*

*Ikaw yung happiness ko.*

*Ikaw yung gusto ko makasama habambuhay.*

*Ikaw yung babaeng mahal na mahal ko.*

*Salamat Eris kasi pinadama mo sa akin na ang isang gagong tulad ko ay makakahanap din pala ng taong magmamahal sa kanya sa kabila ng mga depekto niya.*

*Mahal kita.*

*Maniwala ka pag sinabi kong "Mahal kita" kasi hindi ko lang yun sinasabi kundi ginagawa at pinaparamdam ko rin yun.*

*Hinding hindi kita sasaktan, pag sinaktan kita parang sinaktan ko na rin ang sarili ko. Tandaan mo, hindi ako masokista kaya hindi ko gagawin yun, hindi ko sasaktan ang "buhay" ko. Ikaw ang buhay ko.*

*Eris Jane Trinidad, wag mo pagtawanan ang kakornihan na ito ha. liyak ako. :(*  
*Seryoso lahat ng nakasulat dito, ilang papel na ang naubos ko para lang maisulat ng husto ito.*

♥ <--- ito ang puso ko, alam ko panget ang pagkaka-drawing ko pero sana ingatan mo itong sulat na ito kasi nandito ang puso ko.

*Alam ko paulit ulit na ako, para na akong sirang plaka pero gusto ko ulit sabihin sayo na...*

*Eris Jane Trinidad, mahal kita. Mahal na mahal kita."*

**- Eros Magdayo**

property of haveyouseenthisgirl.yolasite.com

**She Died written by HaveYouSeenThisGirl**

Chapter Twenty Two \\\

**"Wala na talaga siguro akong pag-asa kay Gazelle. Ajujuju!" T\_\_T**

**"Oh bakit naman? Porket may boyfriend na wala ka ng pag-asa? Kung mag-asawa na nga naghihiwalay pa, ano pa kaya yung magboyfriend pa lang? Hintayin mo lang, magbe-break din sila!"**

**\*POINK!\***

**"Aray!!!" Y\_Y** napahawak si Eros sa may ulo niya nang bigla siyang pinukpok ni Eris sa may ulo, nasa may rooftop sila ngayon at kasama nila si Yohanne na nagla-lunch.

**"Bad! Hindi mo dapat hinihiling na magbreak ang dalwang taong nagmamahalan!" >\_\_<**

**"Nagmamahalan? Aruuuuuuuuy,"** tumayo si Yohanne at lumapit sa may railings ng rooftop at kunwa'y tatalon,  
**"Goodbye cruel world!"**

**"Waaaaaa! Baliw ka Yohanne! Wag kang tumalon!"** tumayo agad si Eris at hinila si Yohanne sa may uniform nito pabalik sa kinauupuan nila kanina, halos masira na yung uniform ni Yohanne sa lakas ng paghigit ni Eris.

**"Gusto kong tumalon! Hindi ako mahal ni Gazelle. Hanggang friends lang kami, hanggang friends lang!!! Nadudurog ang puso ko! Ajujuju!"**

**"Eeeeeeeee!!! Ano ka ba Yohanne, there's so many fish in the sea! Makakahanap ka pa ng iba! Stop being so negative!" >\_\_<**

**"Pero ayoko ng isda sa sea!!! Malansa sila! Ajuju!"**

**"Anoooo ka ba! Idiomatic expression lang yun! Ibig kong sabihin dun madami pang babae sa mundo! Higit sa isang bilyon!!! Hindi fish!" >\_\_<**

**"Hindi ko kelangan ng isang bilyong babae, sana may isang bilyong Gazelle na lang sa mundo! Ajuju!" T\_\_T**

**"Wahahahaha!"** napatigil sina Eris at Yohanne sa pagtatalo nang biglang tumawa si Eros ng malakas, nanlaki mga mata nina Eris at Yohanne tapos nagkatinginan sila.

**"Ayy nababaliw na ba si Eros?"** tanong ni Yohanne.

**"Aba malay! Naku po alam mo ba number ng mental hospital?"**

**"HEH! Hindi ako nababaliw."** napatigil tuloy si Eros sa tawa. =\_\_=

**"Eh bakit ka natawa bigla?"**

**"Nakakatawa kasi kayo! Isang brokenhearted at isang baliw." XD**

**"ANONG SABI MO? HINDI AKO BALIW!" \*glares\***

**"J-joke lang prinsesa!" \*gulps\***

Nanlaki mga mata ni Yohanne nang marinig yung huling sinabi ni Eros.

**"Ano kamo? PRINSESA? Tinawag mong prinsesa si Eris?!" O\_\_\_\_\_O**

Nagkatinginan sina Eris at Eros.

**"Ehmmm..."**

**"Uhmmm..."**

**"Ehem..."**

**"Uhh..."**

**"So...?"** naghihintay si Yohanne ng explanation habang palipat lipat ang tingin niya kina Eris at Eros.

Nagbuntong hininga si Eros as a sign na magsasalita na siya, **"She's my girlfriend."**

O\_\_\_\_\_O

**"Oh ang mata mo Yohanne, malalaglag."**

**"Di ngaaaaa? Kayo ngaaaaa?" O\_\_\_\_\_O**

Eris giggles, **"Matagal na."**

**"Wehhhhhhhhhh? Matagal na? Paanong matagal na? As in matagal na matagal na? Kahapon? Nung isang araw? Nung isang linggo? Nung isang taon?" O\_\_\_\_\_O**

**"Basta matagal na! Bago ka pa namin makilala." :D**

**"Ahh kaya pala lagi kayong magkasama! Sabi ko na nga ba! May something fishy sa inyo! Bakit ngayon niyo lang sinabi sakin, walanjo kayo parang hindi kayo kaibigan. Ge, ganyanan!" =\_\_=**

**"Hindi ka naman nagtatanong ee!" =\_\_=**

**"Magbe-break din kayo, mag-asawa nga naghihiwalay. Kayo pa kayang mag-boyfriend girlfriend lang." =\_\_=**  
panggagaya ni Yohanne sa sinabi kanina ni Eros.

**"Aba't itong si bitter! Eris, pwede ko bang bugbugin ito? Ngayon lang promise!"** sabay tayo ni Eros at kunwaring bugbugin si Yohanne.

**"Waaaa! Eris oh,"** tumakbo si Yohanne sa likod ni Eris, **"I-break mo na nga, bayolente masyado."**

Wala na lang nagawa si Eris kundi matawa habang nasa pagitan ng nagkukulitan na Eros at Yohanne. Natutuwa siya kasi pag natapos ang mission niya, atleast alam niyang meron siyang pwedeng pagiwanan kay Eros. Andyan si Yohanne, na kahit hindi nila amining dalwa ay sobrang nagkakasundo na sila at sobrang close na nila sa isa't isa. Hindi man nila aminin, magbestfriend na silang dalwa. At hiling niya na sana magtagal ang pagkakaibigan ng dalwang ito.

**"Sshhh! Behave na nga kayong dalwa, tarang kumain na lang! Tapusin na natin ang lunch natin, maya maya ng konti magbe-bell na."**

Binehlatan ni Yohanne si Eros at gumanti si Eros ng isang behlat kay Yohanne. Para talaga silang mga isip bata, natatawang sabi ni Eris sa isipan niya.

Umupo na ulit sila sa semento ng rooftop at pinagpatuloy ang pagkain.

**"May balak nga pala kami ng mga pinsan kong magmountain hiking this Saturday,"** biglang panimula ni Yohanne, **"Gusto niyong sumama? Libre pamasaha, aarkila kami ng jeep."**

**"Tara Eros sama tayo!"** excited na pagyayaya ni Eris.

**"Ehh..."** napahawak si Eros sa may batok niya, **"Hindi pwede ehh..."**

**"Ha? Bakit?"** >\_<

**"Nangako ako sa ate Risa ko at kay Chill na sasamahan ko sila sa zoo this Saturday... Ayokong biguin ang pangako kong iyon kasi alam niyo naman kondisyon ni ate, I don't want to miss any moments with her..."**

**"Oh, okay lang Eros. Brother mode ka pala sa Sabato. Kamusta na nga pala ate mo?"** pagtatanong ni Yohanne kasi nakwento na rin sa kanya ni Eros ang tungkol sa malalang sakit ng ate nito.

Lumungkot yung mukha ni Eros, **"Palala ng palala. Kagabi sumuka nanaman siya ng dugo tapos sobrang payat na niya. Minsan nga natatakot akong danggilin siya o hawakan siya, pakiramdam ko kasi kahit gaano man kagaan ng hawak ko sa kanya ay masasaktan ko siya o mababali ko siya."**

**"Oh... Ano ba sabi ng mga doctor? May chance ba?"**

**"Yun nga yung problema, ayaw niyang magpatingin sa doctor. Ayaw niya magstay sa hospital. Hindi siya naniwala sa kanila, wala daw silang karapatan bigyan siya ng 'due date', hindi naman daw sila ang may hawak ng buhay niya."**

**"Sabagay may point ang ate mo pero... haaay ewan. I really wish gumaling na ang ate mo."**

**"Wish ko rin,"** sabay napatingin si Eros kay Eris. Nagtama ang mga mata nila at nagkaintindihan agad sila sa huling sinabi ni Eros. He really wish na gumaling ang ate niya that's why he's doing the mission.

\*\*\*

Saturday came at maagang gumising si Eros para makapagprepare na. May date siya between his sisters Chill and Ate Risa.

**"Zoo! Zoo! Zoo!!!"** habang papalapit na siya sa kwarto ng baby sister niya na si Chill ay naririnig na niya itong nagsisigaw dahil sa excitement, he can even imagine her jumping on her bed like what normal kids do when they are excited.

**"Di pa ba kayo tapos?"** nagkunwaring irita si Eros to mask his embarrassment, he feels embarrassed kasi ito yung first time na gagawin niya ito. He never had a date with his sisters, he has always been busy fighting and doing nonsense things in the streets eversince.

**"Coming kuya Eros!"** tumalon si Chill from her bed pagkatapos na pagkatapos siyang maipitan ng ate nito at direktso siyang tumakbo papunta kay Eros sa may pintuan at hinawakan ang kamay niya.

Kamuntik ng mamula si Eros, pakiramdam niya nanlambot ang puso niya ng hawakan ng baby sister niya ang mga kamay niya. The soft hands of a 6yr old kid touching a rough hand of a rebel guys is a feeling he can't even describe, through her little sister's hand he can feel the love... the love of a little sister, the love of a family.

And that's just when he realised that he has been a fool to think that he was unfortunate just because he's adopted... in this house he has always been treated as a part of the family, he was the only one who always try to deny it. How stupid of him.

**"Ate Risa, let's gooooo!!!"** sigaw ni Chill habang hinihila na ang kamay ni Eros, bago sila tuluyang umalis ay nagkatinginan sina Risa at Eros at bigla siyang nginitian ng ate niya.

Sabay tumawa ito, **"Yeah, let's go."**

\*\*\*

Maghapon sila sa zoo, nagtitingin ng mga hayop at sobrang tuwang tuwa si Chill sa mga nakikita niyang hayop. Panay ang tanong nito kung anong tawag dun sa mga hayop tapos nung makakita si Chill ng orangutan sa zoo ay bigla niya itong tinuro at nagtanong.

**"What's that ate Risa? Kamukha ng ibang monkeys pero kamukha din ni kuya Eros!!!"**

**"Ahaha! That's an orangutan Chill, monkey din parang si kuya Eros."** natatawang sabi ni Risa.

Sinimangutan ni Eros ang dalwa niyang kapatid, **"Hindi ako monkey." = \_\_ =**

Enjoy naman sila sa zoo kahit medyo nakakapagod ang paghabol kay Chill, palibhasa bata ang hilig magtatakbo. Sobrang energetic ng baby sister niya, nung nagyayaya na nga silang umuwi ay ayaw pa nitong umalis sa zoo pero syempre hindi naman sila pwede magstay pa kasi anytime soon magsasara na yung zoo kaya kahit pahirapan sa huli ay nakumbinsi rin nila si Chill na umuwi na by buying her some candies.

Nung gabi ding yun, nung tapos na silang maghapunan at natutulog na ang lahat ay nagpunta si Eros sa may hammock sa backyard nila dahil alam niyang matatagpuan niya dun ang ate Risa niya tuwing gabi.

**"Hindi ka nanaman makatulog nuh?"** tanong ni Eros pagkaupo sa tabi ng ate Risa niya.

**"Ayoko matulog, pag namatay ako forever na akong matutulog."**

**"Ate naman, ayon ka nanaman. Hindi ka pa mamamatay."**

**"Hmm... Thank you Eros."**

He gave her the "what-for-look".

**"Alam ko going to the zoo with your sisters is not your thing." :)**

**"Yeah, hindi nga talaga pero okay lang, worth it naman. Saka isa pa natatakot ako na baka yun na yung last day na I'll be taking out my big sister on a date kaya hindi ko na pinalampas."**

Naramdaman niya ang pagyakap ng Ate Risa niya sa braso niya at ang pagpatong nito sa kanyang balikat, **"You're the sweetest brother. Please take care of your sisters."**

Sisters in plural form kasi buntis rin ngayon ang mom niya, or let's say ang babaeng umampon sa kanya, at malapit na itong manganak. It's going to be a baby girl.

**"Don't let them get hurt. When Chill grows up, I know she's going to be a beautiful girl and guys gonna go crazy over her and then time will come that she's going to fall inlove but make sure to break the face of the guy who will break her heart."**

Then she paused and laughed, **"Nah, I'm just kidding. Don't break his face, I don't want you to hurt anybody anymore. Can you do this favor for me, Eros... stop fighting and stop being a rebel?"**

Hindi muna sumagot si Eros at napatingin siya sa sa mabituang langit, ginawa niya yun para mapigilan ang mga nagbabadyang luha sa kanyang mga mata. Naiiyak siya kasi naiisip niyang sa way ng pagsasalita ng ate Risa niya para bang nagbibilin na ito sa kanya at malapit ng mamaalam. Hindi niya kayang isipin na balang araw, uupo siyang muli sa duyan na ito sa gantong oras din pero pag tingin niya sa kanan niya ay wala na siyang katabi, wala na si ate Risa. Hindi niya kaya yun, iniisip niya pa lang ay naiiyak na siya.

**"Okay, I'll stop rebelling but I won't stop fighting. You know what sis, fighting is not bad as long as you know that what you're fighting for is something that you know is worth it and right. And you are the best fighter I've ever known in my life, sis. You're stronger than me."**

Totoo yun, kasi kahit kelan hindi niya nakitang mag-break down ang ate Risa niya o magreklamo man lang sa kabila ng kondisyon niya. She did not blame anyone for having such illness that can kill her in a young age. She's just 20 and she's too young to die, andami pa niyang pwedeng magawa sa buhay...

Naramdaman na lang tuloy ni Eros na may isang luha ng nakatakas sa mga mata niya pero agad niya itong pinunasan para hindi makita ng ate Risa niya, nahihiya kasi siya. Umubo muna siya ng konti para hindi mag-croak yung voice niya, **"You're the strongest person I've ever met, you're fighting 'til the end. Since the day you knew about your illness, I never saw you giving up not even for a second. If I were in your position, I might not be able to reach the point you've already reached. Death did not scare you, it's already in front of you but still you can smile. There's really nothing to do about it, huh?"**

**"Death, death, death. What's the big deal about it?" she smiles to him, "Death nor any sickness can control your life, they would enter in your life but you should never succumb yourself to them. Hey Eros, I'd like to ask you to sign something..."**

Biglang nilabas ng ate Risa niya mula sa bulsa nito ang isang papel at isang ballpen, hindi alam ni Eros kung para saan yun pero ano pa man ay pinirmahan niya ito para sa ate niya. Lingid sa kaalaman ni Eros ang pinirmahan niya ay isang "kontrata", kontrata ng Ate Risa niya na naglalaman ng sampung pirma mula sa mga taong mahalaga dito na gustong maaalala ng Ate Risa niya sa kabilang buhay. At isa na dun ang pirma niya, isa siya sa mga taong ayaw malimutan ng Ate Risa niya sa oras na kelangan na nitong lisanin ang mundo.

**(Author's note: Read "10 Signatures to Bargain with God" if you want to understand more about the "Contract" of Ate Risa)**

**"Tara picture tayo Eros,"** matapos itago sa bulsa ang papel at ballpen ay inutusan siya ng ate niya na ilabas ang cellphone niya para magpicture.

Nilabas naman ni Eros ang cellphone niya at itinaas ito para ma-capture silang dalwa ng ate niya, **"1,2,3--- KESO!"**

Pagkatapos marinig ang "Click!" ay tinignan nila ang result ng picture nila, it was cute. Parehas silang naka-smile at nakapeace sign, pinindot ni Eros ang "option" at sinet as wallpaper ang picture na iyon.

**"Last picture na siguro natin?"**

**"Yeah maybe, promise me not to change your phone's wallpaper until you find the girl you're sure you'll love for the rest of your life. And everytime you're thinking of hurting that girl, just look at that picture because everytime you hurt a girl, you'll be hurting your sister too."**

Napangiti si Eros, naisip niya na mapapaltan na tuloy agad niya yung wallpaper niya. Matagal na kasi niyang nakita ang babaeng sigurado siyang mamahalin niya habambuhay.

Pero sa ngayon si Ate Risa muna ang babaeng uunahin niya sa buhay niya, tatapusin niya ang mission nila ni Eris. Hindi niya hahayaang mawala sa tabi niya ang ate niya kasi pag nawala ito...

**"I will surely miss you, Ate Risa."** ma-mimiss niya ito ng sobra sobra.

Napayakap siya sa ate niya at tuluyan na siyang napaiyak na parang bata. Hindi lang iyak kundi isang hagulhol tulad ng dati nung mga bata pa sila, tuwing madadapa siya at lalapitan siya ng ate niya para patahanin siya at pagaanin ang sakit na nararamdaman niya.

\*\*\*



For the past few days ginagawa na lahat ni Eros ang pwede niyang magawa para mapabilis nilang matapos ang mission lalong lalo na sa mga nangyari recently. May isang good news at isang bad news kasi.

#### GOOD NEWS:

The other day nanganak na yung adoptive mom niya ng isang healthy baby girl, pinangalanan ito ng ate Risa niya na "Happy" kasi it will bring happiness daw to the whole family. Sabi nga nila sana "Joy" kung ganun pero sabi ni Ate Risa masyado na daw maraming may pangalan na Joy kaya naisip nitong mas unique ang pangalang "Happy". Tuwang tuwa din si Eros sa pagkakaroon ng bagong kapatid, humingi na rin siya ng tawad sa mga adoptive parents for being such an ungrateful kid. Imbis kasi na magpasalamat siya sa mga ito sa pagkukup sa kanya at sa pagturing sa kanya ng mabuti at parang tunay na anak ay nagrebelde pa siya at binastos niya pa ang mga ito. Nagsisisi tuloy siya, masyado siyang naging madrama at irrational. Pakiramdam niya tuloy parang siyang isang isip bata sa mga ginawa niya.

Pero all in all, naayos na niya ang gusot na ginawa niya sa pamilya at ngayon kahit papaano nagkakasundo na sila ng mga adoptive parents at tuwang tuwa siya nang mahawakan at mabuhat niya ang baby sister niya na si Happy. Nung una takot na takot siyang buhatin ito kasi baka bigla niyang mabitawan ito o masaktan pero nung nasa mga kamay na niya ito, sobrang gumaan ang pakiramdam niya, nginitian siya nung baby at natagpuan na lang niya ang sarili niya na naiiyak... the smile of a baby is so pure... it felt so wonderful to see one.

#### BUT THE BAD NEWS?

The next day kinailangan na nilang dalhin ng sapilitan ang Ate Risa niya kasi nung gabi ay nagsuka ito ng nagsuka ng dugo to the point na nawalan na ito ng malay. Pilit nila itong ginigising pero hindi ito magising gising at ang hina ng heartbeat nito kaya naman kahit alam nilang ayaw ng Ate Risa niyang magpadala sa ospital ay dinala pa rin nila ito sa takot na mawala ito sa kanila ng tuluyan.

#### **"Ilang percent na lang Eris?"**

#### **"5% na lang. Konting konti na lang!"**

**"Ano pa dapat kong gawin?"** andami na talaga niyang nagawa. Halos nabuo na nga yung "Evil Dummy's Guide to Kindness" na sinulat ni Eris para sa kanya.

Nagaaral na siyang mabuti para makabawi sa mga failing grades niya dati at everyday pumapasok na siya at never siyang nagpapa-late. At nakiki-cooperate na siya sa klase, everyday nga nagki-cleaner siya pagkatapos ng klase na dahilan para ikabigla ng lahat. Sabi nga ng iba niyang kaklase baka daw nasapian ng kung ano si Eros kasi sobrang nagbago ito, lagi daw nakangiti sa kanila at hindi na sila sinisigawan nito o kaya tinatakot na susuntukin. Naging sobrang bait na ng pakikitungo nito sa mga kaklase niya at kahit papaano nawawala na ang takot ng mga kaklase niya sa kanya at unti unti ay nilalapitan at kinakausap na siya ng mga ito. One time nga ininvite siya ng mga kaklase niya na maggala sa Mall at magkaraoke at video games muna, that was the first time na niyaya siya ng mga kaklase niya. He's becoming part of the class and Eris is very happy for him.

Syempre nag-sorry na rin siya sa lahat ng mga inaway niya, sinubukan niya ibalik yung mga ninakaw niyang gamit sa mga ilan sa tinakot niya at yung mga hindi niya pa kayang ibalik ay nangako siyang pag-iipunan niya iyon para maibalik sa mga pinagnakawan niya.

Nirerespeto na rin niya ang kapwa niya, minsan nga nasa may tawiran sila at tinulungan niya ang isang matanda na tumawid ng kalsada na maraming mabibilis na sasakyan na dumadaan. It was one of the greatest thing na ginawa ni Eros kasi kusa niyang ginawa yun, walang sinabi si Eris na tulungan niya yung matanda, siya mismo ang nagkusang gawin yun.

Kaya ito sila ngayon 95% na ang laman ng necklace, 5% na lang matatapos na nila ang mission nila.

**"Mamaya na muna natin isipin kung anong next na gagawin, sa ngayon kain muna tayo! Nagugutom na meeee! Libre mo ako!" \*pouts\*** sabay tinuro ni Eris yung nakita niyang tindahan ng shake, egg sandwich at ng mga burger sa may kabila ng kalsada.

**"Alam mo ang liit liit mo pero ang laki laki ng tyan mo, lagi ka na lang gutom." =\_\_=**

Nagsmile ng malapad si Eris, **"Hoho! Some things are not what it seems like it!"**

**"Psh!"** biglang umakbay si Eros kay Eris, **"Kung hindi lang kita mahal eh hindi kita ililibre dyan."**

**"Buti na lang mahal mo ako! Mwahahaha!" XD**

=\_\_\_\_\_ =

Pumunta na sila dun sa may tindahan at bumili ng tig-isang shake at tig-isang egg sandwich, nagbabayad na si Eros nang biglang may mga batang maamos ang lumapit dun sa tindahan. Mukhang mga pulubi ito, ang papayat nila at sobrang dungis nila.

**"Ale, ale. Palimos naman po, gutom na gutom na kami. Ilang araw na po kaming hindi nakain."** nanghihingi ng limos yung mga bata dun sa tindera pero sinimangutan lang sila nito at ang malala pa ay sinigawan sila ng tindera.

**"UMALIS NGA KAYO! Ang dungis dungis niyo! Naku! Alis! Nakakadiri kayong mga bata kayo!"** pilit pinagtatabuyan nung tindera yung mga bata.

**"Ale ale... maawa na po kayo... gutom na po talaga kami..."**

**"Wala akong pakelam! Umalis na kayo! Lalangawin paninda ko! Alis!"**

Nabigla si Eros sa inaasal nung tindera, siguro kung siya pa yung dating Eros ay pagtatawanan niya lang yung kundisyon ng mga bata. Kung siya pa yung dating Eros, either susungitan niya rin yung mga bata o aalis na lamang at walang pakelam kung nagugutom man ang mga ito.

Pero hindi na siya ang dating Eros...

**"Aleng tintera,"** napatigil sa pagsigaw yung tintera nang marinig niyang tinawag siya ng customer niya, **"Tatlong burger pa nga po at tatlong shake."**

**"H-ha?"**

**"Para sa mga bata. Ako magbabayad. Wag mo silang pagtabuyan na parang langaw kasi mabaho man sila dahil hindi pa sila nakakaligo ay sa tingin ko mas mabaho pa ang ginagawa mong pagtataboy sa kanila at kahit maligo ka man sa tingin ko hindi maaalis ang kabahuhan mo."**

Napanganga yung tintera sa sinabi ni Eros, **"Ang kapal ng mukha mo para sabihin sakin yan!"**

Hindi na lang pinansin ni Eros ang inis ng tintera, **"Tatlong burger at tatlong shake, gagawa ka ba o hindi? Aalis na lang kami at sa iba na lang bibili kong hindi."**

Waring napahiya ay gumawa na lang agad ang ale ng tatlong burger at shake at pagkatapos ay binigay dun sa mga bata.

**"Kuya, salamat po!"** tuwang tuwang sabi nung mga musmusing bata.

Hinawakan ni Eros sa ulo ang isa sa mga bata at ginulo ang buhok nito sabay ngumiti, **"Mag-iingat kayo palagi ha?"**

Tumango sila at nagpaalam na kay Eros at kay Eris.

**"Wow! I can't believe it, did you just do that?"** nakangiting namamanghang sabi ni Eris.

**"I just did, hindi kapani-paniwala diba?"**

**"You're such a miracle Eros!"** tuwang tuwa si Eris tapos bigla niyang inangat yung necklace at masayang binalita kay Eros, **"100%."**

**"Congratulations to us."**

Nanlaki mga mata ni Eros at pakiwari niya nanalo siya sa lotto na ewan at sa sobrang tuwa niya niyakap niya si Eris at binuhat ito.

**"Yes! Yes! Yes!!!"**

**"Waaaa! Eros natapon yung drinks natin! Waaaa!!!"** sa pagkakayakap kasi ni Eros parehas nilang nabitawan yung shakes nila pero hindi na yun pinansin pa ni Eros.

**"Ang saya saya ko! Sa wakas! Tapos na! Gagaling na si ate Risa, babalik ka na! Ang saya!!!"**

**"Ahahaha! Ano ka ba Eros, ibaba mo muna ako! May sasabihin pa ako! Ahahaha!"**

Binaba naman siya ni Eros, **"May sasabihin ka pa? Ano yun?"**

Napakamot si Eros at napayuko, **"Ummm... may sinadya akong kaligtaang sabihin sayo mula pa sa simula ng mission..."**

**"Ano yun?"**

**"Ummm... eh... kasi... ano..."** hindi mapakali tuloy si Eris.

**"Ano ba yun?"**

**"Hindi pa talaga tapos yung mission."**

**"Haaaaa? Edi ba 100% na yung necklace?"**

**"Oo pero... there's one thing you need to do para ma-conclude na natin na tapos na talaga ang mission. One important thing..."**

**"Ano yun?"**

**"You need to pray."**

**"WHAT?!"**

**"You need to talk to God..."**

**"ANO?! TEKA..."**

Nagbuntong hininga si Eris, **"Oo alam ko hindi ka naniniwala sa Kanya kaya nga nung umpisa pa lang hindi ko na muna sinabi sayo itong rule na ito sa mission kasi alam kong once na malaman mo na ang tungkol dun agad agad ka ng aayaw sa mission kahit anong pilit pa ang gawin ko sayo. Kaya naisipan kong pag nag-100% na yung necklace ay mas malaki ang possibility na magawa mong magpray at makausap si God kahit saglit lang..."**

**"Ha? Paano ko kakausapin ang isang nilalang na hindi ko nga kilala, na hindi ako naniniwalang nage-exist!"** medyo inis si Eros sa narinig.

**"Pero Eros... saglit lang naman... He will grant your wish if only you'd talk to Him... He will listen to you... please talk to Him..."**

**"I don't know HIM! Hindi ako naniniwala sa Diyos!"**

**"Pero Eros...."** hinawakan ni Eris yung braso ni Eros pero biglang inalis nito ang kamay niya at tumalikod sa kanya. Naglakad ito palayo ng walang imik.

**"Lord God... paano na po yan..."** nasabi na lang ni Eris sa kinatatayuan niya.

\*\*\*

The next day...

Hindi mapakali si Eris sa clubhouse kasi hindi pa rin nagpaparamdam sa kanya si Eros. Pinagmamasdan niya yung necklace, puno na nga ito pero hindi pa rin nila tuluyang matapos yung mission kasi ayaw kausapin ni Eros si God.

Noon pa man kasi ay hindi na naniniwala si Eros kay God. Kahit ilang beses na siyang nagkwento kay Eros tungkol kay God ay ayaw pa rin siyang paniwalaan nito. Hindi daw siya interesado.

Pero hiling niya talaga na balang araw makilala din ni Eros si God. Masaya pag may God sa buhay mo, alam mo kasing kahit pinagtatabuyan ka na ng lahat o kahit pasan mo na ang mundo ay hindi ka pa rin nag-iisa dahil andyan si God sa buhay mo at kahit kelan hindi ka niya iiwan. Bibigyan ka niya ng lakas sa tuwing nanghihina ka, pakikilingan ka niya sa tuwing walang gustong makinig sayo, andyan lang siya sa tabi mo pag lahat ng taong inakalamong hindi ka iiwan ay umalis na. God is great all the time.

Kung tatanggapin lang sana ni Eros si God sa buhay niya, gagaan ang loob ni Eris at hindi na siya magaalala para dito sa oras na kelangan niya ng iwan ito.

**"Haaay, kung hihiga lang ako dito at tutunganga, walang mangyayari."** tumayo na si Eris at nakapagdesisyon na pupuntahan niya na si Eros at kukumbinsihin ito. She wants to do everything for Eros' sake.

**"Don't worry Seven... everytime I play a game, I make sure my pieces win. It's gonna be a happy ending for everyone so no need to sober, my friend."**

Nung pagkababa niya ng clubhouse ay narinig niya ang boses nina Memo at ni Seven na naguusap.

**"Shut up you psychopathic bast@rd!"** saktong naabutan niyang susuntukin ni Seven si Memo kaya tumakbo siya papunta sa mga ito at pumagitan sa kanila.

**"STOP!!!"**

Nakastretch ang mga kamay ni Eris habang nakapikit siya.

**"Eris, get out of the way."** nagpipigil ng inis na sabi ni Seven. Hindi niya alam kung bakit nagagalit ito kay Memo gayung magkaibigan naman sila. Maybe may ginawa nanaman si Memo na hindi kanais nais, baka may koneksyon sa manipulating games nito. Tsk.

**"I will if you promise not to hit him."** ayaw niyang may sakitang mangyari sa pagitan ng dalwang lalaki kaya nagpupumilit siyang pumagitna sa dalwang ito kahit hindi niya alam ang dahilan ng pagaaway ng dalwa.

**"Oh I guess I got myself a guardian angel here. Haha!"** pangaasar na sabi ni Memo as he stood next to Eris.

She can hear so much sarcasm sa boses ni Memo, she has had enough of him. Kelan kaya nito matatagpuan ang taong magiging katapat niya? Sana dumating na yung taong yun SOON. Memo needs someone to stop him with his sick games before its too late for him.

**\*Slap!\***

Humarap si Eris kay Memo at sinampal ito. That was a warning for him, he better wake up from these evil manipulative games or else he'll pay the consequences.

Pagkasampal niya kay Memo ay bigla niyang hinila ang kamay ni Seven at tumakbo na palabas.

**"Uhh... Eris... wait, where are you taking me?"** biglang tanong ni Seven habang tumatakbo sila.

**"Ha? Uh, ewan."** napabitaw si Eris sa kamay ni Seven at napakamot ng ulo, she has no idea kung bakit hinila niya rin si Seven palabas ng clubhouse. Nawala lang siguro siya sa sarili niya kanina dahil sa inis kay Memo.

**"Umm... Alam mo ba kung nasaan si Eros?"** naisip na lang niyang itanong kay Seven.

**"Hindi."** sagot nito na medyo confused pa rin sa inasal ni Eris.

**"Oh. Sige, bye!"** tumalikod na siya kay Seven, siguro pupunta na lang siya sa bahay ni Eros baka matagpuan niya ito doon.

**"Umm..."** hindi niya alam kung bakit pero napatigil siya sa paglalakad at lumingon kay Seven, **"Seven, nainlove ka na ba?"**

**"H-ha?"**

**"Alam mo ba yung pakiramdam na lagi mo siyang naiisip, napapasaya ka niya, isang silip mo lang sa kanya ay nabubuo na ang araw mo... gusto mo laging marinig ang boses niya... tapos pag nakikita mo siyang malungkot... nalulungkot ka rin... alam mo ba yung mga pakiramdam na iyon Seven?"** ewan niya ba kung bakit bigla bigla ay nagsasalita siya ng ganto sa taong hindi naman niya halos kilala. All of a sudden kasi pumasok sa isip niya na oras na puntahan niya ngayon si Eros at oras na makumbinsi niya ito na mag-pray ay matatapos na ang lahat...

Matatapos na ang mission...

Maga-grant na yung wish ni Eros...

At pagkatapos nun...

Mabubuhay siyang muli pero hindi na siya siguro kung magtatagpo pa ba ang landas nila ni Eros sa ikalawang buhay niya. Lahat ng masasaya at malulungkot na alaala ay mawawala.

Mamamaalam na siya. Maghihiwalay na sila.

Nalulungkot siyang isipin yun, pakiramdam niya ayaw niya ng matapos ang mission na ito, gusto niya ganto na lang sila habambuhay pero... may mga bagay na hindi pwedeng manitili kung papaano natin ito gusto.

**"Alam mo ba Seven... pag mahal mo ang isang tao, ililigtas mo siya sa mga bagay na pedeng manakit sa kanya? Pag mahal mo ang isang tao, pag mahalaga siya sayo... gagawin mo ang lahat upang mapasaya siya diba?"**

Alam niyang ikasisiya ni Eros ng husto pag gumaling ang ate nito. At alam niyang hindi naman ito malulungkot sa pagkawala niya kasi wala na itong maaalala tungkol sa kanya pagkatapos ng mission na ito.

Putting an end to this mission --- It's the only thing that will make him happy. And his happiness is her happiness.

\*\*\*

Pumunta si Eris sa bahay ni Eros pero ang sabi sa kanya ng adoptive father nito ay nasa ospital daw at dinadalaw ang ate Risa nito pati na rin ang nanganak na adoptive mom.

Isinabay na sya ng adoptive father ni Eros papuntang ospital kasi magdadala ito ng mga gamit nina Risa at ng asawa nito.

After some minutes ay nakapunta na silang ospital, yung adoptive father ni Eros ay nagtungo muna sa hospital room ng asawa at siya naman ay kumatok sa kabilang kwarto, magkatabi lang kasi ang hospital rooms ng nanay at ate ni Eros.

**"Hi Eros..."** matapos kumatok ay pumasok sya. Lumapit sya kay Eros na nakatalikod sa kanya at nakaupo sa isang silya sa tabi ng higaan ng ate nito.

**"After 3days, nagkamalay na din siya kaninang umaga..."** saad ni Eros ng hindi lumilingon, **"Pero saglit lang at nawalan ulit siya ng malay, nanghihina pa rin sya. She needs to take a lot of rest..."**

Tumayo si Eris sa tabi ni Eros at inabot nya ang kamay ng ate Risa nito.

**"Anong ginagawa mo?"** nagtataakang tanong ni Eros.

Hindi muna sumagot si Eris at pinikit ang mga mata. Pinapakiramdaman niya ang pulso nito.

**"Eros,"** binitawan na niya ang kamay ng Ate Risa nito at malungkot na lumingon kay Eros, **"Malapit na."**

**"Ha? Ano? Malapit na ang alin?"**

**"Malapit ng maupos ang kandila nya, I can feel it."**

Naipatong ni Eros ang mga siko sa may binti at binaon ang mukha sa mga palad niya and with frustrations clear in his voice he said, **"I can't do it."**

**"Why?!"**

**"Ewan ko!"**

**"Ganun ba kahirap kausapin si God? Ganun ba kahirap tanggapin sya sa buhay mo? You've reached this far Eros, bakit ngayon ka pa susuko. God is waiting for you, He has been always waiting for your call."**

Umiling iling si Eros, **"Give me some time... Mukhang madali pinapagawa mo sakin, infact I can pray anytime pero I know better na what you're asking me is not just a simple prayer but a prayer from the heart. Hindi ko magagawa yun kasi hindi pa ako ready, I've never talked to Him. It will feel weird, I know. Kaya give me some time muna to be ready..."**

Tumango lang si Eris pero she knows better na there's not enough time left... Something bad is going to happen that day, she can feel it.

\*\*\*

At hindi nga sya nagkamali sa kanyang bad presentiment kasi nung gabing yun may natanggap silang tawag mula sa ospital...

**"Ang bilis naman lumaki ni Love,"** sambit ni Eris pagkalagay niya sa pusang itim sa mapuuti nyang binti.

Nakaupo sila sa kama ni Eros at nakasandal ang mga likod nila sa pader. Sa bahay ni Eros matutulog si Eris para samahan ito. She knows that he's feeling lonely and frustrated. Ok lang naman sa adoptive parents ni Eros na makitulog siya sa gabing ito.

**"Syempre spoiled yang pusang yan, I buy him cat foods na iba iba ang flavor."**

**"Naks! Naku ha baka masyadong tumaba itong si Love. Maging katulad ni Garfield."**

**"Haha! Hindi naman pero aalagaan ko talaga sya ng husto. Nagpapraktis na ako para pag nagkaanak tayo, magiging good father ako."**

**"Hindi naman pusa magiging anak mo." XD**

**"Hindi yun ibig kong sabihin. Nagpapraktis ako sa pagiging responsable sa pagpapalaki ng buhay." =\_\_=**

**"Ahaha, akala ko balak mong magkaanak ng pusa." xD**



**"Well, okay lang din kahit pusa o octopus o three-eyed creature o kung anu pa man maging anak ko basta galing sayo mamahalin ko ng labis labis."**

**"Hindi ba sa tingin mo maaga pa para pagusapan natin ang tungkol sa anak? Highschool ka pa lang."**

Pinatong ni Eros ang ulo nya sa balikat ni Eris, **"Alam ko naman yun. Magaaral akong mabuti at maghahanap ako ng magandang trabaho tapos papakasalan kita."**

**"Ang sarap isipin na balang araw kulu-kulubot na ang mga balat natin, puti na ang mga buhok natin, malabo na ang mga mata natin pero kahit ganun na tayo matatagpuan pa rin natin mga sarili natin na magkatabi tayong nakaupo sa may mahabang bangko sa may porch ng bahay natin at magkahawak ng kamay,"** bigla nyang hinawakan ang kamay ni Eris, **"Parang ganto."**

Ngumiti si Eros dahil naiimagine nya lahat ng sinasabi nya, **"Tapos biglang may tatawag satin... *Lolo Eros! Lola Eris!*"**

He laughs heartily by the thought of that.

Sa isip naman na Eris, ansaya siguro kung magkatotoo yung mga sinasabi ni Eros. Gusto nya sanang umiyak kasi ang saya nya na katabi nya ang taong mahal nya at mahal na mahal nya pero bukas makalawa wala na ito sa tabi niya.

*"Sana Lord, kami pa din pagkatapos ng lahat ng ito. Pagtagpuin nyo po sana ulit ang landas namin..."* dasal nya sa Panginoon. Sana'y dinggin.

\*\*\*

Nung bandang alas dose pasado, nagising sina Eris at Eros sa bigla biglang pagbukas ng malakas ng pinto at bumulaga sa kanila ang adoptive father ni Eros na mukhang nagulantang sa kung anumang habang hawak hawak sa kamay ang telepono.

**"Eros! Ang ate Risa mo, nawawala!"**

**"HA?!"** nawala ang antok at napatayo si Eros sa narinig niya.

**"Tumawag sakín ang ospital, mukhang tumakas daw ang ate mo sa ospital. Hindi pa nila nahahanap!"**

Hindi na nila nagawang makapagbihis, nakapajama pa sila at agad agad silang nagpunta ng ospital para maintindihan ng husto ang nangyari.

Ayon sa nurse na dapat magche-check sa Ate Risa nya mga before 1am ay wala itong natagpuan sa kwarto ni ate Risa. Mukhang tumakas ito mula sa bintana ng kwarto nito, naiwan kasing nakabuhol sa gilid ng bintana ang bedsheet nito para siguro gawing lubid upang makababa mula sa 2nd floor ng ospital. Hindi naman kasi talaga

kataasan ang second floor ng ospital na iyon kaya nagsakto lamang ang bedsheets para makababa.

Nagkakaroon tuloy ng malaking kaguluhan ngayon, nireport na nila sa mga pulis ang pagkawala ng Ate Risa niya at pinaghahanap na ito ngayon. Maya maya rin ay dumating na ang boyfriend ng ate Risa niya na si Deyl at sobrang nagaalala din ito sa pagkawala ng girlfriend nito.

Sa kwarto ng ate Risa niya, natagpuan ng nurse ang cellphone nito na iniwan sa may bedside table nito. Kinalkal nila ang laman nito, nagbabakasakaling may makitang information or clue at hindi naman sila nabigo, sa may video gallery ng cellphone ni Risa ay may specific folder dun entitled, "*Paalam*".

Binuksan nila ang video at pinanuod nila ito. Ang buong pamilya ni Eros at pati ang boyfriend ni Risa ay sobrang nadurog ang mga puso ng mapanuod ang video. Isang video nga ito ng pamamaalam.

**"Okay, it's ready,"** sabi ni Risa sa video as she brushes some loose strands of hair away from her face para ilagay ito sa likod ng tenga niya, **"H-hi!"**

Tumawa siya for stuttering while saying a simple greeting, she looks nervous.

**"Uhhh... My name is Risa Magdayo. My existence is caused by Rick & Maria Magdayo, my beloved parents. I am debtful to them because they have been such good parents to me and they took good care of me from the very beginning, since the day I was born. I never felt unloved in all of my years of existence because of them, they made me feel that no matter how drastic life would be for me there will still be someone like them to hug me and show me that I will never be alone with every battle I'll make with life."** napalayo ang nanay ni Risa dahil sa sobrang lungkot na nararamdaman, hindi na niya kinayang panuorin ito dahil dire diretso na ang tulo ng luha niya. Napapu na lang siya sa may kama ni Risa at inalalayan naman siya ng asawa niya.

**"Then I am blessed with two, I mean three siblings, "** pinagpatuloy naman ni Eros, Eris, Deyl at Chill ang pananuod ng video, **"Eros is 2years younger than me, he's not actually my biological brother but nevertheless I love him as if we have the same blood running in us. I never and would never look at him as if he's an outcast of the family just because he's adopted so I wish he'd stop treating himself as if he does not belong. I wish he won't feel lonely anymore, I know it's hard for him to have not met his real parents but I hope that someday he'll realise that we're always here for him and we DO love him. So Eros if chances will lead you to this video, listen to me... please don't be hard on yourself? No one is pushing you away so stay with us, stay with the family and stop rebelling."**

**"To my 6years old little sister Chill Magdayo, hi there Chill! I don't know what age you'll have when you'll actually understand this video but no matter what, please remember that Ate Risa loves you more than your teddy bears can love you okay? Ohyeah, I'm about to head to the far far away land Chill so please take care of my clothes, my accessories, my make ups, my shoes, my bags and all my things. I'll be leaving them to you and you can have them all so take good care of them. And also, take good care of our baby sister Happy.**

You're now the "Ate", the bigger sister. You're responsible to teach her how to dress properly, to brush her hair and tie it up like I always do to your hair and you must teach her how to tie her shoelaces as well, okay? I wish I could be there to see you both grow into lovely ladies and have your handsome boyfriends escorting you to proms and such," she wiped a tear that escaped from her eye.

**"Why is ate Risa crying?"** nagtataka si Chill nung makita niya sa video na umiiyak yung ate niya, hindi niya pa masyadong nagegets yung nangyayari sa paligid dahil masyado pa siyang bata, **"Is she hurt?"**

Nayakap na lang ni Eros ang nakababatang kapatid dahil iyak na iyak na rin siya sa panunuod ng video. He can't believe this... is he too late already?

**"Speaking of handsome boyfriend..."** the video continues, she was trying to smile and forcing out an energetic tone while she pointed to the screen, she was talking about her boyfriend Deyl who's also watching the video with tears streaming down his manly face, **"Hey you boyfriend of mine! I'm pretty right? No, I'm beautiful. I believe I am because you said so yourself. No matter how pale, thin and frail looking I am now because of my illness still you continue to tell me I've grown much more beautiful. Thank you, thank you for showing me that I've loved and chosen the right person. I really wish I can marry you and have kids but let's move on, that won't happen to me but that might happen to you to another someone so search for the right girl. I love you."**

With tears falling down from her eyes, she placed the phone near her face and kissed the camera then moved it away again, **"For those I love and for those who love me and will continue to love me even if I'm gone, thank you and take care of yourself guys. I might have lived short but I am grateful I've not wasted a second of it. I will miss you guys, I love you."**

The video ended and the room is now filled with tears, with so much sorrow.

Lumabas si Eros at umupo sa may upuan sa may hallway ng ospital, sumunod si Eris sa kanya at umupo sa tabi niya, **"Where is she Eris? Where is she?!"**

**"E-ewan ko..."**

**"Hindi pa siya patay diba... asan ba siya... bakit ba siya umalis... ano ba pumasok sa isip niya... ate Risa naman ee... bumalik ka na..."** iyak ng iyak si Eros, for the first time in his life ngayon lang siya umiyak ng ganto kalakas at ganto kadami.

Naudlot ang mga iyak nila nang biglang may dumating na nurse na may dalang balita sa kanila.

**"Natagpuan na siya!"** inangat nila ang mga ulo nila at agad lumapit sa nurse upang mapakinggan ang sasabihin nito. Hinihinal pa yung nurse, halatang tumakbo ito ng mabilis para makapunta agad sa kanila at maiparating ang balita.

**"N-nakita siya sa may 7eleven... k-kaso may tama siya ng baril..."**

**"HA?! Paanong nangyari yun?!"**

**"M-may nangyaring nakawan sa 7eleven... t-tapos nabaril siya... nasa emergency room siya ngayon! Sundan niyo ako!"**

Sinundan naman agad nila ang nurse, lahat sila may kabang dala dala sa dibdib. Hindi rin naman sila pinapasok sa may emergency room dahil ginagamot si Risa kaya naman wala silang nagawa kundi maghintay sa labas ng emergency room... Ang sabi sa kanila ng nurse, nasa critical condition daw ito... She can die anytime...

Nasuntok ni Eros ang pader sa narinig niya.

**"She can't die from a gunshot..."** nasabi ni Eros sa isip niya. Kung hindi lang buhay ang pinaguusapan dito baka natawa na siya kasi dapat mamatay ang ate niya sa cancer nito pero imbis ay mababalitaan niya pang maaring mamatay ang ate niya dahil nabaril ito. Hindi mo talaga masasabi kung anong mangyayari sa buhay na ito.

**"Eros..."** pinatong ni Eris ang kamay niya sa balikat nito at lumingon si Eros sa kanya, **"There's not enough time... do you want to try now?"**

Nagaalala rin kasi si Eris na baka mahuli sila kung hindi nila gagawin ito ngayon. She knew it, naramdaman niyang meron talagang hindi magandang mangyayari sa gabing ito. Nung hinawakan niya ang pulso ng ate ni Eros, naramdaman na niyang malapit na itong mag-"fade" tho hindi niya rin in-expect na mababaril ito.

**"God, anong plano mo?"** naitanong na lang ni Eris sa isip niya.

**"Yes,"** hinawakan ni Eros ang kamay ni Eris at naglakad sila papunta sa chapel ng ospital.

Maliit lang yung chapel, walang tao at tahimik. Ito ang unang pagkakataon na papasok siya sa isang sacred place. Umupo siya at tinabihan siya ni Eris.

**"Hindi ko alam kung ready na ako Eris,"** umiiyak si Eros, natatakot, kinakabahan, at nalulungkot siya, **"Pero hindi ko na alam ang gagawin ko, hindi ko alam kung paano ko maliligtas si Ate Risa, hindi ko alam kung paano siya mailalayo sa kamatayan, ayaw ko siyang mawala... kelangan ko ng tulong... matutulong Niya ba ako Eris? Sabihin mo sakin..."**

Hinawakan ni Eris ang pisngi ni Eros at tinignan ito ng mataman, **"Hindi ko masasabi sayo, Siya lang ang makakapagsabi sayo... kausapin mo Siya Eros, wag kang matakot, makikinig Siya... kahit pasado alos dose na handa pa rin Siyang makinig, hindi Siya natutulog... He's always ready for you... Ikaw na lang talaga hinihintay niya..."**

Tumango si Eros, **"Anong gagawin ko?"**

**"Lumuhod muna tayo,"** lumuhod si Eris at pinatong ang mga kamay sa may unahan, ginaya naman ito ni Eros.

**"Ulitin mo ang sasabihin ko,"** kinuha ni Eris ang kanang kamay ni Eros at tinaas ito at pinatong sa may noo, **"Sa ngalan ng Ama,"**

**"Sa ngalan ng Ama,"** inulit ni Eros ang sinabi ni Eris.

Ginabayan muli ni Eris ang mga kamay ni Eros upang magform ito ng sign of the cross, **"Anak at Espirito Santos, Amen."**

Inulit ni Eros ang mga sinabi ni Eris hanggang sa nagdaop ang mga palad niya.

**"Tapos?"** tanong ni Eros, hindi niya talaga alam ang gagawin niya. Sa tanang buhay niya, hindi pa siya nakakapagdasal kaya wala siyang kaide-ideya ng dapat niyang gawin.

**"Wag kang magalala Eros, sa pagdadasal hindi mo kelangan magsaulo ng kahit ano. Ang pagdadasal ay pakikipag-usap sa Diyos at ang pakikipag-usap sa Diyos ay parang pakikipagkausap sa isang matalik na kaibigan. Sabihin mo lang sa Kanya ang dinaramdam mo ngayon, ikwento mo lang sa Kanya ang problema mo, at sabihin mo lang sa Kanya ang iyong mga hiling."**

**"Ahh, okay."**

**"Ipikit mo mga mata mo, isipin mo nasa harapan mo siya at pakiramdaman mo ang presensya Niya."** ginawa ni Eros ang sinabi ni Eris at pinikit niya ang mga mata niya.

*"H-hello... ako si Eros..."* nagsimula ng magdasal si Eros sa isipan niya, medyo kinakabahan talaga siya hindi niya alam kung papaano kakausapin si God.

*"Naririnig mo ba ako? Ikaw si God diba? Yung tinutukoy ni Eris na kahit ano daw ang mangyari hindi mo kami iiwan... na andyan ka lang daw palagi sa tabi namin, na hindi mo daw kami pababayaan... Ummm, ano kasi... siguro hindi mo pa ako kilala, ngayon lang tayo magkakausap eh..."*

Habang nakapakit si Eros at nagdadasal ay pinagmasdan muli ni Eris si Eros for the last time at ngumiti siya habang may tumulong luha mula sa kanyang mga mata.

**"Paalam,"** iyon ang buka ng bibig ni Eris pero walang salita, tumayo na siya pagkasabi nun at tahimik na umalis sa tabi ni Eros.

*"Basta ako si Eros Magdayo... hindi ako mabuting tao pero sinusubukan kong magbago... salamat nga pala at binigyan mo si Eris ng tsansang mabuhay muli, mahal ko siya alam mo ba yun? Umm... May sasabihin pala ako sayo, sobrang importante... diba may mission si Eris? At pag nagawa namin yun, maga-grant ang isang wish ko? Ano kasi eh... umm... may hihilingin sana ako... sobrang importante..."*

Naglalakad si Eris sa may corridor ng hospital, nakikita niyang unti unti na siyang nawawala, nagiging transparent na ang mga braso niya at hindi na siya nakikita ng mga tao sa paligid niya...

*"May ate kasi ako... ang pangalan niya Risa Magdayo... mahalaga siya sakin, sobrang mahalaga, hindi ko kayang mawala siya. Ang kaso... may cancer siya... at nadala siya dito sa ospital kasi nanghihina na siya ng sobra... ang sabi ng mga doktor konti na lang ang nalalabi niyang araw para mabuhay..."*

Naglakad si Eris papuntang emergency room, nakita niyang naghihintay pa rin ang pamilya ni Eros sa labas, medyo kumalma na sila pero makikitang malungkot pa rin sila at mga nagdadasal din sila na sana maging ligtas si Risa.

*"Pero hindi ko magets... dapat mamatay siya sa sakit niya pero itong gabing ito, tumakas siya... nagpunta daw siya sa 7eleven... hindi ko alam kung bakit siya pumunta dun, ewan ko ba, minsan hindi ko maintindihan ang ate ko... Pero ang malala dito, natagpuan siyang may tama ng baril.... nasa critical condition siya ngayon, nasa emergency room siya at ginagawa ng mga doctors ang lahat ng makakaya nila para maalis sa kapahamakan si Ate Risa..."*

Pumasok si Eris sa loob ng emergency room ng wala ng nakakakita sa kanya, unti unti na kasi siyang naglalaho.

**"Natanggal ko na yung bullet, nurse please assist me here... Andaming nawawalang blood sa kanya,"** nasa harapan niya si Risa na nakahiga at napapaligiran ng mga doktor at nurses na sobrang abala sa pagligtas ng buhay nito.

Nilapitan niya si Risa at nung nasa may tabi na siya ng ulo nito, nakita niyang mumulat ito tapos pipikit muli... May oxygen mask na suot ito at paminsan minsan ay nagkakaroon ito ng malay pero sobrang saglit lang...

At sa minsan na pagmulat nito ng saglit ay nagtapat ang mga mata nila ni Eris... ngumiti ito, ngumiti din si Eris.

Nawalan na ulit itong ng malay at hindi na nagmulat muli.

Hinawakan ni Eris ang kamay nito at sa paghawak niyang yun.... **tuluyan na siyang nawala.**

*"God... naririnig mo ako diba? Sabi ni Eris, naririnig mo daw ako... Ito po sana ang hiling ko, sana maging ligtas na si ate Risa."*

*"Please save her. I don't want her to die."*

**"Amen."**

property of haveyouseenthisgirl.yolasite.com

\*\*\*

### **She Died**

written by HaveYouSeenThisGirl

EPILOGUE

**April 4.**

"Hmm..."

"Meow meow..."

"Hmmm... **Love, wag, hmm...**" tinulak ng mahina ni Eros ang pusa na patuloy na kumikiliti sa may pisngi niya habang natutulog siya.

\*Kring!!! Kring!!!\*

Nagmulat na si Eros ng mga mata at nakita agad niya si Love sa harapan niya kaya hinawakan niya ito sa ulo, "**Mas maaga ka pang manggising sa alarm clock ko.**"

Pagkasabi niya nun ay tumayo na siya at pinatay ang maingay na alarm clock.

"**Ahhh! Today is the day!**" sambit niya habang nagiinat, "**Ga-graduate na din ako sa wakas!**"

\*knock knock\*

Nakarinig siya ng mga katok sa kanyang pinto at nagbukas ito, "**Tamang tama, gising ka na, pinagluto kita ng sinangag with hotdog plus sunny side up. Halika na sa baba, kain ka na, hindi pwedeng hindi ka magaalmasal ngayon dahil importante ang araw na ito kaya dapat full of energy ka.**"

Ngumiti siya sa babaeng nasa harapan niya, "**Ga-graduate na ako... hindi ako makapaniwala.**"

Tumayo na siya at lumapit sa babaeng nasa may pinto niya at inakbayan ito, "**Parang isang malaking himala diba? Hindi ko aakalaing dadating ang araw na ito...**"

"**Ang saya ko... ate Risa.**"

3months ago, isa pa siyang sira ulo at walang alam gawin kundi mambugbog ng kung sinu-sino. Ni hindi nga siya pumapasok ng school kaya lagi siyang nagre-repeat ng year. Pero hindi niya matandaan kung anong nagbabago sa kanya, hindi niya alam bakit isang araw nagising na lang siya at pakiramdam niya "gusto na niyang magbago".

Natatandaan niya na para bang may anghel na nagsabi sa kanyang "*Eros, magbago ka na!*"

Pero natatawa siya kasi imposible naman yun, hindi pwedeng bumaba ang mga anghel dito sa lupa. Naisip niya na lang siguro na narinig niya yung mga katagang yun sa panaginip niya. Basta kasi natagpuan na lang niya ang sarili niya na unti unting nagbabago, hindi na siya naninigarilyo, hindi na siya nangaaway ni nagmumura at higit sa lahat pumapasok na siya araw araw sa school. At sobrang nagaaral na siya ng mabuti na noon ay hindi niya nagawa kaya nga sobrang natuwa siya nang malaman niyang nakakuha siya ng matataas na grades sa final exam nila at nabigyan siya ng chance para makagraduate sa highschool, magsu-summer class na lang daw siya para mapunan yung mga absences na nagawa niya.

**"Hmm!!! Ang sarap ng luto mo ate! The best ka talaga kahit kelan!"** saad ni Eros pagkasubo ng kanin.

**"Haay nako binobola mo nanaman ako! Simpleng sinangag lang yan at hotdog at itlog, ano ka ba."**

Nginitian ni Eros ang Ate Risa niya, natutuwa siyang makita ito sa harapan niya ngayon at nakangiti kasi 3months ago nangangamba pa siya na baka isang araw hindi na niya makita pa ang ate Risa niya. Last January kasi ay naospital ang ate niya dahil sa lung cancer nito, malala na ang sakit nito at nabigyan na nga ng mga doctor ng tinatawag na "expiration date".

Pero nung mga araw na naospital ang ate niya ay may nangyaring hindi maganda, tumakas sa ospital nung gabi ang ate Risa niya at natagpuan na lang ito na nabaril sa isang convenient store pagkatapos. Dinala agad ito sa emergency room para mailigtas...

Akala ni Eros mawawala na ng tuluyan ang ate Risa niya, akala nito mamamatay na talaga ang ate Risa niya kaya for the first time in his life... natutunan niyang magdasal. Hindi siya noon naniniwala sa Diyos pero basta that night, hindi na niya talaga alam ang gagawin niya, gusto niyang mailigtas ang ate Risa niya mula sa kamatayan pero hindi niya alam kung papaano... kung kanino siya hihingi ng tulong kaya naman tila parang may isang anghel na bumulong sa kanya at sinabing...

*"Andyan si God, tutulungan ka niya."*

Iniwang niya yung emergency room at pumunta mag-isa sa may chapel upang magdasal, ipinagdasal niya mula sa puso niya na sana mailigtas ang ate Risa niya.

At pagkatapos niyang magdasal, bumalik na siya sa emergency room at after some minutes, lumabas ang doktor mula sa emergency room at binalita sa kanilang out of danger na ang Ate Risa niya. Sobrang natuwa si Eros, hindi siya makapaniwala sa narinig niya at napatingin na lang siya sa itaas at napasabing, **"Salamat God."**



Pagkatapos nun, ilang araw ding walang malay ang Ate Risa niya, nagkamalay lang ito after a week. Nagtagal din ang ate Risa niya sa ospital for a month at unti unti naman itong bumabalik sa dating lakas nito, nagtataka nga ng husto ang mga doktor kasi ang alam nila hindi na magtatagal pa ang buhay ng ate Risa niya for more than a week dahil sa malalang cancer nito pero patagal ng patagal napapansin ng mga doktor na imbis na manghina dahil sa cancer parang gumagaling ang ate Risa niya. Palakas ito ng palakas, nagkakalaman na nga ito kahit papaano, hindi na ito sobrang payat at hindi na rin mukhang pale.

Hanggang sa pinayagan na ng mga doktor na pauwiin ang ate Risa niya kasi wala silang nakikitang paglala sa cancer ng ate Risa niya, ayon sa kanila parang may nangyaring "himala".

Napangiti tuloy si Eros, he doesn't really believe in miracles pero nung mga oras na yun parang nagbago ang mga paniniwala niya. Kinausap niya si God at alam niyang pinakinggan siya nito.

Simula nun, naniniwala na siya kay God. Kahit kasi naging gago siya, pinakinggan pa rin siya nito. He's really thankful.

\*tok tok tok\*

**"Eros, andyan na si Yohanne."** narinig niyang sabi ng ate niya mula sa labas ng pinto ng kwarto niya habang nagbibihis na siya ng uniform niya pagkatapos maligo.

**"Ate pasabi, bababa na ako!"** sigaw niya habang inaayos na ang necktie ng uniform niya.

Humarap na siya sa may salamin at sinuklayan ng konti ang buhok nung matapos niyang masuklayan ang buhok ay ngumiti siya sa reflection niya sa salamin, **"Ngayong araw na ito, makakatungtong na rin ako sa stage ng school at mahahawakan ko na rin ang diploma ko." :)**

*"Eros alam mo ba pangarap kong makagraduate? Pero namatay ako a month before graduation! I never made it... but you... you can still make it! Wag kang ganyan Eros, wag mong ipagdamot sa sarili mo yung bagay na hindi ko nagawa!"*

*"Gusto kitang makitang grumaduate..."*

Napailing si Eros kasi pakiramdam niya parang may nag-play na scene sa isipan niya, may nakita siyang babae sa isipan niya, kinakausap niya ito pero hindi niya makita ang mukha nito. Hindi niya maalala kung sino ito at bakit may nagpe-play na ganun sa isipan niya.

Lately kasi may mga biglaan na lang magpe-play sa isipan niya, laging "yung babaeng" iyon pero hindi niya makita ang mukha nito at hindi niya maalala kung sino ito o kung kilala niya ba ito. Ni hindi niya nga alam kung parte ba yun ng alaala niya o imagination niya lang. Naguguluhan siya pero madalas isinasawalangbahala niya na lang iyon, sa tingin niya kasi "imagination" niya lang yun.

*"Ero-ero!" ♥*

Napalingon siya nang may marinig siya pero paglingon niya sa kwarto niya, wala naman tao... wala naman tumawag sa kanya pero minsan pakiramdam niya talaga parang may naririnig siyang boses sa isipan niya na minsan ay tumatawag sa pangalan niya... hindi lang sa pangalan niya kundi sa isang nickname. "Ero-ero"... wala naman tumatawag sa kanya ng ganyan pero pakiramdam niya na minsan sa buhay niya lumingon na siya sa isang taong tumawag sa kanya sa nickname na iyon.

**"Eros! Matagal ka pa ba daw tanong ni Yohanne?"** naantala siya sa malalim na pagiisip nang marinig niya ang sigaw ng ate niya.

Iniling na lang niya ang ulo niya para mawala sa isipin niya ang mga weird thoughts at dumiretso na agad siya sa may pinto,

**"Eto na ate! Pasabi kay 'hanggang friends' na pababa na ako!"** pang-asar niya lang kay Yohanne yung "hanggang friends" kasi hanggang ngayon hindi pa rin makaget over si Yohanne na hanggang friends lang sila ni Gazelle. Inlove na inlove kasi si Gazelle kay Larry at napagtanto rin ni Yohanne na kahit mukhang playboy si Larry ay inlove pala naman talaga ito kay Gazelle. Pakiramdam tuloy ni Yohanne, wala na talaga siyang pag-asa, "hanggang friends" na lang talaga kaya ayun inaasar tuloy siya ni Eros na "hanggang friends".

**"Hoy narinig ko yung sinabi mo!"** kunwaring inis na sabi ni Yohanne kay Eros pagkababa nito.

**"Mwahahaha. Joke lang! Emo ka nanaman dyan! Move on na kasi pare, ga-graduate na rin tayo!"**

**"Nako Yohanne, hindi ka pa rin ba nakakamove on?"** natanong ni Ate Risa, alam din kasi ni ate Risa ang tungkol sa pagiging basted ni Yohanne kay Gazelle since paminsan minsan dumadaan si Yohanne sa bahay nina Eros at madalas pag nasa bahay nina Eros si Yohanne ay patuloy siyang inaasar ni Eros kaya in the end naikwento din ni Yohanne ang storya kay Ate Risa.

Tuwang tuwa naman si Ate Risa na makitang nakatagpo ng sobrang close na kaibigan si Eros, nagpapasalamat siya at nagkaroon ito ng "bestfriend". Masaya siyang makitang masaya si Eros kasama ang kaibigan nito.

**"Ate Risa,"** ate na rin ang tawag ni Yohanne kay ate Risa, **"Don't worry, pagka-graduate ko ngayon, I'll make sure ga-graduate na rin ang feelings ko for Gazelle."**

**"That's the spirit pre!"** sabay pinatong ni Eros ang kamay niya sa balikat ni Yohanne sabay ngumisi ng pang-  
asar, **"Para makagraduate ka na rin sa nickname mong 'hanggang friends'. Saka marami pang babae dyan na  
pwedeng mambasted sayo! MWAHAHAHAHAHA."**

**"Ate Risa pwede pasapak sa kapatid mo? Isa lang please." =\_\_=**

Natawa na lang si Ate Risa sa kakulitan ng dalwa, **"Haay nako kayo, lumakad na nga kayo. Magpi-picture-an  
pa kayo ng mga classmates niyo ee, marami pa kayong gagawin before the ceremony kaya mabuti bang  
lumakad na kayo. Susunod kami bago magstart ang ceremony."**

Lumabas na nga sila ng bahay nina Eros at naglakad na papuntang school, hindi naman kasi kalayuan atsaka gusto  
nilang i-take ang time nila since sobrang aga pa nila para sa ceremony. May 2hrs pa sila.

**"Ang bilis ng panahon nuh?"** sabi ni Yohanne habang naglalakad sila.

**"Oo nga ee, ga-graduate na tayo. Tapos after ilang months, magka-college na tayo."**

**"Tama... saan mo balak mag-college?"**

**"Sa \*\*\*\* University, kukuha pa ako ng entrance exam. Sana madali lang."**

**"Woah. Sa \*\*\*\* University ka din?"**

**"Oo, bakit dun ka din ba?"**

**"Oo kaya! Mag-po-political science ako."**

**"Nosebleed naman yang kukunin mo."**

**"Di ah! Eh ikaw ba anong balak mong kunin?"**

**"Educ, balak ko mag-teacher."**

**"Wehhhhh? Ikaw? Teacher? Wehhhh? Hindi ko ma-imagine pre!" O\_\_O**

**"Sira ulo. Bagay kayo ako mag-teacher."**

**"Pwede din, terror teacher. Wahahahaha."**

**"Ewan ko sayo." =\_\_=**

**"Haha! Eh anong gusto mong ituro?"**

**"Ewan ko, di ko pa naiisip. Kahit ano basta maging teacher ako. Gusto ko kasing maging teacher, yung klase  
ng teacher na pwedeng lapitan ng mga studyanteng namomroblema at nangangailangan ng tulong. Yung  
klase ng teacher na imbis na pagalitan ang studyante niya dahil mabababa ang grades ay i-e-encourage niya  
pa ito upang magpursige at huwag sumuko. Yung klase ng teacher na hindi hahayaang may maiwan sa mga  
studyante niya sa araw ng graduation."**

**"Hmm... ibig mong sabihin yung klase ng teacher na opposite sa homeroom teacher natin? Or let's say na  
opposite sa halos lahat ng mga teacher natin na tinignan ka lang ng masama at tinuring na parang basura,  
na imbis na i-encourage ay mas lalong tinulak pababa?"**

Ngumiti si Eros, **"Gusto kong maging teacher kasi hindi lang yung laman ng mga libro ang gusto kong ituro  
kundi gusto ko rin ituro sa magiging mga studyante ko ang mga bagay bagay na kahit kelan hindi mo  
matutunan sa libro."**

**"Hindi matutunan sa libro? Ano naman yun?"**

"Ano pa ba? Edi ang buhay ng bawat isa sa mundong ito."

"Woooooow pare, ikaw ata ang nakakanosebleed dyan. Ano ba yang mga sinasabi mo, parang hindi ikaw. Ang bait mong pakinggan, para ka tuloy anghel kung magsalita. Unbelibabeeeels." O\_\_\_O

Natawa si Eros, "Anghel? Hmm... Yohanne, naniniwala ka ba sa anghel?"

"Siguro... ata, pwede na din... Ewan."

"Yohanne, hindi mo ba nararamdaman yung nararamdaman ko?"

"Eeeeeeeeeehh? Yung nararamdaman mo? Ha? Ano yun? Noooo! Wag mong sabihing.... pare, we're just friends," pats shoulder, "Hanggang friends lang tayo dude, hindi tayo pwedeng maging more than friends. I'm sorry pero hindi ko nararamdaman ang nararamdaman mo."

\*WAPAKKK!!!\*

"Sinapak mo ako, kala ko ba you have feelings for me? Is this how you show your love? Ajuju!" //(Y\_\_Y)\

"Pinagsasabi mo! Ang gay mo! Hindi yun ang ibig kong sabihin sa nararamdaman ko! Ibig kong sabihin hindi mo ba nararamdaman na parang may kulang?"

"May kulang? Anong kulang?"

"Ewan ko... pagkatapos nung gabing nabaril si ate Risa... parang pakiramdam ko, may nawala... parang may kulang..."

"Ano bang kulang yang sinasabi mo?"

"Ewan ko. Hindi mo ba nararamdaman yun?"

"Huh? Hindi? Pare, ano ka ba, ang weird mo. Anong pinagsasabi mong kulang, yang turnilyo ata sa utak mo ang kulang kulang ee." =\_\_=

"Tss! Seryoso ako. Ano kasi... lagi na lang may parang mga scenes na biglang papasok sa isipan ko..."

"Scenes?"

"Oo, para bang memories na biglang magfa-flashback sa isipan ko... pero sa scenes na ito, laging may isang babae..."

"Isang babae?"

"Oo... lahat ng tao nasa paligid sa scenes na pumapasok sa isip ko ay sobrang linaw pero yung isang babaeng ito laging naka-blurred ang itsura niya... hindi ko siya makita, hindi ko siya makilala... Pero naririnig ko yung boses niya... pamilyar yung boses niya sakín, pakiramdam ko lagi ko yun naririnig dati pero... ewan ko, wala akong maalala. Hindi ko nga alam kung imagination ko lang ba yung babaeng iyon. Ang weird."

"Oh? Imagination lang yan pre, kulang ka lang sa lovelife! Wahahaha!"

"Sira ulo ka talaga." =\_\_= "Pero hindi mo ba talaga nararamdaman na parang may kulang?"

"Hindi nga sabi, ang kulit nito."

Nagbuntong hininga si Eros, "Haaay. Imagination lang nga talaga..."

"Pero bakit ganun? Parang totoo." dagdag ni Eros sa isipan niya.

\*\*\*

### **After 7yrs...**

NOW PLAYING: Everytime We Touch by Cascada (Slow version)

~ ♪♪♪ "I still hear your voice when you sleep next to me  
I still feel your touch in my dreams  
Forgive me my weakness, but I don't know why  
Without you it's hard to survive" ~♪♪♪

**"Goodmorning class, I am your new teacher, my name is Eros Magdayo,"** humarap si Eros sa may blackboard para isulat ang buo niyang pangalan. This is his first time to work as a teacher at ito ang first class na iha-handle niya. After so many years of his hard work sa college, ito siya ngayon, nagi-start na siya ng sariling career. He's going to teach 4th year highschool students and he's contented about it, he promised to himself na everyone in his class will graduate.

**"I am your adviser and I'll also be your Physics teacher. Sa first day niyo, I'll teach you something about Physics already."**

**"Awwwww. Sir, lesson agad? Hindi ba dapat sa first day magpapakilala muna kami?"**

**"Oo nga po sir, wag muna po tayo maglesson."**

**"Relax muna tayo sir, first day pa lang naman po ee."**

Natawa siya sa reaction ng mga students niya, he expected that already. Syempre nga naman first day na first day magle-lesson siya? Syempre magreklamo talaga mga students niya pero sa tingin niya kelangan niya ng ituro agad

itong "lesson" na ito sa first day. Kasi isa itong "lesson" na magagamit ng mga studyante niya hindi lang sa exam kundi sa buhay nila.

**"Class, alam niyo ba kung ano ang inertia?"** nakangiti niyang tanong.

**"Sir naman ee... bakit tayo magle-lesson agad."** >\_\_<

**"Haha! Don't worry guys, saglit lang itong ile-lesson ko. Madaling madali lang."**

Humarap ulit siya sa blackboard para isulat ang salitang "inertia" at pati ang meaning nito, **"I will not elaborate yet pero I will give you an idea about inertia..."**

**"The law of inertia states that a body in motion tends to remain in motion, and a body at rest tends to remain at rest."**

**"Sir, nosebleed!"** >\_\_>

Nagtawanan ang buong klase dun sa isang student na nagsabi nun. Natawa lang din si Eros.

**"Kilala niyo ba si Albert Einstein?"**

May nagtaas ng kamay, tinuro ito ni Eros para sumagot.

**"Sir, si Albert Einstein po? Sus, bestfriend ko po yan!"**

Sabay may isa pang studyanteng sumigaw, **"Kuya ko yun!"**

May sumunod ulit na sumigaw, **"Katulong ata namin yun."**

Nagtawanan nanaman ang buong klase sa kakulitan ng mga kaklase nila kahit si Eros hindi niya mapigilang tumawa. Masyadong masiyahin ang klaseng iha-handle niya.

**"Kidding aside guys, Albert Einstein is the father of modern physics and he once said that:**

***"nothing happens until something moves"***

*~♪♪♪ "Cause everytime we touch, I get this feeling*

*And everytime we kiss, I swear I could fly*

*Can't you feel my heart beat fast?*

*I want this to last/ need you by my side" ~♪♪♪*

May nagtaas ng kamay, **"So sir parang yun din yung law of inertia right? Yung a body in motion tends to remain in motion, and a body at rest tends to remain at rest chuchu echorva."**

**"Exactly. And this is what I want to teach you guys, I want you to always remember the law of inertia because in our life, we all know that without doing anything nothing will happen. For example, if we want something to happen but we just sit there in a corner waiting for it to happen, it will never happen."**

**"I want to confess something to you guys, 2 beses akong nagrepeat nung highschool ako," nabigla yung mga students niya nung sinabi niya yun, "Magta-tatlong beses pa nga sana kung hindi lang ako nagbago. Hindi ako maka-graduate graduate sa highschool. You see, I was a rebel, yun bang hindi pumapasok, nakikipagbasag ulo sa kalsada, yung klase ng tao na sinasabi ng iba na walang kwenta. Pero one day natauhan na lang ako na parang mali lahat ng ginagawa ko, na para bang pakiramdam ko na pag pinatuloy ko yung pagrerebelde ko wala akong mararating sa buhay ko. Kahit kelan hindi ako makakaalis sa kinatatayuan ko, habambuhay na lang akong hindi makaka-graduate. Dito pumasok sa buhay ko ang law of inertia, I made a move to make something happen. Para rin magkaroon ng change sa paulit ulit na pattern ng buhay ko."**

**"Nung natauhan din ako sa mga maling ginagawa ko, sinikap kong magbago. I tried my best na pumasok araw araw at makapasa sa mga exams, nagpupuyat ako sa pagaaral para lang maipasa ang exam ko at sa huli naka-graduate ako sa wakas. At alam niyo, ang sarap sa feeling na finally nagawa ko din makahakbang mula sa kinatatayuan ko."**

**"Nagpatuloy ako sa college upang maisakatuparan ang pangarap kong maging isang guro at eto ako ngayon, nasa harapan niyo at nagtuturo. A lot of things happened just because I made a move."**

**"Ito ang first lesson ko para sa inyo guys, the law of inertia. If you want something to happen, don't let anything or anyone to stop you from making it happen."**

Nagkaroon ng saglit na katahimikan sa buong klase, ilan sa kanila ay na-touched sa kwento ng bagong teacher nila.

Hindi rin nagtagal ay may nagtaas ng kamay, **"Sir, para bang sa love diba? Na pag hindi ka nagmake ng move mo halimbawa hindi mo sinabi sa kanya kahit kelan ang nararamdaman mo, walang mangyayari diba?"**

**"Oo, kung ipagtatapat mo sa isang tao ang nararamdaman mo may mangyayaring isang bagay na magpapabago ng lahat."**

May sumagot na isang studyante sa sinabi niya, **"Magpapabago sa buhay mo either in a positive or negative way, pwede kang mabusted at masira ang mabuting pagkakaibigan na nabuo sa inyo ng taong mahal mo. Kaya minsan sa tingin ko some things are better to leave the way they are, it's better not to take a move so not to ruin anything."**

**"Hmm... fear of losing that person na sobrang lapit sayo?"** tanong ni Eros sa studyante niya.

"Opo sir, based on experience. Nagtapat ako sa bestfriend ko pero pagkatapos nun iniwasan niya ako, siguro nailang o ewan ko. Pero basta sir, pagkatapos nun parang naging sobrang distant na namin sa isa't isa. Hindi na niya ako pinapansin. Kaya sir sa tingin ko minsan it's better na wag na magmake ng move."

"I see. Pero ang puso mo, pwede niya din gawin ang law of inertia, MOVE ON." :)

"Sir!" biglang may nagtaas ng kamay, "From Inertia to love ang topic natin aa, nainlove na po ba kayo sir?"

Sabay nag-"ayeeeeee" ang mga estudyante niya.

~♪♪♪ "Cause everytime we touch, I feel the static  
And everytime we kiss, I reach for the sky  
Can't you hear my heart beat so?  
I can't let you go want you in my life" ~♪♪♪

"Hmm.... no."

"Awww sir? Hindi nga po? As in never? Kahit crush man lang? Impossible yun sir!

"Crush? Hmm, wala din ee."

"Impossible yun sir. Never po kayong nagandahan kahit kanino? O hindi niyo po na-feel yung butterflies in your stomach?"

"Hmmm... hindi eh pero yes may mga times na nagandahan ako sa isang babae pero hanggang dun lang yun, I don't know why pero I've never felt attracted to anyone."

"Sir, ang bato naman po ng puso niyo!"

"Hindi naman, let's say na siguro hindi pa lang dumadating yung babaeng magpapatibok ng puso ko." :)

Nagpatuloy sila sa kwentuhan nila, nagpakilala na rin isa isa ang mga estudyante niya and in the end of the day, napalapit na ng husto ang mga estudyante niya sa kanya at kuntento naman siya sa naging resulta ng first day niya.

"Ahhh, at home at last," binuksan na niya yung gate ng pintuan ng bahay nila pero pagbukas niya ng pinto ay nabigla siya kasi saktong lumabas si Love mula sa gate at tumakbo palayo, "Hey Love!!!"

Hinagis ni Eros ang gamit sa may garden at sinarhan ulit yung gate ng bahay at hinabol si Love sa may kalsada.

Tinatawag niya ang pangalan ng pusa niya kasi hindi niya na makita kung saan ito nagpunta.

"Love! Lo---" nung lumiko siya sa may isang eskinita ay napatigil siya nang makita ang itim na pusa , "Andyan ka lang pala Love!"



"Umm... miss," nakita ni Eros na may babaeng nakaupo sa harap ni Love at pine-pet ito sa ulo, hindi niya masilip ang itsura nito kasi nakayuko ito tapos naka-shade pa, pero mahaba ang buhok nito at nakaputing bestida ito, mukhang hindi nalalayo ang edad nila, **"Kukunin ko lang yung pusa ko."**

~♪♪♪ *"Your arms are my castle, your heart is my sky  
They wipe away tears that I cry  
The good and the bad times, we've been through them all  
You make me rise when I fall"* ~♪♪♪

Inangat nung babae yung ulo niya at binuhat si Love atsaka tumayo para mapantayan ang level ni Eros kaso maliit lang siya hanggang balik lang siya ni Eros, **"Iyo ba itong pusa na ito?"**

**"Meooow." :3**

Inabot niya kay Eros ang pusa, **"Yeah, tumakas kasi siya sa bahay. Ang weird nga ee, she doesn't usually do that kaya sobrang nabigla ako nang pagbukas ko ng gate ng bahay bigla na lang siya tumakbo palabas."**

**"Ganun ba, baka may gusto siyang puntahan."** nginitian siya nung babae, **"Love ba ang pangalan niya?"**

**"Yeah."**

**"Ang cute naman ng pangalan niya. Kadalasan takot ang mga tao sa itim na pusa, they even think na cursed cat ang mga itim na pusa dahil they bring bad luck only pero ikaw nag-alaga ka ng black cat and you even named it Love."**

**"I don't believe in such kasi. Hindi naman badluck si Love saka isa pa, may similarities kami ng pusang ito. Tulad ng pusang ito, takot din ang mga tao sakin dati kasi masama akong tao pero ang pangalan ko ay Eros which actually means Love in Greek."**

**"Oh Eros ang name mo? Para bang si Eros na God of love sa Greek Mythology?"**

**"Yup." :)**

**"That's so cool, my name is from Greek mythology too."**

**"Talaga?"**

**"Yes, pero opposite nga lang yung names natin kasi kung ang name mo ay galing sa God of love, yung name ko naman galing sa Goddess of Discord ng Greek Mythology,"** tinanggal nung babae yung sunglasses niya at nilagay sa may ulo saka tinignan si Eros sa mga mata, inabot niya ang kamay niya dito at naghand shake sila, **"My name is Eris."**

~♪♪♪ *"Cause everytime we touch, I get this feeling  
And everytime we kiss I swear I could fly  
Can't you feel my heart beat fast?  
I want this to last/ need you by my side"* ~♪♪♪

"Hoy sino ka!"

"I'm Eris Jane Trinidad, you can call me Eris." tapos nagcurtsey pa ito, "At ako ang iyong guardian angel! Yehey!"

\*claps claps\*

Napatigil si Eros sa kinatatayuan niya nang magtapat ang mga mata nila nung babae at nagdaop ang mga palad nila at lalo na rin ng marinig niya ang pangalan nito, para bang isa isang naglalabasan ang mga eksena sa isipan niya.

"Love!"

"Ha?"

"Let's name her LOVE!"

"Ha?!"

"Pangalanan natin yung kuting na LOVE! Diba ang cute?"

Hindi niya maalala kung saan galing yung mga eksenang iyon na nagpe-play sa utak niya, they seems like "memories" pero hindi niya magets kung saan galing yung mga alaalang iyon.

"Thank you... thank you for falling inlove with me."

Yung babaeng kaharap niya ngayon, andun siya sa mga scenes na nagpe-play sa utak niya pero nagtataka siya kasi wala siyang maalala na nakita na niya noon ang babaeng nasa harapan niya ngayon. Naguguluhan siya.

"Yup. Yung mission ko ay involve sayo. Ikaw, Eros Magdayo, ay isang rebelde. Mahilig kang makipag-away, galit ka sa mga tao at iniisip mong masama kang tao pero ako na magsasabi sayo Eros... hindi ka ganun kasama tulad ng iniisip mo. You always tell to yourself that you hate everything but I know that deep inside," bigla niyang tinuro yung left chest ni Eros, "You care for something, for someone. My mission is to make you realise that you are not really a person full of hate, that love can also spring from that heart of yours.""

"Umm... are you okay?" nabalik lang siya sa reality nang marinig niyang magsalita ulit yung babae sa harapan niya.

"A-ah? O-oo! S-sige, aalis na ako. Bye!" naguguluhan pa rin si Eros pero pinili na lang niyang talikuran na yung babae at bumalik na sa bahay.

Pero habang naglalakad na siya palayo biglang may isa ulit scene na nagplay sa isipan niya...

"Anong gagawin ko?"

"Lumuhod muna tayo," lumuhod si Eris at pinatong ang mga kamay sa may unahan, ginaya naman ito ni Eros.

"Ulitin mo ang sasabihin ko," kinuha ni Eris ang kanang kamay ni Eros at tinaas ito at pinatong sa may noo, "Sa ngalan ng Ama,"

*"Sa ngalan ng Ama," inulit ni Eros ang sinabi ni Eris.*

*Ginabayan muli ni Eris ang mga kamay ni Eros upang magform ito ng sign of the cross, "Anak at Espirito Santos, Amen."*

**"Amen,"** nabigkas ni Eros ang salitang iyon at sa hindi malamang dahilan para bang isa isang bumalik sa alaala niya ang lahat ng nangyari...

*~♪♪♪ " 'Cause everytime we touch, I feel the static  
And everytime we kiss, I reach for the sky  
Can't you hear my heart beat so?  
I can't let you go want you in my life" ~♪♪♪*

Yung anghel na sobrang annoying...

Yung mission...

Yung necklace...

Yung babaeng mahal na mahal niya...

*Si Eris....*

Lumingon agad si Eros at tumakbo palapit dun sa babae kanina na ngayon ay naglalakad na rin palayo sa kabilang daan, nung naabot niya ito ay hinawakan niya ito sa braso at napalingon tuloy ito sa kanya,

**"Miss, nagkita na ba tayo?"**

Ngumiti yung babae, **"Hindi ko alam, hindi kasi ako taga dito. Ngayon lang ako nakarating dito sa syudad na ito, kalilipat ko lang ngayon."**

**"Sigurado ka ba? I mean wala ka bang naaalala sa nangyari 7yrs ago? Yung mission, yung necklace..."**

Umiling yung babae at medyo kumunot ang noo nito, a sign na hindi nito nagegets ang sinasabi ni Eros, **"Anong mission? Anong necklace? I'm sorry pero hindi kita magets."**

**"Hindi mo ba tanda? Diba namatay ka? Tapos ang sabi mo pag nagawa natin yung mission, mabubuhay kang muli... pero bakit pagkatapos ng mission natin parang nabura ang alaala ko, bakit ngayon ko lang ulit natandaan atsaka bakit parang wala ka ng maalala?"**

Natawa yung babae, **"Hindi kita magets, hindi kaya nasosobrahan ka sa panunuod o pagbabasa ng mga fantasy story?"**

Nagbuntong hininga na lang si Eros, hindi niya magets kung bakit hindi maalala ni Eris ang mga nangyari pero napagtanto niya na siguro part yun ng rules ng "mission". Isa sa mga rules na siguro nasabi na sa kanya dati ni Eris pero hindi lang siya nakinig ng maayos. Yung rule na pag natapos siguro yung mission, maga-grant yung wish niya tapos mabubuhay muli si Eris pero wala silang maaalala sa mga nangyari pagkatapos. Kaya nga siguro noon pa man pakiramdam niya may "kulang", yun pala isang parte ng alaala niya ang nawala.

Pero nagtataka siya na bakit bigla niya ulit naalala ang lahat ngayon?

**"Ah, sorry miss,"** binitawan na niya yung braso ni Eris at tumalikod na, siguro hindi na talaga siya naaalala nito.

**"Sige bye,"** tumalikod na ulit siya at naglakad na.

Nakakailang hakbang pa lang siya nang marinig niyang magsalita si Eris, **"Nice meeting you Ero-ero."**

Ero-ero? Nanlaki ang mga mata ni Eros at napalingon muli kay Eris.

**"YOU REMEMBER?!" O \_\_\_\_ O**

Ngumiti si Eris, **"Secret!" :P**

Napangiti na ng tuluyan si Eros, the moment she called him "Ero-ero" he knew na she could still remember. It was her nickname to him.

**"You were just pretending that you don't remember!" >\_\_<**

**"Remember what?"** she said grinning.

**"Arghhh!!!"** hinigit ni Eros si Eris palapit sa kanya at niyakap ito ng sobrang higit, napatalon tuloy si Love sa takot na maipit sa kanilang dalwa, **"Na you don't remember me."**

**"Eeek. Stranger, you're hugging me. This is sexual harrassment!"** pabirong sabi ni Eris.

**"Napaka mo, tinatakot mo ako ee. Akala ko talaga hindi mo na maalala."**

**"Hindi ko talaga naalala Eros, like you nawala din ang memory ko 7yrs ago. Nabuhay ako as an 18yr old girl sa kabilang syudad, I was given different memories like having different parents, different childhood memories, different friends, different life."**

**"Hindi talaga kita naalala Eros kasi parte yun ng mission natin, makakalimutan natin ang isa't isa."**

**"Pero kung ganun nga, bakit ngayon naaalala ko na ulit lahat?"**

Umiling si Eris, **"Kahit ako ngayon ko lang din naalala ang lahat nang magtama muli ang mga mata natin at magdaop ang mga palad natin."**

**"Lumipat ako sa syudad na ito kasi dito ako nakahanap ng trabaho at katatapos ko lang ipasok sa bagong bahay lahat ng mga gamit ko. Medyo napagod ako kakaayos ng mga gamit kaya napagisipan kong magtake a break muna kaya lumabas ako para maglakad lakad at kilalanin ng konti ang syudad na ito but then nung naglalakad ako sa eskinita na ito biglang nakita ko si Love at napatigil ako sa paglalakad."**

**"Pagkatapos bigla kang dumating...."**

**"At nagtagpo muli ang mga landas natin."** si Eros na tumapos sa sasabihin ni Eris.

Tumango si Eris, **"Hindi ko alam kung bakit biglang bumalik ang mga alaala natin at nagtagpo tayong muli pagkatapos ng pitong taon pero isa lang ang sigurado ako..."**

**"Ano yun?"**

**"This is God's plan."**

Ngumiti si Eros, **"Si God talaga oh."**

Natawa na lang si Eris, **"Kamusta ka na?"**

**"Isa na akong teacher."**

**"Wow! Talaga?"**

**"Oo, at ito yung first day ko na nagturo ako. At alam mo ba isa sa mga estudyante ko tinanong ako kung nainlove na daw ba ako?"**

**"Anong sabi mo?"**

**"Sabi ko hindi pa kahit kelan."** nagpout si Eris sa sinabi ni Eros pero kinurot lang ni Eros ang pisngi ni Eris,

**"Pasensya na, nagkamali ako ng sagot. Ngayong naaalala ko na ang lahat, alam ko na na isang beses sa buhay ko nahawakan ko na ang kamay ng babaeng nagpatibok ng sobrang lakas ng puso ko."**

Hinawakan niya ang kamay ni Eris, **"At *hinding hindi ko na bibitawan pa iyon.*"**

*~♪♪ " 'Cause everytime we touch, I get this feeling*

*And everytime we kiss, I swear I could fly*

*Can't you feel my heart beat fast?*

*I want this to last! need you by my side " ~♪♪♪*

Eros was a bad boy, Eris was literally an angel.

She died, she came back for a mission and now she got her second life.

He hated life, he got himself a mission and now he has his "happiness" in front of him.

God knew they were meant for each other.

There's a reason why Love the cat ran away, it's to lead Eros to his other half.

That's inertia, "***nothing happens until something moves***".

**Real mission:** Find your other half.

*Mission finally accomplished.*

THE END ♥

Author's note:

Hi! Ako po si Denny or also known as HaveYouSeenThisGirl

Ako po ang writer ng She Died. Sana po nagustuhan niyo yung story.

And I would really appreciate kung magle-leave kayo ng comment/msg niyo about sa story na ito.

You can contact me here:

Wattpad account: <http://www.wattpad.com/user/HaveYouSeenThisGirl>

or

Twitter account: <https://twitter.com/diarynidenny>

Actually mas active ako sa twitter kaya mas nakikita ko mga msgs niyo sakín sa twitter kesa sa wátpad. :)

Merón din po palang facebook page ang She Died:

<http://www.facebook.com/SheDiedByHaveYouSeenThisGirl>

Hindi po ako nagha-handle ng page na yan, may admin po dyan. :)

Yun lang po, thank you po ulit sa pagbabasa ng She Died! Sana po hindi niyo ito irepost sa ibang site, please lang po. :)